Edukasyon sa Pagpapakatao

Baitang 9

Unang Markahan

MODYUL 1: LAYUNIN NG LIPUNAN: KABUTIHANG PANLAHAT

A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Huwag kang makialam! Hindi mo pa 'yan dapat pinakikialaman, bata ka pa! Naalala mo pa ba ang mga linyang ito mula sa mga magulang mo noon? May mga bagay sa iyong paligid noon na hindi mo maaaring pakialaman dahil bata ka pa; pero lumilipas ang panahon at nagbabago ang maraming bagay. Darating talaga ang pagkakataong mas mahalaga para sa isang kabataang katulad mo ang *makialam*.

Napapansin mo ba ang sarili mo sa kasalukuyan? Marami ka na bang napapansing mga pagbabago? Nag-iiba na ba ang mga reaksyon mo sa mga nangyayari sa iyong paligid tulad ng mga balita at mga isyung nangingibabaw sa media? Kung *OO* ang sagot mo sa mga tanong na ito, ibig sabihin ay lumalabas na sa iyong sarili ang iyong pagtingin, mayroon ka ng pakialam sa iyong lipunan. Nakikilala mo na hindi ka lamang nabubuhay para sa iyong sarili at para sa iyong pamilya, na mayroong mas malawak na mundong iyong kinabibilangan at ikaw ay isang mahalagang bahagi nito. Kung *HINDI* naman ang iyong sagot, huwag kang mag-alala at darating din ang pagkakataong mababago ang iyong pananaw sa buhay. Maaaring naghihintay lamang ito ng tamang pagkakataon. Maaaring makatulong nang malaki sa iyo ang mga aralin sa baitang na ito.

DRAFT
March 31, 2014

Sa dalawang taon mo ng pag-aaral ng Edukasyon sa Pagpapakatao, nagkaroon ka ng pagkakataong masuri ang iyong pananagutan sa sarili at sa iyong kapwa. Ngayong taon naman ay mamumulat ang iyong mga mata sa lipunang iyong ginagalawan. Napag-aralan mo sa asignaturang Araling Panlipunan ang maraming bagay tungkol sa lipunan, ang kahulugan nito, layunin at marami pang iba. Sa pagkakataong ito'y mauunawaan mo ang pagkakaiba at pagkakaugnay nito sa mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapakatao sa baitang na ito.

Sa modyul na ito ay inaasahang masasagot mo ang mahalagang tanong na: **Paano makakamit at mapananatili ang kabutihang lahat? Bakit ba mahalagang ito ay makamit at mapanatili?** Nakahanda ka na bang makaalam at makialam sa lipunan? Tara na!

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

1.1. Natutukoy ang mga elemento ng kabutihang panlahat

1.2. Nakapagsusuri ng mga halimbawa ng pagsasaalang-alang sa kabutihang panlahat sa pamilya, paaralan, pamayanan o lipunan

1.3. Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto

1.4. Naisasagawa ang isang proyektong makatutulong sa isang pamayanan o sektor sa pangangailangang pangkabuhayan, pangkultura, at pangkapayapaan

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng output sa Kasanayang Pampagkatuto 1.4:

a. Makabuluhan ang isinagawang proyekto para sa pagkamit ng layunin ng lipunan
b. Maayos ang pagpaplano para sa pagsasagawa ng proyekto
c. Maayos ang implementasyon ng proyekto
d. Nakilahok/Nakibahagi ang lahat ng kasapi ng pangkat
e. May kalakip na komprehensibong dokumentasyon at pagninilay

DRAFT
March 31, 2014

Paunang Pagtataya

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik nito sa sagutang papel.

1. Ayon kay Dr. Manuel Dy, isang propesor ng Pilosopiya sa Ateneo de Manial University, binubuo ng tao ang lipunan at binubuo ng lipunan ang tao. Ito ay nangangahulugang:
   a. Ang tao ang gumagawa sa lipunan at kaalinsabay nito ay ang lipunan at hinuhubog ng lipunan ang mga tao
   b. Ang tao ang bumubuo sa lipunan dahil mula sa kaniyang pagsilang ay nariyan na ang pamilyang nag-aaruga sa kaniya; binubuo ng lipunan ang tao dahil matatagpuan ang tao sa lahat ng bahagi nito.

c. Ang tao ang bumubuo sa lipunan dahil ang kanilang mg kontribusyon ang nagpapalago at nagpapatakbo dito; binubuo ng lipunan ang tao dahil ang lipunan ang nagbubuklod sa lahat ng tao.
d. Ang tao ang bumubuo sa lipunan dahil pamilya ang nag-aruga sa tao at dahil matatagpuan ang tao sa lahat ng bahagi nito; binubuo ng lipunan ang tao dahil sa lipunan makakamit ang kaniyang kaganapan ng pagkatao.

2. Ang mga sumusunod ay hadlang sa pagkamit ng kabutihang panlahat *maliban* sa:
   a. Paggawa ng tao ayon sa kaniyang pansariling hangad
   b. Pagkakaroon ng pakiramdam na mas malaki ang naiiambag ng sarili kaysa sa nagagawa ng iba
   c. Pakikinabang sa benepisyong hatid ng kabutihang panlahat subalit pagtanggi sa pagbabahagi para sa pagkamit nito
   d. Pagkakait ng tulong para sa kapwa na nangangailangan.
3. Ano ang pagkakaiba ng lipunan sa komunidad?
   a. Sa lipunan, ang nangingibabaw ay ang iisang tunguhin o layunin samantalang sa komunidad ang mahalaga ay ang pagkakabukod-tangi ng mga kabilang nito.
   b. Sa lipunan, ang pangkat ng mga tao ay may nagkakaisang interes, mithiin at pagpapahalaga samatalang sa komunidad, ang namumuno ang nagbibigay ng direksiyon sa mga taong kasapi nito.
   c. Sa lipunan, ang namumuno ay inatasan ng mga mamamayan na kamtin ang mithiin ng mga kasapi nito samantalang sa komunidad, ang mga tao ang nararapat na manaig sa pagkamit ng kanilang mga mithiin.
   d. Sa lipunan, mas malaking pamahalaan ang nakasasakop samantalang sa komunidad ay mas maliit na pamahalaan.
4. Ang buhay ng tao ay panlipunan. Ang pangungusap ay:
   a. Tama, dahil sa lipunan lamang siya nakapamumuhay
   b. Tama, dahil lahat ng ating ginagawa at ikinikilos ay nakatuon sa ating kapwa
   c. Mali, dahil may mga pagkakataong ang tao ang nagnanais na makapag-isa
   d. Mali, dahil may iba pang aspekto ang tao maliban sa pagiging panlipunan

5. Ang mga sumusunod ay elemento ng kabutihang panlahat *maliban* sa:
   a. Kapayapaan
   b. Katiwasayan
   c. Paggalang sa indibidwal na tao
   d. Tawag ng katarungan o kapakanang panlipunan ng lahat

DRAFT
March 31, 2014

6. “Huwag mong itanong kung ano ang magagawa ng bansa para sa iyo, kundi itanong mo kung ano ang magagawa mo para sa iyong bansa.” Ang mga katagang ito ay winika ni:
   a. Aristotle
   b. St. Thomas Aquinas
   c. John F. Kennedy
   d. Bill Clinton
7. Ano ang tunay na layunin ng lipunan?
   a. kapayapaan
   b. kabutihang panlahat
   c. katiwasayan
   d. kasaganaan
8. Ano ang kabutihang panlahat?
   a. Kabutihan ng lahat ng tao
   b. Kabutihan ng mga pangkat na kasapi ng lipunan
   c. Kabutihan ng bawat indibidwal na kasapi ng lipunan
   d. Kabutihan ng lipunang nararapat bumalik sa lahat ng mga kasapi nito
9. Ang tunguhin ng lipunan ay kailangang pareho sa tunguhin ng bawat indibidwal. Ang pangungusap ay:
   a. Tama, dahil sa pagkakataon na ganito lamang matitiyak na makakamit ang tunay na layunin ng lipunan
   b. Tama, dahil mahalagang makiayon ang bawat indibidwal sa layuning itinalaga ng lipunan
   c. Mali, dahil may natatanging katangian at pangangailangan ang bawat isang indibidwal
   d. Mali, dahil ang bawat indibidwal sa lipunan ang nararapat na nagtatakda ng mga layunin
10. Kalayaan at pagkakapantay-pantay ang nararapat na manaig sa lipunan. Ang pangungusap ay:
   a. Tama, dahil ito ang mahalaga upang mangibabaw ang paggalang sa mga karapatan ng tao
   b. Tama, dahil ito ay inilaan na makamit ng tao sa lipunan ayon sa Likas na Batas
   c. Mali, dahil sa kalayaan, masasakripisyo ang kabutihang panlahat at sa pagkakapantay-pantay, masasakripisyo ang kabutihan ng indibidwal
   d. Mali, dahil sa kalayaan, masasakripisyo ang kabutihan ng indibidwal at sa pagkakapantay-pantay, masasakripisyo ang kabutihang panlahat

DRAFT
March 31, 2014

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Mulat ka ba sa mga nangyayari sa lipunan sa kasalukuyan? Hindi lamang sa ating bansa kundi maging sa buong mundo ay mapapansin ang hindi pagkakasundo o alitan ng mga tao. Hindi lamang mga *contestant* sa *Ms. Universe* ang maaaring mangarap ng kapayapaan sa mundo. Hindi man tuwirang nabibigkas ng maraming tao ay marami rin ang nangangarap ng matiwasay na lipunan, at marahil ay is aka sa mga ito. Pero paano nga kaya magkakaroon ng katiwasayan sa lipunan? Kung tatanungin kita ngayon, ano kaya ang maipapayo mo? Gawin natin 'yan ngayon sa unang bahagi ng araling ito.

DRAFT

Gawain 1

1. Sa unang bahagi ng gawaing ito ay mahalagang maibahagi mo muna kung *ano ang larawan ng isang matiwasay na lipunan para sa iyo.* Isulat mo ang mga katangian ng isang matiwasay na lipunan.
2. Ang iyong sagot sa tanong na ito ay maaari mong maipakita sa malikhaing pamamaraan. Maaaring gumawa ng diorama o kaya naman ay gumuhit ng isang blueprint.
3. Mahalagang maglakip ng maikling paglalarawan sa ginawang representasyon.

March 31, 2014

Gawain 2

Panuto: Sigurado akong nakakita ka na ng recipe para sa pagluluto ng isang pagkain. Malinaw na nakasulat dito ang mga sangkap at ang sukat ng mga ito. Nakasulat din ang malinaw na detalye ng paraan ng pagluluto nito. Kung isusulat natin ang recipe para sa matiwasay na lipunan, ano kaya ang sangkap nito at paano kaya ito makakamit? Gagawin mo iyan sa gawaing ito: RECIPE para sa MATIWASAY NA LIPUNAN…

Ang magiging nilalaman nito ay ang mga sumusunod:

- Sangkap na kinakailangan upang matiyak ang katiwasayan ng lipunan
- Mga tiyak na sukat nito, katulad ng tasa, kutsara o kutsarita, kilo, gramo, at iba pa.

- Pamamaraan kung paano magagamit ang mga sangkap na inilagay (hal. Ilagay ang katarungan sa isang malaking lalagyan at haluan ito ng pagmamahal. Matapos itong mapagsama ay budburan ito ng bukas na komunikasyon)

Matapos ang gawain ay sagutin mo ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang iyong naging realisasyon matapos maisagawa ang gawain?
2. Ano ang pinakamahalagang sangkap sa pagkakaroon ng matiwasay na lipunan? Ipaliwanag.
3. Ano ang pinakamahalagang pamamaraan sa pagkakaroon ng matiwasay na lipunan? Ipaliwanag.

C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

DRAFT

Gawain

Tiyak kong napag-aralan mo na sa Araling Panlipunan ang iba't ibang institusyong panlipunan. Sa pagkakataong ito ay itutuon natin ang ating pansin sa mga sumusunod:

- Paaralan
- Simbahan
- Pamilya
- Mga negosyo
- Pamahalaan

March 31, 2014

Panuto:

1. Sumulat ng maikling paglalarawan ng bawat isang institusyon o sektor ng lipunan na naitala.
2. Pagkatapos, magsagawa ng pagsasaliksik sa mga ito, maaaring sa silid-aklatan o sa internet upang matukoy ang mga sumusunod:
   a. Ano ang layunin ng bawat sektor?
   b. Ano ang kontribusyon nito sa lipunan?
   c. Ano ang nakikitang tunguhin ng mga ito sa kasalukuyan?
   d. Ano ang kasalukuyang kalagayan nito sa ating bansa? Ano ang ginagawa nito tungo sa pagkamit ng kanilang layunin? Mayroon ba itong nagiging impluwensiya sa mga mamamayan at naiambag na tulong sa pag-unlad ng lipunan?

e. Nakatutulong ba ito sa pagkamit ng layunin ng lipunan? Magsulat ng komprehensibong paliwanag.

3. Matapos nito ay gumawa ng isang komprehensibong ulat tungkol dito o maaari naman isang dokumentaryo na maaaring i-post sa social networking sites.
4. Matapos maisagawa ang kabuuang proseso ay sagutin ang mga sumusunod na tanong:
   a. Ano ang maitutulong ng mga sektor ng lipunan na nabanggit sa pagkamit ng layunin ng lipunan?
   b. Ano ang maaaring maganap kung hindi matutupad ng mga sektor na ito ang kanilang mga tungkulin sa lipunan?
   c. Paano matitiyak na makatutulong ang lahat ng sektor na ito upang gawing matiwasay ang lipunan?
   d. Kung magkakaroon ng iisang layunin ang lahat ng sektor na nabanggit, ano kaya ang layunin na ito?
   e. Paano makatutulong ang mga sektor na ito ng lipunan sa pagkamit ng kaganapan ng iyong pagkatao?

DRAFT
March 31, 2014

D. PAGPAPALALIM

LAYUNIN NG LIPUNAN: KABUTIHANG PANLAHAT

Larawan ng isang babae at lalaki na "SOSYAL"

Magara ang kasuotan, maraming alahas, may hawak na gadget, nasa tabi ng isang magarang kotse, napaliligiran ng maraming ilaw

Kapag nakakita ka siguro ng isang babae o lalaking katulad nila masasabi mong… "*Wow! Ang sosyal naman nila. Ang sarap sigurong maging sosyal, ano?*" Pero alam mong hindi mo kailangang maging katulad nila para matawag kang *sosyal.* Ikaw ay likas na sosyal dahil ikaw ay nilikhang sumasalipunan, isa kang *panlipunang nilalang*. Ito ang isa sa mga mahahalagang kaalaman na iyong natutuhan mula sa iyong mga aralin noong ikaw ay nasa ikawalong baitang.

Ang buhay ng TAO ay PANLIPUNAN.

Larawan ng isang tao na napaliligiran ng maraming tao

"Walang sinumang tao ang maaaring mabuhay para sa kaniyang sarili lamang". Kinakailangan ng taong makibahagi at mamuhay sa lipunan, isa ito sa itinalagang likas na katangian ng mga nilikha ayon sa Likas na Batas. Ayon kay Dr.

Manuel Dy Jr., isang propesor ng Pilisopiya sa Ateneo de Manila Univeristy, ang buhay ng tao ay panlipunan. Makikita ito sa kabuuan ng ating pag-iral bilang tao – sa ating pagsasagawa ng mga bagay na kailangan upang mahubog natin ang ating sarili. Ang ating mga gawain ay *panlipunan* dahil natutuhan natin ito kasama sila. Ginagawa natin ito dahil mahalaga ang mga ito sa lipunan at iniaalay natin ito para sa ating kapwa. Halimbawa, ang simpleng gawain na paglilinis ng ating bakuran ay hindi makakasanayang gawin ng isang bata kung hindi ito itinuro ng pamilya. Nakalakihan itong ginagawa ng pamilya nang tulong-tulong. Mas nangingibabaw kaysa sa halaga ng mismong kalinisan ang pagsasama-sama at pagtutulungan. Bilang anak, alam mong iniaalay mo ang gawaing ito sa iyong mga magulang dahil alam mong ito ay makapagpapasaya sa kanila at kasabay nito, nakapag-aambag ang inyong pamilya sa kalinisan ng kapaligiran.

> "Ang ating pagiging *kasama-ng-kapwa* ay isang pagpapahalaga na nagbibigay ng tunay na kaganapan sa ating pagkatao."

Kahit ang pagnanais na mapag-isa ay panlipunan. Di ba, kaya minsan gusto mong mapag-isa ay dahil nagtampo ka sa isang tao o kaya naman ay marami kang mga tanong sa iyong sarili na nais mong masagot upang mas mapalago mo ang iyong kakayahan na makipag-ugnayan sa iyong kapwa. Sa gitna ng pag-iisa, isinasaalang-alang mo pa rin ang iyong kapwa. Kung kaya, ang ating pagiging *kasama-ng-kapwa* ay isang pagpapahalaga na nagbibigay ng tunay na kaganapan sa ating pagkatao (Dy, M., 1994). At ang pagiging kasama-ng-kapwa ay makakamit lamang kung makikilahok at makikipamuhay ka sa lipunan.

RAFT
March 31, 2014

Ngunit bago tayo magpatuloy sa pagtalakay tungkol sa lipunan, mahalagang maunawaan mo ang kahulugan nito. Ano nga ba ang lipunan? Ang salitang *lipunan* ay nagmula sa salitang ugat na "lipon" na nangangahulugang pangkat. Ang mga tao ay mayoong kinabibilangang pangkat na mayroong iisang tunguhin o layunin. Halimbawa, ang pangkat ng mga mamamahayag ay mayroong iisang tunguhin o layuning maghatid ng mga bagong balitang nagaganap sa bansa at maging sa daigdig. Tinitiyak nilang makararating ito sa mga tao sa iba't ibang pamamaraan. Ang pangkat ng mga guro ay may iisang layuning magbigay ng kaalaman/edukasyon sa mga mag-aaral. Ang lipunan o pangkat ng mga indibidwal ay patungo sa iisang layunin o tunguhin. Kolektibo ang pagtingin sa bawat kasapi nito ngunit hindi naman nito binubura ang indibidwalidad o pagiging katang-tangi ng mga kasapi.

Sa kabilang dako, madalas na ginagamit ang salitang *komunidad* upang tukuyin ang lipunan. Mahalagang maunawaan ang pagkakaiba at pagkakaugnay ng dalawang salitang ito upang hindi maging sanhi ng kalituhan. Ang salitang komunidad ay galing sa salitang

Latin na *communis* na nangangahulugang *common* o nagkakapareho. Ang isang komunidad ay binubuo ng mga indibidwal na nagkakapareho ng mga interes, ugali o pagpapahalagang bahagi ng isang partikular na lugar. Sa isang komunidad, mas nabibigyang-halaga ang natatanging katangian ng mga kasapi o kabahagi. Ang bawat indibidwal ay mayroong kani-kaniyang mga layunin o tunguhin sa buhay. Mas magiging madali ang pag-unawa nito gamit ang halimbawa: Mayroong dalawang guro na nagtuturo sa magkaibang paaralan. Sila ay bahagi ng isang lipunan, isang pangkat ng mga indibidwal na ginagabayan ng isang layunin: ang magbigay ng edukasyon/kaalaman sa kanilang mga mag-aaral. Pero walang malalim na ugnayan sa dalawang guro na ito. Limitado ang nalalaman nila tungkol sa isa't isa. Ngunit dumating ang pagkakataon na nagsama sila sa isang scholarship at naging malapit na magkaibigan, naging magkumare at nabuo ang mas malalim pa nilang ugnayan. Naniniwala ang isa na may malaking maiaambag ang kaniyang bagong kaibigan para sa paggabay sa kaniyang anak kung kaya niya ito ginawa. Sa pagkakataong ito, hindi na lamang bahagi ng isang lipunan ang dalawang guro kundi naging bahagi na ng isang komunidad.

Anong lipunan ang iyong kinabibilangan? Ano ang inyong nagkakaisang layunin? Sino sa iyong kasama sa lipunan ang bahagi rin ng iyong komunidad?

DRAFT

31, 2014

Mulat tayo sa isang mundo na KApatid, KAmag-anak, KAklase, KAbabayan at marami pang ibang kasama na naaayon sa lipunang ating ginagalawan. Makikita ito maging sa media. May mga estasyon sa telebisyon na nagtuturing sa kanilang manonood bilang KApuso, KApamilya, KApatid, at iba pa. Ayon kay Jacques Maritain, ang manunulat ng aklat na The Person and the Common Good (1966), hahanapin talaga ng taong mamuhay sa lipunan sa dalawang mahalagang dahilan. *Una,* ito ay dahil sa katotohanang hindi siya nilikhang perpekto o ganap at dahil likas para sa kanya ang magbahagi sa kaniyang kapwa ng kaalaman at pagmamahal. Binigyan ang tao ng kakayahang

Hindi gawa ng dalawang tao ang WIKA…

Galing ito sa LIPUNAN

magwika o magsalita dahil likas na nilikha ng Diyos ang tao na sumalipunan. Ayon kay Dr. Manuel Dy, hindi gawa ng dalawang tao ang wika; galing ito sa lipunan. Sa pamamagitan ng wika, sumasalipunan ang tao hindi lamang dahil nililikha niya ito kasama ang kaniyang kapwa kundi dahil natutuhan niya ito mula sa kaniyang kapwa at ginagawa para sa kapwa. Ang kaalaman at pagmamahal ay kapwa maibabahagi lamang sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kapwa. *Pangalawa,* hinahanap ng taong mamuhay sa lipunan dahil sa kaniyang pangangailangan o kakulangan mula sa materyal na kalikasan. Mahalaga ring makipag-ugnayan siya sa kaniyang kapwa upang matugunan ang pangangailangang ito at mapunuan ang kaniyang kakulangan. Hindi makakamit ng tao ang kanyang kaganapan kung hindi matutugunan ng lipunan ang kaniyang mga pangangailangan. Hindi lamang ito materyal na pangangailangan kundi mas higit ang tulong na maaaring maibigay ng lipunan upang magamit natin ang ating isip at kilos-loob at mahubog ang mga birtud. Halimbawa, upang mapagyaman natin ang ating kaalaman, kailangan ng tao ng edukasyon na naibibigay sa tulong ng mga guro.

Ayon kay Santo Tomas Aquinas, may akda ng aklat na Summa Theologica, sa pamamagitan lamang ng lipunan makakamit ng tao ang layunin ng kaniyang pagkakalikha. Mahalaga sa pagpapakatao ang pagkilala ng tao na kailangan niya ang lipunan dahil binubuo siya ng lipunan at binubuo niya ang lipunan (Dy, M., 1994). Malaki ang magagawa ng lipunan sa paghubog ng iyong pagkatao. Mayroon itong impluwensiya sa paraan ng iyong pag-iisip at pagkilos. Lahat ng iyong iniisip, nararamdaman, sinasabi at ginagawa ay naiimpluwensiyahan ng lipunan na iyong kinabibilangan.

> Sa pamamagitan lamang ng lipunan makakamit ng tao ang layunin ng kaniyang pagkakalikha.

DRAFT
March 31, 2014

> Binubuo ang TAO ng LIPUNAN.
>
> Binubuo ng LIPUNAN ang TAO.

Sa lipunan, nagkakaroon ang tao ng pagkakataong maipakita ang pagmamalasakit, ang tumulong at matulungan sa panahon ng pangangailangan. Naipakikita ang pagmamalasakit na ito sa pagdamay at bukas-palad na pagtulong sa kapwang walang hinihintay na kapalit. Dahil dito, umuusbong ang pagtitiwala sa kapwa na siyang dahilan ng sama-samang pagkilos tungo sa isang mithiin. Nangingibabaw sa pagkakataong ganito na hindi lamang ang personal na kabutihan ng indibidwal ang nilalayon ng lipunan kundi ang kabutihang panlahat.

> Naranasan mo na ba ang tumulong sa iyong kapwa – tulad ng pagbabahagi ng iyong baon para sa isang matandang nagugutom o pagbibigay ng iyong mga damit para sa mga nasalanta ng kalamidad? Sa ganitong pagkakataon, nakaakit ka ba ng kapwa mo mag-aaral na tumulong? Nakaramdam ka ba ng galak dahil sa iyong ginawa? Ano ang magandang maidudulot ng iyong ginawa para sa lipunan?

Bigyan naman natin ng linaw ang kahulugan ng kabutihang panlahat. Ano nga ba ang kabutihang panlahat? Sa simpleng salita, masasabing ito ay kabutihan para sa bawat isang indibidwal na nasa lipunan. Ito ay isang pagpapahalagang naiiba sa pansariling kapakanan. Mahalagang maunawaan mong ang tunguhin ng lipunan ay hindi ang kabutihan lamang ng indibidwal o ang koleksiyon ng indibidwal na kabutihan ng mga taong bumubuo nito. Kapag ganito ang paniniwalang mangingibabaw, patuloy na mabibigyan ng laya ang mga malalakas na apihin ang mga mahihina. Ang tunay na tunguhin ng lipunan ay ang kabutihan ng komunidad na nararapat na bumalik sa lahat ng indibidwal na kasapi nito. Kaya sinasabing may kaugnayan ang tao bilang yunit ng lipunan at ang kabutihang panlahat ay dahil sa ang kabutihang panlahat tinatanggap ng bawat indibidwal na sumasalamin sa kabuuan. Ngunit tandaan mong mayroong pagkakaiba ang kabutihan ng nakararami sa kabutihang panlahat. Ang pag-iral ng nakararami ay nananatiling nag-iiwan ng ilang kasaping hindi makatatanggap ng kabutihan. Ang isakripisyo ang buhay ng isang taong nahatulan ng habang-buhay na pagkabilanggo upang subukan ang gamot na maaaring makatulong sa mga taong may karamdamang hindi pa natutuklasan ang lunas ay maaaring maging katanggap-tanggap kung paiiralin ang kabutihan ng nakararami. Ngunit magiging katanggap-tanggap lamang ito bilang kabutihang panlahat kung kusang-loob na inialay ng bilanggong ito ang kaniyang buhay para sa kagalingan ng lahat ng may sakit at sa mga taong posible pang dapuan nito sa matagal na panahon.

Kabutihan ng *LAHAT,* hindi ng *NAKARARAMI.*

DRAFT
March 31, 2014

Mahalagang bigyang-diin na hindi nangangahulugang magkahiwalay ang personal na kabutihan sa kabutihang panlahat. Sa katunayan, magkaugnay ang dalawang ito. Ipinaliwanag ni Sto. Tomas Aquinas na ang tunguhin ng lipunan ay kailangang pareho sa tunguhin ng bawat indibidwal. Nangangahulugan ito ng pagiging tugma ng personal na kabutihan sa kabutihang panlahat. Ibig sabihin, hindi dapat ihiwalay ng mga tao ang kani-kanilang sarili sa paghanap ng makabubuti sa bawat isa sa kanila kundi ang *magtipon* upang hanapin ang kabutihang panlahat na magkakasama. Sa analogong ito halimbawa, ang pag-asam ng pagkakaroon ng malusog na puso o kaya malusog na baga, ay makakamit sa pagiging bahagi nito sa katawan subalit hindi kailangang ihiwalay ang bahaging ito ng katawan upang makamit ang layuning ito. Kailangan lamang na tugma ang layunin ng bawat

bahagi ng katawan sa buong katawan at ito ay ang – kalusugan. Kailangang nakakabit ang bawat bahagi ng katawan sa buong katawan upang makamit ang layuning ito.

Nangangahulugang makakamit ng tao ang kanyang personal na kabutihan sa pagiging bahagi niya sa lipunan.

> Naharap ka na ba sa isang sitwasyon kung saan mas nanaig ang kabutihan ng nakararami kaysa sa kabutihang panlahat? Nakasaksi ka na ba ng pagkakataon na may nagsakripisyong iilang tao para lamang mapagbigyan ang mas nakararami?

Ayon naman kay John Rawls, isang mamimilosopiyang Amerikano, na ang kabutihang panlahat ay ang pangkalahatang kondisyong pantay na ibinabahagi para sa kapakinabangan ng lahat ng kasapi ng isang lipunan. Hindi ito isang mabilis na proseso at hindi agarang makikita ang katuparan. Katulad ng adhikain ni Mathama Gandhi para sa India, nakita niyang hindi ito magiging madali kaya itinalaga niya ang kaniyang sariling maging halimbawa ng pagsisimula nito sa kaniyang sarili at ang paunang pakikibaka para sa makatarungang pagbabahagi ng lahat ng bagay na nararapat para sa mga tao. Ang paksang ito ay mas malalim na tatalakayin sa Modyul 3.

DRAFT
M[illegible] 31, 2014

> Hindi kalayaan o pagkakapantay-pantay ang nararapat na manaig kundi ang panlipunan at sibil na pagkakaibigan, na palaging nangangailangan ng katarungan.

Binibigyang-linaw ding ang kabutihang panlahat ay tumutukoy sa kabutihang naaayon sa moralidad ng tao, naaayon sa Likas na Batas Moral. Halimbawa, kung mangingibabaw ang kalayaan, lalo kung hindi niya nauunawaan ang tunay na kahulugan nito, masasakripisyo ang kabutihang panlahat dahil mangingibabaw ang pagnanais na gawin ng tao ang kanyang naisin. Kung mangingibabaw naman ang pagkakapantay-pantay, maaaring masakripisyo ang kabutihan ng indibidwal (de Torre, J.). Halimbawa, kung may isang tao na nagtrabaho ng labindalawang oras at ang isa naman ay nagtrabaho ng walong oras, masasakripisyo ang kabutihan ng taong nagtrabaho ng mas mahabang oras kung pantay lamang ang kanilang sahod na matatanggap. Kung magkagayon, hindi kalayaan o pagkakapantay-pantay ang nararapat na manaig kundi ang panlipunan at pagkakapatiran, na palaging nangangailangan ng katarungan. Kaya nga tungkulin ng lipunang matiyak ang kaayusan sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mga karapatang nakabatay sa katarungan. Sa ganitong paraan makikitang posible ang pagkamit ng kabutihang panlahat.

Mga Elemento ng Kabutihang Panlahat

Ang kabutihang panlahat ay binubuo ng tatlong mahahalagang elemento (Compendium of the Social Doctrine of the Church)

1. *Ang paggalang sa indibidwal na tao*. Dahil ang kabutihang panlahat ay nagpapahalaga sa kalikasan ng tao, hindi ito lubos na iiral kung hindi kikilanin at pahahalagahan ang kaniyang dignidad. Sa dignidad nakakabit ang iba't ibang karapatang kailangang igalang at hayaang gamitin ng tao sa lipunan. Upang maging makatarungan ang isang lipunan, kailangang nasisiguro ng namumuno dito na ang karapatan ng bawat indibidwal ay kinikilala, iginagalang, pinoprotektahan at pinahahalagahan. Halimbawa nito ay ang paggamit ng tao ng kaniyang bokasyon tungo sa paglinang ng kaniyang sarili. Gayundin ang protektahan ang kaniyang karapatang kumilos ayon sa dikta ng konsensya. Mas malawak itong tatalakayin sa mga susunod na aralin.

2. *Ang tawag ng katarungan o kapakanang panlipunan ng pangkat.* Ang pag-unlad ang kabuuang pokus ng panlipunang tungkuling kailangang maibigay sa mga tao. Karaniwang sinusukat ito halimbawa sa mga pampublikong sistema ng pangangalaga sa kalusugan; epektibong pampublikong pangkaligtasan at seguridad; kapayapaang namamagitan sa bawat bansa sa mundo; makatarungang sistemang legal at pampolitika; malinis na kapaligiran at umuunlad na sistemang pang-ekonomiya. Ang mga nabanggit ay mayroong malakas na epekto sa kapakanan ng mga kasapi ng pangkat. Mahalagang may mamagitan upang masigurong nakakayanan at nararating ang mga ito ng bawat isa sa lipunan. Kapag nangyayari ito, natutugunan ang tawag ng katarungan o kapakanang panlipunan ng pangkat.

3. *Ang kapayapaan (peace).* Kalimitang sinasabi na ang kapayapaan ay ang pagkakaroon ng katahimikan, kapanatagan o kawalan ng kaguluhan sa lahat ng aspekto ng buhay tulad ng isip, kalooban, pamilya, lipunang ginagalawan at iba pa, subalit ang kapayapaan ay resulta ng pagkakaroon ng katahimikan, kapanatagan at kawalang ng kaguluhan. Mayroong kapayapaan kapag iginagalang ang bawat indibidwal at umiiral ang katarungan. Ang kapayapaan ay

DRAFT
March 31, 2014

indikasyon ng pagkakaroon ng kabutihang panlahat, ang katatagan at seguridad ng makatarungang kaayusan. Kailangang nabibigyan ng seguridad ang lipunan at ang mga kasapi nito sa mabuti at maayos na pamamaraan. Gayunpaman, may pagkakataong hindi natutugunan ang kabutihan ng lahat kaya't may mga pagkilos sa lipunan na isinasaalang-alang ang kapakanan ng mas nakararami. Kaya sa abot ng makakaya ay sa *lahat*, ngunit kailangang maunawaan ding may pagkakataong tamang ganapin ang para sa *nakararami.* Hindi kailangang magresulta ito sa away o gulo at maaari itong daanin sa diyalogo.

Pinapakahulugan ng mga elementong ito na ang kabutihang panlahat ay hindi lamang nangyayari nang kusa. Upang makamit at mapanatili ang kabutihang panlahat, nangangailangan ng sama-samang pagkilos ng mga tao, hindi ng iilan lamang kundi ng *lahat*. Halimbawa, kahit na anong pagnanais ng pangulo ng isang bansa na matiyak na hindi mananaig ang korapsyon sa pamahalaan, hindi siya magtatagumpay kung hindi ito yayakapin ng lahat ng mga namumuno sa ilalim ng kaniyang pamamahala. Alam ng lahat na kung ganap sanang maiiwasan ang korapsyon sa pamahalaan, mas malaki ang pondong mailalaan para sa edukasyon, kalusugan, imprastraktura at marami pang iba, na magiging kapaki-pakinabang sa lahat mga mamamayan lalo na ang mga mahihirap.

DRAFT

Ayon kay Dr. Manuel Dy Jr., binubuo ng lipunan ang tao at binubuo naman ng tao ang lipunan. Binubuo ng lipunan ang tao sapagkat mula sa pagkasilang nariyan na ang pamilyang umaaruga at gumagabay sa kaniyang paglaki. Nariyan din ang kaniyang kapwa, ang paaralan, ang simbahan, ang batas na kaniyang sinusunod na may kani-kaniyang ambag sa paghubog ng iba't ibang aspekto ng kaniyang pagkatao. Ang tao rin ang bumubuo sa lipunan sapagkat matatagpuan ang mga tao sa bawat bahagi nito. Kaya't anuman ang ginagagawa ng tao para sa kabutihang panlahat ang siyang ibinabalik ng lipunan sa tao. Kaya't ang bawat mamamayan ay may pananagutang mag-ambag para sa kabutihang panlahat. Lahat ay maaaring mag-ambag para sa pagkamit at pagpapanatili ng kabutihang panlahat, sa iba-iba mang pamamaraan dahil ito ay ayon sa kani-kaniyang kakayahan, katayuan at kinalalagyan sa lipunan. Totoo ito sapagkat hindi mo maibibigay ang anumang bagay na hindi mo taglay at hindi mo magagawa ang bagay na wala sa iyong kapangyarihang gawin.

March 31, 2014

Nakalulungkot nga lang isiping bagama't nauunawaan ng ilan ang kahalagahan at kapakinabangan ng pag-ambag sa pagtamo ng kabutihang panlahat, may mga ilan pa ring hindi nakikisangkot at nakikiisa upang matamo ito. Ang hamon ng dating pangulo ng Amerika na si John F. Kennedy na: *'Huwag mong itanong kung ano ang magagawa ng*

iyong bansa para sa iyo, kundi itanong mo kung ano ang magagawa mo para sa iyong bansa", ay nanatiling totoo maging sa sitwasyong ito.

Bilang isang kabataan, ano na ba ang nagawa mo para sa bansa o sa iyong komunidad? Mayroon ka bang kayang gawin ngunit hindi mo pinagsisikapang gawin? Ano kaya ang maitutulong ng munting magagawa ng mga kabataan para sa bansa?

Mga Hadlang sa Pagkamit ng Kabutihang Panlahat

Narito ang ilang nakahahadlang sa pagkamit ng kabutihang panlahat.

1. *Nakikinabang lamang sa benepisyong hatid ng kabutihang panlahat, subalit tinatanggihan ang bahaging dapat gampanan upang mag-ambag sa pagkamit nito.* Ang mahalaga sa kaniya ay ang pakinabang na kaniyang makukuha sa kabutihang panlahat na nagmumula sa malasakit at pagsasakripisyo ng iba. Nakikinabang lamang siya subalit walang ambag o pakinabang na nanggagaling sa kaniya. Halimbawa, ang sapat na suplay ng tubig ay pinakikinabangan ng lahat ng tao. Subalit upang mapanatili ang sapat na suplay ng tubig sa panahon ng tagtuyo, ang mga tao ay kailangang magtipid sa paggamit nito. Hindi lahat ng tao ay nagnanais gawin ito sapagkat ayon sa kanila, habang may taong nagtitipid makikinabang pa rin siya nang hindi nagbabawas ng kaniyang konsumo. Ang nakababahala dito ay kapag dumami ang taong may ganitong pangangatwiran, masisira ang kabutihang panlahat na nakasalalay sa suportang manggagaling sa kanila.

2. *Ang indibidwalismo, ibig sabihin ang paggawa ng tao ng kaniyang personal na naisin.* Ito ay ang pagnanais ng taong maging malaya sa pagkamit ng pansariling tunguhin nang walang ibang nanghihimasok o nakikialam sa kaniya. Ayaw ng taong ganito na magambala ang kaniyang personal na buhay – nagnanais na "mapag-isa". Hindi niya pinapakay ang pakinabang mula sa kabutihang hatid ng sakripisyo ng iba subalit ayaw rin niyang magambala para sa kabutihan ng iba. Sa kulturang ito, mahirap makumbinse ang taong isakripisyo ang kaniyang kaunting kalayaan, personal na hangarin at pansariling interes para sa kapakanan ng "kabutihang panlahat" dahil para sa kaniya, hindi niya kailangang mag-ambag sa kabutihang panlahat kundi ang manatiling malaya sa pagkamit ng kaniyang personal na kabutihan. Halimbawa, may mga taong ayaw nang manood ng balita at makialam sa mga nangyayari sa paligid dahil mas marami siyang suliranin sa kaniyang personal

DRAFT
March 31, 2014

na buhay na kailangang isaayos. Maaaring ikatuwirang hindi siya makikialam sa mga bagay na hindi naman tuwirang nakaaapekto sa kaniya.

3. *Ang pakiramdam na siya ay nalalamangan o mas malaki ang naiaambag niya kaysa sa nagagawa ng iba*. Upang mapanatili ang kabutihang panlahat, hinihingi sa ilan ang mas malaki at mabigat na pananagutan kaysa sa iba. Halimbawa, upang kayanin ng mga mahihirap ang pagbili ng produkto, kailangang tanggapin ng negosyante ang mababang tubo o kita mula sa mga produkto; o ang pangkalusugang seguridad ay maging abot kaya ng lahat, ang health insurance ay may mababang *premiums* o ang doktor ay tumanggap ng mababang sahod. Ang tingin ng ilan sa ganitong sitwasyon ay hindi makatarungan.

Mga Kondisyon sa Pagkamit ng Kabutihang Panlahat

Tatlong kondisyon ang kailangan upang makamit ang kabutihang panlahat ayon kay Joseph de Torre (1987) sa kaniyang aklat na Social Morals.

DRAFT
March 31, 2014

1. *Ang lahat ng tao ay dapat na mabigyan ng pagkakataong makakilos nang malaya gabay ang diyalogo, pagmamahal at katarungan.* Mahalagang palaging nasa isip ng lahat ang tunay na kahulugan ng kalayaan dahil may panganib na isipin ng ilan na walang hanggan ang kaniyang kalayaan. Mahalaga ang diyalogo upang maibahagi sa bawat isa ang kanilang saloobin, damdamin at pananaw. Madalas na ang sanhi ng hindi pagkakaunawaan ng mga tao ay dahil sa kakulangan ng kakayahang mag-usap. Kung hindi mananaig ang pagmamahal at katarungan sa kaniya sa lahat ng pagkakataon, hindi ganap na kakayanin ng sinuman na isantabi sa ilang pagkakataon ang kaniyang pansariling kaligayahan at kapakanan para sa kabutihang panlahat. Ang dalawang pagpapahalagang ito ang susi upang makamit ng lipunan ang kaniyang tunay na layunin at tunguhin.

2. *Ang pangunahing karapatang pantao ay nararapat na mapangalagaan.* Hindi magiging ganap ang isang lipunan at ang mga taong kasapi nito kung hindi naigagalang ang kaniyang pangunahing karapatan bilang tao. Ang karapatan ang nangangalaga sa dignidad ng tao at nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay. Hangga't nananaig ang diskriminasyon sa lipunan, nagpapahiwatig itong hindi pa ganap ang pagsasaalang-alang ng mga tao sa kabutihang panlahat.

3. *Ang bawat indibidwal ay nararapat na mapaunlad patungo sa kaniyang kaganapan.* Ang lipunan ang nararapat na maging isa sa instrumento upang makamit ng tao ang

kaniyang kaganapan bilang tao. Kung walang nagagawa ang lipunang kaniyang ginagalawan upang siya ay lumago bilang tao masasabing hindi pa tunay na patungo ang lipunan sa tunay nitong layunin, ang kabutihang panlahat. Maaaring hindi rin nagagawa ng bawat sektor ng lipunan ang kaniyang tunay na gampanin para sa tao sa lipunan. Tandaang binanggit sa unang bahagi ng babasahing ito na, *binubuo dapat ng lipunan ng tao hindi lamang tao ang bubuo sa lipunan.*

Kaya mahalaga ring matiyak na ang integridad at katatagan ng pamilya ay mapangalagaan dahil ang pamilya ang pangunahing yunit para sa paghubog ng mapanagutang mamamayang mulat sa tunay na kahulugan ng kabutihang panlahat.

Sa matagal na panahon, maaaring masyadong nakatuon ang iyong pansin sa iyong sarili lamang at sa pagtiyak na matutugunan ang iyong mga pangangailangan. Maaaring sinasabi mong masyado ka pang bata para ituon mo ang iyong pansin sa mga bagay na ito at wala ka pang kakayahan upang ganap na maunawaan at yakapin ito. Mahalagang maunawaan mong hindi namimili ng edad o antas sa buhay ang pagtiyak na mananaig ang kabutihang panlahat. Ito ay nakabatay sa iyong puso at pagmamalasakit sa iyong kapwa, na batid mo na sa unang bahagi pa lamang ng iyong pag-aaral ng Edukasyon sa Pagpapakatao, na imahe ng Diyos.

> Hindi namimili ng edad o antas sa buhay ang pagtiyak na mananaig ang kabutihang panlahat. Ito ay nakabatay sa iyong puso at pagmamalasakit sa iyong kapwa.

DRAFT
March 31, 2014

Tandaan, ang dignidad ng tao ay nangangailangan ng pagkamit sa kabutihang panlahat. Ganap lamang na masasabing tunay na kinilala ang dignidad ng lahat ng tao kung nananaig sa lahat ng pagkakataon ang kabutihang panlahat. Ang lahat ng tao ay nararapat na magmalasakit upang lumikha o sumuporta sa mga institusyong panlipunan at paunlarin ang kalagayan ng buhay ng bawat indibidwal na sumasalamin sa lipunan.

Alam kong mahirap pa itong isipin at ganap na yakapin sa kasalukuyan ngunit lahat ng bagay, gaano man ito kahirap ay magagawa kung talagang nais. Sabi nga, “Kung gusto, may paraan; kung ayaw, palaging may dahilan.”

Kung gusto mo ng matanggap ang kabutihan mula sa lipunan, paano ka naman tutugon sa hamon ng kabutihang panlahat?

Tayain ang Iyong Pag-unawa

1. Ano ang kahulugan ng lipunan?

2. Ano ang tunay na layunin ng lipunan? Paano ito makakamit?
3. Paano makatutulong ang lipunan sa pagkamit ng kaganapan ng pagkatao?
4. Sa kasalukuyang kalagayan ng ating bansa, magiging madali ba o mahirap ang pagkamit ng tunay na layunin ng lipunan? Pangatwiranan.
5. Paano malalampasan ang mga balakid sa pagkamit ng tunay na layunin ng lipunan? Magbigay ng halimbawa sa bawat isa at ipaliwanag ito.
6. Ano ang maaari mong gawin upang makatulong sa pagkamit ng tunay na layunin ng lipunan? Ipaliwanag ang bawat isa.

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Para sa illustrator:

Ang mga kamay na iguguhit ay nararapat na magkakaiba. Halimbawa, kamay ng matanda, bata, babae, lalaki, kayumanggi, maputi atbp.

sa pamamagitan ng…

ay mga pwersang magpapatatag sa _____

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano ang maaaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?

PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Gawain 1

1. Makipag-ugnayan sa guro at kamag-aral upang makapagsagawa ng isang survey tungkol sa mga suliraning kinakaharap ng komunidad o pamayanan.
2. Ang suliranin ay maaaring pangkapaligiran, pangkapayapaan, pangkaayusan o pang-edukasyon. Maaaring may iba pang makita sa proseso ng pagsasagawa nito.
3. Magsagawa ng pagtatanong sa mga naninirahan sa komunidad o pamayanan kung ano ang kanilang nakikitang suliranin sa kanilang paligid.
4. Mahalagang isama ang mga namumuno sa komunidad o pamayanan sa isasagawang survey.
5. Matapos maglaan ng panahon sa pangangalap ng datos ay gumawa ng pangkalahatang ulat ukol sa naging resulta ng survey.
6. Pumili ng tatlo sa mga nakalap at iantas ang mga ito batay sa kahalagahan. Pumili ng tatlong pangunahing suliranin.
7. Iulat sa klase ang kalalabasan ng survey gamit ang graph na mayroong maikling pagsusuri at pagpapaliwanag.

DRAFT
March 31, 2014

Gawain 2

Marahil bilang isang mag-aaral, iniisip mong masyado pang maaga para masubok kung kaya mo nang pairalin ang kabutihan sa iyong lipunang ginagalawan sa kasalukuyan. Ngunit mahalagang maunawaan mong bawat tao sa lipunan, anuman ang kaniyang katayuan sa buhay at edad ay mayroong pagkakataong magbahagi ng kaniyang magagawa upang matiyak na makakamit ang kabutihang panlahat.

Panuto:

1. Mahalagang magamit ang mga konseptong natutuhan sa modyul na ito upang maisakatuparan ang gawaing ito. Sa gawaing ito ay magsagawa ka ng pagsusuri sa mga pagkakataon sa iyong buhay bilang isang mag-aaral at kabataan kung saan (1) napangibabaw mo ang kabutihang panlahat at (2) mas

napangibabaw mo ang kabutihan ng iyong sarili o ng iilan kaysa sa kabutihang panlahat.

2. Maaaring isagawa ang gawaing ito sa pangkat. Maglaan ng panahon upang mag-usap bilang pangkat para sa pagbabahagi ng mga karanasan. Magpasya sa pangkat kung sino ang nakapagbahagi ng karanasang tunay na tutugon sa hinihingi ng gawain.
3. Ilista ang mga ito gamit ang pormat sa ibaba.

Pagkakataong Nangibabaw ang Kabutihang Panlahat	Naging Bunga	Paraan kung paano ito mas mapagyayaman
1.		
2.		
3.		
Pagkakataong Nangibabaw ang Kabutihang Pansarili o Kabutihan ng Nakararami	Naging Bunga	Nararapat gawin upang mas mapanaig ang kabutihang panlahat
1.		
2.		
3.		

DRAFT
March 31, 2014

Pagninilay

Nakakita ka na ba ng isang *quilt*? Ito ay pinagsama-samang piraso ng mga tela na pinagdugtong-dugtong sa pamamagitan ng pagtatahi. Maaaring makatulong sa iyo ang larawan sa ibaba:

Maaaring makipag-ugnayan ka sa iba pang mga mag-aaral na nasa paaralan upang isagawa ang gawaing ito. Makipag-ugnayan sa iyong guro para rito.

Panuto:

1. Maglaan ng panahon upang makapag-usap ang lahat ng mga mag-aaral sa klase upang makabuo ng mga pangkat. Maaaring hatiin ang klase sa tatlo hanggang apat na pangkat.
2. Ang bawat isang kasapi ng pangkat ay kailangang magbahagi ng mahalagang sangkap na kinakailangan upang matiyak na makakamit ang tunay na layunin ng lipunan - halimbawa, paggalang sa karapatang pantao.

3. Matapos makapagbahagi ang lahat ay kailangang ilagay ang mga sangkap na naibahagi sa isang piraso ng telang may sukat na 1 x 1 na talampakan. Maaaring gumamit ng kahit na anong klase ng tela o kung anomang kulay.
4. Mahalagang makaisip ng isang simbolo na kakatawan dito upang may maiguhit ding larawan sa telang gagamitin. Maaaring gumamit ng pintura upang maipinta ang simbolo at ang sangkap na napili. Maaari rin namang gumamit din ng mga pinagdugtong-dugtong na retaso ng tela.
5. Maaaring gamiting gabay ang halimbawa sa kanan: Ang tema ng quilt na ito ay para sa KAPAYAPAAN...
6. Matapos ang pagdidisenyo sa mga piraso ng tela ay magtulong-tulong upang mapagdugtong-dugtong ang mga ito upang mabuo ang quilt.
7. Matapos ito ay ilagay o isabit ito sa isang bahagi ng silid aralan o sa labas ng silid upang maipakita sa lahat ang mahalagang mensaheng inihahatid nito.

DRAFT
March 31, 2014

Pagsasabuhay

1. Makipag-ugnayang muli sa guro at mga kamag-aral upang mapagplanuhan ang susunod na gawain.
2. Batay sa naging resulta ng ginawang survey sa naunang bahagi, simulan na ang pagpaplano para sa pagsasakatuparan ng isang proyekto upang matugunan ang pinakaunang suliraning naitala.
3. Maglaan ng panahon upang mapagplanuhan ang isasagawang gawain.
4. Makipag-ugnayan sa guro upang matulungan o magabayan sa pagpaplano sa proyekto.

5. Makatutulong kung gagawa ng isang action plan upang matiyak na maisasagawa ng maayos ang mga nakaplanong gawain. Makatutulong sa iyo ang pormat na nasa ibaba.

Gawain	Tiyak na Layunin	Mga Taong Sangkot/Kasali sa Gawain	Panahong Ilalaan	Inaasahang output	Remarks

6. Mahalagang isaalang-alang ang mga sumusunod:
   a. Ano ang pangkalahatan at tiyak na layunin sa pagsasagawa ng proyekto?
   b. Tunay bang may pangangailangan ang sektor na inyong mapipili?
   c. Tugma ba ang isasagawang gawain para sa pangangailangan?
   d. Ano ang mga kagamitang kakailanganin upang maisagawa ang proyekto? Kakayanin ba ito ng mga mag-aaral na katulad ninyo?
   e. May ibang tao bang makatutulong sa pagsasakatuparan ng inyong proyekto? Sino-sino ang mga ito at paano makikipag-ugnayan sa kanila?
7. Tiyaking maidodokumento ang lahat ng mga pangyayari sa pagsasakatuparan ng proyekto.
8. Mahalagang makagawa ng komprehensibong ulat at pagninilay pagkatapos ng proyekto.

O, kumusta? Nagawa mo ba nang maayos ang mga gawain? Kung oo, magpunta ka na sa susunod na Modyul. Kung hindi, balikan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Hingin ang tulong o paggabay ng isang kamag-aral o ng guro.

DRAFT
March 31, 2014

Mga Kakailanganing Kagamitan (websites, software, mga aklat, worksheet)

- Mga piraso ng tela na may sukat na 1x1 foot
- Pintura
- Mga retaso ng tela
- Mga larawang kakatawan sa mga sektor ng lipunan
- Malinis na papel
- Lapis o ballpen

Mga Sanggunian:

Bacungan, C. M. et.al. (1996). *A Text on Values Education*. Quezon City: Katha Publishing Co. Inc.

De Torre, Joseph M. (1977). *The Roots of Society.* Manila: Sinagtala Publishers, Inc.

De Torre, Joseph M. (1987). *Social Morals The Church Speaks on Society. 2nd Edition,* Copyright 1987, Manila: Southeast Asean Science Foundation, Inc.

Definitive Edition *Catechism of the Catholic Church,* Word & Life Publications, CBCP/ECCCE, Manila

Dy Jr., Manuel B. (1994). Contemporary Social Philosophy. Quezon City: JMC Press, Inc.

Maritain, Jacques. (1966). *The Person and the Common Good*. Univeristy of Notre Dame Press

Velasquez, Manuel et. al. *The Common Good.* Retrieved October 2, 2013 from http://www.scu.edu/ethics/practicing/decision/commongood.html

Thomas Aquinas on the Common Good Retrieved October 2, 2013 from http://www.hyoomik.com/aquinas/commongood.html

St. Thomas Aquinas and the Idea of the Common Good Retrieved October 2, 2013 from http://catholicsocialteaching.yolasite.com/st-thomas-aquinas-and- the-idea-of-the-common-good.php

DRAFT March 31, 2014

Edukasyon sa Pagpapakatao

Baitang 9

Unang Markahan

MODYUL 2: LIPUNANG PAMPOLITIKA, PRINSIPYO NG SUBSIDIARITY AT PRINSIPYO NG PAGKAKAISA

A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAPAMALAS MO?

Narinig mo na ba ang kasabihang, "Ang tanging kailangan upang magtagumpay ang kasamaan ay ang hindi pagkilos ng mga mabubuting tao." (All that is necessary for the triumph of evil is that good men do nothing)? Kung minsan, hindi naman sinasadya ng mga tao na wala silang gawin. Kung minsan, hindi lamang nila alam kung ano ang papel nila at kung paano sila makatutulong. Kung minsan, akala nila ay may iba nang gagawa. Sa takot na makagulo pa, lumalayo na lamang sila sa eksena.

DRAFT

Sa Modyul 1 ipinakita ang tunay na dahilan kung bakit may lipunan at pangangailangan sa pakikipaglipunan. Sa loob ng lipunan ay may ugnayang umiiral sa aspektong pampolitika. . May mga gawing kailangan bigyang-linaw upang hindi maging hadlang sa pagkamit ng kabutihang panlahat.

March 31, 2014

Kung pagpapatakbo ng lipunan ang pag-uusapan, sino nga ba ang dapat manguna dito? Ano ba ang inaasahan sa iyo bilang mabuting mamamayan? Ano ba ang inaasahan ng taumbayan sa pamahalaan?

Sa modyul na ito ay inaasahang masasagot ang mahalagang tanong na: **Paano matutugunan o makakamit ng tao ang kaniyang pangangailangang pangkabuhayan, pangkultura at pangkapayapaan? Bakit mahalaga ang pag-iral ng Prinsipyo ng Subsidiarity at Prinsipyo ng Pagkakaisa?**

Nakahanda ka na bang lalong maunawaan kung paano makakamit ng lipunan ang kabutihang panlahat? Nakahanda ka na bang malaman kung ano ang bahaging iyong nararapat na gampanan? Simulan na natin, ngayon na!

Sa modyul na ito, inaasahang malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

2.1. Naipaliliwanag ang:

a. dahilan kung bakit may lipunang pulitikalpampolitika

b. Prinsipyo ng Subsidiarity

c. Prinsipyo ng Pagkakaisa

2.2. Natataya ang pag-iral o kawalan sa pamilya, paaralan, baranggay, pamayanan o lipunan/bansa ng: (a) Prinsipyo ng Subsidiarity at (b) Prinsipyo ng Pagkakaisa

2.3. Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto

2.4. Nakapagtataya o nakapaghuhusga kung ang Prinsipyo ng Subsidiarity at Pagkakaisa ay umiiral o nilalabag sa pamilya, paaralan, pamayanan (baranggay), at lipunan/bansa

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa Kasanayang Pampagkatuto 2.4:

- Makagagawa ng movie analysis na naglalayong makita ang pag-iral ng prinsipyo ng Subsidiarity at Pagkakaisa upang maihambing sa sariling karanasan.
- Maisagawa ang isang indibidwal na gawain na nagpapakita ng kahandaan sa pagpapairal ng dalawang prinsipyo sa sariling kakayahan.
- May isang listahan ng mga posibleng gawain na nagtataguyod ng Prinsipyo ng Subsidiarity at Pagkakaisa sa pelikulang sinuri
- Magkapaglakip ng pagninilay kung ano ang dapat magawa pra sa bayan, inaasahan sa pamahalaan at ang kahalagahan ng tiwala sa lipunang pulitikal.

DRAFT
March 31, 2014

Paunang Pagtataya

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik nito sa iyong kuwaderno.

1. Saan inihambing ang isang pamayanan?
   a) Pamilya
   b) Organisasyon
   c) Barkadahan
   d) Magkasintahan
2. Ang mahusay na pamamahala ay may kilos na ito.

a) Mula sa mamamayan patungo sa namumuno
b) Mula sa namumuno patungo sa mamamayan
c) Sabay
d) Mula sa mamamayan para sa nasa mamamayan

3. Nasa kanilang kamay ang tungkulin na pangalagaan ang nabubuong kasaysayan ng pamayanan.
    a) Mga Batas
    b) Mamamayan
    c) Kabataan
    d) Pinuno
4. Ang dahilan ng pagiging pinuno ng isang indibidwal ay…
    a) Personal na katangiang pinagtitiwalaan ng pamayanan
    b) Angking talino at kakayahan
    c) Pagkapanalo sa halalan
    d) Kakayahang gumawa ng batas
5. Siya ay isang halimbawa ng may puso para sa lipunan dahil sa adbokasiya niya ng pagkilala sa tao lagpas sa kulay ng balat.
    a) Ninoy Aquino
    b) Malala Yuosafzai
    c) Martin Luther King
    d) Nelson Mandela
6. Ang tunay na “boss” sa isang lipunang pampolitika ay ang…
    a) mamamayan
    b) pangulo
    c) pangulo at mamamayan
    d) halal ng bayan
7. Ito ay ang proseso ng paghahanap sa kabutihang panlahat at pagsasaayos ng sarili at ng pamayanan upang higit na matupad ang layuning ito
    a) Lipunang Pulitikal
    b) Pamayanan
    c) Komunidad
    d) Pamilya
8. ncsiucquiceuibveiuvbui
    a) a
    b) b
    c) c

DRAFT
March 31, 2014

d) d

9. Ito ay mga halimbawa ng Prinsipyo ng Subsidiarity, *maliban* sa…
   a) pagsasapribado ng mga gasolinahan
   b) pagsisingil ng buwis
   c) pagbibigay daan sa Public Bidding
   d) pagkakaloob ng lupang matitirikan para sa pabahay
10. Ito ay mga halimbawa ng Prinsipyo ng Solidarity, *maliban* sa…
   a) sama-samang pagtakbo para sa kalikasan
   b) pagkakaroon ng kaalitan
   c) bayanihan at kapit-bahayan
   d) pagkakaroon ng panahon sa pagpupulong

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

DRAFT
March 31, 2014

Gawain 1

Panuto:



1. Mayroong labinlimang salita na nasa kahon sa itaas. Pumili ng lima sa mga salita mula rito at sikaping magbigay ng paliwanag sa mga mapipiling salita. Maaaring isa hanggang dalawang pangungusap lamang ang paliwanag. Ibatay ang paliwanag sa iyong sariling pagdanas ng konseptong na nasa kahon.
2. Ibahagi sa klase ang mga naibigay na paliwanag.
3. Pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na tanong:
   a. Saan maiuugnay ang mga salitang nasa kahon?

b. Nagkaroon ka na ba ng karanasang tungkol sa mga konseptong ito? Sa paanong paraan?
c. Ano ang mga salitang hindi pamilyar para sa iyo?

C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Gawain 1

Panuto:

1. Gumawa ng profile ng samahang kinabibilangan. Pumili ng isa sa mga sumusunod:
   a. pamilya
   b. klase sa paaralan
   c. barkada
   d. organisasyong kinaaaniban, at iba pa
2. Ang magiging anyo ng profile na bubuuin ay isang pahina ng scrapbook, magasin, o iba pang malikhaing disenyo.
2. Kakailanganin mo ng mga sumusunod na kagamitan:
   a. lumang magasin
   b. gunting
   c. malinis na papel
   d. pandikit
   e. pangkulay
   f. mga larawan na may sukat na 2x2
   g. panulat
   h. pandisenyo (gamit ang recycled materials)
3. Bigyan ng espasyo sa pahina ang bawat kasapi. Isulat ang kanilang mga pangalan, at idikit ang kanilang mga larawan sa espasyong nakalaan.
4. Sumulat ng maikling paglalarawan sa bawat isa. Mahalagang maipakita sa paglalarawan kung paanong namumubukod-tangi ang bawat isa sa pangkat.
5. Kailangang isa-isahin ang (a) pagkakapare-pareho ng mga katangian (ano ang katangiang taglay ng lahat) at (b) pagkakaiba-iba ng bawat isa (ano ang nagpapabukod-tangi sa bawat isa).
6. Tiyaking maipakikita ang pagkamalikhain sa isasagawang gawain.
7. Pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod:
   a. Paano nakakatulong ang inyong pagkakapare-pareho sa pagiging isang matatag na samahan?
   b. Paano naman ninyo/mo hinaharap ang pagkakaiba-iba upang mapanatili ang magandang samahan?

DRAFT
March 31, 2014

Gawain 2

Panuto: Bumuo ng pangkat ng may pitong kasapi. Basahin ang isang sitwasyon sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.



http://www.cameronnewland.com/how-large-is-your-school-bus/

May isang bus na bumibiyahe galing Baguio patungong Maynila. Ito ay naglalaman ng humigi't kumulang na apatnapung pasahero. Mayroon silang iisang tunguhin: ang makarating sa Maynila. May iisa silang paraan upang makarating sa paroroonan – ang bus. Sila ay may ugnayang ginagawa tulad ng simpleng kuwentuhan tuwing hihinto ang bus para sa pagtugon sa mga pangunahing pangangailangan ng bawat pasahero. May mga batas silang sinusunod upang huwag mapahamak habang naglalakbay at alituntunin katulad ng dapat ay may tiket ka upang makasakay. Nagbabayad ang lahat para sa gastusin ng sasakyan at suweldo ng driver at konduktor.

DRAFT

Sagutin ang mga sumusunod na tanong at talakayin sa isang pangkat.

1. Ano-ano ang mga katangiang nakikita sa sitwasyon na hawig sa isang lipunan?
2. Mula sa mga katangiang ito, maari bang ituring na isang lipunang pampolitika ang sitwasyong ito? Pangatwiranan.

March 31, 2014

Ikalawang Bahagi

Panuto:

1. Sa pagkakataong ito ay ang bawat pangkat naman ang mag-iisip ng katulad na sitwasyon. *Anong pagkakataon na inyong nararanasan sa pang-araw-araw na buhay ang maaaring maihalintulad sa prosesong pinagdadaanan ng pamahalaan at ng lipunan?*
2. Mahalagang pag-usapan ng pangkat ang magiging paksa at konsultahin nila ang guro upang magpasya siya kung ito ba ay tunay na kaugnay ng paksang hinihingi.
3. Matapos na sabihinh ng guro na katanggap-tanggap ang paksa, maaari nang pag-usapan ng pangkat ang kabuuan ng sitwasyong ibabahagi sa klase.
4. Matapos mabuo ang lahat, ibahagi sa klase ang nagawa.
5. Pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na tanong:
   a. Bakit mahalagang mayroong samahan?
   b. Bakit mahalagang mayroong namumuno?

c. Paano magkakaroon ng katiwasayan sa isang pangkat o samahan?
d. Ano-ano ang mga pangangailangan ng tao na hindi niya kayang tugunan nang mag-isa?
e. Sino ang makakatulong sa kaniya upang ito ay tugunan? Sa paanong paraan?
f. Sa paanong paraan makakamit ng samahan ang kanilang mga layunin? Ano-ano ang mga bahaging gagampanan ng mga kasapi sa pagkamit nito?

D. Pagpapalalim

Lipunang Pampolitika, Prinsipyo ng Subsidiarity at Prinsipyo ng Pagkakaisa (Solidarity)

Isa sa pinakamasayang bahagi ng buhay-high-school ang paghahanap ng mga matatalik na kaibigan. Mahirap manimbang sa simula subalit kapag naging kaibigan mo na, tuloy-tuloy na ang ligaya. Sila ang kasamang sumusubok ng maraming karanasan. Sila ang kabiruan at kaasaran. Sila ang kakuwentuhan sa maraming mga seryoso at malalim na kaisipan. Sila ang kasamang pumalaot sa higit pang dakilang tunguhin sa buhay.

DRAFT

Natanong mo na ba kung paano nagsimula ang inyong barkada? Paano kayo naging magkakaibigan? Bakit sila ang naging matatalik mong mga kaibigan?

March 31, 2014

Sa isang mahiwagang paraan, nagsasama-sama ang mga magkakatulad. Maaaring magkakatulad ng interes, ng hilig, o ng mga pangarap. Maaaring magkakatulad ng pananampalataya o ng pilosopiya sa buhay. Sino pa nga ba ang magsasama-sama, halimbawa, sa panonood ng sine, kundi ang mga katulad na may gusto kay John Lloyd at Bea?

Subalit may pagkakataon ding nagsasama ang hindi magkakilala. Dahil sa nakababagot na paghihintay sa pag-usad ng pila sa sine, maya-maya'y nag-uusap na ang magkatabi. Hindi sila magkakakilala. Nagkataong magkasunod, parehong naiinip. Sa pila natagpuan ang bagong kaibigan. Baka nga mamaya, maging kasintahan pa! Napalalalim ng isang pinagdaanan ang pagsasama. Ang parehong karanasan ang naging dahilan ng pagkakakilala at pag-uugnayan. Ganyan nabubuo ang barkada. Magkakapareho at kaiba rin. Umuusad at lumalalim ang pagkakaibigan sa paglipas ng panahon dahil sa mas marami pang pagkukwentuhan at sama-samang pagdanas.

Isang malaking barkada

Hawig sa barkadahan ang isang pamayanan. Pinagsama-sama sila, una na, ng kanilang kinatatayuang lugar. Halimbawa, Barangay Katapatan! Doon sila nakatira at doo'y sama-sama silang bumubuo ng mga sistema kung paano haharapin ang mga hamon sa buhay. May mga kuwento silang pinagdadaanan. May kuwento silang binubuo. Ang *valedictorian* na anak ni Aling Norma, tagumpay ng buong kapitbahayan. Ang aksidente ni Manuel sa *motor* ay lubhang ipinag-alala ng buong baranggay. Ang pagliligawan nina Eric at Jenny, ikinakilig ng lahat. Ang problema sa patubig ang laman ng usapan sa barberya at palengke.

Kultura ang tawag sa mga nabuong gawi ng pamayanan.

Ang kuwentong nililikha nila at ang mga pagkilos upang ingatan at paunlarin ang kanilang pamayanan ay kilos ng pagbuo ng kultura. Kultura ang tawag sa mga nabuong gawi ng pamayanan. Ito ang mga tradisyon, nakasanayan, mga pamamaraan ng pagpapasya, at mga hangarin na kanilang pinagbahaginan sa paglipas ng panahon. Iniukit ang mga ito sa mga awit, sining, at ritwal upang huwag makalimutan. Gabay ang mga tradisyong ito sa mga hamon sa kinabukasan. Babalikan nila ang nakaraang nakaukit sa kanilang kultura upang makita ang mga landas na mainam na tahakin sa kinabukasan.

DRAFT
March 31, 2014

Lipunang Pampolitika

Habang lumalaki ang mga grupo, nagiging mas mahirap na pakinggan ang lahat at panatilihin ang dating nakukuha lamang sa bigayan at pasensiyahan. Kung ang magkakabarkada ay nagkakaunawaan na sa kindatan at ang magkakapit-bahay sa pakiramdaman at delikadesa, sa isang lipunan, nangangailangan na ng isang mas malinaw na sistema ng pagpapasya at pagpapatakbo. Sa dami ng interes na kailangang pansinin at pakinggan, sa dami ng nagkakaiba-ibang pananaw, sa laki ng lugar na nasasakop, mas masalimuot na ang sitwasyon. Hindi na lamang iisang kultura ang mayroon, marami pang nagkakaiba-iba at nagbabanggaang kultura ang umiiral na pare-parehong nagnanasa ng pagyabong. Ito ang kinakaharap ng lipunan: paano siya makagagawa at magiging produktibo sa harap ng maraming mga kulturang ito? Paano magiging isa pa rin ang direksyon ng bayan sa dami ng mga tinig at lugar na gustong tunguhan ng mga tao?

Ito ang kinakaharap ng lipunan ang makagawa at maging produktibo sa harap ng maraming mga kulturang ito. Maging isa pa rin ang direksyon ng bayan sa dami ng mga tinig at lugar na gustong tunguhan ng mga tao.

Hindi madali ang sagot sa mga tanong na ito. Isang pagsisikap na abutin at tuparin ang makabubuti sa nakararami ang pagpapatakbo ng lipunan. Pampolitika ang tawag sa paraan ng pagsasaayos ng lipunan upang masiguro na ang mga bawat isa ay malayang magkaroon ng maayos na pamumuhay, makamit ang pansariling mithiin sabay ang kabutihang panlahat. Ang pamahalaan ang nangunguna sa gawaing ito. Tungkulin ng pamahalaan na isatitik sa batas ang mga pagpapahalaga at adhikain ng mga mamamayan. Magtatatag ang pamahalaan ng mga estruktura na maninigurong nakakamit ng mga tao ang kanilang batayang pangangailangan. Mag-iipon, mag-iingat, at magbabahagi ng yaman ang pamahalaan sa pamamagitan ng pagbubuwis at pagbibigay-serbisyo. Sa ugnayang pang-mundo, ang pamahalaan ang mukha ng estado sa internasyonal na larangan. Ang pamahalaan ang magpapatupad ng batas upang matiyak ang soberanya at mapanatili ang seguridad at kapayapaan sa loob ng bansa na kailangan sa pagiging produktibo ng lipunan.

DRAFT

Isang Kaloob ng Tiwala

March 31, 2014

Sa laki ng tungkulin at kapangyarihan ng pamahalaan, may tukso na tingnan ang pamahalaan bilang nasa itaas ng mga tao. Palibhasa nasa kamay ng mga namumuno ang kapangyarihan na bigyang-direksyon ang kasaysayan at kinabukasan ng estado, itinuturing kung minsan ng mga tao ang kanilang mga sarili bilang sakop lamang ng pamahalaan. Totoo ito ngunit kailangang idiin at ulit-ulitin na ang pamamahala ay kaloob ng mga tao sa kapwa nila tao dahil sa nakikita nilang husay at galing ng mga ito sa pamumuno at pangangasiwa.

Ang pamamahala ay usapin ng pagkakaloob ng tiwala. Hindi iba ang pagtitiwalang ito sa ipinagkaloob natin sa ating mga kabarkada o kasamahan sa pamayanan minsan sa ating buhay. Iyong mga pagkakataong biglang nagyaya ang kabarkadang si Tonio na maligo sa ilog pagkatapos ng klase. Hindi siya namilit pero sumama ang buong barkada sa kanya. Nag-*enjoy* ang lahat, salamat at nakinig sa kanyang pag-aaya! Si Aling Cora biglang nagtawag na magtanim ng mga halaman sa paaralan. At dahil sa tindi ng kanyang pagkagusto sa gawaing iyon, mahusay niyang

Ang pamamahala ay usapin ng pagkakaloob ng tiwala.

nayakag ang iba na makilahok kahit sa una'y ayaw talaga nila. Ngayon, nakikinabang ang mga bata sa paaralan sa lilim na dulot ng mga punong tinanim ni Aling Cora at ng lahat ng nagtiwala sa kanya.

Sa barkada at pamayanan, basta sumusunod ang mga kasapi sa mga tumatayong lider kahit sa una'y ayaw naman talaga. Bakit? Mayroong nakikita sa kanilang pag-aalab ng kalooban. May matatayog silang pangarap na nakikita nilang maaaring maabot sa pakikipagtulungan sa iba. May talas sila ng paningin upang makita ang potensiyal ng grupo o pamayanan. Malay sila sa layuning komyunal. Mulat sila sa mga katutubong yaman ng grupo at ang mga potensyal sa pag-unlad nila nang sama-sama. May husay sila sa pagsasalita upang ipahayag ang kanilang nakikita at may kakayahan silang pag-alabin din ang damdamin ng kanilang mga kasama tungo sa isang hangarin. Hindi lahat ng tao ay ganyan. At ang mga ganyan, ang mga Tonio at Aling Cora, ang natural na nagiging pinuno ng lipunan.

Tayo

DRAFT

Isang pagpapabaya ang isipin na ang mga Tonio at Aling Cora na lamang ang dapat magpatakbo ng lipunan, na ilagak na lamang sa kanilang mga kamay ang kasalukuyan at kinabukasan nating lahat dahil sa pagtitiwalang magaling sila. Ang lipunan ay hindi pinapatakbo ng iilan. Kailangan pa ring makilahok ng taumbayan, gawin ang kayang gawin ng bawat isa, at ibahagi ang bunga ng paggawa sa bayan. Maaaring mahusay na pinuno si Tonio, ngunit kailangan niya ng katuwang upang maisagawa ang malalaki niyang proyekto. Ang totoo, hindi naman talaga sa kaniya ang proyektong kaniyang pinasisimulan. Ang mga ito ay proyekto ng kaniyang mga kasamahan na nagkataong siya lamang ang nakapagpaliwanag at nanguna sa paggawa. Ang proyekto ng pinuno ay hindi proyektong para sa kanyang sarili. Ito ay proyekto ng at para sa kaniyang pinamumunuan.

March 31, 2014

Kaya't hindi mula sa "itaas" patungo sa "baba" ang prinsipyo ng mahusay na pamamahala. Kailangan ang pakikipagtalaban ng nasa "itaas" sa mga nasa "ibaba." Ang gagawin ng pinuno ay ang gusto ng mga pinamumunuan at ang pinamumunuan naman ay susumunod din sa giya ng kanilang pinuno. Gabay sa ugnayang ito ang Prinsipyo ng Subsidiarity at Pagkakaisa (Solidarity) na pangunahing kondisyon upang maging maayos ang lipunan. Sa Prinsipyo ng Subsidiarity, tutulungan ng pamahalaan ang mga mamamayan na magawa nila ang makapagpapaunlad sa kanila. Sisiguraduhin nito na walang hahadlang sa kalayaan ng mga mamamayan mula sa mga pinuno sa pamamagitan ng pag-aambag sa estado ng kanilang buwis, lakas at talino. Hindi panghihimasukan ng mga lider ng

pamahalaan kung paano mapauunlad ng mga mamamayan ang kanilang sarili.

Sa Prinsipyo ng Pagkakaisa, tungkulin ng mga mamamayan ang magtulungan at ng pamahalaan ang magtayo ng mga akmang estruktura upang makapagtulungan ang mga mamamayan. Mailalagay sa ganitong balangkas ang Prinsipyo ng Pagkakaisa: “May kailangan kang gawing hindi mo kayang gawing mag-isa, tungkulin ko ngayong tulungan ka sa abot ng makakaya ko. Ako naman ay may kailangang gawin nang mag-isa, tungkulin mo ngayon na tulungan ako sa abot ng makakaya mo”. Tungkulin nating magtulungan tungo sa pag-unlad ng ating lipunan.

Kapwa-Pananagutan

Ang lipunang pampolitika ay isang ugnayang nakaangkla sa pananagutan- ang pananagutan ng pinuno na pangalagaan ang nabubuong kasaysayan ng pamayanan. Iginagawad sa kanila ng buong pamayanan ang tiwala na pangunahan ang grupo—ang pangunguna sa pupuntahan, ang paglingap sa pangangailangan ng bawat kasapi, ang pangangasiwa sa pagsasama ng grupo. Kasama nito ang pananagutan ng mga kasapi sa lipunan na maging mabuting kasapi sa lipunan. Kung hindi tutuparin ng mga kasapi ang kanilang papel, kung hindi sila makikisali sa pag-iisip at pagpapasya, kung hindi sila makikilahok sa mga komyunal na gawain, kung hindi sila magiging maigi sa kanilang mga paghahanap-buhay, hindi rin tatakbo ang pamahalaan at lipunan.

DRAFT
March 31, 2014

Ang pag-unlad ng isang lipunan ay hindi gawa ng pinuno. Gawa ito ng pag-aambag ng talino at lakas ng mga kasapi sa kabuuang pagsisikap ng lipunan.

Dagdag na Komplikasyon

Marahil may magtatanong kung bakit pa siya makikilahok kung sa huli’t huli ay ang mayorya naman ang masusunod. Sasabihin niya, *"Hindi rin naman mahalagang magsalita pa. Nag-iisa lang naman ako. Ang masusunod naman ay ang marami."*

Kailangan pa ring magsalita kahit isang mumunting tinig lamang ang sa iyo. Hindi mabubuo ang marami kung wala ang iilan. Sa kabila ng dunong ng pinuno at/o ng mayorya, kung minsan, mula sa isang salungat na opinyon isinisilang ang pinakamahusay na karunungan. Si Ninoy ay isang tinig lamang na nagpasimula ng pagsasalita ng marami pang ibang sinisikil ng diktadurang Marcos. Si Martin Luther King ay isang tinig lamang ng mga *African-American* na sumigaw ng pagkilala sa tao lagpas sa kulay ng balat. Si Malala

Yousafzai ay isang tinig ng musmos na naninindigan para sa karapatan ng mga kababaihan na makapag-aral sa Pakistan sa kabila ng pagtatangka sa kaniyang buhay. Hindi mabubuo ang walis-tingting kung wala ang isang tangkay.

Maaaring tututol pang muli ang nawalan na ng loob. Kaniyang sasabihin: *"Matagal na akong tumutulong sa pamahalaan. Tapat ako sa pagbabayad ng buwis. Naglilingkod ako nang wagas sa bayan. Ang lahat ng paghihirap ko ay inuubos lamang ng mga kurap sa pamahalaan."* Lalong higit tuloy ngayon kailangang gumising at magbantay. Sa harap ng garapal at talamak na kurapsyon, kailangang maging mas maingat ang taumbayan sa pagbibigay ng tiwala. Ang pagtitiwala ay ipinagkakaloob at maaari ring bawiin. Hindi utang na loob ng taumbayan sa mga pinuno ng pamahalaan ang kanilang paglilingkod." Baliktad ito: ang kapangyarihan ay ipinagkatiwala lamang sa mga namumuno. Ang bayan ay ipinagkatiwala lamang sa mga namumuno. Ang namumuno ay hindi espesyal na nilalang na hiwalay sa kasaysayan ng tao at ng bayan. Nangunguna lamang sila sa grupo, hindi nasa itaas ng iba. Bahagi pa rin sila sa kuwento at kinabukasan ng bayan. Utang na loob nila sa taumbayan na ipinaubaya sa kanila ang pangunguna sa mga hangarin ng bayan.

DRAFT

Sino ang "boss"?

March 31, 2014

Sa unang talumpati ni Noynoy Aquino pagkatapos niyang manumpa bilang pangulo ng bansa, sinabi niyang "Kayo (ang taumbayan) ang boss ko!" Kontra ito sa nakasanayang pangingibabaw ng mga pinuno sa lipunan. Hudyat ito ng pagbabago sa pagtingin sa pamahalaan bilang nasa itaas at ang mamamayan ang nasa ibaba. Inilagay ang mga mamamayan sa pedestal; ang pangulo ang maglilingkod sa kanila. Subalit, hindi pa rin maaalis ang katotohanang may higit na kapangyarihan at lawak ng pananaw ang pinuno na kailangang yukuan at pagtiwalaan ng ordinaryong mamamayan. Kaya't sino talaga ang "boss"?

Kapwa "boss" ang pangulo at ang mamamayan. Tulad ng isang barkada, walang sinuman ang nangunguna. Totoo, may mas bibo at may hindi aktibo, ngunit kapwa silang nag-uugnayan sa loob ng barkada. Sa Lipunang Pampolitika ang ideal ay mabigyang prayoridad at pagpapahalaga ang mga ugnayan sa loob nito. Hindi ang mga personalidad ang mahalaga. Ang mahalaga ay ang kabutihang panlahat, ang pag-unlad ng bawat isa. Ang modelo ay ang relasyon ng magkakabarkada. Walang *"boss"* sa barkada. Hindi ang pinuno, hindi ang mas marami, hindi rin naman ang iilan. *"Boss"* ng bayan ang pinuno—

magtitiwala ang bayan sa pangunguna ng pinuno dahil may nakikitang higit at dakila ang pinuno para sa kasaysayan at kabutihang panlahat. *"Boss"* naman ng pinuno ang taumbayan—walang gagawin ang pinuno kundi ingatan, payabungin, at paunlarin ang mga karapatan at kalayaan ng mga tao sa bayan. Ngunit nakasukob sila sa kaisa-isang kabutihang panlahat na nakikita at natutupad sa kanilang pag-uusap at pagtutulungan. Ang Lipunang Pampolitika ay ang proseso ng paghahanap sa kabutihang panlahat at pagsasaayos ng sarili at ng pamayanan upang higit na matupad ang layuning ito. Ang tunay na "boss" ay ang kabutihang panlahat—ang pag-iingat sa ugnayang pamayanan at ang pagpapalawig ng mga tagumpay ng lipunan.

Tayain ang Iyong Pag-unawa

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Ipakita ang pagkakaiba ng pamayanan at lipunan.
2. Ano ang tungkulin ng pamahalaan?
3. Bakit mahalaga ang prinsipyo ng pakikipagtulungan at pakikipagbukluran sa loob ng lipunan?
4. Bakit mahalagang makita ang pagpapatakbo sa lipunan bilang kapwa-pananagutan ng pinuno at mamamayan?
5. Bakit may mga taong ayaw makilahok sa lipunan? Ano ang dapat na atitud sa lipunan?
6. Bakit mahalaga kahit na ang maliit na tinig?
7. Bakit hindi dapat tumigil sa pakikilahok sa pagpapatakbo ng estado kahit na marumi at magulo ang Lipunang Pampolitika?
8. Paano ginagamit ang salitang "boss" upang ipaliwanag ang dinamismo ng pagpapatakbo ng estado?

DRAFT
March 31, 2014

Paghihinuha ng Batayang Konsepto

Panuto:

Anong mahalagang konsepto ang nahinuha mo mula sa nagdaang gawain at babasahi? Gamit ang graphic organizer, ipakita kung paano naaabot ng lipunang pampolitika ang tunguhin na kabutihang panlahat.

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?

E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Panuto:

1. Panoorin ang GMA News TV Special na "Bayan Ko". Maaari itong mapanood sa youtube sa mga sumusunod na url:
   Kabanata 1: http://www.youtube.com/watch?v=u-a3qSXv4hg
   Kabanata 2: http://www.youtube.com/watch?v=DCAiZCITPlg
   Kabanata 3: http://www.youtube.com/watch?v=5UUY1RFVunA
   Kabanata 4: http://www.youtube.com/watch?v=p1e7mna_2j8
   Kabanata 5: http://www.youtube.com/watch?v=aw0IrE6IJdg
   Kabanata 6: http://www.youtube.com/watch?v=cBDG3V-LaxI
2. Itala sa iyong kuwaderno ang mga kapansin-pansin na eksena sa bawat kabanata na nagpapakita ng pag-iiral o pag-labag sa Prinsipyo ng Subsidiarity at Solidarity. Maaring gamitin ang pormat na nasa ibaba.

Kabanata	Eksena	Pag-iral		Paglabag	
		Subsidiarity	Solidarity	Subsidiarity	Solidarity

3. Matapos maisagawa ang mga ito, ibahagi sa isang pangkat ang mga natukoy na eksena. Pagkatapos, magkaroon ng malayang bahaginan sa buong klase.
4. Magkaroon ng pangkatang tala at ibahagi ito sa klase.

DRAFT
March 31, 2014

5. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na tanong:
    a. Nagkaroon ba ng pagkakataon na tunay mong nasaksihan mo ang ilan sa mga eksenang nakita sa dokumentaryo? Ibahagi ang iyong karanasan.
    b. Ano sa mga eksenang iyong napanood ang kayang magawa ng isang kabataang katulad mo?
    c. Nagawa mo na ba ang alinman sa mga eksenang iyong napanood sa dokumentaryo? Ibahagi ang karanasan.
    d. Alin sa mga napanood ang mahalagang masimulan mo nang gawin? Ibahagi at ipaliwanag.
    e. Paano matiwasay na iiral ang isang lipunan?
    f. Paano matitiyak na mananaig ang Prinsipyo ng Subsidiarity at Prinsipyo ng Pagkakaisa?

Pagninilay

Gawain 1

Panuto: Pagnilayan ang sumusunod at isulat sa iyong journal ang mga naging realisasyon mo.

1. Ano na ang nagawa mo para sa bayan?
2. Ano ang inaasahan mo sa pamahalaan?
3. Magbigay ng mga pagkakataong kailangan ng tiwala ng pamahalaan.
4. Magbigay ng mga pagkakataong kailangang bawiin ang tiwala sa pamahalaan. Ipaliwanag kung bakit kinakailangan ang ganitong mga pagkilos sa mga nasabing pagkakataon.

DRAFT
March 31, 2014

Gawain 2

Panuto:

1. Gumawa ng isang liham na magpapakita ng kagustuhan na maabot ang kabutihang panlahat sa pamamagitan ng maliit ngunit epektibong kakayahan na magmumula sa iyo.
2. Isulat ang mga mumunting kakayahan na puwede mong magawa sa isang metacard. Idikit ito sa loob ng iyong kwarto upang madaling makita at matandaan. (Hal.: Simula ngayon, bibigyan ko ng pagkakataon ang iba kong kaklase na magbahagi ng kanilang opinyon o ng ibang gawain sa isang pangkatang proyekto para mas mapadali ang mga gawaing pampaaralan.)

Pagsasabuhay

Dumalo sa isang Public Hearing sa isang Sangguniang Bayan o Panlungsod (Hal. Pagdinig sa pagtataas ng pamasahe ng pampublikong transportasyon). Alamin ang mga sumusunod:

1. Ano-ano ang karapatan mula sa pamahalaan ang malayang ipinaubaya sa mga mamamayan na nagpapakita ng Prinsipyo ng Subsidiarity?
2. Ano-ano naman ang mga hakbang na ginawa ng mga dumalo ang nagpapakita ng Prinsipyo ng Pagkakaisa?
3. Ano sa mga nakitang ito nais mong makita sa pamilya o paaralan? Pangatwiranan.

O, kumusta? Nagawa mo ba nang maayos ang mga gawain? Kung oo, pumunta ka na sa susunod na Modyul. Kung hindi, balikan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Hingin ang tulong o paggabay ng isang kamag-aral o guro.

DRAFT

Mga Sanggunian:

March 31, 2014

Baliao and Parcon (2012), *Society and Culture in a Changing World*, Quezon City: Rex Bookstore

Blackburn, S. (2005), *Oxford Dictionary of Philosophy*, New York: Oxford University Press

Dinio and Cuano (2011), *Ang Pagsasabuhay*, Quezon City: Rex Bookstore

Dy, M B. (2013) *Contemporary Social Philosophy*, Makati City: Katha Publishing Co., Inc.

Glenn, PhD, STD, Paul J. (1965). *Ethics A Class Manual in Moral Philosophy*, London: B. Herder Book Co.

Law, Stephen (2007). *Philosophy*, Strand, London: Dorling Kindersley Limited

Panopio and Raymundo (2004), *Sociology Focus on the Philippines*, Quezon City: Ken Inc.

Plattel, M.G. (1965) *Social Philosophy.* Translated by Henry J. Koren. Pittsburgh: Duquesne University Press

Punsalan et al., *Kaganapan sa Paggawa*, Quezon City: Rex Bookstore, 2007

Contemporary Social Philosophy. Edited by Manuel B. Dy, Jr. Quezon City: JMC Press, Inc., 1994.

Rorty, R. (1998). *Truth and Progress: Philosophical Papers.* Vol. 3. Cambridge: Cambridge University Press

Scheler,M. (1973) *Formalism in Ethics and Non-Formal Ethics of Values: A New Attempt toward the Foundation of an Ethical Personalism*. Translated by Manfred S. Frings and Roger L. Funk. Evanston: Northwestern University Press

Walgrave, J. (c1965). *Person and Society: A Christian View.* Pittsburgh, Duquesne University Press

Website:

http://www.inquisition.ca/en/polit/artic/solidarite.htm

http://www.inquisition.ca/en/polit/artic/solidarite.htm

lexchristianorum.blogspot.com

http://www.federalunion.org.uk/subsidiarity-man/

https://www.google.com.ph/search?q=subsidiarity&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ei=uvqCUttT5JaIB6qrgagH&sqi=2&ved=0CAcQ_AUoAQ&biw=1366&bih=665#q=solidarity&tbm=isch&facrc=_&imgdii=_&imgrc=ZvDQ9C4bLRe0CM%3A%3BUo6YLbQQBhx5rM%3Bhttp%253A%252F%252Fwww.wallsave.com%252Fwallpapers%252F1024x1024%252Fembroidery-design%252F300226%252Fembroidery-design-solidarity-economy-movement-network-300226.jpg%3Bhttp%253A%252F%252Fwww.wallsave.com%252Fwallpaper%252F1024x1024%252Fembroidery-design-solidarity-economy-movement-network-300226.html%3B1024%3B1024

http://beingsakin.wordpress.com/2011/04/19/albert-schweitzer-on-ethics/

httpwww.federalunion.org.ukwp-contentuploads200909subsidiarityman-753766.gif

http://hans.wyrdweb.eu/wp-content/uploads/2009/07/peer-group.jpg

httpwww.dsusd.k12.ca.ususerskevin.husenAmericanGovBookebookproducts0-13-251359-5MAG01se0101a5258.gif

http://www.bridgemarkbranding.com/resources/Bridgemark/BackgroundImages/About_PeopleLanding_LG.jpg

http://www.thelazy.info/wp-content/uploads/2011/03/what_politics_say__48305.jpg

DRAFT
March 01, 2014

Edukasyon sa Pagpapakatao

Baitang 9

Unang Markahan

MODYUL 3: LIPUNANG PANG-EKONOMIYA

A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAPAMALAS MO?

Kung minsan, dumarating sa mga magkakapatid ang tanong na "Sino ang paborito ni Nanay" o "Sino ang paborito ni Tatay." May halong inggit, kung minsan, ang pagpapabor ni Nanay kay Ate o ang pagiging maluwag ni Tatay kay Kuya. Naghihinanakit naman si Ate dahil sa tingin niya mas malapit ang kanilang mga magulang kay bunso. Naranasan mo na ba ito? Kung oo, ano ang naramdaman mo? Ano ang naisip mo? Ano ang ginawa mo?

Sadyang magkakaiba ang mga tao. May mga magagaling sa Math. May mahuhusay sa pagdrowing. May masinop sa gamit. May marunong sa pera. May magaganda at makisig ang katawan kahit na hindi nag-eehersiyo. Mayroon din naming tabain at kailangang mag-ingat sa pagkain. Dahil sa pagkakaiba-ibang ito, hindi maiiwasan ang paghahambing sa isa't isa. Nagkakaroon ng inggitan. Nagkakaroon din naman ng pakiramdam ng pagiging mas angat. Natural ang ganitong mga pakiramdam. Subalit bago lumalim ang pakiramdam at tumungo sa sama ng loob, marahil magandang balikan ang karanasan at tingnang mabuti kung nagkulang ba ang pagmamahal sa ating magulang o sadyang naghahangad lang tayo nang higit pa. Ang karanasan sa pag-ibig ng magulang ay isang ekonomiya na hindi malayo sa ekonomiya ng lipunan.

DRAFT
March 31, 2014

Sa modyul na ito ay inaasahang masasagot ang mahalagang tanong na: **Ano ang mabuting ekonomiya? Para sa saan ang ekonomiya?**

Handa ka na bang unawain nang mas malalim ang lipunan? Halika na!

Sa modyul na ito, inaasahang malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

3.1. Nakikilala ang mga katangian ng mabuting ekonomiya.

3.2. Nakapagsusuri ng maidudulot ng magandang ekonomiya.

3.3. Napatutunayan ang Batayang Konsepto

3.4. Nakatataya ng lipunang ekonomiya sa isang baranggay/pamayanan at lipunan/bansa gamit ang dokumentaryo o photo/video journal (Hal. YouScoop)

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng output mo sa Kasanayang Pampagkatuto 3.4:

- Nakagagawa ng isang collage gamit ang mga magasin, diyaryo o iba pang print media na nagpapakita ng ideyal na baranggay/pamayanan at lipunan/bansa na may mabuting ekonomiya
- Nakagagawa ng isang pagninilay batay sa isang TV segment ukol sa ekonomikong pag-unlad
- Makabisita ng isang pamayanang may umiiral na livelihood program at matukoy ang mga importanteng paraan sa pagpapatupad nito
- Makagawa ng pagpaplanong pampinansya na makatutulong sa ekonomikong aspekto ng pamilya.

Paunang Pagtataya

DRAFT

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik nito sa iyong kuwaderno.

1. Ang paniniwala na “ang tao ay pantay-pantay” ay nakaugat sa katotohan na…
    a. lahat ay dapat mayroong pag-aari
    b. lahat ay may kani-kanyang angking kaalaman
    c. lahat ay iisa ang mithiin
    d. likha ang lahat ng Diyos
2. Ano ang kahulugan ng prinsipyo ng *proportio* ayon kay Sto. Tomas de Aquino?
    a. Pantay na pagkakaloob ng yaman sa lahat ng tao
    b. Angkop na pagkakaloob ng yaman batay sa kakayahan ng tao
    c. Angkop na pagkakaloob ng yaman ayon sa pangangailangan ng tao
    d. Pantay na pagkakaloob ng yaman batay sa kakayahan at pangangailangan ng tao
3. Sa ating lipunan, alin sa mga sumusunod ang patunay na naitatali na ng tao ang kanyang sarili sa bagay?
    a. Mas nararapat lamang na makatanggap ang isang tao ng tulong mula pamahalaan, kahit na kaya naman niya itong bilhin o kaya ay hindi naman kaliangan, dahil karapatan niya ito bilang mamamayang nagbabayad ng buwis.

March 31, 2014

b. Hindi mabitawan ni Sheila ang kanyang lumang mga damit upang ibigay sa kamag-anak dahil mayroon itong *sentimental value* sa kanya.

c. Inuubos ni Jerome ang kaniyang pera sa pagbili ng mamahaling relo na sa ibang bansa lamang mahahanap. Ayon sa kaniya, sa ganitong paraan niya nakukuha ang labis na kasiyahan

d. Lahat ng nabanggit

4. Ang mga sumusunod ay naglalarawan sa lipunang pang-ekonomiya *maliban* sa:
   a. Maihahalintulad sa pamamahala ng budget sa isang bahay
   b. Pagkilos para sa pantay na pagbabahagi ng yaman ng bayan
   c. Pangangasiwa ng yaman ng bayan ayon sa kaangkupan nito sa mga pangangailangan ng tao
   d. Pagkilos upang masiguro na ang bawat bahay ay magiging tahanan sa pamamagitan ng pangangasiwa ng yaman ng bayan
5. Sa lipunang pang-ekonomiya, ano ang pagkakaiba ng pantay sa patas?
   a. Ang pantay ay pagbibigay ng pare-parehong benepisyo sa lahat ng tao sa lipunan, ang patas ay pagbibigay ng nararapat para sa tao batay sa kanyang pangangailangan
   b. Ang pantay ay pagbibigay ng pare-parehong benepisyo sa lahat tao sa lipunan, ang patas ay pagbibigay ng nararapat para sa tao batay sa kanyang kakayahan
   c. Ang pantay ay pagbibigay ng pare-parehong pagturing sa lahat ng tao sa lipunan, patas ay ang paggalang sa kanilang mga karapatan
   d. Ang pantay ay pagbibigay ng pare-parehong pagturing sa lahat ng tao sa lipunan, ang patas ay pagtiyak na natutugunan ng pamahalaan ang lahat ng pangangailangan ng mga tao

DRAFT
March 31, 2014

6-10: Magbigay ng limang tiyak na hakbang kung paano maisasaayos ang ekonomiya ng bansa.

6. _____
7. _____
8. _____
9. _____
10. _____

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

Panuto:

1. Makipag-ugnayan sa guro upang maisagawa ang pagpapangkat sa klase.
2. Magsagawa ng isang survey sa mga kapwa mag-aaral sa paaralan. Tanungin ang mga kapwa mag-aaral ng mga sumusunod:
   a. Magkano ang kanilang baon sa loob ng isang araw?
   b. Ano-ano ang kanilang pinagkakagastusan sa kanilang baon?
   c. Sapat ba o hindi ang kanilang natatanggap na baon? Ipaliwanag
   d. Ano ang naidudulot ng kakulangan sa baon?
   e. Kung hindi sapat ang natatanggap na baon, Paano sinosolusyonan ang kakulangang ito?

DRAFT

Ikalawang Bahagi

March 31, 2014

1. Magsagawa ng kaparehong survey. Sa pagkakataong ito ay mga magulang naman ang bibigyan ng mga tanong.
2. Isulat ang mga sumusunod na tanong:
   a. Magkano ang budget para sa isang buwan?
   b. Ano-ano ang kanilang pinagkakagastusan sa tahanan?
   c. Sapat ba o hindi ang kanilang budget para sa isang buwan? Ipaliwanag.
   d. Ano ang naidudulot ng kakulangan sa budget?
   e. Kung hindi sapat ang budget, ano ang paraang ginagawa upang masolusyonan ang suliranin?
3. Isulat ang mga ito sa malinis na papel. Maaaring magpa-*xerox* ng maraming kopya upang maibahagi sa mga mag-aaral at mga magulang
4. Matapos na makuha ang mga papel na kanilang sinagutan ay kuhanin ang pangkalahatang resulta ng dalawang survey na isinagawa.
5. Gumawa ng ulat mula sa pangkalahatang resulta at ibahagi ito sa klase.
6. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na tanong:
   a. Sa pangkalahatan, sapat ba ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbubudget ng perang kanilang hawak? Pangatwiranan.

b. Sa pangkalahatan, sapat ba ang kakayahan ng mga magulang sa pagbubudget ng perang kanilang hawak? Pangatwiranan.
c. Sa iyong sariling karanasan, mahirap ba o hindi na magbudget ng perang hawak? Pangatwiranan.
d. Bakit mahalagang matutuhan ng lahat ang tamang pamamahala sa perang kinikita?
e. Ano ang maaaring maidulot kung hindi mapangangasiwaan nang wasto ang perang kinikita?
f. Anong sitwasyon sa lipunan o pamahalaan ang sinasalamin ng nagdaang gawain? Ipaliwanag.

C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Gawain 1

Paggawa ng Bahay

DRAFT
March 31, 2014

Layunin:

1. Masaksihan ang proseso ng palitan ng personal na kayamanan para sa mga kakailanganin sa pagtupad ng tungkulin
2. Maipamalas ang kakayahang unahin ang grupo bago ang sarili
3. Mamulatan at matanggap ang hanggahan ng pagbibigay ng sarili
4. Matutuhang makipagtulungan sa iba sa pagtupad ng tungkulin
5. Makita ang papel ng estado sa lipunang pang-ekonomiya.
6. Matutuhang maging masinop sa mga kagamitan
7. Mamulat sa halaga ng pag-aari at panahon

Mga Gagamitin:

barbecue sticks
masking tape
piraso ng papel (reusable bond paper)
orasan
pamaypay
ruler
pisara
chalk

Panuto:

1. Makipag-ugnayan sa guro upang maisagawa ang pagpapangkat sa klase. Hatiin ang klase sa maliliit na pangkat na may tig-5 o 6 na miyembro ayon sa laki ng klase. Dapat ay pare-pareho ang bilang ng mga kasapi sa bawat pangkat.
2. Kailangang makabuo ng isang bahay yari sa barbecue sticks, masking tape, at mga papel na tumutupad sa mga sumusunod na pamantayan
    a. may kabuuang taas na hindi bababa sa 5 pulgada
    b. matibay
    c. matitirhan (may bintana, pintuan, may hindi bababa sa apat na dingding, bubong na hindi tatangayin ng bagyo at hindi pababagsakin ng ulan, sahig)
3. Ang materyales na gagamitin ay simbolikong bibilhin sa guro. Gamit ang kanilang mga personal na kagamitan, ipagpapalit nila ang mga ito para sa kailangan nilang materyales.
4. Maaaring maging ganito ang palitan sa klase.
    a. 1 barbecue stick = aksesorya sa katawan (relos, pulseras, headband, kuwintas, sinturon, etc.)
    b. 1 papel = 1 pares ng sapatos o tsinelas
    c. 1 pulgadang masking tape = damit
5. Maaaring dumating sa punto na wala nang paninda o wala na ring maipampalit ang mga pangkat. Mahalagang mapag-isipang mabuti kung paano ito sosolusyonan sa klase.
6. Anoman ang gagawin pagkatapos na maubos ang mga kagamitan sa guro ay hindi na kailangan pang ipaalam sa kanya.
7. Bibigyan ng 20 minuto ang bawat pangkat na buuin ang bahay simula sa oras ng palitan ng mga gamit.
8. Kapag ubos na ang oras, dadalhin ang mga nagawang bahay sa guro upang subukin ang mga ito batay sa kraytirya.
    a. Sapat ang taas ng bahay na ginawa
    b. Maaaring matirahan ang bahay
    c. Paypayan ang bahay upang makita kung tatayo ito laban sa bagyo
9. Pagkatapos, sagutan ang mga sumusunod na tanong:

    a. Ikuwento ninyo ang nangyari sa inyong grupo. Saan kayo nahirapan? Ano ang ginawa ninyo ukol dito? [Paano ninyo ito nalagpasan?]
    b. Ano ang naramdaman ninyo nang kailangan ninyong ipagpalit ang inyong gamit para makabili ng isang materyales? Ano ang pakiramdam nang naubos na ang inyong pampalit?
    c. Ano ang napansin ninyo sa ibang pangkat? Paano natutulad o naiiba ang kanilang bahay at ang proseso ng pagbuo nito sa inyo? Sa tingin ninyo, tama ba o mali ang kanilang ginawa?
    d. Ano-ano kaya ang sinisimbolo ng mga sumusunod: (a) bahay; (b) guro; (c) palitan; (d) orasan?

DRAFT
March 31, 2014

e. Ano-anong mga problema sa lipunan ang nakikita ninyong sinasalamin ng gawain?
f. Ano ang inyong natutuhan mula sa gawain?

D. Pagpapalalim

Lipunang Pang-ekonomiya

Pagkakapantay-pantay

Isang debate sa mga pilosopo ang tanong ukol sa pagkakapantay-pantay. Sa isang panig, may nagsasabing pantay-pantay ang lahat dahil likha tayo ng Diyos, dahil tao tayo. Isa pa, dahil kung titingnan ang tao sa kaniyang hubad na anyo, katulad lamang din siya ng iba. Sa kabilang panig, may nagsasabi rin namang hindi pantay-pantay ang mga tao. May mga taong mananatiling nasa itaas, dinudungaw ang mga tao sa ibaba. May mga taong yayaman at patuloy na yayaman at may mga taong mahirap at mananatili sa kanilang kahirapan dahil sadyang ganito ang kaayusan ng mundo.

DRAFT

Isa sa mga gitnang posisyon ay ang posisyon ng pilosopong si Max Scheler. Para kay Scheler, bahagi ng pagiging tao ng tao ang pagkakaroon ng magkakaibang lakas at kahinaan. Nasa hulma ng ating katawan ang kakayahan nating maging isang sino. Ang taong matangkad ay sadyang may panguguna sa basketbol kaysa maliliit. Ang babae ay mas may taglay na karisma upang manghalina kaysa lalaki. May timbre ng boses ang hinahanap upang maging tagapagbalita sa radyo. May linaw ng mata na hinihingi sa pagiging isang piloto. Idagdag pa rito ang iba pang aspekto ng kasinohan ng tao: ang kanyang kinagisnan, ng pagpapalaki sa kaniya, ang mga koneksyon ng pamilya, ang kanyang lahi, relihiyon, at iba pa. Ang lahat ng ito ay naglalatag ng maaabot ng tao.

> Bahagi ng pagiging tao ng tao ang pagkakaroon ng magkakaibang lakas at kahinaan. Nasa hulma ng ating katawan ang kakayahan nating maging isang sino.

March 31 4

Max Scheler

Ngunit, sinasabi rin ni Scheler na dahil na rin sa hindi pagkakapantay-pantay na ito, kailangang sikapin ang pagkakapantay-pantay sa pamamagitan ng pagbabahagi ng yaman ng bayan. Hindi dahil maliliit

> …dahil na rin sa hindi pagkakapantay-pantay na ito, kailangang sikapin ang pagkakapantay-pantay sa pamamagitan ng pagbabahagi ng yaman ng bayan.

ang manlalaro ng basketbol hindi na siya kailanman magiging mahusay at masaya sa kaniyang paglalaro. Hindi niya maaabot ang naaabot ng matangkad ngunit mayroon siyang magagawa sa bukod-tangi niyang paraan na magpapaiba sa kanya sa matangkad. Kailangan lamang niya ng *tiwala* at *pagkakataon*.

Mayroon ka bang magagawa *sa bukod-tangi mong paraan* na magpapaiba sa iyo sa pangkat o organisasyong kinabibilangan mo?

Malabo? Gamitin nating halimbawa ang sitwasyon sa klase. Maaaring si Elmer ang pinakamagaling sa Math ngunit hindi nito ibig sabihin na si Elmer na lamang ang tuturuan ng guro ng Math. Pagsisikapan pa rin ng guro na ituro ang mga tuntunin sa Math sa kapwa mabilis matuto at sa mga mag-aaral na kailangan ng ibayong pag-akay. Subalit, upang higit pang mapaunlad ang husay ni Elmer, maaaring bigyan siya ng dagdag na mga Math *problems* na kanyang pag-aaralan. Tugma ito sa tinatawag ni Sto. Tomas de Aquino na prinsipyo ng *proportio,* ang angkop na pagkakaloob ng naaayon sa pangangailangan ng tao. Sa madaling salita, hindi man pantay-pantay ang mga tao, may angkop para sa kanila. Kailangang maging patas ayon sa kakayahan, ayon sa pangangailangan.

Tinawag ito ni Sto. Tomas de Aquino na prinsipyo ng *proportio,* ang angkop na pagkakaloob ng ayon sa pangangailangan ng tao.

DRAFT
March 31, 2014

Kung mayroon man tayong isandaang tinapay na dapat ipamigay sa isandaang tao, ano ang pinakamabisang paraan ng pagbabahagi nito? Bibigyan ba ang lahat ng tig-iisang tinapay o bibigyan ang mga tao nang ayon sa kanilang hinihingi? Baka may ibang busog pa o kaya naman ay mahinang kumain. Baka may ibang may sakit o mas gutom. Hindi ba't pinakamabisa at masinop na paraan ang pagbabahagi ng tinapay ayon sa huling batayan?

Pero hindi patas!

Marahil magpipilit ang iba at sasabihing, "bakit hindi na lang ibigay ang tinapay sa lahat at bahala na ang mga nakatanggap na ipamigay o ibahagi sa iba ang sobra sa kanila?" Maganda ang hangarin ng ganitong pag-iisip. Umaasa ito sa kabutihang loob na taglay ng bawat isa. Naniniwala ito sa kakayahan ng tao na gumawa ng matinong pagpapasya para sa kaniyang sarili at para sa iba. Ngunit may sinasabi rin ito ukol sa pagtingin ng tao sa

tinapay mula sa halimbawa sa itaas, o sa anomang yaman na ibabahagi sa mga tao, sa mas malakihang pagtingin.

Una ang halaga ng *tao* bago ang *tinapay*.

Una, tila tinatali ng tao ang kaniyang sarili sa bagay. Na kung hindi siya makakakuha ng bagay, bumababa ang kanyang halaga bilang tao. Kung hahayaan niya na ang iba lamang ang mabigyan ng tinapay, para siyang nagpapalamang. Para niyang binitiwan ang tinapay na karapatan naman niya talaga. Pakiramdam niya ay nagpapaapi siya. Mali ang ganitong pananaw. Hindi sa tinapay nagkakaroon ng halaga ang tao. Una ang halaga ng *tao* bago ang *tinapay*. May tinapay man o wala, may halaga ang tao. May yaman man ang tao o wala, may halaga pa rin siya bilang tao. Ang tinapay ay nariyan upang siya ay busugin, palakasin, at paginhawahin. May pangingibabaw siya sa tinapay; hindi ang tinapay sa kanya. Ang kunin pa niya ang tinapay ay pagsasayang na lamang sa tinapay. Ang pagpilit naman niyang kainin ang tinapay para masabi lamang na hindi nasayang ang tinapay ay isang pagsira naman niya sa kanyang sarili. Maaari pa itong dahilan ng kanyang pagkakasakit. Maling-mali ito.

Ang tinapay ay nariyan upang siya ay busugin, palakasin, at paginhawahin. May pangingibabaw siya sa tinapay; hindi ang tinapay sa kanya.

DRAFT

March 31, 2014

Pangalawa, kailangan yatang balikan ang dahilan ng paggawa at pag-aari (ownership). Bakit nga ba ako nagtratrabaho at nagmamay-ari ng mga bagay? Nagtratrabaho ba si Tatay para ipagmayabang niya sa kaniyang kapitbahay ang kanyang kwarta? Bumibili ba si Nanay ng gamit sa bahay para ibandera sa iba ang kanilang mga bagong *appliance*? Gumagawa at nagmamay-ari ang tao hindi upang makipagmayabangan sa iba, ibagsak o pahiyain ang iba o makipagkompetisyon sa iba. Gumagawa siya dahil nais niyang ipamalas ang kanyang sariling galing. Nagtratrabaho siya upang maging produktibo sa kaniyang sarili.

Napakaganda ng salitang Filipino para sa trabaho. Ang tawag natin dito ay “hanap-buhay.” Ang hinahanap ng gumagawa ay ang kanyang buhay. Hindi siya nagpapakapagod lamang para sa pera kundi para ito sa buhay na hinahanap niya. Ang kanyang pag-aari ay hindi lamang tropeyo ng kanyang pagpapagal. Ito rin ay ang mga gamit niya upang matulungan siyang mahanap ang kanyang buhay. Mayroon siyang *videoke machine* hindi para mag-ingay kundi para magamit niya sa kanyang pagpapahinga at muling pagpapalakas. Mayroon siyang telebisyon hindi upang ipagmalaki ang kanyang kakayahang makabili ng mamahaling gamit kundi upang malibang at makakakuha ng bagong kaalaman na

makatutulong sa muli niyang pagbalik sa pagtratrabaho. Mayroon siyang damit hindi para ipang-porma kundi, dahil kailangan niya ito upang gawing presentable ang kanyang sarili sa trabaho at sa mga nakakasalamuha niya. Marapat na ipaalala sa sarili na ang mga gamit sa paligid at yamang pinagbabahaginan ay hindi iniipon para higit na palakihin lamang ang yaman. Nariyan ang mga ito upang umayon sa mga layunin ng tao.

Ang buhay ng tao ay isang pagsisikap na ipakilala ang sarili. Naipakikilala ng tao ang kanyang sarili sa paggawa. Hindi ang yaman, hindi ang mga kagamitan na mayroon siya o wala, ang humuhubog sa tao. Ang tunay na mayaman ay ang taong nakikilala ang sarili sa bunga ng kanyang paggawa. Hindi sa pantay-pantay na pagbabahagi ng kayamanan ang tunay na kayamanan. Nasa pagkilos ng tao sa anomang ibinigay sa kanya ang kanyang ikayayaman.

Ang tunay na mayaman ay ang taong nakikilala ang sarili sa bunga ng kanyang paggawa. Hindi sa pantay-pantay na pagbabahagi ng kayamanan ang tunay na kayamanan. Nasa pagkilos ng tao sa anomang ibinigay sa kanya ang kanyang ikayayaman.

DRAFT

Hindi Pantay Pero Patas

March 31, 2014

Ito nga ang prinsipyong iniinugan ng Lipunang Pang-ekonomiya. Ang lipunang ito ay nagsisikap na pangasiwaan ang mga yaman ng bayan ayon sa kaangkupan nito sa mga pangangailangan ng tao. Patas. Nakatutuwang malaman na ang pinagmulan ng salitang "Ekonomiya" ay ang mga griyegong salita na "oikos" (bahay) at "nomos" (pamamahala). Ang ekonomiya ay tulad lamang din ng pamamahala sa bahay. Mayroong sapat na *budget* ang namamahay. Kailangan niya itong pagkasyahin sa lahat ng mga bayarin (kuryente, tubig, pagkain, panlinis ng bahay, at iba pa) upang makapamuhay nang mahusay ang mga tao sa bahay, maging buhay-tao (humane) ang kanilang buhay sa bahay at upang maging tahanan ang bahay.

Ang Lipunang Pang-ekonomiya, sa mas malakihang pagtingin, ay ang mga pagkilos na masiguro na ang bawat bahay ay magiging tahanan. Pinapangunahan ito ng estado na nangunguna sa pangangasiwa at patas na pagbabahagi ng yaman ng bayan. Lumilikha sila ng mga pagkakataon na makapamuhunan sa

Ang Lipunang Pang-ekonomiya, sa mas malakihang pagtingin, ay ang mga pagkilos na masiguro na ang bawat bahay ay magiging tahanan. Pinapangunahan ito ng estado na nangunguna sa pangangasiwa at patas na pagbabahagi ng yaman ng bayan.

bansa ang mga may kapital upang mabigyan ang mga mamamayan ng puwang na maipamalas ang kanilang mga sarili sa paghahanapbuhay. Sinisikap gawin ng estado na maging patas para sa mga nagkakaiba-ibang mga tao ang mga pagkakataon upang malikha ng bawat isa ang kanilang sarili ayon sa kani-kanilang mga tunguhin at kakayahan. Bilang pabalik na ikot, ang bawat mahusay na paghahanapbuhay ng mga tao ay kilos na nagpapangyari sa kolektibong pag-unlad ng bansa. Kung maunlad ang bansa, higit na mamumuhunan ang mga may kapital na siyang lilikha ng higit pang mga pagkakataon para sa mga tao—pagkakataon hindi lamang makagawa, kundi pagkakataon ding tumaas ang antas ng kanilang pamumuhay.

Ang bawat mahusay na paghahanapbuhay ng mga tao ay kilos na nagpapangyari sa kolektibong pag-unlad ng bansa.

Hindi lamang sariling tahanan ang binubuo ng mga tao sa loob ng Lipunang Ekonomiya. Ginagawa rin nilang isang malaking tahanan ang bansa—isang tunay na tahanan kung saan maaaring tunay na tumahan (huminto, manahimik, pumanatag) ang bawat isa sa pagsisikap nilang mahanap ang kanilang mga buhay.

DRAFT
March 31, 2014

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Ano ang pagkakaiba ng pantay at patas?
2. Bakit mas epektibo ang patas na pagbabahagi ng yaman ng bayan kaysa sa pantay na pamamahagi?
3. Ano ang kaibahan ng trabaho sa hanap-buhay?
4. Ano ang tamang-ugnayan ng tao sa kanyang pag-aari?
5. Ipaliwanag ang ugnayan ng pag-unlad ng sarili at pag-unlad ng bayan.
6. Paano makakapanahan ang mga tao sa loob ng Lipunang Ekonomiya?

Paghihinuha ng Batayang Konsepto

Panuto

Anong mahalagang konsepto na nahinuha mula sa nagdaang gawain at babasahin na binasa. Gamit ang graphic organizer, ipakita ang kabuuan ng lipunang pulitikal kasama ang mga konseptong bumubuo dito upang maabot ang tunguhin na kabutihang panlahat.

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?

E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Panuto:

1. Bilang klase ay magsagawa ng isang *symposium* sa paaralan. Makipag-ugnayan sa punongguro upang maging malawakan ang gawain.
2. Maaaaring mag-imbita ng mga mag-aaral ng Economics mula sa Unibersidad o kaya naman ay mga Ekonomista sa pamahalaan man o sa pribadong sektor.
3. Sumulat sa mga ito upang sila ay maimbitahan, mahalagang ilagay sa sulat ang tiyak na paksa na kanilang tatalakayin.
4. Ang magiging paksa ay: **Ano ang magagawa ng isang kabataan sa pagkamit ng mabuting ekonomiya?**
5. Maglaan ng dalawang oras o mahigit pa sa gawain. Mahalagang maglaan ng sapat na oras upang malayang makapagtanong ang mga mag-aaral.
6. Tiyakin na ang lahat ay matamang nagtatala ng mga tiyak na hakbang na kanilang magagawa para makatulong sa pagkamit ng mabuting ekonomiya.
7. Inaasahang output sa gawaing ito ay ang pagkakaroon ng bawat isa ng pansariling tala ng mga tiyak na hakbang.
8. Pagkatapos ng gawain ay sagutin ang mga sumusunod na tanong:
   a. Alin sa mga nabanggit ng tagapagsalita ang ginagawa o nagawa mo na? Ipaliwanag.
   b. Alin sa mga nabanggit ng tagapagsalita ang nais mong simulang gawin sa malapit na hinaharap? Paano?

DRAFT
March 31, 2014

Pagninilay

Gawain 1

Panuto: Panuorin ang GMA News TV segment na Kape at Balita na may titulong "Ekonomiya ng Pilipinas, itinuturing na 'Best Performing in Asia' ng Phil. Chamber of Commerce". At sagutin at isulat sa iyong journal ang mga gabay na tanong.
https://www.youtube.com/watch?v=KZAypzf8Y40

1. Ano-ano ang mga bagay na nakatulong sa pag-angat ng ekonomiya ng pilipinas?
2. Ano ang maaari mong magawa o plano upang makatulong sa pag-unlad na ito sa pamamaraan na kaya mo sa ngayon?
3. Paano pinauunlad ng gawaing pagpaplano ang buhay ng isang tao?

Pagsasabuhay

Gawain 1

DRAFT
March 31, 2014

Panuto:

1. Bumisita ng isang baranggay. Alamin ang livelihood program na pinaiiral sa baranggay. Gabay ang mga tanong sa ibaba, isulat ang mga sagot sa inyong kuwaderno.
2. Alamin mula sa opisyal kung ano ang livelihood program na mayroon ang baranggay.
3. Ano ang paraan sa pagpili ng livelihood program na naaayon sa pangangailangan ng mga taga-baranggay?
4. Ano ang tulong na binibigay ng Baranggay sa pagpanimula ng livelihood program?
5. Sa paanong paraan nabibigyan ng benepisyo ang mga kabaranggay lalo na sa aspekto ng pag-unlad ng pamilya?

Gawain 2

Proyektong Pampayanan

Layunin:

1. Makalikha ng isang bagay na may pangmatagalang pakinabang sa pamayanan
2. Matutuhan ang pangangalap ng pondo

3. Mamulat sa halaga ng kayamanan: salapi, oras, at pagod
4. Matutong makipag-ugnayan sa mga kinauukulan
5. Makapaglunsad ng isang *fair* kung saan makakaipon ng salapi ang mga pangkat

Panuto:

9. Makipag-ugnayan sa guro upang makabuo ng mga pangkat na may 5 hanggang 6 na kasapi.
10. Mag-isip ng isang proyekto na
    a. magagawa agad sa loob ng isang linggo;
    b. may pangmatagalang kapakinabangan ang pamayanan
11. Maghanda ng proposal (gamitin ang kalakip na *form*). Ipasa sa guro at hingin ang kanyang pagsang-ayon.

A. Unang Bahagi: **Fair**

1. Bubuo ang bawat pangkat ng mga kubol sa paaralan na may layuning makalikom ng pera para sa kanilang proyekto. Maaaring magtinda ng pagkain o inumin. Maaaring mayroon mga palaro (games, raffle, videoke) o mga nakatutuwang mga gawain (photo booth, marriage booth, fortune-telling booth, etc.)
2. Aayusin ng guro ang iskedyul (maaaring isang buong araw ng Sabado) sa pahintulot ng punong-guro.
3. Iimbitahan ng mga pangkat ang kanilang mga kaibigan, kamag-anak, kamag-aral na bisitahin ang kanilang mga kubol.
4. Kung masyadong gahol sa oras, iiwan na sa mga pangkat ang sari-sarili nilang paraan ng pangangalap ng pondo para sa kanilang proyekto. Halimbawa, maaari silang magbenta ng sandwich sa kanilang mga kaklase tuwing recess o magbenta ng tig-pi-pisong tickets na mananalo ng cake.
5. Kailangang tiyakin na ang pangkat na mayroon lamang na pahintulot mula sa guro at sa punongguro ang papayagan na magsagawa ng gawain.

B. Pangalawang Bahagi:

1. Makikipag-ugnayan ang mga pangkat sa kinauukulan para sa inyong proyekto. Halimbawa, kung nais nilang magtanim ng mga namumulaklak na halaman sa parke, kailangan nilang magpaalam sa Kapitan ng Barangay.
2. Pagkatapos ng proyekto, iuulat nila ang kanilang mga paghahanda, naranasan, at natutuhan sa klase.
3. Kailangang maghanda ng komprehensibong ulat sa isasagawang mga gawain.

DRAFT
March 31, 2014

4. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na tanong:
    a. Ano ang nangyari? Ikwento ang magagandang bagay na nangyari. Paano ito naganap? Ano ang inyong ginawa?
    b. Ano ang naging balakid? Paano ninyo ito napagtagumpayan?
    c. Ano ang inyong natutuhan?

PROPOSAL

PROYEKTO: Lipunang Pang-ekonomiya

Pangalan ng Proyekto:

_____

Deskripsyon:

DRAFT

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

March 31, 2014

Iskedyul

Petsa	Gawain

Budget

Bagay	Deskripsyon	Halaga
	Kabuuang Halaga	

Pangkat

Pangalan	Tungkulin

DRAFT
March 31, 2014

Pahintulot ng Guro: Petsa:

_____ _____

O, kumusta? Nagawa mo ba nang maayos ang mga gawain? Kung oo, pumunta ka na sa susunod na Modyul. Kung hindi, balikan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Hingin ang tulong o paggabay ng isang kamag-aral o guro.

Mga Sanggunian:

de Torre, J.M. (1977). *The Metaphysical ground of Social Ethics: The Roots of Society.* 2nd ed. Manila: Sinag-talaga Publishers, Inc.

Frings, M.S. *The Mind of Max Scheler.* Milwaukee: Marquette University Press.

Plattel, M.G. (1965) *Social Philosophy.* Pittsburgh: Duquesne University Press, 1965.

DRAFT

March 31, 2014

Edukasyon sa Pagpapakatao

Baitang 9

Unang Markahan

MODYUL 4: LIPUNANG SIBIL

A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

May alam ka bang mga organisasyong naghahatid ng tulong sa mga mahihirap? Anong uri ng tulong ang kanilang inihahatid? Ano kayâ ang nagbubunsod sa kanila upang gawin ang ganoong kabutihang-loob?

Sa nakaraang modyul ay nakilala mo ang mga palatandaan ng hindi malusog na ekonomiya. Isang malinaw na palatandaan halimbawa, ang pangangailangan mong gumastos nang gumastos sa cellphone load habang lumolobo nang lumolobo ang sobrang puhunan ng telecommunications companies. Marami pang anyo ng hindi patas na pagtatamasa ng mga bunga ng ekonomiya. At sa wari ba ay pikit-mata mong tinatanggap na lamang ang mga ito. Nabuo na sa isip mong ganyan talaga ang buhay. Ngunit sa paglalakbay mo sa modyul na ito, malalaman mong maraming nag-iisip na hindi kailangang maging ganyan na lamang ang buhay. Ang pagsalungat nila sa kalakaran na sa una'y walang pumapansin, ay unti-unting nakakuha ng mga kakampi, hanggang sa dakong huli ay nagbunga ng pagbabago sa kalakaran ng lipunan.

DRAFT
March 31, 2014

Matapos kang maglakbay sa modyul na ito ay inaasahang masasagot mo ang mahalagang tanong na: **Paano napupunán ng karaniwang mga mamamayan ang pagkukulang ng pamahalaan sa pagtataguyod ng kabutihang panlahat?**

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pang-unawa:

4.1. Natutukoy ang mga halimbawa ng lipunang sibil at ang kani-kaniyang papel na ginagampanan ng mga ito tungo sa kabutihang panlahat.

4.2. Nasusuri ang mga adhikaing nagbubunsod sa mga lipunang sibil upang kumilos tungo sa kabutihang panlahat.

4.3. Naipaliliwanag ang mga Batayang Konsepto.

4.4a. Natataya ang adbokasiya (isinusulong na usapín) ng iba't ibang lipunang sibil batay sa kontribusyon ng mga ito sa katarungang panlipunan, pang-ekonomiyang pag-unlad (economic viability), pakikilahok ng mamamayan, pangangalaga sa kapaligiran, kapayapaan, pagkakapantay ng kasarian (gender equality) o espiritwalidad (mga pagpapahalagang kailangan sa isang sustainable society).

4.4b. Nakapagsasagawa ng mga pananaliksik sa pamayanan upang matukoy kung mayroong lipunang sibil na kumikilos dito, upang matukoy ang adbokasiya ng lipunang sibil sa pamayanan, at matasá ang antas ng pagganap ng lipunang sibil sa pamayanan.

Narito ang mga kraytirya ng mga pagtataya ng awtput sa Kakayahang Pampagakatuto 4.4b:

1. Natukoy ang pagkakakilanlan (identity) ng mga lipunang sibil na kumikilos sa pamayanan, kung mayroon.
2. Natukoy ang mga taong bumubuo sa mga lipunang sibil na kumikilos sa pamayanan.
3. Natukoy ang mga adbokasiya ng mga lipunang sibil na ito.
4. Natasá ang antas ng tagumpay ng mga pagsusulong ng mga ito.

DRAFT
March 31, 2014

PAUNANG PAGTATAYA

Panuto: Basahin at unawain ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakatamang sagot; isulat ang mga titik sa kuwaderno.

1. Ito ang pinakamabigat na dahilan kung bakit kailangan nating magpatulong sa iba:

a. Iba't iba tayo ng mga kakayahan.
b. Magkakaroon tayo ng panahon para sa iba pa nating nais gawin.
c. Hindi lahat ng pangangailangan natin ay matatamo nating mag-isa.
d. Nais nating magkaroon ng saysay ang kakayahan ng iba.

2. Ang pamahalaan ay gumagawa at nagpapatupad ng batas upang matiyak na:

a. ang lahat ay magiging masunurin.
b. matutugunan ang mga pangangailangan ng lahat.
c. bawat mamamayan ay may tungkling dapat gampanan.
d. walang magmamalabis sa lipunan.

3. Bakit nagkukusa tayong mag-organisa at tugunan ang pangangailangan ng nakararami?

a. Sa ganito natin maipapakita ang ating pagkakaisa.
b. Ang sama-samang pagkilos ay nagpapagaan sa gawain.
c. Walang ibang maaaring gumawa nito para sa atin.
d. Hindi sapat ang kakayahan ng pamahalaan upang tumugon.

4. Pangunahing layunin ng lipunang sibil ang:

a. pagpaparating ng mga karaingan sa pamahalaan.
b. pagbibigay-lunas sa suliranin ng karamihan.
c. pagtalakay ng mga suliraning panlipunan.
d. pagbibigay-pansin sa pagkukulang ng pamahalaan.

DRAFT
March 31, 2014

5. Ang kahulugan ng “mass media” ay:

a. impormasyong hawak ng marami.
b. isahan ngunit maramihang paghahatid ng impormasyon.
c. impormasyong nagpapasalin-salin sa marami.
d. paghahatid ng maraming impormasyon.

6. Tungkulin ng mass media ang pagsasaad ng katotohanan dahil:

a. wala tayong ibang mapagkukunan ng impormasyon.
b. nagpapasya tayo ayon sa hawak nating impormasyon.
c. maaari nating salungatin ang isinasaad nitong impormasyon.
d. ang mass media ay pinaglalagakan lamang ng impormasyon.

7. May kasinungalingan sa mass media kung mayroong:

a. paglalahad ng mga impormasyong hindi pakikinabangan.
b. pagpapahayag ng sariling kuro-kuro.

c. paglalahad ng isang panig ng usapin.

d. pagbanggit ng maliliit na detalye.

8. Ang pananatili nating kaanib ng isang institusyong panrelihiyon ay bunga ng:

a. kawalan ng saysay ng buhay sa gitna ng mga tinatamasa.

b. kalakarang kinamulatan natin sa ating mga magulang.

c. kapangyarihang hawak ng mga lider ng relihiyon.

d. pagkakatantong hindi tayo nag-iisa sa paghahanap ng katuturan ng buhay.

9. Ang mga sumusunod ay mga katangian ng lipunang sibil, *maliban sa:*

a. kawalan ng pangmatagalang liderato.

b. pagsasalungatan ng iba't ibang paninindigan.

c. kawalan ng kuwalipikasyon ng mga kaanib.

d. panghihimasok ng estado.

DRAFT

10. Ang samahang nagsasagawa ng _____ ay maituturing na isang lipunang sibil.

a. malayuang pagbibisikleta

b. pagmamasid sa mga ibon

c. pagtatanim ng mga puno

d. pagsisid sa mga bahura (coral reefs)

March 31, 2014

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

Panuto: Pag-aralan ang dalawang mapagpipiliang mga gawain. Pumili ng isa sa mga ito. Makipangkat sa mga kaklaseng pumili rin ng gawaing napili mo. Gawin ang iba pang mga panuto ayon sa napiling gawain.

Unang Mapagpipilian (Pangkat A). May naaalala ka bang mga organisasyon na dumayo sa inyong lugar upang maghatid ng kawanggawa? Nabiyayaan ka na ba sa ganitong paglilingkod-bayan? Anong serbisyo o tulong ang naipaabot sa iyo?

Panuto:

1. Gumawa ng talaan sa papel ng mga natatandaan mong kahalintulad na gawain sa inyong lugar.

Pangalan o uri ng organisasyon	Uri ng paglilingkod	Panahong inilaan	Pananaw ng mga tao tungkol sa resulta o epekto ng serbisyo o kawanggawa

2. Sagutin sa papel ang tanong na ito: Ano kayâ ang nagtutulak sa mga taong ito upang magpakaabala at magpakagastos, gayong ni hindi naman nila tayo kilala? Ipaliwanag.

3. Ibahagi sa klase ang mga sagot ng mga kasapi ng pangkat.

Ikalawang Mapagpipilian (Pangkat B): May nabalitaan ka bang mga organisasyon na nagsagawa ng kilos-protesta? Tungkol sa anong usapín ang kanilang ipinoprotesta?

Panuto:

1. Gumawa ng talaan sa papel ng mga natatandaan mong kahalintulad na pagkilos na iyong nabalitaan.

Usapíng ipinoprotesta	Pangalan o uri ng organisasyon	Petsa o taon

3. Sagutin ang tanong na ito: Ano kayâ ang nagtutulak sa mga taong ito upang iprotesta ang mga ganitong usapín?

4. Ibahagi sa klase ang mga sagot ng mga kasapi ng pangkat.

Gawain 2

Panuto:

1. Panoorin ang dokumentaryong *Like You, We Have Rights, Too* mula sa https://www.youtube.com/watch?v=D3zbaL0_L9Y.
2. Italâ sa kuwaderno ang mga usapíng pinalutang ng mga kinapanayam.

DRAFT
March 31, 2014

3. Pag-isahin sa pisara an mga naitala mo at ng mga kamag-aral.
4. Bilang isang klase, gumawa ng concept map ng mga usapíng ito.
5. Tukuyin kung alin ang pangunahing usapín.
6. Bumalangkas ng mga pagkilos na maaaring isakatuparan ng isang lipunang sibil upang matugunan ang pangunahing usapín.

C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

May mga bagay na tinatamasa ang ating pamilya mula sa kagandahang-loob ng iba.

Panuto:

1. Isulat sa pisara ang mga “uri ng paglilingkod” na nakalap ng Pangkat A.

2. Isulat din sa pisara ang mga “usaping ipinoprotesta” na nakalap ng Pangkat B.

3. Isulat sa kuwaderno ang kabutihang maaaring idulot sa ating pamilya ng mga paglilingkod at pagpoprotestang ito.

4. Ibahagi sa klase ang mga naisulat sa Bilang 3 ng *Panuto*.

DRAFT
March 31, 2014

D. PAGPAPALALIM

LIPUNANG SIBIL

“Paki lang.” May natatandaan ka bang pagkakataon na kailangan mong sabihin ito sa isang taong kalapit mo? Siguro pagsakay mo sa jeep at nakapuwesto ka malayo sa driver, sasabihin mo ito sa katabing pasahero at iaabot mo ang bayad. Ganito rin kung toka mong maglaba pero deadline ang araw na iyon para sa isang project mo sa paaralan. Alam mong magagawa mo naman, kaya lang may dahilan kung bakit kailangan mong ipagawa sa iba at kailangan mong sabihing, “Paki lang.”

Kung alam mo kung ano-ano ang mga kaya mong gawin, alam mo rin kung ano-ano ang hindi. Maaaring marunong kang magsaing, halimbawa, pero marunong ka bang magsaka at mag-ani ng isasaing mo? Wala ka mang kilalang magsasaká, gusto mong patuloy silang magsaka upang may maisaing ka, at masasabi mo rin sa kanila, “Paki lang.” At marami ka pang

kailangang ipagawa sa iba upang mabuhay, mga pangangailangang hindi mo makakalap nang mag-isa.

Hindi ikaw ang gumawa ng uniporme mo, ng bag, ng tsinelas. Hindi ikaw ang gumawa ng kalsadang nilalakaran mo, ng tulay na tinatawid mo, ng tower na naghahatid ng text mo. Tingnan mo ang loob ng iyong bag. Alin-alin sa mga nariyan ang ginawa mo mismo? Tingnan mo ang loob ng silid-aralan. Alin-alin sa mga iyan ang kaya mong gawin? Hindi mo kayang bilangin ang mga taong kumilos upang magkaroon ka ng mga kailangan mo. Kailangan mong pasalamatan ang napakaraming tao, at kailangan mo ring sabihin sa kanila, “Paki lang.” Sasabihin mo halimbawa sa karpintero, “Pakiayos lang po ang bubong namin,” o sa tubero, “Pakiayos lang po ang banyo namin.”

Gayundin sa pamahalaan. Gumagawa at nagpapatupad ito ng mga batas, upang matiyak nito na matutugunan ang mga pangangailangan natin sa lipunan. Tinitingnan nito kung natutupad ang mga batas na ito, at pinarurusahan ang lalabag na nakahahadlang sa pagtatamasa natin ng ating mga pangangailangan. May mga batas tungkol sa pagkain, tungkol sa tubig, sa hangin, sa lupa, sa pag-aaral, sa paghahanapbuhay, sa lahat halos ng bahagi ng ating buhay. Iisa ang layunin ng mga batas na ito: upang tayo ay mapabuti, upang makamit ng lahat ang makabubuti sa isa’t isa.

DRAFT
March 31, 2014

Magkagayon man, sa maraming pagkakataon ay nagkukulang ang pamahalaan sa layuning ito. Halimbawa, hindi tayo makakain nang sapat, sapagkat mabilis ang pagtaas ng halaga ng mga bilihin, at mabagal naman ang pagtaas ng sahod ng mga manggagawa. Maraming dahilan kung bakit nangyayari ito. Hindi dahil nagkulang ang planetang ito sa pagkakaloob ng ating mga pangangailangan, kundi dahil ang mga pangangailangan ng nakararami ay iniimbak ng iilan lamang. Halimbawa, noong 2009, dahil sa mga bagyong Ondoy at Pepeng, binaha ang mga palayan sa maraming bahagi ng Luzon, nawala ang kikitain sana ng mga magsasaka, nadagdagan ang presyo bigas, kung kayâ nabawasan ang pambili natin ng iba pa nating mga pangangailangan. Samantala, ayon sa pagsisiyasat ng Senado, may nameke sa pirma ng mga magsasaka upang palabasing tumanggap sila ng milyon-milyong tulong mula sa pork barrel ng mga mambabatas. At habang ang mismong mga magsasaka ay walang makain, may ilan namang literal na nahihiga sa pera. Ayon pa rin sa pagsisiyasat ng Senado, sa sobrang dami ng nakamal na pera ng iilan, ay hindi na ito magkasya sa kama nila, at kinailangang ilagay na lang ang iba sa bath tub. Walang ginawa ang isinasangkot na mga senador at kongresista kundi sabihing pati pirma nila ay napeke rin, o kaya’y sabihing sangkot

din ang ibang senador at kongresista. Wala sa mga nasasangkot ang nagpahayag ng galit sa pagkakalustay ng salaping para sana sa mga walang makain. Wala rin sa kanilang kumilos upang mabawi ito at maipamahagi sa napakaraming magsasakang nawalan ng kabuhayan, na siyang dahilan ng pagtaas ng presyo ng bigas. Hindi mo na tuloy mabili ang iba mo pang pangangailangan.

Dahil kapos ang kakayahan ng pamahalaan upang ang katiwaliang ito ay mabigyang-lunas, at lahat tayo ay nabibigatan sa kalakarang ito, napakarami rin ng kailangan nating katuwangin sa pagtugon dito, at sabihang, “Paki lang.” May mga nag-organisa ng kani-kanilang sarili upang ipahayag ang pagkasuklam sa ganitong sistema. Isang musikerong nagngangalang Ito Rapadas ang nagpasimuno sa Facebook ng ideyang maramihang pagpapahayag ng pagkadismaya, at ikinalat ng isa pang nagngangalang Peachy Bretaña ang ideya. Sa pagpapalitan ng mga mensahe ng mga gumagamit ng Facebook, nabuo ang planong Million People March. Inendorso ng Catholic Bishops Conference of the Philippines sa Facebook account nito ang plano, na ginanap sa Luneta noong Agosto 26, 2013, Araw ng mga Bayani. Sinabayan ito ng ganoon ding aktibidad sa labing-isa pang mga lunsod sa buong bansa. Nasundan pa ito noong Oktubre 4, 2013 sa Makati, at tinitiyak ng mga nag-organisa na magtutuloy-tuloy pa ang ganitong mga pagkilos hanggang hindi naibabasura ang sistema ng pork barrel.

DRAFT
March 31, 2014

Ang ganitong kusang-loob na pag-organisa ng ating mga sarili tungo sa sama-samang pagtuwang sa isa’t isa ang tinatawag nating *lipunang sibil*. Hindi ito isinusulong ng mga politiko na ang interes lamang ay ang pananatili sa kapangyarihan. Hindi rin ito isinusulong ng mga negosyante na ang interes lamang ay ang pananatili ng kita. Sa halip, ito ay ibinubunsod ng pagnanais ng mga mamamayan na matugunan ang kanilang mga pangangailangan na bigong tugunan ng pamahalaan at kalakalan (business). Ang lipunang sibil ay nagsasagawa ng mga pagtugon na sila mismo ang nagtataguyod, kung kayâ nagkakaroon ng likas kayang pag-unlad (sustainable development) na hindi tulad ng minadali at pansamantalang solusyon ng pamahalaan at kalakalan.

May nalalaman ka bang iba pang halimbawa ng lipunang sibil? Ano-ano ang kanilang isinusulong tungo sa kabutihang panlahat?

Noong 1994, halimbawa, inorganisa ng Simbahang Katoliko sa Zamboanga, Basilan, Tawi-tawi at Sulu ang Consultation on Peace and Justice. Matapos ang konsultasyon, nabuo ang Peace Advocates Zamboanga (PAZ). Layunin ng adbokasiyang ito na palakasin ang mabuting ugnayan ng mga Kristiyano at Muslim, at ng iba pang mga katutubo. Nagdaraos ito ng mga pagsulong ng kapayapaan, naglalathala ng alternatibong pahayagan, at nagsasaliksik sa ugnayang Kristiyano at Muslim. Matapos ang dalawampung araw na sagupaan ng MNLF at AFP/PNP sa Zamboanga noong Setyembre 2013, idinaos ng PAZ ang "Forum on Rehabilitation and Reconciliation" nang sumunod na buwan. Ikabubuti ng lahat ang muling pagbuo ng mga nawasak na tahanan, ang muling pagbangon ng nalugmok na kabuhayan, at higit sa lahat, ang muling pagpapasigla ng nanlamig na mga ugnayan.

Isang grupo ng kababaihan sa Pilipinas ang nagtipon-tipon noong 1984, at nabuo sila bilang isang lipunang sibil. Naging isang pampolitikang partido sila na tinawag nilang Gabriela, at nagkaroon sila ng kinatawan sa Kongreso. Sa kanilang pagsusulong ay naisabatas ang mga sumusunod: Anti-Sexual Harassment Act (1995); Women in Development and Nation-Building Act (1995); Anti-Rape Law (1997); Rape Victims Assistance and Protection Act (1998); Anti-Trafficking of Persons Act (2003); at Anti-Violence Against Women and Their Children Act (2004).

DRAFT
March 31, 2014

Ang Gabriela ay nagkaroon ng masigasig na kakampi sa Senado sa katauhan ni Senador Raul Roco. Siya ang kinikilalang pangunahing nagsulong upang maisabatas ang pagtatanggol sa mga karapatan ng kababaihan, kung kaya siya ay binigyan ng natatanging taguring "Honorary Woman." Ano-anong kabutihan ang maaaring idulot ng mga batas na ito?

Ang Media

Paano ipinapaalam ng isang lalaki sa isang babae na interesado siya rito? Isusulat ba niya sa ¼ sheet of paper? Ite-text ba niya? Magpapadala ba siya ng emoticon? Manghaharana ba siya? Live ba, MP3, o YouTube? Sasabihin na lang ba niya nang harapan? Ipi-print ba niya sa t-shirt? Ano't ano man ang paraang piliin niya, gagamit siya ng isa, ilan, o lahat sa mga ito: titik, tunog, o larawan (gumagalaw man o hindi). Alin man sa mga ito ang gamitin niya, ito ang mamamagitan sa kanya at sa padadalhan niya. Anumang bagay na "nasa pagitan" o "namamagitan" sa nagpadala at pinadalhan ay tinatawag sa Latin na *medium*, o *media* kung marami. Ginagamit natin ito kung may gusto tayong ipahatid na impormasyon. Kung maramihan

at sabay-sabay ang paghahatid na ginagawa natin, tinatawag natin itong *mass media*: diyaryo, radyo, telebisyon, pelikula, o internet.

Sa media mo nalalaman kung may paparating na bagyo, kung kayâ nakagagawa ka ng kaukulang paghahanda. Kapag may nangangailangan ng saklolo at gusto mong ipanawagan sa marami, media rin ang iyong inaasahan. Karapatan mong alamin kung ano ang iyong ikabubuti, kayâ tungkulin mo ring ipaalam sa iba ang ikabubuti naman nila. Sa pagpapalutang ng mahahalagang impormasyon ay napapanatili mo ang ikabubuti ng ibang kasapi ng lipunan. Sa pagpapamalagi ng ikabubuti ng bawat kasapi ng lipunan, napapamalagi rin ang ikabubuti ng kabuuan nito. Ang impormasyon tungo sa ikabubuti ng lahat ay napalulutang mo sa pamamagitan ng media.

Nagpapasya kang huwag pumasok kung may abiso sa radyo o telebisyon na suspendido ang klase. Nagpapasya kang huwag kumain ng sitsirya dahil nababasa mo sa diyaryo ang tungkol sa masamang epekto nito sa ating kalusugan. Nagpapasya ka ayon sa hawak mong impormasyon na pinalulutang ng media. Subalit paano kung ang hawak mong impormasyon ay mali? Mababuyo kang pumasok sa klase kahit suspendido, o kayâ ay magkakasakit ka sa bato. Ang pangunahing layunin ng media bilang isang halimbawa ng lipunang sibil, ay magsulong ng ikabubuti ng bawat kasapi ng lipunan. Ito ang dahilan kung bakit tungkulin ng media ang pagsasabi ng buong katotohanan, at kagyat na pagtutuwid sakali mang may naipahatid na maling impormasyon na maaaring maging batayan ng iba sa pagpapasya ng ikikilos.

Ang pangunahing layunin ng media bilang isang anyo ng lipunang sibil, ay magsulong ng ikabubuti ng bawat kasapi ng lipunan. Ito ang dahilan kung bakit tungkulin ng media ang pagsasabi ng buong katotohanan, at kagyat na pagtutuwid sakali mang may naipahatid na maling impormasyon na maaaring maging batayan ng iba sa pagpapasya ng ikikilos.

Ano pa ang mga dapat isulong ng media? May napansin ka na bang paglabag sa katotohanan ng media? Kung mayroon, ano ang ginawa mo upang ituwid ito?

DRA March 31

Ang isang rally ba ay ibinabalita ng media mula sa panig lamang ng kapulisan? Ibinabalita ba ang haka-haka na may rebolusyonaryong layunin ang mga nag-rally? Ang pagbawas o pagdagdag sa katotohanan ay nagiging kasinungalingan. Kapag ang media ay naglahad ng isang panig lamang ng pangyayari o usapin, maling impormasyon ang pinalulutang ng mga ito sa lipunan, sapagkat hindi buo ang impormasyong hawak ng lipunan. Sa kabilang banda, kung inilahad halimbawa sa media na isang milyon nga ang sumama sa Million People March, gayong tatlong daang libo lang naman talaga, magiging pagsisinungaling din ito. Ang media ay pinaglalagakan lamang ng mga katotohanang kailangan ng lipunan para sa ikabubuti ng bawat kasapi nito. Hindi ikabubuti ninuman ang kasinungalingang bunga ng pagbabawas o pagdaragdag sa katotohanan. “Ang kapangyarihan ng media ay hindi isang lakas na nananalasa, kundi isang pag-ibig na lumilikha” (Papa Juan Pablo II, 1999).

Ang media ay pinaglalagakan lamang ng mga katotohanang kailangan ng lipunan para sa ikabubuti ng bawat kasapi nito. Hindi ikabubuti nino man ang kasinungalingang bunga ng pagbabawas o pagdaragdag sa katotohanan. “Ang kapangyarihan ng media ay hindi isang lakas na nananalasa, kundi isang pag-ibig na lumilikha” (Papa Juan Pablo II, 1999).

DRAFT

May 31, 2014

“Kapag naglihim tayo, doon magtatrabaho ang diyablo.” (San Ignacio)

Bago ang halalan noong 2007, inilunsad ng ABS-CBN ang lipunang sibil na Bayan Mo Ipatrol Mo. Tinuruan ng mga taga-ABS-CBN ang mga karaniwang mamamayan kung paano ipaparating sa telebisyon ang tawag, text o video gamit ang cellphone. Sa ganitong paraan ay maaaring palutangin ng media, habang nangyayari, ang mga pandaraya at katiwalian sa halalan. Anumang anomalya ay napipigilan kapag ito ay naisisiwalat. “Kapag naglihim tayo, doon magtatrabaho ang diyablo” (San Ignacio). Dahil sa matagumpay na pagsasamadla ng mga katiwalian sa halalan noong 2007, itinuloy-tuloy na ng Bayan Mo Ipatrol Mo ang pagpapalutang ng mga impormasyong may kinalaman hindi na lamang sa halalan, kundi maging sakuna at trahedya, paghahatid ng tulong, pagpapaayos ng mga daan, at pagtatayo ng mga sentrong pampamayanan (communty centers). Noong 2012, umabot na sa apat na libong mga kabataan ang nabiyayayaan ng puspusang pagsasanay sa pamamahayag.

Sa pagitan ng Pakistan at Afghanistan ay nagnanais mamayani ang Taliban, mga katutubong Muslim na nagnanais maging bahagi ng Afghanistan, ngunit pinipigilan naman ng Pakistan. Ang Taliban ay nananiniwala na ang kababaihan ay hindi dapat magkaroon ng

edukasyon. Sa katunayan, pinasasabog nila ang mga paaralan. Noong 2008, nagsimulang sumulat ng blog sa Internet ang isang mag-aaral na ayaw magpakilala; isang walong taóng gulang na batang babae. Inilalarawan niya sa blog kung gaano kadelikado ang mag-aral sa gitna ng panggigipit ng Taliban. Ipinamamanhik niya sa pamahalaang Pakistani na maglaan ng dagdag na pananalapi para sa mga paaralan, at hinihimok niya ang lahat ng mga kabataang babaeng Pakistani na igiit ang karapatang matuto. Sa isang pulong sa harap ng mga mamamahayag ay nasabi ng tatay niya ang totoo na siya ang blogger na iyon, kung kaya lalong dumami ang sumubaybay sa kanyang mga blog. Naging hayag na lihim na siya ay si Malala Yousafzai.

Noong Oktubre 16, 2012, sakay ng isang trak na ginawang school bus, pinara sila ng Taliban sa pag-uwi. “Sino si Malala?” tanong ng Taliban. Lahat ay napasulyap sa kanya kung kayâ siya ay natukoy. Binaril siya sa ulo, lumabas ang bala sa panga, at tumagos sa balikat. Sa tulong ng napakaraming nagkawanggawa sa loob at labas ng Pakistan, naipagamot siya sa Birmingham, England, at doon niya ipinagpapatuloy ang pagsusulat ng blog. Sa gulang na labing-anim, milyon-milyong dolyar na mula sa iba’t ibang bansa ang naipagkakatiwala sa kanya bilang donasyon, at balak nilang mag-ama na magpatayo ng mga paaralan sa buong Pakistan. Samantala, kapag may nagagawing Taliban sa kanilang bayan, hinaharap ito ng mga kabataang babae, at buong tapang nilang idinideklarang, “Ako si Malala.”

DRAFT
March 31, 2014

Anong mga pagpapahalaga ang isinusulong ng mass media? May nakita ka na bang isang “Malala” sa ating lipunan? Sa iyong lugar? Anong isyu o problema ang hinarap niya? Pipiliin mo bang maging isang “Malala” o tatahimik ka na lamang?

Ang Simbahan

Sakali mang nakakamit natin ang lahat ng ating pangunahing pangangailangan, hindi pa rin ito nagbibigay ng katiyakan na magiging ganap na tayong masaya. Sa apat na bilyong dolyar na kabuuang kayamanan ni Howard Hughes, walang tao sa planetang ito ang mas mayaman pa sa kanya noong nabubuhay pa siya. Sa kabila nito, namatay siya noong 1976 na may palatandaan ng kakulangan sa pagkain, at sa taas na mahigit anim na talampakan, tumimbang lamang siya ng apatnapung kilo. Samantala, ayon pa rin sa pagsisiyasat ng Senado, hindi bababa sa dalawampu ang mga bahay ni Janet Napoles sa Pilipinas, at dalawa sa California, U. S. A. Dumating siya sa puntong hindi siya puwedeng tumungtong sa isa man sa mga ito, at kinailangan niyang idispatsa isa-isa. Wala ring matinong taong nagnais bumili ng mga bahay na iyon dahil sa masalimuot na kasaysayan ng pagkakabili niya. Gaano man karami ang iyong matamo para sa sarili, makakaramdam ka pa rin ng kahungkagan, ng kawalan ng katuturan, ng kakulangan. Hindi ka nag-iisa sa ganitong damdamin.

Gaano man karami ang iyong matamo para sa sarili, makakaramdam ka pa rin ng kahungkagan, ng kawalan ng katuturan, ng kakulangan. Hindi ka nag-iisa sa ganitong damdamin.

DRAFT

March 31, 2014

Inorganisa natin ang ating sari-sarili upang hanapin ang makapupuno sa kabila ng kariwasaan. Iba't iba tayo ng antas ng pagkaunawa sa totoong kabuluhan ng buhay: may mas malalim, may mas mababaw. Sa maraming pagkakataon ng iyong pagkabagot, dito mo napagtatanto ang iyong kababawan, kung kayâ nagpapatuwang ka sa mga kasapi ng lipunan na may kalaliman ang pang-unawa sa buhay. Lumalapit ka sa mga lider ng moralidad: pari, pastor, ministro, imam, guru, monghe, at iba pa. Magpapatuwang ka sa kanila, at sasabihin mo, "Paki lang po."

Sa kababaang-loob ng mga lider sa moralidad, mas kinikilala nila ang kanilang sarili bilang tagapaglingkod at hindi bilang nakasasakop. Itinuturing nila ang kanilang sarili bilang kasabay natin sa paghahanap ng kabuluhan ng buhay. Sa sama-sama nating paghahanap ay naoorganisa natin ang ating sarili bilang isa pang anyo ng lipunang sibil, isang panrelihiiyong institusyon, na tinatawag ng marami bilang Simbahan. Sa pamamagitan ng mga lider at iba

Sa pagiging mananampalataya mo ay hindi nawawala ang iyong pagkamamamayan. Sa katunayan, ang iyong pananampalataya ay naisasabuhay mo sa pamamagitan ng pagtuwang sa lipunan, at pagtugon sa panawagan ng lahat na, "Paki lang."

pang mga kasapi ng Simbahan, nailalagay natin sa mas mataas na antas ng kabuluhan ang mga materyal na bagay na ating tinatamasa. Hindi ka nag-iisa sa iyong pananampalataya.

Ito ang dahilan kung bakit ang Simbahang Katoliko halimbawa ay hindi nagtuturing sa sarili bilang hiwalay sa kalakhan ng lipunan, kundi bilang kasanib dito. Sa pagiging mananampalataya mo ay hindi nawawala ang iyong pagkamamamayan. Sa katunayan, ang iyong pananampalataya ay naisasabuhay mo sa pamamagitan ng pagtuwang sa lipunan at pagtugon sa panawagan ng lahat na, "Paki lang."

Ang mga parokya halimbawa sa Pilipinas ay naoorganisa sa mas maliliit pang yunit na tinatawag na Basic Ecclesial Community, o Maliit na Sambayanang Kristiyano, o Gamay Katilingbanong Simbahan. Ito'y upang matugunan ng Simbahang Katoliko ang iba't ibang kalagayan ng iba't ibang pamayanan. Noong si Cardinal Gaudencio Rosales ay obispo pa lamang sa Bukidnon, ang mga *kaabag* o mga lider ng mga Basic Ecclesial Community ay nabigyang-kapangyarihan ng DENR upang dumakip at maghabla sa mga nagtotroso. Ang mga *kaabag* ay pinagkalooban ng mga two-way radio upang palutangin ang impormasyon tuwing may papasok na trak sa mga kagubatan. Sa isang liblib na barangay sa bayan ng Valencia ay binaril at napatay si Fr. Nery Satur ng mga pinaghihinalaang nagtotroso. Noong 1997, isinulat ni Bishop Rosales ang talambuhay ni Fr. Satur. Pinamagatan niya itong *Father Nery Satur: and the Church He Died For.*

DRAFT
March 31, 2014

Mula noong naitayo ng Couples for Christ ang kauna-unahang pabahay para sa isang mahirap na mag-anak sa Bagong Silang, Caloocan City, noong 1999, ang Gawad Kalinga Project ng CFC ay nakapagtayo na ng mga pabahay at pagkakakitaan sa buong bansa. Ang programa ay nakarating na rin sa Australia, Austria, Cambodia, Canada, Colombia, India, Indonesia, Ireland, Kenya, Papua New Guinea, Singapore, South Africa, at United States.

Mula pa noong 1982, ang Seventh Day Adventist Church sa Pilipinas ay nagbubuo na ng koalisyon ng mga organisasyon na tumututol sa paninigarilyo. Noong 1989, nagpasimuno ang Lungsod ng Quezon sa pagbabawal ng paninigarilyo sa mga pampublikong lugar. Nang sumunod na taon, nagpasya ang mga kasapi sa Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas na tanggihan ang mga kompanya ng sigarilyo sa pagpapatalastas. Pinag-igting ng Kagawaran ng Kalusugan noong 1994 ang kampanyang isinusulong ng mga Sabadista, hanggang maging Batas Pambansa noong 2003 ang pagbabawal sa pagpapatalastas ng paninigarilyo.

Anong mas mataas na antas ng katuturan ang maibibigay natin sa ating kinakain, isinusuot, at tinutuluyan?

May mga katangian ang iba't ibang anyo ng lipunang sibil na inilarawan natin sa modyul na ito:

1. ***Pagkukusang-loob***. Walang pumilit, nanakot, o nanggipit sa mga kasapi nito upang makisangkot. Malaya ito mula sa impluwensya ng estado o negosyo. Hindi ito nagsusulong ng pampolitikang hangarin ng sino mang nasa pamahalaan, o ng pangkomersyong hangarin ng sino mang negosyante.

2. ***Bukás na pagtatalastasan***. Walang pinipigilan o dinidiktahan sa pagpapahayag ng saloobin. Ang uri ng pagtalakay ay pangmadla, kung saan buháy ang diwa ng demokrasya. Sa pagpapalitan ng lahat ng kuro-kuro ay nalilinaw ang mga usapin; daan upang ang mga kaanib ay magkaroon ng katiyakan sa gagawin nilang mga pagpapasya.

3. ***Walang pang-uuri***. Hindi isinasaalang-alang ang kalagayang panlipunan ng mga kasapi: mayaman o mahirap, may pinag-aralan o wala, kilalá o hindi, anumang kasarian. Sapagkat ang hinahanap ay kabutihang panlahat, binibigyan ng pagkakataóng mapakinggan ang lahat ng panig; sa gayon ay walang maiiwang hindi nagtamasa ng bunga ng pagsisikap ng lipunan.

4. ***Pagiging organisado***. Bagama't hindi kasing-organisado katulad ng estado at negosyo, patungo ito sa pagiging institusyon, ayon sa hinihingi ng pagkakataon. Sapagkat nagbabago ang kalagayan ayon sa mga natutugunang pangangailangan, nagbabago rin ang kaayusan ng organisasyon upang tumugma sa kasalukuyang kalagayan.

5. ***May isinusulong na pagpapahalaga***. Ang isinusulong nito ay hindi pansariling interes kundi kabutihang panlahat: isinusulong ng media ang katotohanan, isinusulong naman ng Simbahan ang espiritwalidad. Ang pagpapahalagang ito ang nagbubunsod sa mga kasapi upang mapagtagumpayan ang ano mang balakid.

Ikaw ba ay kasapi sa ano mang lipunang sibil? Ano-anong kabutihang panlahat ang inyong isinusulong? May nakikita ka bang pangangailangan sa iyong pamayanan? Anong lipunang sibil ang maaari mong itatag upang matugunan ito?

"Walang sino man ang nabubuhay para sa sarili lamang," sabi nga ni Fr. Eduardo Hontiveros sa isang awit. Ang lipunan ay parang isang bahay ng gagamba na ang pagpatíd sa isang hibla ay sapat para maapektuhan ang anggulo ng bawat hibla. Ang pagdudugtong ng

DRAFT
March 31, 2014

isang hibla sa kapwa hibla ay may ganoon ding epekto sa kabuuan. Ang pakikisangkot natin sa anumang lipunang sibil ay nakapagsusulong ng ikabubuti ng kalakhan ng lipunan. Sa kabilang banda, ang pagwawalang-bahala natin sa lipunang sibil ay nakapagpapanatili, kung hindi man nakapagpapalalâ, ng mga suliraning panlipunan. Sapagkat ang ikabubuti ng lipunan ay nakasalalay sa ikabubuti ng bawat isa atin, hindi maiaalis ang patuloy nating pagmamalay sa paanyaya ng bawat nakakatagpo nating nakikiusap na, “Paki lang.”

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

1. Isulat sa kuwaderno ang sagot sa mga sumusunod na tanong:

   a. Ano-anong mga pangangailangan ng iyong pamilya ang hindi ninyo kayang matamo kung sa iyong pamilya lamang iaasa? Ipaliwanag.
   b. Ano-anong kalagayang panlipunan ang humahadlang kung kayâ hindi ninyo matamo ang mga ito? Ipaliwanag.
   c. May mga hakbang bang ginagawa ng pamahalaan upang matamo ninyo ang mga ito? Patunayan.

2. Magpangkat-pangkat nang tiglilimang kasapi, at isulat sa papel ang sagot sa mga sumusunod na tanong:

   a. Sa ano-anong paraan tinutugunan ng lipunang sibil ang mga pagkukulang ng lipunan? Ipaliwanag.
   b. Magbigay ng iba pang mga usapín na hindi natutugunan ng lipunang sibil. Patunayan.
   c. Magmungkahi ng mga inisyatibo o adbokasiya na tutugon sa mga usapíng ito.

DRAFT
March 31, 2014

Paghinuha Sa Batayang Konsepto

Panuto 1: Gamit ang pisara at tisà, o white board at marker, isaayos sa isang graphic organizer ang sumusunod na mga salita. Ipakita ang pagkakaugnay-ugnay ng mga: lipunang sibil, media, pagsusulong, Simbahan, usapin, at kabutihang panlahat. Ipaliwanag ang mga pagkakaugnay-ugnay.



Panuto 2: Matapos pag-ugnay-ugnayin ang mga konsepto at maipaliwanag ang mga pagkakaugnay-ugnay ng mga ito, gumawa ng isang rap na humihikayat sa mga tagapakinig na mag-ambag ng kanilang partisipasyon sa pagsusulog ng kabutihang panlahat.

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mgapagkatuto sa modyul na ito?

E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

DRAFT

Pagganap

Panuto: Gamit ang *Pagpapalalim* bilang sanggunian, tukuyin ang mga nabanggit na halimbawa ng lipunang sibil, at italâ ang mga ito sa ilalim ng angkop na mga adbokasiya:

March 31, 2014

Katarungang panlipunan	Pang-ekonomiyang pag-unlad	Pakikilahok ng mamamayan	Pangangalaga ng kapaligiran	Kapayapaan	Pagkakapantay ng kasarian	Ispiritwalidad

Pagninilay

Panuto: Italâ sa iyong journal ang mga sumusunod:

1. Mga pagkakatuto mula sa personal na sagot sa mga tanong
2. Mga pagkakatuto mula sa mga paghahambing sa mga sagot ng kaklase
3. Mga posibilidad na nakikinikinita (Mga halimbawa: isang pamayanang ligtas sa droga, isang malinis na daluyan ng tubig, o isang malilim na lansangan)

Pagsasabuhay

Panuto:

1. Magpangkat-pangkat nang may tiglilimang kasapi ayon sa pagkakalapit ng kani-kaniyang tirahan.
2. Bilang isang pangkat, pagpasyahan ang mga sumusunod:
   a. Ang pamayanan kung saan magsasagawa ng pangangalap ng mga datos (survey)
   b. Ang lipunang sibil na kumikilos sa pamayanang napagkaisahan
3. Italâ sa kuwaderno ang mga sumusunod na datos ukol sa napagkaisahang lipunang sibil:
   a. Pangalan, pamunuan at tanggapan ng lipunang sibil
   b. Adbokasiya ng lipunang sibil
   c. Petsa kung kailan nagsimulang makisangkot ang lipunang sibil sa pamayanan
   d. Sariling pagtayá ng lipunang sibil sa antas ng tagumpay ng adbokasiya nito sa pamayanan
4. Italâ sa kuwaderno ang mga sumusunod na datos na makakalap mula sa mga naninirahan sa napagkaisahang pamayanan.
   a. Mga usapín sa pamayanan na nangangailangan ng pagtugon
   b. Pagkakasunod-sunod ng mga usapín ayon sa tindi ng pangangailangan ng agarang pagtugon (prioritization)
   c. Dahilan ng pagiging pangunahin ng usapíng tinayá bilang una sa talaan
   d. Pagtayá ng mga naninirahan sa pamayanan sa antas ng pagtugon ng lipunang sibil sa pangunahing usapín sa pamayanan
   e. Mungkahi ng pangkat ayon sa kinalabasan ng pangangalap ng datos

Anong pagpapahalaga ang maaaring magbunsod sa iyo upang makisangkot sa isang lipunang sibil? Ano ang pinaka-layunin mo sa paikisangkot na ito?

DRAFT
March 31, 2014

Mga Sanggunian

Baker, A. (2012). Runner-Up: Malala Yousafzai, the Fighter. From http://poy.time.com/2012/12/19/runner-up-malala-yousafzai-the-fighter/. Retrieved on November 13, 2013.

Baker, Dennis. (1979). *Howard Hughes' doctor gives a chilling description of his strange patient's final hours.* From http://www.people.com/people/article/0,,20074229,00.html. Retrieved on November 13, 2013.

Daughters of Saint Paul (Eds.) (2007). *Church documents on social communications*. Pasay City: Paulines

Center for Media Freedom and Responsibility. (2007). *The CMFR Ethics Manual: A values approach to news media ethics*. Makati: Author.

Charles, R. (1999). *An Introduction to Catholic social teaching*. Oxford: Family Publications.

De Torre, J. M. (1997). *The roots of society (2nd Ed.)*. Manila: Sinag-Tala Publishers, Inc.

Gorospe, V. (Ed.). (1997). *Go and teach*. Quezon City: Ateneo de Manila University.

http://gabrielawomensparty.net/ Retrieved October 02, 2013

https://www.facebook.com/pages/Peace-Advocates-Zamboanga/179211413561 Reterived 02, 2013

John Paul II. (1999). *Mass media: A friendly companion to those in search of the Father*. http://www.vatican.va/holy_father/john_paul_ii/messages/communications/documents/hf_jp-ii_mes_24011999_world-communications-day_en.html. Retrieved on October 2, 2011.

Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas. (2011). *Broadcast Code of the Philippines*. Makati: Author.

http://nassa.org.ph/?cat=11 Retrived October 02, 2013

newsinfo.inquirer.net/520547/heard-on-radio-inquirer-990am-bretana-on-venue-of-dec-6 anti-pork-rally. Retrieved on November 11, 2013

Pfalz, J. (2013). *Malala Yousafzai's book banned in Pakistan.* http://guardianlv.com/2013/11/malala-yousafzais-book-banned-in-pakistan/ Retrived Novemebr 13, 2013

poy.time.com/2012/12/19/runner-up-malala-yousafzai-the-fighter. Retrieved on October 2, 2013.

Salaverria, L. (2013). 'Internet loudmouth' at center of pork protest. http://technology.inquirer.net/28777/internet-loudmouth-at-center-of-pork-protest. Retrieved on November 13, 2013.

DRAFT
March 31, 2014

Serrano, I. R. (1994). *Civil society in the Asia-Pacific region*. Washington: Civicus.

Society of Pofessional Journalists. (2013). *SPJ code of ethics*. http://www.spj.org/ethicscode.asp. Retrieved on November 13, 2013.

http://www.abs-cbnnews.com/nation/08/25/13/viral-expectations-pork-barrel-protesters-march-luneta. Rerieved on November 13, 2013.

www.celebritynetworth.com/richest-businessmen/richest-billionaires/howard-hughes-net-worth

November 13, 2013

www.facebook.com/pages/Peace-Advocates-Zamboaga/179211413561. Retrieved on October 2, 2013.

http://www.uccsda.org/News/Anti-Smoking-Campaign Retrieved November 13, 2013

http://www.gk1world.com/ Retrieved November 13, 2013

www.theglobeandmail.com/news/world/pakistani-schools-ban-teenage-activist-malalas-book-from-libraries. Retrieved on November 11, 2013.

www.uccsda.org/News/Anti-Smoking-Campaign. Retrieved on September 14, 2012.

DRAFT

Larawan:

http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKiatYi1ZSNT8Ayvi0Rwx.?p=Malala+Yousafzai&ei=utf-8&iscqry=&fr=sfp Retrievd 0ctober 02, 2013

March 31, 2014

Video:

https://www.youtube.com/watch?v=D3zbaL0_L9Y November 13, 2013

Edukasyon sa Pagpapakatao

Baitang 9

Ikalawang Markahan

MODYUL 5: MGA BATAS NA NAKABATAY SA LIKAS NA BATAS MORAL

A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Isang nakatutuwang tula ni Robert Fulghum ang nagsasabi na natutuhan na natin ang lahat ng kailangan nating malaman noong tayo ay musmos pa lamang (All I Really Need to Know I Learned in Kindergarten). Huwag mandaya. Huwag manakit ng kapwa. Maghugas ng kamay bago kumain. Magpahinga. Mag-ingat sa pagtawid. Ilan ang mga ito sa kaniyang mga binanggit at kung iisipin, sa dami ng mga nasa batas, sa dami ng mga tungkulin, sa dami ng mga sinasabi sa ating dapat at hindi dapat gawin, napakasimple lang naman ng utos sa tao: magpakatao, maging makatao. Subalit, dahil siguro sa sobrang kapayakan nito, hindi ito mawari ng moderno at komplikado nating pag-iisip.

DRAFT

Inaasahan sa modyul na ito na maipamamalas mo ang pag-unawa sa mga batas na nakabatay sa likas na batas moral. Ano ang batas na gabay sa ating pagpapakatao? Bakit kailangang umayon sa batas na ito? Gagabayan ka ng modyul na ito upang maunawaan mo ang buod ng mga batas na umiiral sa lipunan. Isa rin itong pagpapalawak sa pananaw na naglilimita sa iisang paraan lamang ang pagtupad sa tawag ng mabuti.

March 31, 2014

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

5.1. Natutukoy ang mga batas na nakaayon sa likas na batas moral
5.2. Nasusuri ang mga batas na umiiral, panukala tungkol sa mga kabataan o tuntunin sa pamilya batay sa pagsunod ng mga ito sa likas na batas moral
5.3. Nahihinuha ang Batayang Konsepto
5.4. Naipahahayag ang pagsang-ayon o pagtutol sa isang umiiral na batas batay sa pagtugon nito sa kabutihang panlahat

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput sa Kasanayang Pampagkatuto 5.4:

a. Nakapagtala ng tatlong batas na sinasang-ayunan at tinututulan
b. Nakapagbigay ng makatwirang dahilan sa pagsang-ayon o sa pagtutol
c. Naitala ang lahat ng hinihinging impormasyong kinakailangan sa naihandang matrix
d. Komprehensibo ang ginawang pagsusuri
e. May kalakip na paglalahat at pagninilay

Paunang Pagtataya

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik nito sa sagutang papel.

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong at piliin ang pinakaangkop na sagot sa bawat bilang. Isulat ang mga sagot sa kwaderno.

DRAFT
March 31, 2014

1. Ang mga batas ng lipunan ay nilikha upang:
   a. protektahan ang mayayaman at may kapangyarihan.
   b. ingatan ang interes ng marami.
   c. itaguyod ang karapatang-pantao.
   d. pigilan ang masasamang tao.

2. Ang likas na batas na moral ay:
   a. nilikha ni Tomas de Aquino
   b. nauunawaan ng tao.
   c. inimbento ng mga pilosopo.
   d. galing sa Diyos.

3. Ang mabuti ay:
   a. paggawa ng tama.
   b. pagsunod sa batas.
   c. pagbuo ng sarili.
   d. pagsunod sa Diyos.

4. Ang mabuti ay:
   a. laging tama.
   b. iba-iba sa tao.
   c. minsan tama.
   d. pare-pareho sa tao.

5. Piliin sa mga sumusunod ang *hindi* ayon sa likas batas na moral:
   a. Pagkaltas ng SSS, Pag-ibig, at buwis sa mga manggagawa
   b. Pag-utos sa mga magiging ina na regular na magpatingin sa doctor

c. Pangungulit sa bata na maligo
d. Pagpilit sa mga tao na magsimba

6. Paano natututunan ang likas na batas moral:
   a. binubulong ng anghel.
   b. tinuturo ng magulang.
   c. basta alam mo lang.
   d. sinisigaw ng konsensya.

7. Piliin sa mga sumusunod ang tamang panukala:
   a. Nagpapalit ang likas na batas moral sa paglipas ng panahon.
   b. Iba-iba sa mga iba-ibang kultura ang likas na batas moral.
   c. Isa lang ang likas na batas moral para sa lahat.
   d. Isa lang ang likas na batas moral na may iba-ibang pag-aanyo.

8. Ang tama ay pagsunod sa mabuti:
   a. sa lahat ng panahon at pagkakataon.
   b. ayon sa sariling tantya.
   c. angkop sa pangangailangan at kakayahan.
   d. nang walang pasubali.

DRAFT
March 31, 2014

9. Tama ang isang bagay kung:
   a. ito ay ayon sa mabuti.
   b. walang nasasaktan.
   c. makapagpapabuti sa tao.
   d. magdudulot ito ng kasiyahan.

10. Ang pagiging makatao ay:
    a. ang pagsaklolo sa iba.
    b. ang pagiging matulungin sa kapwa.
    c. pagpanig sa tao.
    d. pagsunod sa utos ng Diyos.

A. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain

Sa gawaing ito, bubuo ka ng isang *semantic web*. May apat na elemento ang *sematic web:* ang (1) *core question,* (2) *web strand,* (3) *strand support,* at (4) *strand lines.* Ang *core question* ang magiging pokus ng *web.* Lahat ng mga impormasyon ay nauugnay sa *core question*. Ang sagot sa *core question* ay ang *web strand* at isusulat ito sa paligid ng *core question.* Ang mga katotohanan (facts) o paghinuha (inferences) na

ginagamit sa pagsuporta sa bawat *web* ay tinatawag na *strand support.* Ang *strand support* ay nagmumula sa *web strand.* Ang ugnayan ng mga strand ay tinatawag na *strand ties.*

1. Makatutulong sa iyo ang template na nasa ibaba. Kalakip nito ang *core question* para sa gawaing ito.



DRAFT
ch 31, 2014

2. Gumawa ng katulad na pormat sa iyong kuwaderno. Mula sa core question (Bakit mayroong batas?) ay isulat ang mga naisip na sagot sa paligid nito (web strand). Matapos maitala ang mga sagot ay isulat sa ibaba ng bawat strand (strand support) ang mga katotohanan (facts) o paghinuha na susuporta sa iyong sagot.

C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Gawain 1

Inaasahang makatutulong sa iyo ang gawaing ito upang:

1. makapagsimula ng munting pakikipag-usap sa magulang.
2. makilala ang sarili mula sa pananaw ng magulang.
3. matasa ang sarili kung saan nagmumula ang motibasyon sa pagsunod sa magulang.
4. malinaw sa magulang ang mga inaasahan sa anak.
5. mapagnilayan ang mga kasalukuyang ginagawa tungo sa pagkakaroon ng mabuting buhay.

Mga gagamitin:

Handout ng sanaysay ni Beth Woolsey (15 Rules for Peeing: A Primer for Kids)
bolpen
kuwaderno

Proseso:

1. Makipagkuwentuhan sa magulang tungkol sa isang sanaysay na isinulat ni Beth Woolsey: 15 Rules for Peeing: A Primer for Kids (http://www.huffingtonpost.com/beth-woolsey/15-rules-for-peeing-a-primer-for-kids_b_3685475.html?ref=topbar&utm_hp_ref=fb&src=sp&comm_ref=false)
2. Pagkatapos, tanungin ang magulang kung paano niya itinuro ang mga tuntuning ito sa iyo. Tanungin din kung naging mahirap o madali ka bang palakihin.
3. Habang nakikinig sa magulang, maging malay sa mga nararamdaman sa mga sinasabi nila:
   a. Ano ang nararamdaman mo?
   b. Sang-ayon ka ba o hindi sa magulang? Bakit? Bakit hindi?
   c. Ano ang nais mong sabihin sa magulang tungkol dito?
4. Tanungin ang magulang kung ano ang tatlong pinakamahalagang "utos" na kailangang matutunan ng anak sa buhay. Ipapaliwanag sa kaniya kung bakit ang mga ito ang pinakamahalaga para sa kaniya.
5. Tandaan ang sinabi ng magulang at isulat sa kuwaderno ang tatlong "utos" na ito. Pagnilayan at sagutin sa kuwaderno ang mga sumusunod na tanong:
   a. Sumasang-ayon ka ba sinasabi ng iyong magulang?

DRAFT
March 31, 2014

b. Kung oo, gaano ka kalapit sa pagtupad sa hinihingi ng iyong magulang? Bakit mo ito ginagawa? Ano pa ang kailangan mong gawin? Ipaliwanag.
c. Kung hindi, bakit hindi ka sumasang-ayon? Ano sana ang mas gusto mo?

Gawain 2

Panuto: Ang gawaing ito ay pagpapatuloy ng Gawain 1. Para sa gawaing ito ay kakailanganin mo naman ng:

- Bond Paper
- Pangkulay
- Masking tape

Proseso:

1. Mula sa tatlong "utos" ng magulang, pumili ng isa na sa tingin mo ay pinakamahalaga.
2. Gumawa ng poster na nagsasaad ng "utos" na ito. Maging malikhain at makulay sa iyong poster.
3. Ipaskil ang poster sa paligid ng silid-aralan sa buong panahon ng pagtalakay ng modyul. Tingnan ang mga "utos" ng mga magulang ng mga kamag-aral. Tingnan ang pagkakatulad at/o pagkakaiba ng mga ito sa ibinigay sa iyo.
4. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na tanong:
   a. Ano-ano ang mga pagkakapareho at pagkakaiba ng mga utos na ito mula sa mga magulang?
   b. Ano ang iyong mga kuwento sa likod ng mga utos na ito mula sa iyong mga magulang?
   c. Ano ang iyong damdamin sa mga utos na mayroon sa iyong paligid?
   d. Ano ang pinakapundametal na batas na hinihingi ng magulang sang-ayon sa likas na batas moral?

DRAFT
March 31, 2014

D. PAGPAPALALIM

Narinig mo na ba ang prinsipyong *First Do No Harm* (Primum non nocere) ng mga manggagamot? Sinasabi nitong ang unang layunin ng mga manggagamot ay hindi makapagdulot ng higit pang sakit. Negatibo man ang pagkakasabi, at hindi positibo



First Do No Harm

gaya ng "Magbigay lunas," positibo ang nais sabihin nito: laging may pagnanais na makapagpagaling at iiwasan ang lahat ng makapagpapalala ng sakit o makasasama sa pasyente.

Mapapatanong ka siguro kung bakit kailangan pa itong sabihin. Hindi ba't kaya nga pinili ng mga doktor ang ganitong larangan dahil sa pagnanais na makapanggamot? Walang doktor ang magbibigay ng payong medikal na ikasasama lamang ng kondisyon ng pasyente. Walang doktor ang papasok sa operasyon nang hindi handa. Laging ang nasa isip nila ay ang makagaling ng pasyente.

Magkagayon man, may nasaksihan ka na rin marahil na mga paglala ng mga sakit dahil sa maling mga reseta ng doktor. May mga kaso rin ng kamatayan dahil sa mga maling *prognosis*. Nilabag na nga ba ng mga doktor ang kanilang sinumpaang tungkulin dahil sa mga pangyayaring ito?

DRAFT

Paniwala ng pilosopong si Sto. Tomas de Aquino: lahat ng tao ay may kakayahang mag-isip. Lahat ng tao ay may kakayahang makaunawa sa kabutihan. Para sa pilosopong si Max Scheler, ang pag-alam sa kabutihang ito ay hindi lamang gumagalaw sa larangan ng pag-iisip kundi sa larangan din ng pakiramdam. Ninanasa ng tao ang mabuti; hindi ang masama. Walang sinuman ang magnanais na mapasama siya. Kahit na tinatamad akong mag-aral, alam kong mabuti ang mag-aral. Kahit na natatakot akong magpatingin sa doktor, alam kong mabuting gawin ito upang makita ang kalagayan ng aking kalusugan. Kahit gustong-gusto kong kunin ang *cellphone* ng kapatid ko, alam kong masama ito.

> Lahat ng tao ay may kakayahang mag-isip. Lahat ng tao ay may kakayahang makaunawa sa kabutihan.

March 31, 2014

> Ang pag-alam sa kabutihan ay hindi lamang gumagalaw sa larangan ng pag-iisip kundi sa larangan din ng pakiramdam.

Paano ko nalaman kung ano ang mabuti at ano ang masama? Tinuro sa atin ng ating mga magulang. Nakuha natin sa mga kapitbahay. Napanood sa telebisyon. Nabasa. Narinig. Ang nakamamangha dito ay sa dami ng ating mga narinig, sa dami ng ating nalaman, may maliit na tinig pa rin ng kasiguraduhan sa ating loob na nagsasabi sa atin kung ano ang mabuti. Nararamdaman ko ang mabuti.

Nararamdaman ko ang tama kahit na kung minsan ay parang sinasabi ng isip ko na mali ito. At sa kilos ng pakiramdam ko kung ano ang dapat kong gawin, napapanatag ako at natatahimik kapag sinunod ko

> Nararamdaman ko ang mabuti. Nararamdaman ko ang tama kahit na kung minsan ay parang sinasabi ng isip ko na mali ito.

ang tinig na ito.

Konsensya ba ito? Diyos ba ito? Takot ba ito sa aking magulang? *Pressure* mula sa mga kaibigan? Tukso ng *media*? Isa ang totoo: naaakit ako sa alam kong mabuti.

Ang Mabuti

For the illustrator:

Larawan na maaaring sumimbolo sa puso at isip…

Ang isip at puso ang gabay para kilatisin kung ano talaga ang mabuti.

Pansinin na hindi pa talaga natin pinag-uusapan dito kung ano ang mabuti. Sinasabi lang na may natural na pagkaakit ang tao sa mabuti. Ang *mabuti* ang laging pakay at layon ng tao. Ang isip at puso ang gabay para kilatisin kung ano talaga ang mabuti. May matinong pag-iisip, pagsusuri, pagtitimbang at paglilinis sa mga motibasyon ang kasabay ng pagkilala sa mabuti. Mabuti bang tumulong sa gawaing bahay? Mabuti bang tumambay kasama ng barkada? Mabuti bang uminom ng alak? Ang tanungin ang tanong na "Mabuti ba?" bago pa gawin ang isang bagay ay tanda na ng masikap na paghahangad na matupad ang mabuti. Hindi agad-agad lumulusong sa paggawa nang walang pagtitimpi at pagmumuni sa kabutihan ng gagawin. Nakatatakot at delikado ang taong agad may sagot at hindi nag-iisip dahil malamang, ang ginagawa niya ay piliin lamang ang pinakakawili-wili sa kaniya. Ang nag-iisip ay namimilipit pa sa pagtimbang kung tama ba talaga ang pipiliin, kung ano ang mga posibleng epekto ng pagpili, at kung mapaninindigan ba niya ang mga bungang kaniyang kakaharapin. Sa pinakapayak na paliwanag, ang mabuti ay pagsisikap na laging kumilos tungo sa pagbubuo at pagpapalago ng sarili at ng mga ugnayan. Tulad ng doktor, maaaring magkamali siya sa *diagnosis* at *prognosis* ng sakit ng pasyente. Ang pinakamahalaga ay ang paghahangad na makagaling at hindi makapagdulot ng sakit ang ginawa. Sapat na ito upang tawaging mabuti.

Ang mabuti ay ang siyang kilos ng pagsisikap na laging kumilos tungo sa pagbubuo at pagpapalago ng sarili at ng mga ugnayan.

DRAFT
March 31, 2014

May Tama ka!

For the illustrator:

Larawan na angkop para sa mga linyang ito:

"Magpasalamat kayo sa ninakawan ko, may nakakain kayo ngayon."

"Suki, pasensya ka na, babawasan kita ng isang guhit dahil may hinuhulugan pa akong alahas"

Ngunit sapat na nga ba talaga ang paghahangad sa mabuti at pagkilos sa inaakalang mabuti? Paano kung ang inaakalang mabuti ay nakasasakit o makasisira lamang? Mahirap ang paniniwala na sapat na ang mabuting intensiyon

para kilalaning mabuti ang gawain. Gusto kong pakainin ang aking pamilya kaya magnanakaw ako. Gusto kong manalo sa palaro kaya dadayain ko ang edad ng mga kasamahan ko sa team. Gusto kong kumita nang malaki kaya mamanipulahin ko ang timbangan ng tinda namin sa palengke. Kabutihan ang hinahangad ng mga nabanggit sa itaas. Kaya lamang, kailangang maunawaang: hindi maaaring ihiwalay ang mabuti sa tama. Maaari bang sabihin ng ama sa kaniyang mga anak na, "Magpasalamat kayo sa ninakawan ko, may nakakain kayo ngayon." O ng ale sa kaniyang suki, "Suki, pasensya ka na, babawasan kita ng isang guhit dahil may hinuhulugan pa akong alahas"? Maibabalik ba ng isang tao ang buhay ng kapwa kung sa maling desisyon niya ay naging dahilan ito ng kamatayan ng kaibigan? Sapat na ba ang sabihing, "Mabuti ang aking hangarin"?

Iba ang mabuti sa tama. Ang mabuti ay ang mga bagay na tutulong sa pagkabuo ng sarili. Ang tama ay ang pagpili ng mabuti batay sa panahon, kasaysayan, konteksto at sitwasyon. Tinitingnan dito ang mga pangangailangan at kakayahan ng gagawa ng pagpili. Kung nakikita ni Ramil na makabubuti sa kaniya ang isports, hindi lang siya basta-basta sasabak sa laro. Kailangan niyang tingnan ang kaniyang kakayahan bago siya magsimulang magboksing. Kung nais nang magpakasal ni Estella at Ruben, kailangan nilang siguraduhing handa na ang kanilang loob para sa kanilang kinabukasan bilang mag-asawa—ang bahay, ang pambayad ng koryente, ng tubig, pagkain, at iba pa. Mabuti ang mag-asawa, tama na ba ito agad? Kahit sa gamot, mabuti ang uminom ng gamot. Ngunit marapat ding tingnan ng doktor ang kakayahan ng pasyente na bumili ng gamot at ang mga partikular na reaksiyon ng pasyente sa bisa ng gamot na ibibigay. Mabuti ang gamot, ngunit may tamang gamot para sa tao. May ibang gamot na nagdudulot ng mga allergies sa mga partikular na tao. May mga gamot na hindi mabisa sa mga ibang tao. Ganito ang prinsipyo ng *generics*. Ang pasyente na ang bahalang humanap ng hihiyang sa kaniya batay sa reseta ng doktor. Tulad din sa likas na batas moral, preskripsyon ang mabuti, ang tama ay ang angkop sa tao.

Iba ang mabuti sa tama. Ang mabuti ay ang pagtungo lagi sa pagkabuo ng sarili. Ang tama ay ang pagpili ng mabuti batay sa panahon, kasaysayan, konteksto at sitwasyon. Tinitingnan dito ang mga pangangailangan at kakayahan ng gagawa ng pagpili.

Tulad din sa likas na batas moral, preskripsyon ang mabuti, ang tama ay ang angkop sa tao.

DRAFT March 31, 2014

Ang Kaisa-isang Batas

Wala bang mabuti na tama para sa lahat? Sa kayamanan ng sansinukob at karupukan ng ating kakayahang umalam, napakahirap humanap ng isang tama na sasang-ayunan ng lahat. Iba-iba ang kultura, relihiyon, paniniwala. Iba-iba ang mga layunin, iba-iba ang mga pamamaraan. Maaaring magkasundo-sundo ang nagkakaiba-ibang tao sa mabuti, ngunit babalik pa rin sa iba't ibang paraan ng pagtupad sa mabuti. Walang isang porma ng tama ang mabuti. Mag-aanyo ito ayon sa kondisyon at hinihingi ng pagkakataon.

Iba-iba man ang pormula ng likas na batas moral, tinuturo nito ay isa lamang: hindi ko kakasangkapanin ang tao. Na itituring ko bilang may pinakamataas na halaga ang tao. Na gagawin ko ang lahat upang ingatan at payabungin ang tao.

Wala nga ba? May liwanag ng karunungan yata tayong maaninag sa sinusumpaan ng mga doktor: *First Do No Harm.* Anumang kalagayan kasadlakan ng tao, isa ang babalikan natin: ang huwag manakit. Nagsasalubungan ang mabuti at tama sa prinsipyo ng pag-iwas sa pananakit sa tao. Na ang pinakamahalaga at pinakamabuting dapat gawin ay ingatan ang tao. Na iba-iba man ang pormula ng likas na batas moral, tinuturo nito ay isa lamang: hindi ko kakasangkapanin ang tao. Na ituturing ko bilang may pinakamataas na halaga ang tao. Na gagawin ko ang lahat upang ingatan at payabungin ang tao.

DRAFT

Likas sa tao ang hangarin ang mabuti. Ano ang ibig sabihin nito? Na likas sa atin na maging makatao (panig sa tao): ito ang kaisa-isang batas na hindi dapat labagin ninuman. Ang lumabag dito ay lumalabag din sa sarili niyang kalikasan.

March 31, 2014

Pag-aangkop

Dito nga nakaangkla ang Pandaigdig na Pagpapahayag ng mga Karapatan ng Tao (*Universal Declaration of Human Rights*) ng mga Nagkakaisang Bansa (*United Nations*). Hindi ito nilikha o inimbento o pinagsang-ayunan lamang ng mga bansa dahil magandang pakinggan na kunwari may dignidad ang tao! Talagang nakikita nila, mula sa iba't ibang mukha ng mga tao sa iba't ibang sulok ng mundo, na mahalagang ingatan ang dangal ng tao. Matinding kinokondena ng pahayag ang anumang uri ng paniniil at paglalapastangan sa tao. Naniniwala silang ang pag-unlad ng isang bansa at ng mundo ay magmumula sa pagkilala sa pantay na mga karapatan. Ang pagbibigay ng kalayaang isakatuparan ang mga pagnanais nila ang siyang makapagpapatibay sa mithiing ito ng kaunlaran at kapayapaan.

/

Ang bawat estado (*state*) rin ay nagsisikap iangkop sa kani-kanilang mga kultura ang

pagkilala sa karapatang pantao. Ipinapahayag nila sa kanilang konstitusyon ang mga karapatan ng bawat mamamayan at ang paggarantiya ng estado na bigyang proteksyon ang mga karapatang ito. Ang mga batas naman na nililikha ng pamahalaan ay mga mekanismo at pamamaraan upang isakongkreto ang unibersal at pangkalahatang pagpapahalaga sa tao. Kaya may batas laban sa pananakit at pang-aabuso sa mga bata dahil tao ang mga bata. Kaya may batas na magbibigay ng *budget* sa edukasyon dahil kailangang mahubog ang pag-iisip at karakter ng mga tao. Kaya may batas na magtatalaga ng pinuno ng bayan (eleksiyon) dahil mahalaga ang boses ng lahat ng tao sa pagpapatakbo ng kolektibong kasaysayan. Ang lahat ng batas ay para sa tao, hindi ang kabaligtaran nito.

Instruction Manual?

Nagtagumpay na ba ang mga bansa na tupdin ang pagpapahalagang ito? Isang proseso ang pagtupad sa *mabuti*. Hindi laging tama. Madalas pa nga ay nagkukulang ang mga estado sa pagtallma sa tawag ng mabuti. Dala na rin ito ng napakaraming mga tinig at mukha na kailangan lahat pakinggan at tingnan. Hindi perpekto ang mga batas. Subalit, muli, babalik tayo sa depinsiyon ng mabuti – sapat na ang laging pagtingin sa kabutihan at ang pagsisikap na matupad ito.

Hindi perpekto ang mga batas. Subalit, muli, babalik tayo sa depinsiyon ng mabuti – sapat na ang laging pagtingin sa kabutihan at ang pagsisikap na matupad ito.

DRAFT
March 31, 2014

Kung ang buhay sana ay tulad ng *cellphone* na may kasamang *instruction manual*, madali na sana ang lahat. Kung ang katawan ay may *instruction manual,* madali na sana sa doktor ang makatiyak sa gamot, nutrisyon, at pag-aalagang mabisa sa lahat. Sa kasamaang palad, walang *instruction manual* ang tao at ang mundo. Ang likas na batas moral ay hindi *instruction manual.* Hindi ito isang malinaw na utos kung ano ang gagawin ng tao sa iba't ibang pagkakataon. Gabay lamang ito upang makita ang halaga ng tao. Ang konstitusyon at mga batas din ay hindi *instruction manual.* Naisatitik ng mga ito ang anumang makatutulong sa pagpapayabong ng tao. Mga gabay din lamang na natutunan sa karanasan ng mga tao sa pagdaan ng panahon. Malayo sa pagiging absolutong batas para sa pag-unlad at kaayusan ng lipunan.

Ang likas na batas moral ay hindi *instruction manual*. Hindi ito isang malinaw na utos kung ano ang gagawin ng tao sa iba't ibang pagkakataon. Gabay lamang ito upang makita ang halaga ng tao.

Matutupad ba natin ang likas na batas moral sa ating bayan? Isang simpleng sagot:

habang may nakatingin sa mabuti—nagtataka, nagtatanong—tiyak na hahakbang tayo papalapit sa mabuti.

Ano ang pinakaunang hakbang? *First do no harm.*

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

1. Paano nalalaman ang mabuti?
2. Ano ang pagkakaiba ng mabuti at tama?
3. Ano ang kaisa-isang Likas na Batas Moral?
4. Bakit pinakamahalaga ang pagiging makatao?
5. Magkakaiba ba ang Likas na Batas Moral sa iba-ibang kultura o iisa lamang? Ipaliwanag.
6. Bakit *First Do No Harm* ang sinasabi ng may akda na unang hakbang sa pagtupad sa mabuti?

DRAFT

Paghinuha ng Batayang Konsepto

March 31, 2014

1. Kumuha ng isang malinis na papel.
2. Isulat dito ang lahat ng mga mahahalagang konsepto na iyong natutuhan mula sa mga gawain at sa babasahin.
3. Gumawa ng isang concept web upang mapag-ugnay-ugnay ang mga konseptong naisulat.
4. Matapos gawin ito ay subuking sumulat ng isang malaking konsepto mula sa mga maliliit na konsepto.
5. Makatutulong sa iyo ang gabay na tanong na: Bakit mahalaga ang pagsunod sa batas na nakabatay sa Likas na Batas Moral?
6. Ano ang maitutulong nito tungo sa pagkamit ng iyong kaganapan bilang tao?
7. Maaring gamiting gabay ang halimbawa sa ibaba. Huwag limitahan ang konseptong isusulat sa bilang ng bilog na nasa halimbawa. Maaaring sumulat ng kahit gaano karaming konseptong iyong nais.



Batayang Konsepto: _____
_____
_____
_____
_____

PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

1. Magsagawa ng pagsusuri sa mga pinagtibay na batas na ipinatutupad sa kasalukuyan.
2. Pumili ng tatlong batas na iyong sinasang-ayunan dahil pinaniniwalaan mong nakatuon ang mga ito sa pagkamit ng kabutihang panlahat.
3. Pumili rin ng tatlong batas na iyong tinututulan dahil pinaniniwalaan mong hindi nakatuon ang mga ito sa kabutihang panlahat.
4. Mahalagang pangatwiranan ang iyong pagtutol o pagsang-ayon. Mahalagang banggitin sa pagsusuri ang mga probisyon sa batas na siyang lumalabag sa Likas na Batas Moral.
5. Gamitin ang katulad na pormat na nasa ibaba.

DRAFT
March 31, 2014

Mga Batas	Mga Dahilan	Mga Probisyong Labag sa Likas na Batas Moral	Mungkahing Rebisyon
Ang Aking Sinasang-ayunan			
1.			
2.			
3.			
Ang Aking Tinututulan			
1.			

2.			
3.			

Pagninilay

Sagutin sa kuwaderno ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang mas dapat sundin—ang mabuti o ang tama? Bakit?
2. Magbigay ng ilang mga pagkakataon sa iyong buhay kung saan nakita ang pagtutunggalian ng mabuti at tama. Ano ang iyong ginawa? Bakit ganito ang napiling gawin?
3. Ano ang pinakaayaw mong batas o utos ng iyong magulang, paaralan, komunidad o bansa? Bakit? Kung ikaw ang masusunod, ano ang gusto mo sanang mangyari?
4. Sa iyong palagay, anong batas ang taliwas sa likas na batas moral? Bakit?

DRAFT
March 31, 2014

Pagsasabuhay

1. Kung isa kang mambabatas, anong batas ang iyong ipapanukala upang maingatan ang karapatan ng mga kabataan ayon sa likas na batas moral? Pangatwiranan.
2. Makatutulong sa iyo ang pormat na nasa ibaba.

Panukalang Batas Blg _____

Ipinanukala ni: _____

Isang batas na _____
_____

Paliwanag ukol sa batas at kung bakit mahalagang ito ay pagtibayin

_____
_____
_____
_____

Kung mapagtitibay ang panukalang ito, ilan sa mga mabubuting maaasahan ay ang mga sumusunod:

a. _____

b. _____

c. _____

DRAFT
March 31, 2014

Mga Kakailanganing Kagamitan (websites, software, mga aklat, worksheet)

- Malinis na papel
- Panulat (ballpen o lapis)
- Mga pangkulay
- Masking tape
- Handout ng sanaysay ni Beth Woolsey (15 Rules for Peeing: A Primer for Kids)

Mga Sanggunian:

Dy Jr., M. B. (1998) *Mga Babasahin sa Pilosopiyang Moral*. Quezon City: Office of Research and Publications

Robert Fulghum. (Year?) All I Really Need to Know I learned in Kindergarten. New York: Ballantine Books.

The Natural Law Tradition in Ethics. Retrieved October 9, 2013 from http://plato.stanford.edu/entries/natural-law-ethics/.

"Origin and uses of primum non nocere--above all, do no harm!" Retrieved October 10, 2013 from http://www.ncbi.nlm.nih.gov/pubmed/15778417.

WMA Declaration of Helsinki - Ethical Principles for Medical Research Involving Human Subjects. Retrieved October 10, 2013 from http://www.wma.net/en/30publications/10policies/b3/

Universal Declaration of Human Rights. Retrieved October 11, 2013 from http://www.ohchr.org/EN/UDHR/Pages/Language.aspx?LangID=tgl.

The Universal Declaration of Human Rights. Retrieved October 11, 2013 from http://www.un.org/en/documents/udhr/index.shtml.

The 1987 Constitution of the Republic of the Philippines. Retrieved October 11, 2013 from http://www.gov.ph/the-philippine-constitutions/the-1987-constitution-of-the-republic-of-the-philippines/

DRAFT March 31, 2014

Edukasyon sa Pagpapakatao

Baitang 9

Ikalawang Markahan

MODYUL 6: KARAPATAN AT TUNGKULIN

A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Kapamilya ka ba? O Kapuso? Kung wala sa dalawa, siguro, Kapatid ka. Kadalasan sila ang nag-aagawan sa pagiging una sa *rating* pagdating sa mga programang kanilang ibinabahagi sa buong mundo. Pero sandali. Bago natin pagtalunan ito, matanong kita.

Sino ang dapat? Kanino dapat? Sino ang karapat-dapat?

Ito ay usapang pantelebisyon lamang ngunit may pagkakatulad ang mga kapamilya, kapuso at kapatid. Ano kaya iyon? Tao ang pinag-uusapan natin sa mga tawag na iyon sa mga masusugid na tagasubaybay ng iba't ibang *television network*. Kapamilya, kapuso o kapatid man lahat sila ay may K.

Sa Modyul 5, binigyang tuon ang Likas na Batas Moral o *Natural Law* . Naunawaan mo ang mahahalagang bagay upang makamit ang kabutihan ng lahat. Una ay ang pagsunod sa Likas na Batas Moral na siyang nagbibigay kasiguruhan sa pagtugon sa kung ano ang pangangailangan ng tao. Umaayon ang batas na ito sa dignidad ng tao at sa kung ano ang hinihingi ng tamang katwiran. Alam mo na din ngayon kung ano ang pinagkaiba ng mabuti at tama.

DRAFT
March 31, 2014

Inaasahang gagamitin mo ang lahat ng mga pag-unawang ito upang maipamalas mo ang mga layuning pampagkatuto na inaasahan sa modyul na ito.

Sa huli'y inaasahang masasagot mo ang mahahalagang tanong na: **Bakit kailangan ng tao na alamin at unawain ang mga karapatang pantao? Sa paanong paraan magkakaroon ng tunay na kabuluhan ang karapatan? Paano ka kikilos upang maituwid ang nasaksihang na mga paglabag sa mga karapatang pantao sa pamilya, paaralan, baranggay/pamayanan, o lipunan/bansa ?**

Humanda ka at may naghihintay pa sa iyong hamon. Alamin kung ano ang dapat at nararapat para sa iyo at sa iyong mga kapamilya, kapuso at kapatid.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

6.1 Natutukoy ang mga karapatan at tungkulin ng tao

6.2 Nasusuri ang mga paglabag sa karapatang pantao na umiiral sa pamilya, paaralan,

baranggay/pamayanan, o lipunan/bansa

6.3 Napaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin

6.4 Naisasagawa ang mga angkop na kilos upang ituwid ang mga nagawa o namasid na paglabag sa mga karapatang pantao sa pamilya, paaralan, barangay/pamayanan o lipunan/bansa

Narito ang mga batayan ng pagtataya ng kinalabasang proyekto sa Kasanayang Pampagkatuto 6.4:

a. Makagawa ng angkop na *action plan* na magtutuwid sa namasid na paglabag sa karapatang tao sa pamilya, paaralan, barangay/pamayanan o lipunan/bansa.
b. Maisagawa ang indibidwal na gawain sa bawat araw na patungkol sa karapatang pantao.
c. Magkaroon ng proyekto na nagpapatunay ng pagsasagawa ng tungkulin sa pamayanan o lipunan.
d. May kalakip na pagninilay tungkol sa namasid na paglabag sa karapatang pantao at sa tungkuling ginampanan para sa kapwa at lipunan.

DRAFT

Paunang Pagtataya

Panuto: Basahin mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

March 31, 2014

Piliin ang letra ng tamang sagot para sa *bilang 1-3*.

1. Ano ang totoo para sa karapatan, kasunduan, kabutihan at kawanggawa?
   a. Ito ay mga bagay na pansarili lamang.
   b. Ito ay mahahalagang bagay para sa lahat ng nilalang.
   c. Ito ay mahalagang bagay na nararapat na mayroon ang bawat tao.
   d. Ito ay magdudulot ng pagkakapantay-pantay sa tao.
2. Ang pagiging may pananagutan, mapagpalaya at may pagpapahalaga sa dignidad ay _____.
   a. inaasahang magawa at maisakatuparan ng tao para sa sarili at sa lipunang kanyang kinagagalawan.
   b. maaaring maging hadlang upang maging isang mabuting mamamayan.
   c. magpapatunay na ikaw ay karapat-dapat na mabuhay.
   d. ang magdadala nang isang masaganang pamumuhay.
3. Ano sa mga sumusunod ang **hindi gaanong** importanteng batayan ng pagkatao at halaga ng tao?

a. Konsensiya b. Dignidad c. Katwiran d. Kilos-loob

Para sa *bilang 4-6*, basahin at tukuyin kung ang mga sumusunod na pangungusap ay **tama** o **mali**.

_____ 4. Ang pagkakaroon ng karapatan at kalayaan ay likas sa tao.

_____ 5. Ang karapatan ng tao ang palaging mangangalaga sa kanya bilang tao.

_____ 6. Sa isip lamang nakaugat ang kalayaan at katwiran ng tao.

_____ 7. May kaugnayan ang kalayaan at katwiran sa karapatan at tungkulin ng tao sa lipunan.

Para sa *bilang 8-10*, basahin at suriin ang mga pangyayari. Pumili sa kung ano ang nararapat mong gawin ayon sa Likas na Batas Moral.

8. Nakita mo ang iyong nakatatandang kapitbahay na pinapalo ang kanilang pusa sa kadahilanang itinakbo nito ang pagkain nila na nasa hapag-kainan.

a. Kukuhanin ko ang pusa at kakalingain ko ito sa aming tahanan.

b. Kukuhanan ko nang video ang pangyayari at ia-*upload* sa *Youtube.*

c. Aawatin ko ang aming kapitbahay bago pa niya lalo pang masaktan ang pusa.

d. Papanoorin ko na lang ang pananakit ng matanda dahil maysala ang pusa.

DRAFT

9. Isang lalaking de-kotse, pinagagalitan ang isang matandang drayber dahil sa hindi pagparada nang tama ng kanyang dyip. Habang pinagsasalitaan nang hindi maganda ang matandang drayber ay naroon sa tabi niya ang kaniyang paslit na apo.

March 31, 2014

a. Panonoorin ko ang nangyayaring kaganapan.

b. Tatawag ako ng kinauukulan tulad ng barangay tanod o pulis para mamagitan sa kanila.

c. Pupuntahan ko ang lalaki at ang matandang drayber. Pagsasabihan ko sila na tumigil na.

d. Tatawagin ko ang paslit na apo para lumayo kami sa kaganapan.

10. Kayong magkaka-eskuwela ay nasa paborito ninyong kainan. May pumasok na binatilyo na hindi maikakailang ay may kapansanan sa paglalakad. Napansin mong walang bakanteng lamesa at upuan para sa binatilyo na tila uhaw at gutom na.

a. Tatawagin ko siya para umupo nang sandali sa aming lamesa habang naghihintay siya ng malulugaran.

b. Hahayaan ko siya at patuloy akong makikipagkwentuhan at tawanan sa aking mga kaeskwela.

c. Tatawagin ko ang pansin ang isa sa mga *service crew* para maglaan ng lugar para sa mga taong may kapansanan.

d. Makikipagkilala at makikipagkwentuhan ako sa binatilyong may kapansanan habang hindi pa siya nakakahanap ng lugar sa kainan.

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Alam mo ba ang nararapat sa iyo bilang tao? Ano naman ang kaukulang tungkulin mo?

Gawain 1 : Pagsibol

Ang tao ay tulad ng isang binhi. Mula sa pagiging binhi, magkakaroon ng ugat at may sisibol na mga munting dahon. Sa bawat pagsibol ng mga dahon nito, nagpapahiwatig ito na may buhay at karapatan ito sa mundong kanyang gagalawan.

Panuto: Magbalik- tanaw kung ano ang kahulugan para sa iyo ng karapatan. Isulat sa dahon ang pagkakaunawa mo sa **karapatan**.

For the illustrator:

Isang binhi na may sumisibol na mga dahon.

Pakigawang malaki dahil may isusulat ang mag-aaral sa dahon nito.

Ma 014

Sagutin ang mga tanong sa inyong kuwaderno:

1. Ano ang mga kahulugang naisulat mo sa mga dahon?
2. Ano pa ang hindi mo alam at gusto mo pang matutuhan tungkol sa karapatan?
3. Ano ang pinakamalapit sa puso mong naibigay na kahulugan ng karapatan? Bakit?.

Ang karapatan ay mga bagay na nararapat sa bawat nilalang.

Gawain 2 : Kalapati

Ang kalapati o anumang uri ng ibon ay may taglay na katangian. Taglay nito ang pagiging malaya at may karapatang makalipad at makadapo sa kung saang sanga niya ibig. Ikaw din ay may angking karapatan bilang tao. Ngayon naman ay tukuyin mo ang mga karapatang pantao.

Panuto: Isulat mo sa bawat laso na nakakabit sa kalapati ang mga pantaong karapatan.

For the illustrator:

Isang kalapati na tangay-tangay sa kanyang paa ang mga lasong ito.



DRAFT
March 31, 2014

Sagutin mo ang mga tanong na sumusunod:

1. Ano-anong mga karapatan ang natukoy mo?
2. Alin sa mga natukoy na karapatan ang maituturing mong mahalaga? Bakit?
3. Saan kaya patutungo ang pagtukoy mo sa mga karapatang pantao?

Ang ugat ng karapatang pantao ay makikita sa taglay na dignidad ng tao.

Gawain 3: Tao Po

Ayon sa iyong pagkakaunawa nalaman mo na ang kahulugan ng karapatan gayon na rin kung ano ang mga karapatang pantao. Palawakin mo pa ang iyong nalalaman sa kung ano ang maidudulot sa tao ng pagkakaroon ng karapatan.

Panuto: Narito ang larawan ng isang tao. Sa bahagi ng katawan tulad ng ulo, mata, bibig, kamay, paa, at iba pa, lagyan ng tungkuling nararapat mong gawin sa pamilya, paaralan, barangay/pamayanan o lipunan/bansa.

For the illustrator:

Isang tao na kakatawan sa parehong lalaki at babae. Ang larawan ay naka side view. Pakilagyan ng arrow ang bahagi ng ulo, mata, bibig, kamay, at paa. Duon ilalagay ng mag-aaral ang mga tungkulin na nararapat niyang gawin.

DRAFT

March 31, 2014

Sagutin ang mga tanong.

1. Nailagay mo ba sa iba't ibang bahagi ng katawan ang kaukulang tungkuling dapat mong gawin? Ano-ano ang mga ito?
2. Ang mga tungkuling ito ba ay tumutugon sa mga karapatang pantao? Magbigay ng halimbawa at ipaliwanag.

Ang tungkulin bilang tugon sa karapatang pantao ay hindi para sa sarili lamang. Sa halip, ito ay para sa ating pamilya, paaralan, baranggay/pamayanan at lipunan/ bansa.

C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Matapos mong maibigay ang kahulugan ng karapatan, matukoy ang iba't ibang karapatang pantao at matuklasan ang tungkuling inaasahang gagawin mo, narito ang mga makapukaw-damdaming larawan na naganap sa iba't ibang panig ng mundo.

Gawain 1: Sine ng Buhay

Panuto:

1. Suriing mabuti ang mga larawan sa *film strip*.
2. Ano ang mapapansin mo sa bawat larawan?
3. May paglabag ba sa karapatang pantao sa mga larawang ito? Ipaliwanag ang sagot.
4. Ikaw, tunay ka bang nakasaksi ng mga ganitong pangyayari sa pamilya, paaralan, baranggay/pamayanan o sa lipunan/bansa? Ano ang ginawa mo para mahinto ang walang-awang paglabag na ito?
5. Matapos ang pagsusuri sa mga larawan ay makipagbahagi sa isa o dalawang kamag-aral tungkol sa mga sagot mo sa ika-apat na bilang.

DRAFT

For the illustrator:

May 3 or 4 na larawan dito na nasa anyong film strips. Mga larawan ng 1. Mga kabataang natutulog sa mga bangketa, 2. Sanggol na nasa basurahan, 3. Lalaki na nakapiring, dala-dala ng mga pulis o military, 4. Pamilya na nademolish ang bahay

Marc 014

Magiging pipi at bulag ka na lamang ba sa mga ganitong pangyayaring nasaksihan mo sa lipunan?

D. PAGPAPALALIM

Karapatan at Tungkulin

For the illustrator:

Tao na kumakatok sa pinto

Tao po. Ito ang mga katagang madalas sinasambit ng mga Pilipino kapag kumatok sa tarangkahan ng isang tahanan at mayroong hinahanap. Kahit na sabihin pa nating may mga wikang banyagang pagbati tulad ng *Hi, Hello, Ni hao at Hola* na pagbati, ang katagang *Tao po* ay bahagi pa rin ng kulturang *Filipino*. Ngunit ang mga katagang iyan ay hindi lamang basta paghahahap sa isang kaibigan o kakilala.

Sa halip, ang mga ito ay pagbibigay-halaga sa pagkatao ng tao. Ang pagkatao ng (isang) tao ayon kay Dr. Manuel Dy, sa kaniyang artikulong pinamagatang, *Ang Pagtuturo ng Pilosopiya sa K to 12 Edukasyon sa Pagpapakatao,* ay ang pagiging *sino ng tao*, ang paglikha ng bukod-tanging sarili. Dagdag pa rito, “ang sarili ang persona na binubuo ng iba’t ibang kamalayan: kamalayang mag-isip, kamalayang makiramdam, kamalayang kumilos, kamalayang magwika”. Ang magbibigkis sa mga nabanggit na mga kamalayan at upang ito ay magkaroon ng patutunguhan ay ang *halaga ng tao*. At dito sa halaga ng tao nakabatay ang dignidad niya.

DRAFT

Ang tao ay may malalim na kahulugan at pinagmulan. Ang halaga ng tao ay nasa kaniyang dignidad bilang isang nilikha ng mga Banal na Nilalang. Bilang isang tao, siya ay may angking karapatan. Ang simulain o ugat ng mga karapatang pantao ay masusumpungan o makikita sa dignidad na taglay ng bawat tao.

March 31, 2014

Karapatang Pantao

Tao po. May karapatan ka ba? Ano ang nararapat sa iyo bilang tao?

Tuloy ka at ating suriin ang mga karapatan at karapatang pantao.

Ang karapatang pantao ay mga prinsipyong gumagabay sa pananaw ng tao tungkol sa pagtrato ng kaniyang kapuwa, at sa dignidad niya bilang tao. Marami sa mga ito ang ginawa nang batas upang mapangalagaan ang bawat tao sa mundo. Ngunit isaisip na nararapat ding pangalagaan ng tao ang kanyang mga karapatan.

Mayroong konsehong pinangunahan ng mga indibidwal mula sa iba’t ibang panig ng daigdig ang bumuo ng Universal Declaration of Human Rights sa taong 1946. Ang UDHR ay pinagtibay ng United Nation General Assembly noong ika-10 ng Disyembre, 1948. Ito ay itinaguyod bilang bunga ng mapait na karanasang dulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa pagtatapos ng digmaan ay sumibol ang United Nations at ang mga bumubuo nito ay nanumpa na hindi na kailanman magaganap ang anumang pagtutunggali

sa buong mundo. Ang mga pinuno ng bawat bansa ay nagbigay kasiguraduhan sa karapatang pantao ng bawat isa saan mang dako ng daigdig.

Ang deklarasyong ito ay naglalayong mapaigting sa pamamagitan ng edukasyon ang karapatan at kalayaan ng bawat nilalang. Narito ang mga nakapaloob sa Pandaigdig na Pagpapahayag ng mga Karapatan ng Tao ng mga Nagkakaisang Bansa (Universal Declaration of Human Rights) :

Artikulo 1

Ang lahat ng tao'y isinilang na malaya at pantay-pantay sa karangalan at mga karapatan. Sila'y pinagkalooban ng katwiran at budhi at dapat magpalagayan ang isa't isa sa diwa ng pagkakapatiran.

Artikulo 2

Ang bawat tao'y karapat-dapat sa lahat ng karapatan at kalayaang nakalahad sa Pahayag na ito, nang walang ano mang uri ng pagtatangi, gaya ng lahi, kulay, kasarian, wika, relihiyon, kuro-kurong pampulitika o iba pa, pinagmulang bansa o lipunan, ari-arian, kapanganakan o iba pang katayuan.

Bukod dito, walang pagtatanging gagawin batay sa katayuang pampulitika, hurisdiksiyunal o pandaigdig na kalagayan ng bansa o teritoryong kinabibilangan ng isang tao, maging ito ay nagsasarili, itinitiwala, di-nakapamamahala sa sarili o nasa ilalim ng ano mang katakdaan ng soberanya.

DRAFT

Artikulo 3

Ang bawat tao'y may karapatan sa buhay, kalayaan at kapanatagan ng sarili.

March 31, 2014

Artikulo 4

Walang sino mang aalipinin o bubusabusin; ipagbabawal ang ano mang anyo ng pang-aalipin at ang pangangalakal ng alipin.

Artikulo 5

Walang sino mang pahihirapan o lalapatan ng malupit,di-makatao o nakalalait na pakikitungo sa parusa.

Artikulo 6

Ang bawat tao'y may karapatang kilalanin saan mang dako bilang isang tao sa harap ng batas.

Artikulo 7

Ang lahat ay pantay-pantay sa harap ng batas at may karapatan sa walang pagtatangi ng pangangalaga ng batas. Ang lahat ay may karapatan sa pantay na pangangalaga laban sa ano mang pagtatangi-tanging nalalabag sa Pahayag na ito at laban sa ano mang pagbubuyo sa gayong pagtatangi-tangi.

Artikulo 8

Ang bawat tao'y may karapatan sa mabisang lunas ng karampatang mga hukumang pambansa tungkol sa mga gawang lumalabag sa pangunahing mga karapatan na ipinagkaloob sa kanya ng saligang batas o ng batas.

Artikulo 9

Walang sino mang ipaiilalim sa di-makatwirang pagdakip, pagpigil o pagpapatapon.

Artikulo 10

Ang bawat tao'y may karapatan sa ganap na pagkakapantay-pantay, sa isang makatarungan at hayag na paglilitis ng isang hukumang malaya at walang kinikilingan, sa pagpapasiya ng kanyang mga karapatan at panangutan at sa ano mang paratang na kriminal laban sa kanya.

Artikulo 11

1. Ang bawat taong pinararatangan ng pagkakasalang pinarurusahan ay may karapatang ituring na walang-sala hanggang di-napatutunayang nagkasala alinsunod sa batas sa isang hayag na paglilitis na ipinagkaroon niya ng lahat ng garantiyang kailangan sa kanyang pagtatanggol.

2. Walang taong itituturing na nagkasala ng pagkakasalang pinarurusahan dahil sa ano mang gawa o pagkukulang na hindi isang pagkakasalang pinarurusahan, sa ilalim ng batas pambansa o pandaigdig, noong panahong ginawa iyon. Hindi rin ipapataw ang parusang lalong mabigat kaysa nararapat nang panahong magawa ang pagkakasalang pinarurusahan.

DRAFT

Artikulo 12

March 31, 2014

Walang taong isasailalim sa di-makatwirang panghihimasok sa kanyang pananhimik, pamilya, tahanan o pakikipagsulatang ni sa tuligsa sa kanyang karangalan at mabuting pangalan. Ang bawat tao'y may karapatan sa pangangalaga ng batas laban sa gayong mga panghihimasok o tuligsa.

Artikulo 13

1. Ang bawat tao'y may karapatan sa kalayaan ng pagkilos at paninirahan sa loob ng mga hanggahan ng bawat estado.

2. Ang bawat tao'y may karapatang umalis sa alin mang bansa, pati na sa kanyang sarili, at bumalik sa kanyang bansa.

Artikulo 14

1. Ang bawat tao'y may karapatang humanap at magtamasa sa ibang bansa ng pagpapakupkop laban sa pag-uusig.

2. Ang karapatang ito'y hindi mahihingi sa mga pag-uusig na tunay na nagbubuhat sa mga pagkakasalang di-pampulitika o sa mga gawang nasasalungat sa mga layunin at simulain ng mga Bansang Nagkakaisa.

Artikulo 15

1. Ang bawat tao'y may karapatan sa isang pagkamamamayan.

2. Walang sino mang aalisan ng kanyang pagkamamamayan ng walang katwiran ni pagkakaitan ng karapatang magpalit ng kanyang pagkamamamayan.

Artikulo 16

1. Ang mga lalaki't babaeng may sapat na gulang ay may karapatang mag-asawa at magpamilya nang walang ano mang pagtatakda dahil sa lahi, bansang kinabibilangan o relihiyon. Nararapat sila sa pantay-pantay na karapatan sa pag-aasawa, sa panahong may asawa at pagpapawalang bisa nito.

2. Ang pag-aasawa'y papasukan lamang sa pamamagitan ng malaya at lubos na pagsang-ayon ng mga nagbabalak magkapangasawahan.

3. Ang pamilya ay likas at pangunahing pangkat sa sangay ng lipunan at karapat-dapat sa pangangalaga ng lipunan at ng Estado.

Artikulo 17

1. Ang bawat tao'y may karapatang mag-angkin ng ari-arian nang mag-isa gayon din na kasama ng iba.

2. Walang sino mang aalisan ng kanyang ari-arian nang walang katwiran.

DRAFT

Artikulo 18

Ang bawat tao'y may karapatan sa kalayaan ng pag-iisip, budhi at relihiyon; kasama sa karapatang ito ang kalayaang magpalit ng kanyang relihiyon o paniniwala maging nag-iisa o kasama ang iba sa pamayanan upang ipakilala ang kanyang relihiyon o paniniwala sa pagtuturo, pagsasagawa,pagsamba at pagtalima.

March 31, 2014

Artikulo 19

Ang bawat tao'y may karapatan sa kalayaan ng pagkukuro at pagpapahayag; kasama ng karapatang ito ang kalayaan at kuru-kuro nang walang panghihimasok at humanap, tumanggap at magbigay ng impormasyon at kaisipan sa pamamagitan ng alin mang paraan ng pagkakalat at walang pagsasaalang-alang ng mga hanggahan.

Artikulo 20

1. Ang bawat tao'y may karapatan sa kalayaan sa mapayapang pagpupulong at pagsasamahan.

2. Walang sino mang pipiliting sumapi sa isang kapisanan.

Artikulo 21

1. Ang bawat tao'y may karapatang makilahok sa pamahalaan ng kanyang bansa, sa tuwiran o sa pamamagitan ng mga kinatawang malayang pinili.

2. Ang bawat tao'y may karapatan sa pantay na pagpasok sa paglilingkod pambayan ng kanyang bansa.

3. Ang kalooban ng bayan ang magiging saligan ng kapangyarihan ng pamahalaan; ang kaloobang ito'y ipahahayag sa tunay na mga halalan sa pana-panahon sa pamamagitan ng pangkalahatan at pantay-pantay na paghahalal at idaraos sa pamamagitan ng lihim na balota o sa katumbas na pamamaraan ng malayang pagboto.

Artikulo 22

Ang bawat tao, bilang kasapi ng lipunan, ay may karapatan sa kapanatagang panlipunan at nararapat na makinabang sa pamamagitan ng pambansang pagsisikap at pakikipagtulungang pandaigdig at alinsunod sa pagkakabuo at mga mapagkukunan ng bawat Estado, sa mga karapatang pangkabuhayan, panlipunan at pangkalinangan na lubhang kailangan para sa kanyang karangalan at sa malayang pagpapaunlad ng kanyang pagkatao.

Artikulo 23

1. Ang bawat tao'y may karapatan sa paggawa, sa malayang pagpili ng mapapasukang hanapbuhay, sa makatarungan at kanais-nais na mga kalagayan sa paggawa at sa pangangalaga laban sa kawalang mapapasukang hanap-buhay.
2. Ang bawat tao'y may karapatan sa kapantay na bayad ng kapantay na gawain, nang walang ano mang pagtatangi.
3. Ang bawat taong gumagawa ay may karapatan sa makatarungan at nababatay sa kabayarang tumitiyak sa kanyang sarili at sa kanyang pamilya ng kabuhayang karapat-dapat sa karangalan ng isang tao, at pupunan, kung kailangan, ng iba pang paraan ng pangangalangang panlipunan.
4. Ang bawat tao'y may karapatang magtatag at umanib sa mga unyon ng manggagawa para sa pangangalaga ng kanyang mga kapakanan.

DRAFT
March 31, 2014

Artikulo 24

Ang bawat tao'y may karapatan sa pamamahinga at paglilibang, kasama ang mga makatwirang pagtatakda ng mga oras ng paggawa at may sahod sa mga pana-panahong pista opisyal.

Artikulo 25

1. Ang bawat tao'y may karapatan sa isang pamantayan ng pamumuhay na sapat para sa kalusugan at kagalingan ng kanyang sarili at ng kanyang pamilya, kasama na ang pagkain, pananamit, paninirahan at pagpapagamot at kinakailangang mga paglilingkod panlipunan, at ng karapatan sa kapanatagan sa panahong walang gawain, pagkakasakit, pagkabalda, pagkabalo, katandaan at iba pang kakapusan sa ikabubuhay sa mga di-maiiwasang pangyayari.
2. Ang pagkaina at pagkabata ay nararapat sa tanging kalinga at tulong. Ang lahat ng bata, maging anak na lehitimo o di-lehitimo, ay magtatamasa ng gayon ding pangangalagang panlipunan.

Artikulo 26

1. Ang bawat tao'y may karapatan sa edukasyon. Ang edukasyon ay walang bayad, doon man lamang sa elementarya at pangunahing antas. Ang edukasyong elementarya ay magiging sapilitan. Ang edukasyong teknikal at propesyonal ay gagawing maabot ng lahat at ang lalong mataas na edukasyon ay ipagkakaloob nang pantay-pantay sa lahat batay sa pagiging karapat-dapat.

2. Ang edukasyon ay itutungo sa ganap na pagpapaunlad ng pagkatao at sa pagpapalakas ng paggalang sa mga karapatan ng tao at mga pangunahing kalayaan. Itataguyod nito ang pagkakaunawaan, pagbibigayan, at pagkakaibigan ng lahat ng bansa, mga pangkat na panlahi o panrelihiyon, at palawakin ang mga gawain ng mga Bansang Nagkakaisa sa ikapapanatili ng kapayapaan.

3. Ang mga magulang ay may pangunahing karapatang pumili ng uri ng edukasyong ipagkaloob sa kanilang mga anak.

Artikulo 27

1. Ang bawat tao'y may karapatang makilahok nang malaya sa buhay pangkalinangan ng pamayanan, upang tamasahin ang mga sining at makihati sa mga kaunlaran sa siyensiya at sa mga pakinabang dito.

DRAFT

2. Ang bawat tao'y may karapatan sa pangangalaga ng mga kapakanang moral at materyal bunga ng alin mang produksiyong pang-agham, pampanitikan o pansining na siya ang may-akda.

Artikulo 28

March 31, 2014

Ang bawat tao'y may karapatan sa kaayusang panlipunan at pandaigdig na ang mga karapatan at mga kalayaang itinakda sa Pahayag na ito ay ganap na maisasakatuparan.

Artikulo 29

1. Ang bawat tao'y may mga tungkulin sa pamayanan sa ikaaari lamang ng malaya at ganap na pagkaunlad ng kanyang pagkatao.

2. Sa paggamit ng kanyang mga karapatan at mga kalayaan, ang bawat tao'y masasaklaw lamang ng mga katakdaan gaya ng ipinapasya ng batas ng tanging sa layunin lamang ng pagtatamo ng kaukulang pagkilala at paggalang sa mga karapatan at mga kalayaan ng iba at sa pagtugon sa makatarungang kahilingan ng moralidad, kaayusang pambayan at ng pangkalahatang kagalingan sa isang demokratikong lipunan.

3. Ang mga karapatan at kalayaang ito ay hindi magagamit sa ano mang pangyayari nang nasasalungat sa mga layunin at mga simulain ng Mga Bansang Nagkakaisa.

Artikulo 30

Walang bagay sa Pahayag na ito na mapapakahulugan ang nagbibigay sa alin mang Estado, pangkat o tao ng ano mang karapatang gumawa ng ano mang kilusan o magsagawa ng ano mang hakbang na naglalayong sirain ang nakalahad dito.

Sa kabila ng pagbuo ng deklarasyong ito, ilan pang mga *peace at human rights advocates* ang naglabas ng mga saloobin ukol sa karapatang pantao. Tulad ng Santo Papang si Juan XXIII sa kanyang *encyclical na Peace on Earth* sa taong 1963. Sa kanyang sulat ay ipinaabot niya na may labingdalawang karapatang pantao na nakabatay sa pagiging likas na tao at pag-unawa sa buhay ng tao na nag-uugat sa mga Banal na Nilalang. Sumunod naman si Juan Pablo II sa kanyang *The Hundredth Years*. Ipinahayag niya na ang karapatang mabuhay ay siyang saligan upang maisakatuparan ang iba pang karapatang pantao.

Ang karapatan ay tumutukoy sa kung ano ang nararapat o dapat para sa isang nilalang o bagay. Kung ang karamihan ay nakatanggap kung ano ang dapat para sa kaniya doon uusbong ang tinatawag na hustisya. Lubhang malawak ang sakop ng usaping karapatan. Isaalang-alang ang karapatan hindi lamang para sa tao na siyang tuon sa modyul na ito ngunit pati na rin ang mga karapatan ng iba pang may buhay tulad ng kalikasan na binubuo ng mga hayop at mga halaman.

DRAFT
March 31, 2014

www.lifewithdogs.com

Ang *People for the Ethical Treatment of Animals* o PETA at ang ating lokal na Philippine Animal Welfare Society o PAWS ay nangangalaga sa karapatang-panghayop. Itinataguyod ang pangangalaga sa hayop, at paglikha ng mga batas na nagpapataw ng kaukulang parusa sa anumang pagmamalabis ng tao sa mga hayop. Halimbawa nito ay ang pagkatay ng aso upang maibenta ang karne nito. May kaukulang multa at pagkabilanggo ang sinomang lalabag sa batas ayon sa *Animal Welfare Act of 1998.*

Dahil sa pagkilala sa mga karapatan ng hayop, nailigtas at nabigyan ng bagong buhay ang asong si Kabang. Sinagip niya ang dalawang bata sa isang aksidente, kung saan natapyas ang kaniyang ilong pati na ang pantaas na panga.

Mabuti na lamang at may nagmagandang-loob na maibalik ang kanyang nasirang bibig sa pamamgitan ng operasyon. Ang kuwentong ito ng kabayanihan ng hayop, at pagmamalasakit dito, ay patunay na hindi lamang karapatan ng tao ang maaari nating protektahan, kundi pati na rin ang karapatan ng ibang uri ng nilikha dito sa mundo.

Tao po! Sandali lang. Alam mo na ang makataong karapatan pero ikaw ba ay mulat sa tungkulin mo bilang tao? Tuloy sa isa pang makabuluhang pag-aaral.

Tungkuling Makatao

Tao po. Ano ang dapat mo nang gawin dahil (talos mo ng) may karapatan ka?

Ang bawat karapatan na tinatamasa mo bilang tao sa lipunan, saang dako ka man naroroon ay may katumbas na *pananagutan*. Ang *pananagutan o tungkulin* ay ang mga bagay na inaasahang magagawa o maisasakatuparan ng isang tao. Kung maisasagawa mo nang maayos ang mga tungkuling paggawa ng mabuti sa kapuwa, maaaring magbigay ng kaligayahan at kaganapan kung sino at ano ka bilang tao dito sa mundo.

Ang *InterAction Council*, isang independiente at pandaigdigang samahan na naglalayong patatagin ang pandaigdigang pagdadamayan ang nagmungkahi ng Pandaigdig na Pagpapahayag ng Tungkulin ng Tao *(Universal Declaration of Human Responsibilities*) sa United Nations. Ang pagpapahayag ay nagsumikap na tapatan ng kaakibat na tungkulin ang mga nabanggit na karapatang pantao. Ito ay binuo sa taong 1997, isang taon bago ang ikalimampung taong anibersaryo ng *Universal Declaration of Human Rights*. Ito ay naglalayong dalhin ang kalayaan at tungkulin sa isang pantay na antas at itaguyod ang kalayaang *makilahok* sa halip na panaigin ang lipunang hindi nagmamalasakit sa kapwa.

Tunghayan ang pangyayaring ito na naganap dito sa ating bansa.

March 31, 2014

Naging laman ng pahayag sa taong 2010 ang Manila hostage crisis o mas matatandaan bilang Rizal Park hostage-taking incident. Ito ay nagsimula nang bihagin ni Rolando Mendoza, isang napatalsik na police officer ng Philippine National Police, ang isang tourist bus sa Intramuros, Maynila. Ang bus ay naglalaman ng dalawampu't-limang turista na galing sa Hongkong at isang tourist guide. Ang nais niya lamang ay makabalik sa kanyang trabaho. Ayon sa kanya siya daw ay hindi makatwirang inalis sa tungkulin. Gusto niyang magkaroon ng karapatang dinggin muli ang kanyang kaso sa hukuman at maipagtanggol ang sarili. Nagkaroon ng negosasyon sa gabi ng Agosto 23 sa taong nabanggit sa mismong Quirino Grandstand. Ngunit hindi naging matagumpay ang lahat. Nauwi sa pagkasawi ni Mendoza at ng walong Hongkong nationals na ikinasugat ng iba pa ang pangyayari yaon. Ayon sa imbestigasyong ginawa, may kahinaan ang kapulisan sa pagpapangasiwa ng sitwasyon.

May nilabag bang karapatang pantao sa sitwasyong nabanggit? Balikan mo at suriin.

Ayon na rin sa nabasa ninyo, bigyang pansin naman ang tungkuling nakapaloob sa bawat karapatan. Narito ang ilan sa mga iminungkahi ng konseho ng InterAction tungkol sa Tungkulin ng Tao:

1. Ang bawat tao, hindi alintana ang kasarian, pinagmulan, katayuan sa lipunan, wika, edad, relihiyon, nasyonalidad, ay may pananagutan na pakitunguhan ang lahat ng tao sa makataong pamamaraan.

Ang makipagkaibigan ay isa nating angking kakayahan bilang tao. Tayo ay may tungkulin na pakitunguhan sila nang maayos at walang pagdududa.

2. Ang lahat ng tao ay may pananagutan na pagsumikapang pangalagaan ang dignidad at pagpapahalaga sa sarili at kapuwa.

Iginalang ba si R.Mendoza at ang mga turista? Ano ang pananagutan ng mga opisyal sa pangyayaring iyon?

3. Ang bawat tao ay may pananagutang itaguyod ang mabuti at maiwasan ang kasamaan sa lahat ng bagay.
4. Ang lahat ng tao na pinagkalooban ng katwiran at budhi ay may pananagutan sa lahat, sa pamilya at lipunan, sa lahi, bansa at relihiyon.
5. Ang lahat ng tao ay may pananagutang igalang ang buhay.

Walang sinuman ang maaaring kumitil sa buhay ng tao. Sa mga pahayagan, may mga balita tungkol sa mga bagong panganak na sanggol na iniiwanan sa pusali, sa basurahan, o hindi kaya sa pinto ng mga simbahan. Nasaan ang paggalang sa kaloob na buhay ng Banal na Nilalang sa ganitong pangyayari?

6. Ang bawat tao ay may pananagutang kumilos nang may integridad, katapatan at pagkamakatarungan.

Naging makatarungan ba ang mga taong gumagawa ng ganoon sa mga sanggol?

7. Ang lahat ng tao na pinagkalooban ng sapat na kakayahan ay may pananagutan na magsumikap upang mapaglabanan ang kahirapan, pagkagutom, kamangmangan at hindi pagkapantay-pantay. Marapat lamang na itaguyod nila ang pagpapaunlad sa

buong mundo ng sa gayon ay matiyak ang dignidad, kalayaan, seguridad at katarungan sa lahat.

8. Ang lahat ng tao ay may pananagutan na paunlarin ang kanilang talento sa pamamagitan ng masigasig na paggawa. Ang lahat ay kinakailangan magkaroon ng patas na pribilehiyo na makapag-aral at "pagkakaroon ng makabuluhang trabaho/hanapbuhay." Ang lahat ng tao ay handang tumulong sa mga aba, may kapansanan at biktima ng diskriminasyon.

Kilala natin si Apl de Aps at kung paano niya naabot ang kinalalagyan niya ngayon bilang isang sikat na *international singer*. Kahit hindi man niya nakilala ang banyagang ama at dumaan sa hirap ng buhay, nagawa pa rin niyang paunlarin ang kanyang sarili sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kanyang talento at pagtulong sa kapwa.

9. Ang lahat ng tao ay may pananagutan na magsalita at kumilos nang may katapatan.

DRAFT

10. "Ang kalayaan sa pamamahayag ay dapat gamitin nang may responsabilidad at masusing pagpapasya". Ang kalayaang ito ay nagdadala ng namumukod-tanging pananagutan para sa isang wasto at matapat na pag-uulat. Kailangang iwasan ang dramatikong pag-uulat na nagpapababa sa dignidad ng tao.

March 31, 2014

Sa kasalukuyan, sino sa palagay mo sa mga mamamahayag ng bansa ang gumaganap nang tama sa kanyang tungkulin? Paano ginampanan nina Atom Araulo, Jiggy Manicad, Kabayan Noli De Castro, Korina Sanchez at iba pa ang kanilang tungkulin sa pamamahayag?

11. Ang kalayaang panrelihiyon ay nararapat bigyang katiyakan kaya naman ang mga kumakatawan sa bawat relihiyon ay may pananagutan na iwasan ang pahayag na may kinikilingan at diskriminasyon patungkol sa ibang pananampalataya.

Si Beato Juan Pablo II ay isang huwarang halimbawa para sa tungkuling ito. Nakuha niyang maglakbay sa iba't ibang panig ng daigdig para makipagkilala at makihalubilo sa taong may iba't ibang relihiyon. Sa panahon niya ay nagkaroon ng pagtitipon-tipon na dinaluhan ng maraming mananampalataya. Ito ay ang Pandaigdigang Araw ng Pananampalataya para sa Kapayapaan kung saan ang lahat ay sama-samang nanalangin at nag-ayuno.

12. Ang bawat lalaki at babae ay may pananagutang ipakita ang paggalang sa isa't isa. Walang sinuman ang magsasailalim ng ibang tao sa pananamantalang sekswal o dependensiya. Sa halip, ang magkabiyak ay dapat tanggapin ang responsabilidad na kalingain ang bawat isa.

13. Ang pagpaplano ng pamilya ay pananagutan ng mag-asawa. Ang ugnayan sa pagitan ng magulang at mga anak ay dapat magpakita ng pag-ibig, paggalang, pagpapahalaga at pagmamalasakit. Walang magulang o ibang nakatatanda ang mananamantala at mang-aabuso ng bata.

Ang sekswalidad ay isang handog na kaloob ng mga Banal na Nilalang kaya naman marapat na gamitin sa tamang paraan. Kasabay nito ay ang tungkuling magplano ng pamilya at maging mabuting ehemplo sa mga supling.

Nauunawaan mo ba ang mga tungkulin o pananagutan mo sa lipunan? Ito ay mga hamon para sa isang makabuluhang pamumuhay dito sa mundo.

DRAFT

Kung susuriin ang karapatan at tungkulin ito ay katulad din ng sa manggagamot o doktor. Maituturing na ganap na doktor ang isang tao kung gagamitin niya o isasabuhay niya ang kanyang sinumpaang tungkulin.

May karapatan ang bawat taong nilikha, kaya naman mayroon naghihintay na karampatang paggawa at ito ang tungkulin ng tao sa lipunan.

March 31, 2014

Isa pang halimbawa ay si Peter Parker o si Spider-man. Matatandaan sa pelikula ang sinambit ng kanyang tiyo, "With great power comes great responsibility". Matapos magkaroon ni Peter Parker ng kakaibang galing at lakas, kasabay nito ang pagyakap sa gawaing panlipunan. Ginamit niya sa kapaki-pakinabang na paraan ang kaloob sa kaniyang kapangyarihan.

Ang hamon sa atin ng lipunan na ating tingnan kung ano ba talaga ang tungkulin natin sa pang-araw-araw na pamumuhay. Narito ang ilan:

a. Pagsunod sa takdang oras ng pagpasok sa eskuwelahan

b. Pagsunod sa tamang kasuotan sa paaralan at kung saan may hiniling na tamang pananamit. (Tulad sa simbahan. May ibang relihiyon na kailangang nakabestida ang babae.)

c. Pagsusuot ng *identification card* sa mga opisina o mga tanggapan

d. Pagbabayad ng tamang buwis sa gobyerno ng bawat mamamayan

e. Pagsunod sa batas trapiko

f. Pagbibigay-galang sa bawat isang nilalang

Ang karapatang pantao na kaloob ng mga Banal na Nilalang ay hindi pansarili lamang. Ang kaganapan nito ay nasa pakikipagkapwa-tao sa lipunan. Kapag ang isang tao ay mabuting nakikipag-ugnayan sa kapwa niya, magdudulot ito ng kaligayahan, kapayapaan at pagkakaisa.

Ngunit hindi lingid sa atin na sa pang-araw-araw na pangyayari ay hindi laging ganoon kaganda ang nababasa sa mga pahayagan o nakikita sa paligid. Ito ay dahil may mga nagaganap na paglabag sa karapatang pantao.

Mga Paglabag sa Karapatang Pantao

Ngayong alam mo na ang iyong mga karapatan at mga tungkuling nararapat mong gawin, mas mabuting maging mulat ang iyong isip at puso sa iba't ibang anyo ng paglabag sa karapatang pantao. Ilan sa mga paglabag ay ang mga sumusunod:

1. *Pagpatay sa sanggol.* Ito ay pagkitil sa buhay ng bagong silang na sanggol. Tulad ng isang babae na taga-Kenosha, Wisconsin, sa Amerika, na nahatulan ng sampung taon na pagkakabilanggo sa salang pagpatay sa kanyang bagong silang na anak. Ipinanganak niya ang sanggol nang buhay ngunit isinilid niya ito sa isang basurahan sa hindi malamang kadahilanan. Kinasuhan siya ng *first-degree intentional homicide.*

Ang karapatang pantao na kaloob ay hindi pansarili lamang. Ang kaganapan nito ay nasa pakikipagkapwa-tao sa lipunan. Kapag ang isang tao ay mabuting nakikipag-ugnayan sa kapwa niya, magdudulot ito ng kaligayahan, kapayapaan at pagkakaisa.

2. *Pang-aabuso sa bata.* Ito ay ang pagmamaltrato sa mga bata pati na ang sapilitang pagpapagawa sa kanila ng mga krimen. Mayroong mga sindikato na ginagamit ang mga paslit sa mga gawaing masama tulad ng pagnanakaw, pagtutulak ng droga at cyber sex.

3. *Diskriminasyon at karahasan sa kababaihan.* Sa larangan ng *showbiz* at kahit saang panig ng mundo ang kababaihan ang lumalantad at walang takot na nagsasabi na sila ay biktima ng pisikal at sekswal na pang-aabuso ng kanilang mga kabiyak. Ito ay labag sa karapatan ng mga babae.

4. *Pagwawalang-bahala sa mga may kapansanan.* Ito ay hindi makatwirang pagtrato sa mga taong may kapansanan. Isa dito ay ang hindi pagbibigay ng kaukulang pansin sa kanila

sa lugar tulad sa loob ng tren o di kaya ang hindi pagtanggap sa kanila sa larangan ng trabaho.

5. *Diskriminasyong pangkasarian.* Hanggang sa kasalukuyan, may mga nangyayari na ang kasarian ang batayan upang matanggap sa trabaho. Usaping *stereotyping* sabi nga sa wikang Ingles kung saan binibigyan o nilalagyan ng ganap na kategorya o kahulagan ang isang tao o bagay. Ito ay may kinalaman din sa kultura. Halimbawa ay ang mga Tsino sa una. Mas nanaisin ng ama na magkaroon ng anak na panganay na lalaki sa halip na babae. Ngunit ayon sa pag-aaral mas nagiging bukas na sa kasalukuyang panahon ang mga Tsino sa pagbabago o pananaw ukol sa usaping kasarian ng kanilang mga supling.

6. *Pagbebenta o ginagawang kalakal ang tao.* Laman ng pahayagan, mga bata at mga kababaihan ay ipinagbibili upang maging kasambahay o hindi kaya ilagay sa mga bahay aliwan o prostitution den.

7. *Pagkamkam ng Lupa.* Ang isyung ito ay madalas nangyayari sa mga probinsiya kung saan ang lupang alam nila na pamana ng kanilang mga ninuno ay pilit inaangkin ng mga mayayamang negosyante upang patayuan ng mga nagtataasang gusali.

8. *Galit sa ibang lahi.* Tulad ng naranasan ni Mahatma Gandhi nuong nasa Aprika nang minsang nakasakay siya sa isang tren. Isang malinaw na lahi ang naging pamantayan ng kawani ng tren ng siya ay pinaalis sa kinalalagyan niyang *first class accommodation* kung saan mayroon naman siyang tiket.

9. *Terorismo.* Ang Mindanao ay kilala sa pagkakaroon ng mga terorista. Nariyan(g) nagkaruon ng digmaan sa Zamboanga. Ito daw ay dulot ng mga terorista na gusto lamang ng gulo laban sa mga sundalo ng pamahalaan. May mga pagsabog na naganap, at pagbihag sa mga tao at mga turista ay ilan lamang sa tinatawag natin na terorismo.

Ang mga nabanggit na mga paglabag ay inyong matutunghayan sa mga pang-araw-araw na balita sa radyo, telebisyon at sa mga social networking site. Kalunos-lunos isipin ngunit talagang may mga paglabag na nagaganap sa ating lipunan. Kung ang bawat isang tao ay maisasapuso ang mga karapatang pantaong kaloob ng mga Banal na Nilalang, wala sanang masasawi at mamumuhay nang mahirap.

Ano nga ba ang malalim na implikasyon ng tinatalakay na karapatang pantao at tungkulin sa lipunan?

Tao po. Halika. Tumuloy ka. Dapat mong maunawaan ang mga konseptong ito.

Kalayaan at Katwiran

Nailahad sa iyo ang mga karapatan, tungkulin at mga paglabag

sa karapatan. Mas makabubuting balikan mo kung ano nga ba ang kahulugan ng pagpapakatao. Ang muling balikan ang pagkatao ng tao, alinsunod din sa angking karapatan at tungkulin sa lipunan, ay magbibigay-daan sa pag-unawa sa kung ano ang kaugnayan nito sa kalayaan at katwiran.

Ang tao bilang tao ay may kalayaan at may katwiran. Nilalabag din ang dalawang ito sa tuwing nilalabag ang karapatang pantao. Likas sa tao ang maging malaya. May mga karanasan ang tao na hindi naman niya pinili; sa halip, ang mga ito ay kaloob sa kanya. Tulad ng pagluwal sa tao sa mundo at magkaroon ng ama, ina, kapatid at mapabilang sa lipunan. Hindi pinili ng isang sanggol ang kanyang magiging magulang; sa halip, ay naroon na kaagad ang kanyang ina.

Dito sa aspektong ito lalabas ang kakayahan niya na mapangalagaan ang karapatan niya bilang tao. Ngunit hindi ito nangangahulagan na wala na siyang kalayaan para sa iba pang aspekto ng buhay. At sa puntong ito, uusbong ang kakayahan ng tao na makapangatwiran. Ang katwiran ang magbubukas sa isang malayang pagpili kung ano ang makabubuti sa kanya.

Ang pagpapasya sa kung ano ang nararapat gampanan sa mga tungkulin ay dala ng kaloob na karapatang pantao. Ngunit tandaan na may mga batas na kinakailangang sundin sa lipunan.

Hindi lamang pagiging malaya at may katwiran ang usapin dito. May mga bagay na dapat isinasaalang-alang. Sa muli, itanong sa sarili kung ito ba ay tama o mali? May kabutihan bang idudulot ito sa sarili at sa kapwa?

Malaki ang bahagi ng mga Banal na Nilalang sa usapin ng karapatang pantao at sa kaakibat na tungkulin sa lipunan. Ang mga Banal na Nilalang ang nagpataw sa bawat nilikha ng kalayaan at katwiran. Naisaad sa aklat na pinamagatang “Pagpapahalagang Moral: Mga Unang Hakbang” ni Dr. Rainier Ibana, “sa konteksto ng Maykapal, higit na nagiging mahalagang ipagtanggol ang mga karapatang pantao dahil hindi lamang nababatay sa sangkatauhan ang kalayaan at katwiran, isinasalamin ng tao ang kabanalan.”

For the Ilustrator: Larawan ng isang bukas na palad na may puso sa gitna nito.

Ang kalayaan at katwiran ay nakaugat sa puso ng tao kaya naman kailangang ito ay palaguin at linangin upang magkaroon ng saysay ang karapatang pantao. Kung bakit may paglabag sa mga ito ay dahil na rin sa kalayaan at katwiran.

Ikaw, paano mo lilinangin ang mga karapatang pantao?

Tandaan. May pananagutan o tungkulin ka sa lipunan na iyong ginagalawan at kinabibilangan.

Tayain ang Iyong Pag-unawa

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Makatutulong ang mga sumusunod na tanong upang masukat mo ang iyong pang-unawa sa natapos mong babasahin. Kunin ang kuwaderno at duon isulat ang mga sagot.

1. Ano ang karapatan? Magbigay ng halimbawa at ipaliwanag.
2. Sa paanong paraan ang tungkulin o pananagutan ay bahagi ng karapatan?
3. Anong mga pagpapahalaga (values) ang nakapaloob sa karapatan at tungkulin?
4. Magbigay ng halimbawa ng mga paglabag sa karapatang pantao na mayroon tayo sa kasalukuyan.
5. Bakit napakahalaga na maunawaan ang kaugnayan ng karapatan at tungkulin ng tao sa lipunan sa pagkatao ng tao? Ipaliwanag ang sagot.

DRAFT

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Anong konsepto ang naunawaan mo tungkol sa karapatan at tungkulin sa lipunan? Gumawa ng isang *flow chart.* Ipagpatuloy ang nasimulan sa ibaba.

March 31, 2014



Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?

E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Ang anomang araling natutuhan mo ay kinakailangang may kaganapan. Katulad ng nabanggit sa pagbasa, ang bawat karapatan ay may kaukulang tungkulin. Hindi maisasakatuparan ang isang konsepto kung ito lamang ay hanggang sa pahina ng inyong sipi ng modyul. Hamon ang dala nito sa iyo.

Pagganap

Panuto: Narito ang isang **KAPAMILYA, KAPUSO at KAPATID tsart**.

1. Kopyahin mo ito sa iyong kuwaderno.
2. Magmasid sa iyong pamilya, sa paaralan, sa barangay/pamayanan at sa lipunan/bansa ng mga paglabag sa karapatan ng tao.
1. Itala sa tuwing makadalawang linggo kung ano ang pangyayari at ang nilabag na karapatang pantao. Maaari kang magbasa ng mga pahayagan upang ikaw ay mulat sa kaganapan.
2. Bago matapos ang isang araw, balikan mo ang iyong tsart.
3. Suriin kung ikaw ay may nagawa para sa mga pangyayaring iyon.

DRAFT

KAPAMILYA, KAPUSO at KAPATID Tsart			
Petsa	Sitwasyon o Pangyayari	Nilabag na Karapatang Pantao	Maaari Gawin Upang Maituwid ang Paglabag

March 31, 2014

Pagninilay

Ano ang naramdaman mo sa paggawa ng gawaing iyon? Naging mahirap ba ang pagmamasid o pagtugon sa iyong nasaksihan sa iyong pamilya, paaralan, baranggay o pamayanan at sa lipunan o bansa natin?

Ipaliwanag ang iyong sagot at tukuyin ang mga dahilan kung bakit naging mahirap para sa iyo ang magmasid.

Kung anoman ang kasagutan mo ay isulat ito ng may buong katapatan sa iyong journal.

Pagsasabuhay

Marahil, napalawak na ang iyong kaalamanan at kakayahan tungkol sa karapatan at tungkulin ng tao at sa mga paglabag sa karapatang pantao. Ngunit hindi sapat na ikaw ay nakasaksi sa kung ano ang kaganapan sa pangkasalukuyan.

Ikaw na kapamilya, kapuso at kapatid ay TAO. Ang pagkatao mo ay nakasalalay sa dignidad na kaloob ng mga Banal na Maylalang. Ikaw ay may angking kagandahang loob, katarungan, katwiran at kalayaan kaya naman may pananagutan ka sa iyong lipunan.

Gawain: K.A.T Action Plan 2013-2014

1. Maghanda ng isang action plan. Ang layunin nito ay maging tiyak sa pagsasabuhay ng mga tungkulin kaakibat ng karapatang pantao.
2. Narito ang pormat. Gayahin gamit ang short bond paper at ilagay sa isang polder.

DRAFT
March 31, 2014

K.A.T. ACTION PLAN para sa taong				
Kaganapan o Pangyayari	Layunin	Gawain	Time Frame	Komentaryo

3. Sa bawat pangyayari ay mangyaring bumuo ng layunin upang mas maging tiyak ang pagkilos na gagawin.
4. Magbigay ng panahon (time frame) kung kailan ito sisimulan at matatapos.
5. At sa huli ay bigyan ng kaukulang komentaryo upang malaman kung tiyak na nagawa ang tungkulin. Maging tapat sa kung ito ay nagawa o hindi nagawa. Ang mahalaga ay pagsumikapang maging mapanagutan sa iyong pamilya, sa paaralan, barangay/pamayanan at sa lipunan/bansa.

O, kumusta? Nagawa mo ba nang maayos ang mga gawain? Kung oo, magpunta ka na sa susunod na Modyul. Kung hindi, balikan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Hingin ang tulong o paggabay ng isang kamag-aral o guro.

Binabati kita sa natapos mong modyul! Patuloy kang maging makatao at mapanagutan sa kapwa.

Mga Kakailanganing Kagamitan (websites, software, worksheet)

- Panulat
- Mga papel na hugis laso
- Marker
- Masking tape
- Folder at short bond paper
- Sagutang papel

Mga Sanggunian:

Mga Aklat:

- Compendium of the Social Doctrine of the Church. Word and Life Publishing. (2004)
- De Torre, Joseph. The Roots of Society: The Metaphysical Ground of Social Ethics. 2nd Edition Manila: Sinagtala Publishers, Inc. (1977).
- Edukasyon sa Pagpapakatao. Grade 7 Learner's Material para sa K to 12 Program. (2011).
- Ibana, Rainier R.A. Pagpapahalagang Moral: Mga Unang Hakbang. Sublime Paralytic Publications. (1996).

DRAFT
March 31, 2014

Journal:

- Dy, Manuel B. "Ang Pagtuturo ng Pilosopiya sa K to 12 Edukasyon sa Pagpapakatao." Kaisipan I, #.1 (May 2013): 18-27.

Website:

http://www.un.org/en/documents/udhr/ (retrieved October 1, 2013)

http://interactioncouncil.org/universal-declaration-human-responsibilities (retrieved October 1, 2013)

http://www.lifewithdogs.tv

http://www.organizerightnow.com

http://psms29.com/cgi/quirino-hostage-taking

http://interactioncouncil.org/about-us (retrieved last March 11, 2013)

http://www.iloveindia.com/history/modern-history/role-of-gandhi.html sinipi at isinalin sa Filipino nuong march 3, 2014

DRAFT
March 31, 2014

Edukasyon sa Pagpapakatao

Baitang 9

Ikalawang Markahan

MODYUL 7: ANG PAGGAWA BILANG PAGLILINGKOD AT PAGTAGUYOD NG DIGNIDAD NG TAO

Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?

Anak, maghugas ka na ng pinggan! Yung kuwarto mo, nalinis mo na ba? Mamaya may ipapabili ako sa tindahan ha, huwag kang aalis. Ito ay mga linyang marahil ay memoryado mo na dahil palagi mong naririnig mula sa iyong mga magulang o kapamilya. At tiyak ko, may mga pagkakataong napapagod ka na sa sunod-sunod na utos at ipinagagawa sa iyo. “Ganito ba talaga kapag tumatanda na?” “Buti pa nung bata ako wala akong ginagawa kundi maglaro” ito ang madalas mong katanungan sa iyong sarili.

DRAFT

Totoo, nag-iiba na ang sitwasyon kapag nadaragdagan ang edad, kasama rito ay ang pagdaragdag ng mga responsibilidad na kailangang harapin. May malalim na dahilan kung bakit kinakailangang iatang na sa iyo ng iyong mga magulang ang ilang mga responsibilidad sa tahanan at sa pamilya. Sa pamamagitan ng modyul na ito ay bibigyang-linaw ang mga dahilan sa likod ng unti-unting pag-aatang sa iyo ng mga gawaing dati naman ay hindi sa iyo ibinibigay. Sa pamamagitan ng mga gawain sa modyul na ito, inaasahang matutuhan mong mabigyang pagpapahalaga ang mga tungkuling iniaatang sa iyo at ang mga gawaing ipinagkakatiwala sa iyo.

March 31, 2014

Bakit nga ba mahalaga ang paggawa sa tao? Ano ang mabuting maidudulot nito sa ating pagkatao?

Ang mga tanong na ito ay unti-unting masasagot sa pamamagitan ng mga gawain at babasahin na iyong makikita sa modyul na ito.

Gusto mo na bang ganahan sa paggawa? Halika at tuklasin na natin kung paano…

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa

1. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng paggawa bilang tagapagtaguyod ng

dignidad ng tao

2. Nakapagsusuri kung ang paggawang nasaksihan sa pamilya, paaralan o baranggay/pamayanan ay nagtataguyod ng dignidad ng tao
3. Napatutunayan ang nilalaman ng batayang konsepto
4. Nakabubuo ng sintesis tungkol sa kabutihang naidudulot ng paggawa gamit ang panayam sa mga manggagawang kumakatawan sa taong nangangailangan
   (marginalized) na nasa iba't ibang karera o trabahong teknikal-bokasyonal

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput sa titik b:

a. Ang taong kinapanayam ay tunay na kumakatawan sa taong nangangailangan
b. Nakapaghanda ng mga gabay na tanong
c. Ang mga tanong na naitala ay angkop sa tunay na layunin ng pagsasagawa ng panayam
d. Naidokumento ang isinagawang panayam
e. Nakagawa ng komprehensibong ulat ng isinagawang panayan
f. May kalakip na pagninilay

DRAFT
March 31, 2014

Paunang Pagtataya

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik nito sa sagutang papel.

1. Ang mga sumusunod ay paglalarawan sa paggawa *maliban* sa:
   a. Anomang gawaing makatao, nararapat sa tao bilang anak ng Diyos
   b. Isang gawain ng tao na palagiang isinasagawa nang may pakikipagtulungan sa kaniyang kapwa
   c. Resulta ng pagkilos ng tao na may layuning makatugon sa pangangailangan ng kapwa
   d. Isang gawain ng tao na nangangailangan ng orihinalidad, pagkukusa at pagkamalikhain
2. Ang mga sumusunod na sitwasyon ay nagpapakita ng tunay na gumagawa *maliban* sa:
   a. Si Mang Joel ay matagal ng karpintero, nakilala na siya sa kanilang komunidad dahil sa kaniyang pulidong trabaho. Hindi lamang siya umaasa sa disenyo ng arkitekto o inhinyero kundi nagbibigay din siya ng mungkahi sa mga ito kung paano mas mapatitibay at mapagaganda ang pagkakagawa ng isang bahay.

b. Si Henry ay isang kilalang pintor. Ang kaniyang panahon ay kaniyang inilalaan sa loob ng isang silid para sa buong maghapong pagtatapos ng isang obra.
c. Si Renato ay isang batang nagpupunta sa mga bahay upang kumolekta ng mga basura. Umaasa lamang siya sa kaunting barya na ibibigay ng kaniyang mga kapitbahay upang may maipambaon sa paaralan dahil gusto niyang makatapos.
d. Mula pagkabata, si Anthony ay napilitang tumira sa isang malaking pabrika bilang trabahador. Iniwan na siya ng kaniyang mga magulang sa lugar na ito dahil mayroong siyang naiwang utang at hindi nabayaran. Bilang kapalit, si Anthony ay magtatrabaho rito ng ilang taon.

3. Ang tao ay gumagawa upang kitain ang salapi na kaniyang kailangan upang matugunan ang kaniyang pangunahing pangangailangan. Ang pangungusap ay:
   a. Tama, dahil likas sa tao na unahing tugunan ang kaniyang pangunahing pangangailangan.
   b. Tama, dahil hindi mabibili ng tao ang kaniyang pangangailangan kung wala siyang pera.
   c. Mali, dahil hindi nararapat na pera ang maging layunin sa paggawa.
   d. Mali, dahil mas mahalagang isipin na matugunan ang pangangailangan ng kapwa bago ang sarili.
4. Ano ang nagiging epekto sa pagiging produktibo ng tao paggawa ng pag-unlad ng agham at teknolohiya?
   a. Hindi nagkakaroon ng pagkakataon ang tao na magamit ang kaniyang pagkalamikhain.
   b. Mas nababawasan ang halaga ng isang produkto dahil hindi ito nahawakan ng tao.
   c. Nagkakaroon ng katuwang ang tao sa mabilis na paglikha ng maraming produkto.
   d. Nababago na ang kahulugan ng tunay na paggawa.
5. Sino sa mga sumusunod ang *hindi* nakatutulong sa pag-angat ng antas kultural ng bansa sa pamamagitan ng kanilang paggawa?
   a. Si Antonino na gumagawa ng mga furniture na yari sa rattan at buli at nilalapatan ng modernong disenyo
   b. Si Renee na gumagawa ng mga damit na yari sa materyal na tanging sa bansa nakikita at inilalapat sa yari ng mga damit ng mga banyaga
   c. Si Romeo na nage*export* ng mga produktong gawa sa bansa sa mga kalapit na bansa

DRAFT
March 31, 2014

d. Si Shiela na gumagawa ng mga pelikulang tungkol sa mga isyung panlipunan ng bansa na inilalahok sa mga timpalak sa buong mundo

6. Ang paggawa ay isang moral na obligasyon para sa kapwa, sa kaniyang pamilya, sa lipunan na kaniyang kinabibilangan at sa bansa. Ito ay nangangahulugang:
   a. Hindi nararapat na isipin ng tao ang kaniyang sarili sa kaniyang paggawa.
   b. Kailangang kasama sa layunin ng tao sa paggawa ang makatulong sa kaniyang kapwa.
   c. Kailangan ng tao na maghanap ng hanapbuhay na ang layunin ay makatulong at magsilbi sa kapwa.
   d. Lahat ng nabanggit
7. Ano ang obheto ng paggawa?
   a. Kalipunan ng mga gawain, resources, instrumento at teknolohiya na ginagamit ng tao upang makalikha ng mga produkto
   b. Mga taong gagamit ng mga produktong nilikha
   c. Tunay na layunin ng tao sa kaniyang paglikha ng mga produkto
   d. Kakayahang kakailanganin ng tao upang makalikha ng isang produkto
8. Saan nakikita ang tunay na halaga ng paggawa?
   a. sa proseso na pinagdaanan bago malikha ang isang produkto
   b. sa kalidad ng produkto na nilikha ng tao
   c. sa haba ng panahon na ginugol upang malikha ang isang produkto
   d. sa katotohanan na ang gumawa o lumikha ng produkto ay tao
9. Ang paggawa ay para sa tao at hindi ang tao para sa paggawa. Ito ay nangangahulugang:
   a. Hindi kasangkapan ang tao na kinakailangan para mapagyaman ang paggawa bagkus kailangan niya ang paggawa upang makamit niya ang kaniyang kaganapan.
   b. Hindi kasangkapan ang tao na kinakailangan para mapagyaman ang paggawa bagkus ang tao ang kailangan upang mapagyaman ang mga kasangkapan na kinakailangan sa pagpapayaman ng paggawa.
   c. Ang tao ang gagamit ng lahat ng mga nilikha bunga ng paggawa at hindi nararapat na iasa lamang ng tao ang kaniyang pag-iral sa mga produktong nilikha para sa kaniya ng kaniyang kapwa.
   d. Ang tao ang gagamit ng lahat ng mga nilikha bunga ng paggawa kung kaya ibinubuhos ng tao ang lahat ng kaniyang pagod at pagkamalikhain upang makagawa ng isang makabuluhang produkto.
10. Alin sa mga sumusunod ang *hindi* nagpapakita ng panlipunang dimensyon ng paggawa?

DRAFT
March 31, 2014

a. Ang paggawa ay paggawa para sa kapwa at kasama ang kapwa.
b. Ang paggawa ay paggawa ng isang bagay para sa iba.
c. Ang paggawa ay nagbubukas para sa pagpapalitan, ugnayan at pakikisangkot sa ating kapwa.
d. Ang paggawa ay pagkilala sa kagalingan ng mga likha ng kapwa.

PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

1. Magsagawa ng isang maliit na survey sa loob ng paaralan.
2. Itanong sa mga kapwa mag-aaral: Bakit kailangang maghanapbuhay ng tao?
3. Mahalagang maisagawa ang survey sa lahat ng antas, mula una hanggang ikaapat na taon. Maaaring makipag-ugnayan sa guro upang maisagawa ang pagpapangkat para matiyak na maitutuon lamang ang pansin sa isang antas bawat pangkat.
4. Ipakikita sa pamamagitan ng graph ang resulta ng isinagawang survey kalakip ang pasalitang interpretasyon nito. Kailangang pagsama-samahin ang makukuhang resulta para sa lahat ng antas. Maaaring gamiting gabay ang halimbawa sa ibaba.

DRAFT
March 31, 2014



Halimbawa: Malaking bahagdan ng mga mag-aaral sa ikatlong taon ang nakikita na ang layunin ng paggawa ay upang kumita ng pera. Samantalang pinakamaliit na bahagdan naman mula sa una at ikaapat na taon ang mayroong ganitong paniniwala.

5. Batay sa resulta ng survey ay bumuoo ng paglalahat o kongklusyon.
6. Ang resulta ng ginawang survey ay kanilang ibahagi sa buong klase upang makabuo ng paglalahat.
7. Batay sa pangkalahatang resulta ay bumuo ng pangkalahatang kongklusyon.

8. Matapos ito ay sagutin ang mga tanong:

   Ano ang iyong opinyon ukol sa lumalabas na pangunahing dahilan na ibinibigay ng mga mag-aaral sa paghahanapbuhay? Tama ba ito o hindi? Ipaliwanag.

Gawain 2

1. Suriing mabuti ang mga sumusunod na larawan sa ibaba
   a. Mga langgam na naghahakot ng pagkain
   b. Isang ibong gumagawa ng pugad
   c. Isang kalabaw sa bukid na ginagamit sa pag-aararo
   d. Isang taong nagtatrabaho

DRAFT
March 31, 2014



2. Matapos ang pagsusuri ay sagutin ang tanong: Ano ang pagkakaiba ng langgam, ibon, kalabaw at tao sa kanilang layunin sa ginagawa?
3. Isulat sa kuwaderno ang mga sagot. Mahalagang maisulat nang malinaw ang mga layunin.
4. Pagkatapos na isagawa ang mga ito ay sagutin ang mga sumusunod na tanong:
   a. Bakit nagkakaiba-iba ng layunin sa kanilang ginagawa ang mga nilikhang may buhay ng Diyos?
   b. Sa lahat ng mga nasa larawan, sino ang may pinakamalalim na dahilan ng paggawa?
   c. Sa iyong palagay, sapat na ba ang mga layunin ng tao sa paggawa

na inyong naitala? Bakit o bakit hindi?

d. Bakit nga ba mahalaga ang paggawa sa tao?
e. May kabuluhan ba ang paggawa sa lipunan? Pangatwiranan.

PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Gawain 1

Basahin ang kuwento ni ***TONY MELOTO,*** at ang kaniyang pagbabahagi ng kaniyang karanasan sa pagsisimula ng GAWAD KALINGA, isang organisasyong tumutulong sa pagbibigay ng bahay na matitirhan para sa mga mahihirap***.***

(http://www.gi-global.com/antonio-meloto o http://www.gk1world.com/NewOurFounder)

2. Matapos basahin ang kwento ay sagutin ang mga sumusunod na tanong:
   a. Ano ang nagtulak sa kaniya upang simulan ang GAWAD KALINGA at iwan ang kaniyang trabaho?
   b. Ano ang mga pinagdaanan niya sa pagsisimula ng GAWAD KALINGA?
   c. Ano ang nagpapatatag sa kaniya upang ipagpatuloy ang kaniyang gawain?
   d. Ano ang kaniyang layunin sa pagsasagawa ng ganitong mga proyekto?
   e. Ano ang maituturing mong pinakamagandang impluwensiya sa iyo ng iyong nabasang kwento?
3. Pagkatapos ay gumawa ng pahina ng magasin upang isulat ang mga sagot sa gabay na tanong. Kailangang iayos ito na katulad ng pormat ng artikulo sa magasin.

DRAFT
March 31, 2014

Gawain 2: Pangkatang Gawain (immersion)

4. Makipag-ugnayan sa guro upang maisaayos ang pagpapangkat ng klase.
5. Magkakaroon ng apat na pangkat. Ang bawat pangkat ay magsasagawa ng mga sumusunod na gawain sa tahanan, paaralan o pamayanan:

   Pangkat 1: Mag-alaga ng maysakit o kaya ay nakababatang kapatid (kakilala o kamag-anak)

Pangkat 2: Tumulong sa paglilinis o pagsasaayos ng halamanan sa paaralan.

Pangkat 3: Tumulong sa guro sa pagtuturo ng *remedial classes* o *tutorial*

Pangkat 4: Tumulong sa magulang sa mabibigat na gawaing bahay

6. Gagampanan ang mga papel na ito sa loob ng kalahati o isang araw. Makipag-ugnayan sa guro upang masiguro ang kaligtasan ng lahat.
7. Ang lahat ng mga karanasan ay kailangan ibahagi sa isang *blog* sa isang *social networking site* o kaya naman ay isulat sa dyornal. Mas mabuti kung maglalakip ng mga larawan na siyang magiging patunay sa pagsasagawa ng gawain.
8. Matapos ang gawain ay sagutin ang mga sumusunod na tanong:
   a. Naging masaya ka ba o hindi sa naging gawain? Bakit o bakit hindi?
   b. Paano mo ilalarawan ang buhay ng isang taong hindi masaya sa kaniyang trabaho? Masaya sa kanyang trabaho?
   c. Ano ang pinakamahirap mong naranasan? Ipaliwanag.
   d. Ano ang natutuhan mo mula sa pagsasagawa ng mga naiatas?
   e. Ano ang nagtulak sa iyo upang tapusin ang gawain? Ano ang iyong naging damdamin nang matapos ang gawain?
   f. Ano ang nabago sa iyong pananaw sa paggawa?

DRAFT
March 31, 2014

PAGPAPALALIM

Ang Paggawa bilang Paglilingkod, at bilang Pagtataguyod ng Dignidad ng TAO

Hindi na bago sa paningin ng isang Pilipino ang makita ang isang kapuwa Pilipino na patungo sa ibang bansa upang maghanapbuhay. Siyam hanggang labing-isang milyong Pilipino ang nasa iba't ibang bahagi ng mundo upang magsilbi sa mga dayuhan. Bakit kaya inaasam ng buong mundo na makatrabaho ang isang Pilipino? Bakit kaya kinikilala ang Pilipino sa buong mundo dahil sa kaniyang kakayahan sa paggawa? Ito ba ay dahil sa kasipagang angkin at sa hindi matatawarang talino o mas higit dahil sa kanilang labis na pagmamahal sa paggawa?

Ano ba ang kahulugan ng paggawa? Bakit ba ito mahalaga para sa isang tao? Karapat-dapat bang maunawaan ng lahat ang tunay na esensya ng paggawa? Ang araling ito ay makatutulong sa iyo upang lubos mong maunawaan ang malalim na kahulugan ng paggawa.

Bilang kabataan, nagsisimula na marahil mabuo sa iyo ang pananaw sa paggawa bilang realidad ng buhay: isang bagay na hindi na matatakasan at kailangang harapin sa bawat araw. Sa paglipas ng panahon, matututuhan mo kung bakit mahalagang kilalanin ang paggawa bilang malaking bahagi ng iyong pag-iral bilang tao. Ito ay itinuturing na isang tungkuling kailangang isagawa nang may pananagutan (Esteban, S. J. 2009).

Ayon sa aklat na “Work: The Channel of Values Education”, ang paggawa ay isang aktibidad ng tao. Maaari itong mano-mano, katulad ng paggawa ng bahay. Maaari rin itong nasa larangan ng ideya, katulad ng mga nag-iisip ng patalastas para sa mga produkto.

Ito ay resulta ng pagkilos ng tao na may layuning makatugon sa pangangailangan ng kapwa. Kung tayo ay gumagawa, hindi tayo gumagalaw o kumikilos lamang katulad ng hayop o makina. Tao lamang ang may kakayahan sa paggawa. Ang paggawa ay para sa tao at nilikha ang tao para sa paggawa (Institute for Development Education, 1991).

DRAFT
March 31, 2014

Ang paggawa ay isang gawain ng tao na nangangailangan ng orihinalidad, pagkukusa at pagkamalikhain; at ang produkto nito, materyal man o hindi ay magbubunga ng pagbabago sa anomang bagay. Halimbawa, ang isang karpintero na gumawa ng isang mesa ay nakapagbigay ng ibang saysay sa kahoy na kaniyang ginamit upang maging kapaki-pakinabang para sa tao. Kung wala ang mga ito, ang kilos ay hindi matatawag na paggawa.

Sinabi sa panulat ni Pope John Paul II sa kaniyang akda na *Laborem Exrcens* na ang paggawa ay anomang gawain - pangkaisipan man ito o manwal, anoman ang kaniyang kalikasan o kalagayan, na makatao, nararapat para sa tao bilang anak ng Diyos. Bilang siya ay maraming kaya at alam na gawin. May mga bagay na inilaan na gawin ng tao dahil siya ay katangi-tanging nilikha.

Sa simula pa lamang ng paglikha sa tao, inilaan na siya upang gumawa ng mga katangi-tanging gawain. Nang nilikha ng Diyos ang tao ayon sa kaniyang wangis, ipinagkatiwala Niya ang pangangalaga at pamamahala sa lahat ng Kaniyang mga nilikha. Inilaan siya upang gumawa ng mga katangi-tanging gawain. Sa lahat ng mga nilikhang may buhay, tanging ang tao lamang ang inatasan ng

mga gawaing ginagamitan ng kaniyang talino. Hindi katulad ng mga hayop na gumagawa lamang kapag ginagabayan o inaatasan ng tao o maaaring gumagawa lamang sila sa dikta ng kanilang *instinct* upang matugunan ang kanilang pangangailangan. Taliwas sa mga hayop, may malalim na layunin ang paggawa ng tao. Patunay ito na ang kakayahan sa paggawa ang isa sa nagiging dahilan upang tawaging katangi-tangi ang tao.

Hindi maaaring ihalintulad sa iba pang mga nilikha ng Diyos ang tao. Hindi matatawag na paggawa ang ginagawa ng mga hayop upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Samakatwid, tao lamang ang may kakayahan sa paggawa; sa kaniyang pag-iral, siya ay gumagawa. At sa pamamagitan ng paggawa, napatutunayan ang isa pang dahilan ng pag-iral ng tao… ang pagiging bahagi ng isang komunindad, ang gumawa hindi lamang para sa kaniyang sarili kundi para sa kaniyang kapwa at sa paglago nito.

Mga Mahahalagang Layunin ng Paggawa

DRAFT
March 31, 2014

1. *Ang tao ay gumagawa upang kitain niya ang salapi na kaniyang kailangan upang matugunan ang kaniyang mga pangunahing pangangailangan.* Hindi mabubuhay nang maginhawa ang tao kung hindi siya magtatrabaho. Sa kasalukuyang panahon, mahalaga ang pera dahil sa papel nito sa pagbili ng mga produkto at sersbiyong kailangan ng tao. Kailangan ng taong gumawa para mabuhay. Hindi maaaring maging katulad siya ng isang parasite na laging iniaasa sa iba ang kaniyang ikabubuhay. Napatunayan na ng tao na sa pamamagitan ng paggawa, napagyayaman ang kaniyang dangal. Ito ang dahilan kung bakit ninanais ng mga magulang na makapagtapos ng pag-aaral ang kanilang mga anak: upang makakuha ng disenteng trabaho ang kanilang anak at hindi makaranas ng kaparehong kahirapan.

   Ngunit kailangang laging isaisip at isapuso na hindi tayo dapat na magpaalipin sa paggawa. May mga taong ang paggawa na lamang ang saysay ng kaniyang pag-iral. Sa pagkakataong ganito, hindi nila makikita ang tunay at malalim na kahulugan ng buhay. Hindi maikakaila ang kahalagahan ng paggawa, ngunit ang Diyos at hindi ang paggawa ang pinagmulan at ang patutunguhan ng buhay. Kung ang tanging layunin ay makuha ang lahat ng mga materyal na bagay na panandalian lamang, hindi malayong mauwi ito sa kasakiman at sa patuloy na paghahangad na makakuha ng higit pa sa kailangan. Indibidwal man, pamilya o mga bansa ay kayang mabilanggo sa labis na kasakiman, mayaman man o mahirap ay

maaaring maging biktima ng materyalismo. Mahalaga ring isapuso na, hindi ang paglaki o pagdami ng mga pag-aari ang pinakamataas na layunin ng tao o ng nga bansa sa kaniyang pag-iral. Hindi natin nanaisin na patigasin nito ang puso ng lahat ng tao at mapigilan ang tao na magsama-sama dahil sa pagkakapatiran kundi dahil sa kanilang mga pansariling interes. Ang mga ito ang magiging sanhi ng hindi pagkakasundo at pagkakawatak-watak. Ang pagkagahaman ng tao sa materyal na pag-aari ang siyang magiging malaking balakid para sa kaganapan ng tao at sa pagkamit ng kaniyang tunay na (greatness).

2. *Makapag-ambag sa patuloy na pag-angat at pagbabago ng agham at teknolohiya.*

Pinagkalooban ng Diyos ang tao ng talento upang gamitin ito sa pag-unlad niya at ng komunidad. Mahalagang taglayin ng lahat ng tao ang malalim na pagnanais na maibahagi ang kaniyang kakayahan para sa ikauunlad ng lipunan. Dahil sa natatanging talino ng tao na ibinahagi ng Diyos, napagyayaman ang agham at teknolohiya. Nakalilikha ang tao ng mga teknolohiya, bunga ng kaniyang patuloy na pag-aaral sa pangangailangan ng tao, na nakapagpapadali at nakapagpapabilis sa kaniyang produksyon. Nakikita ang tulong na naibibigay ng agham at teknolohiya upang mapadali ang pamumuhay ng tao at mapaunlad ang ekonomiya. Isa itong "*milestone o phenomenon*" na hindi na maiiwasan at hindi na maaaring talikuran. Kailangan lamang masiguro na hindi gagamitin ito upang mawalan na ng silbi ang tao.

Ginawa ito bilang katuwang at hindi kapalit ng tao.

3. *Maiangat ang kultura at moralidad ng lipunanang kinabibilangan.* Hinaharap natin sa kasalukuyan ang realidad na maraming tao ang natutuon na lamang ang pansin sa paggawa upang kumita ng salapi. Nakatuon na lamang ang layunin sa pagsisikap sa paggawa para sa pansariling pag-unlad. Mahalagang maunawaan na ang paggawa ay mayroong panlipunang aspekto at hindi kailangang ihiwalay ang pananagutan natin para sa pag-angat ng kultura at moralidad ng lipunang ating kinabibilangan. Nakalulungkot na dumarami ang bilang ng tao na itinuturing na hanapbuhay ang magbenta ng ipinagbabawal na gamot sa mga batang walang kamalay-malay, ang magnakaw ng sasakyan at magbenta nito sa iba, o ang ibenta ang sarili sa prostitusyon. Hindi malinaw kung pikit-mata na lamang nila itong ginagawa dahil sinasabi nilang wala na silang mapagpipilian o kung talagang mayroong mali sa kanilang sistema ng

DRAFT
March 3, 4

pagpapahalaga. Hindi ito ang tunay na layunin at esensya ng paggawa. Sa ganitong sitwasyon, unti-unting hinahatak pababa ang antas ng moralidad ng lipunan, at higit sa lahat ay winawasak nito ang pagkatao ng tao.

Hindi ito ang tunay na layunin at esensya ng paggawa. Sa ganitong sitwasyon, unti-unting hinahatak pababa ang antas ng moralidad ng lipunan, higit sa lahat winawasak nito ang pagkatao ng tao.

DRAFT
March 31, 2014

Mahalaga ring maunawaan na ang paggawa ay nararapat na patuloy na nagpapayaman sa kultura ng lipunan na kinabibilangan. Hindi nito dapat na pinapatay ang ating pagkakakilanlan para lamang makasunod sa agos ng modernisasyon. Nakatutuwang nariyan ang mga taong patuloy na ipinakikilala ang kakaniyahan ng mga Pilipino sa mundo sa pamamagitan ng kanilang mga malikhaing paggawa. Si Kenneth Cobonpue ay nakilala sa pagdidisenyo ng mga mwebles, inilapat niya ang kaniyang pagiging malikhain sa paggawa ng kagamitan katulad ng mga upuan na gumagamit ng kagamitang katulad ng kawayan at rattan. Makikita sa kaniyang disenyo ang disenyong mayroong tatak ng Pilipino. Nakilala siya dahil sa katangi-tangi niyang mga disenyo na kinikilala hindi lamang ng kapwa natin mga Pilipino kundi maging ng mga banyaga. Patunay siya na kung yayakapin natin ang kultura ng bansa ay mas kikilalanin at igagalang tayo ng mundo.

DRAFT

4. *May kakayahin rin ang tao na gamitin ang paggawa sa pagtulong sa mga nangangailangan.* Ang paggawa ay isang obligasyon, isang tungkulin ng isang tao. Kailangan ng taong gumawa upang tumugon sa ninanais ng Diyos at sa pangangailangan na panatilihin at pagyamanin o paunlarin ang sangkatauhan. Ang paggawa ay isang *moral na obligasyon* para sa kapwa, sa kaniyang pamilya, sa lipunan na kaniyang kinabibilangan, at sa bansa. Ang lahat ng ito ang malinaw na nagpapaliwanag sa ating moral na obligasyon na tumulong sa ating kapwa na nangangailangan. Kasama sa tungkulin ng tao bilang isang bahagi ng lipunan na magbahagi ng anuman ang mayroon siya para sa kapwa na nangangailangan. Makikita sa lipunan na hindi pantay ang pagkakahati-hati *(distribution)* ng yaman. Hindi ito nangangahulugang tamad ang mga mahihirap at masipag ang mga mayayaman. Maaaring maging mahirap ang isang taong hindi nabigyan ng pagkakataong makapag-aral, at samakatwid ay hindi makapili ng trabahong may mataas na sahod. Ang taong binigyan nang labis ay mayroong mas malaking pananagutan na magbahagi ng yaman para sa kapwa na nangangailangan.

March 31, 2014

5. *Ang paggawa ay nagbibigay ng dahilan sa pag-iral ng tao.* Ang buhay na walang patutunguhan ay walang katuturan at ang paggawa ang nagbibigay ng katuturan dito. Sa pamamagitan ng paggawa nakakamit niya ang mga sumusunod:

Ang buhay na walang patutunguhan ay walang katuturan at ang paggawa ang nagbibigay ng katuturan dito.

- nakakayanan niyang suportahan ang kaniyang mga pangangailangan;
- napagyayaman ang kaniyang pagkamalikhain;
- napatataas ang tiwala sa kaniyang sarili;
- nabibigyang-dangal ang kaniyang pagkatao;
- nagkakaroon siya ng pagkakataon na makasama at makasalamuha ang kaniyang kapwa at ang mapaglingkuran ang mga ito;
- nagkakaroon siya ng pagkakataon na isabuhay ang tunay na pagbibigay;
- nabibigyan siya ng pagkakataon bilang indibidwal at kasapi ng lipunan na maipagpatuloy ang kaniyang bokasyon at bigyang katuparan ito;
- nagiging kabahagi siya sa paggawa tungo sa kaganapan sarili at ng kapwa;
- nagagampanan niya ang kaniyang tungkulin sa Diyos.

Kailangang ibigay ng tao ang *lahat* ng kaniyang makakaya sa paggawa upang kaniyang matamasa ang bunga ng kaniyang pinagpaguran. Nakalulungkot na may mga taong tinitingnan ang paggawa bilang tunguhin *(goal)* at hindi daan *(means)* sa pagkamit ng tunguhin. Inaakala nang marami na ito na ang kaganapan ng kanilang pagkatao. Ngunit sa maraming mga pagkakataon, nahihinuha ng tao na kahit gaano kalayo na ang kaniyang narating, kahit gaanong yaman na ang kaniyang naipon, o kahit gaano na kataas ang paggalang ng ibang tao sa kaniya dahil sa kaniyang nakamit, ay hindi pa rin makakamit ng tao ang tunay na kaligayahan na siyang pinakahuling tunguhin ng tao. Kailangang maging malinaw na ang pagbibigay ng iyong lahat ng panahon at pagod sa paggawa ay hindi dapat nagwawaglit sa pag-aalay nito para sa kapurihan ng Diyos.

Ang pagbibigay ng iyong lahat ng panahon at pagod sa paggawa ay hindi dapat nagwawaglit sa pag-aalay nito para sa kapurihan ng Diyos.

DRAFT
March 31, 2014

Ang Subheto at Obheto ng Paggawa

Ang obheto ng paggawa ay ang kalipunan ng mga gawain, *resources*, instrumento, at teknolohiya na ginagamit ng tao upang makalikha ng mga produkto.

Ang nakaginan ng tao na uri ng paggawang ginagamitan ng kamay, pagod, at pawis ay unti-unti nang nagbabago dahil sa pagtulong ng mga makabagong makinarya, na tao rin naman ang nagdisenyo at gumawa. Hindi maipagkakait na ito ang nagdulot ng malaking pagbabago sa sibilisasyon. Hindi rin natin maipagkakait ang

napakalaking tulong na naibibigay ng teknolohiya: napadadali nito ang trabaho ng tao at naitataas ang kaniyang produksiyon.

Nilikha ang teknolohiya upang gawing perpekto ang gawain ng tao. Ito ang dahilan kung bakit patuloy ang tao sa paglikha ng mga teknolohiya na patuloy na makatutulong upang mas maging madali ang paggawa para sa tao. Ang teknolohiya ay kakampi ng tao. Ngunit dahil din sa mga pangyayaring ito, unti-unti ng nagiging “kaaway” ng tao ang teknolohiya, nawawalan na ng malawak na kontribusyon ang tao sa paggawa, hindi na niya nararamdaman ang kasiyahan at hindi na nahahasa ang kaniyang pagiging malikhain. Dahil inaako na ng makina ang bahagi ng tao, hindi na nakikilala ang kaniyang pakamalikhain at malalim na pananagutan. Mahalaga ito upang patuloy na maramdaman ng tao ang kaniyang halaga sa proseso ng paggawa. Ang pagdami ng mga teknolohiya sa paggawa ang siyang umaagaw sa tao sa kaniyang trabaho. Lumalabas na ang tao na ang nagiging alipin ng teknolohiya. Tunay na ang pag-unlad ng teknolohiya ang isa sa palatandaan ng pag-unlad ng ekonomiya ng isang bansa ngunit sa wari ay nakaliligtaan na unti-unting nailalayo sa tao ang kaniyang tunay na esensya sa mundo – ang paggawa na daan tungo sa (1) pagbuo ng tao ng kaniyang pagkakakilanlan at kakaniyahan (2) pagkamit ng kaganapang pansarili at (3) pagtulong sa kapwa upang makamit ang kaniyang kaganapan.

DRAFT
March 31, 2014

Dahil sa kaniyang taglay na natatanging kakayahan bilang tao, ang tao ay binigyan ng Diyos ng karapatan at tungkulin na mamahala sa mundo at sa iba pang nilikha. Ang tao lamang ang may kakayahan na kumilos bunga ng proseso ng kaniyang pag-iisip; siya ang may kakayahan na magpasya para sa kaniyang sarili at may kakayahan na kilalanin nang lubusan ang kaniyang sarili. Nasa kaniya ang kakayahan na gumawa at gumanap ng iba’t ibang kilos na kailangan sa proseso ng paggawa. Samakatwid, maituturing na ang

subheto ng paggawa ay ang tao.

Ang tao ay nabubuhay sa mundo upang gumawa, ngunit binibigyang-diin na ang paggawa ay para sa tao at hindi ang tao para sa paggawa. Hindi maaaring ituring ang tao bilang isang kasangkapan na kinakailangan para mapagyaman ang paggawa; bagkus, kailangan niya ang paggawa upang makamit niya ang kaniyang kaganapan. Ang sinumang magtuturing sa tao bilang kasangkapan sa paggawa o kumikilala sa kaniya bilang isang simpleng manggagawa na maihahalintulad lamang ang halaga sa materyal na bagay ay sumisira sa tunay na esensya ng paggawa at naglalayo sa landas patungo sa tunay na hantungan ng tao… ang kaniyang kaganapan.

> Ang paggawa ay para sa tao at hindi ang tao para sa paggawa.

Ang halaga ng paggawa ay hindi nakikita sa proseso ng paggawa o sa produktong bunga nito kundi ang katotohanan na ang gumagawa nito ay tao. Nagiging malalim na pagpapahalaga sa bunga ng paggawa ng tao hindi lamang dahil sa gamit at ganda nito kundi dahil nakikita rito ang kaligayahan at pagmamahal na inilaan ng tao habang ito ay nililikha. Ang dignidad na dumadaloy sa paggawa ay nakikita sa taong gumagawa nito.

Mas kailangang manaig ang subheto kaysa sa obheto ng paggawa.

> Naranasan mo na bang gumawa ng isang bagay nang mag-isa? Ano ang iyong damdamin nang makita ang iyong nagawa?

Ang Panlipunang Dimensyon ng Paggawa

DRAFT

Ang paggawa ay mayroon ding panlipunang dimensyon. Ang gawain ng tao ay likas na nakaugnay sa gawain ng kaniyang kapwa. Higit na nararapat na maging paniniwala ng lahat na “ang paggawa ay paggawa para sa kapwa at kasama ang kapwa”. Ito ay paggawa ng isang bagay para sa iba. Hindi ba’t alam naman natin na ang bunga ng ating ginagawa ay para sa kapakinabangan ng mas marami? Ang bunga ng paggawa ng tao ang nagbubukas para sa pagpapalitan, ugnayan at pakikisangkot sa ating kapwa. Ang panlipunang kalikasan ng paggawa ang tunay na tataya sa paggawa. Ito ay dahil hindi magbubunga ang pagsisikap ng tao kung wala ang kaniyang kapwa, kung walang mga pamantayang pangkaayusan ng lipunan na naglalagay ng limitasyon sa paggawa at sa manggagawa, kung hindi magkaugnay ang mga hanapbuhay, na umaasa sa isa’t isa (interdependent) at hindi nagtutulungan ang lahat upang gawing ganap ang bawat isa at ang pinakamahalaga, hangga’t hindi magkakaisa ang isip, materyal na bagay at paggawa upang sila ay maging buo. Mahalagang parang iisang taong kumikilos ang lahat. Mahalagang naibabahagi ang pag-asa, paghihirap, pangarap at kaligayahan at napagbubuklod ang loob, isip at puso ng lahat ng tao habang gumagawa. Sa pagkakataong ganito makakamit ang tunay na pagkakapatiran – ang tunay na panlipunang layunin ng paggawa.

March 31, 2014

> Ang paggawa ay lagpas sa pagkita lamang ng salapi; tunay na pinakamataas na layunin ng paggawa ay ang pagkamit ng kaganapan bilang tao.

Ang tunay na halaga ng tao ay nakabatay sa kung paano niya pinagsisikapang hubugin ang kaniyang mabuting pagkatao. Hindi ito nakabatay

sa anomang pag-aari o yaman. Mahalagang iyong tandaan na ang paggawa ay higit pa sa pagkita lamang ng salapi; ang tunay na pinakamataas na layunin ng paggawa ay ang pagkamit ng kaganapan bilang tao.

4. Matapos gawin ito ay subukang sumulat ng isang malaking konsepto mula sa mga maliliit na konsepto na naisulat.
5. Makatutulong sa iyo ang gabay na tanong na: Bakit mahalaga ang paggawa? Ano ang maitutulong nito tungo sa pagkamit ng iyong kaganapan bilang tao?
6. Maaring gamiting gabay ang halimbawa sa ibaba:



March 31, 2014

Batayang Konsepto: _____
_____
_____
_____
_____

PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

1. Magsagawa ng pagsusuri sa iyong sariling gawi sa paggawa. Mahalaga ito upang iyong makilala ang iyong mga kahinaan at kalakasan. Maaring gamiting gabay ang iminumungkahing pormat sa ibaba.

Gawi sa Paggawa	Hakbang kung paano mapagyayaman (+) o malalagpasan (-)	Naisasagawa							Di Naisasagawa						
		L	M	M	H	B	S	L	L	M	M	H	B	S	L
Positibo															
Hal. Positibo ang aking pananaw sa lahat ng aking ginagawa	Mas higit kong ituturo sa aking sarili na ang lahat ng aking ginagawa ay makatutulong sa aking pag-unlad	✓		✓	✓		✓	✓		✓			✓		
Negatibo															
Hal. Mahina ang aking pangangatawan	Kakain ng masustansyang pagkain	✓		✓			✓	✓		✓		✓	✓		

DRAFT
March 31, 2014

Pagninilay

1. Isulat sa journal ang iyong pagninilay sa mga natutuhan sa natapos na aralin o paksa.
2. Maaaring rin namang gumawa ng *cube* at isulat dito ang iyong pagkatuto. Isabit ang cube sa isang magandang lugar sa silid-aralan o sa sariling silid sa tahanan upang palagiang maipaalala sa iyo ang iyong mga natutuhan sa mga aralin.

3. Isulat sa bawat mukha ng *cube* ang sagot sa mga sumusunod:
   a. Pangalan at petsa
   b. Mahahalagang konsepto na aking natutuhan
   c. Mga natuklasan tungkol sa sarili matapos ang aralin
   d. Paano ko maisasabuhay ang lahat ng aking natutuhan mula sa aralin?
   e. Ang aking komitment para sa paggawa
   f. Ang mga mahahalagang tanong na nananatili sa aking isipan

Pagsasabuhay

1. Makipag-ugnayan sa guro upang mapag-usapan ang isasagawang panayam.
2. Magsasagawa ng panayam sa isang manggagawang Pilipino na iniaalay ang kaniyang paggawa para sa mga taong nangangailangan. Maaaring siya ay magmula sa iba't ibang karera o trabahong teknikal bokasyonal
3. Kailangang maghanda ng mga gabay na tanong bago magsagawa ng panayam.
4. Tiyakin na ito ay ipakikita sa guro upang masuri.
5. Gamiting gabay ang mga sumusunod sa paghahanda para sa panayam
   a. Kailangang malinaw ang tuon ng isasagawang panayam: Ang makita ang kabutihang dulot ng paggawa para mga nangangailangan
   b. Mahalagang makuha sa panayam ang mga karanasan na pinagdaanan ng kapanayam sa paggawa lalo na ang mga hamon na kaniyang kinakaharap.
   c. Mahalaga ring malaman kung ano ang tunay na layunin ng kapanayam sa kaniyang paggawa at ano ang nagtulak sa kanya upang gawin ito.
6. Tiyakin na idodokumento ang lahat ng mga kaganapan sa isasagawang panayam.
7. Magpapasa sa guro ng komprehensibon ulat at pagninilay pagkatapos ng panayam.

DRAFT
March 31, 2014

O, kumusta? Nagawa mo ba nang maayos ang mga gawain? Kung oo, magpunta ka na sa susunod na Modyul. Kung hindi, balikan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Hingin ang tulong o paggabay ng isang kamag-aral o ng guro.

DRAFT

March 31, 2014

Mga Kakailanganing Kagamitan (websites, software, mga aklat, worksheet)

Mga larawan (ibon, kalabaw, langgam at tao)

Malinis na papel

Lapis o ballpen

Cube pattern

Mga Sanggunian:

de Torre J.M. (1987). *Social Morals*. Greenhills. Southeast Asian Science Foundation, Inc.

de Torre J.M. (1980). *Christian Philosophy*. Manila. Sinag-Tala Publishers.

Esteban, Esther J. (2009). The Work of Children. New York. Scepter Publishers, Inc.

Institute for Development Education, Center for Research and Communication. (1991). Work: The Channel of Values Education. Manila. Sinagtala Publishers, Inc.

Pontifical Council for Justice and Peace. (2004). *Compendium of the Social Doctrine of the Church*. Vatican. Libreria Editrice Vaticana

Ioannes Paulus PP. II. (1981) *Laborem Exercens*. Retrieved from http://www.vatican.va/holy_father/john_paul_ii/encyclicals/documents/hf_jp-ii_enc_14091981_laborem-exercens_en.html on August 20, 2011

DRAFT March 31, 2014

DRAFT
March 31, 2014

Edukasyon sa Pagpapakatao 9

Ikalawang Markahan

MODYUL 8: PAKIKILAHOK AT BOLUNTERISMO

A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAPAMALAS MO?

Hanggang saan mo kayang makilahok? Hanggang saan mo kayang magsagawa ng bolunterismo? O may hangganan ba ito?

Sa modyul 7, ay napatunayan mo na sa pamamagitan ng paggawa, na bunga ng paglilingkod ay maaring maiangat ang lipunan at makamit ang kaganapan ng iyong pagkatao. Inaasahan na sa modyul na ito, ang tunay na diwa at kabuluhan ng paglilingkod sa kapwa ay lalo pang mapapalalim sa iyong puso. Magiging makabuluhan lamang ang iyong buhay kung ito ay patuloy mong ibinabahagi sa iyong kapwa. Kung kaya't layunin ng modyul na ito ang tulungan ka upang ang kahalagahan ng pakikilahok at bolunterismo ay iyong maiugnay sa pag-unlad ng lipunan. Dito ay gagabayan ka na makapagsuri sa mga tao na naglaan ng kanilang buhay sa pagtugon sa pangangailangan ng iba. Mula dito, ay masasagot mo ang mahalagang tanong na: **Bakit mahalaga ang pakikilahok at bolunterismo?**

Tayo na! Simulan na natin ang pagtuklas nito. Handa ka na ba?

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

8.1 Naiuugnay ang kahalagahan ng pakikilahok at bolunterismo sa pag-unlad ng mamamayan at lipunan.

8.2 Nakapagsusuri ng kwentong buhay ng mga taong inilaan ang malaking bahagi ng kanilang buhay para sa pagboboluntaryo (Hal. Efren Peñaflorida, greenpeace volunteers atbp.)

8.3 Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin.

8.4 Nakalalahok sa isang proyekto o gawain sa barangay o mga sektor na may partikular na pangangailangan (hal.,mga batang may kapansanan o mga matatandang walang kumakalinga)

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awput sa Kakayahang Pampagkatuto 8.4

DRAFT
March 31, 2014

1. Nakagawa ng post sa facebook o nakapagdikit ng poster sa paligid na nag-aanyaya sa mga kakilala lalo na sa mga kabataan sa lugar tungkol sa pagboboluntaryo sa proyekto na nasimulan.
2. Nakapagpasa ng mga larawan o dokumento bilang patunay sa kanilang ginawang pag-aanyaya.
3. Nakahikayat ng isa o dalawa na nais magboluntaryo sa gawain.

Paunang Pagtataya

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakatamang sagot. Isulat ito sa iyong Kwaderno.

1. Ang mga sumusunod ay kahulugan ng pakikilahok *maliban* sa:
   a. Ang pakikilahok ay isang tungkulin na kailangang isakatuparan ng lahat na mayroong kamalayan at pananagutan tungo sa kabutihang panlahat.
   b. Ang pakikilahok ay isang malayang pagpili. Hindi maaring pilitin o pwersahin ang tao upang isagawa ito.
   c. Ang pakikilahok ay maaring tawaging bayanihan, damayan o kawanggawa.
   d. Ang pakikilahok ay tumutulong sa tao upang maging mapanagutan sa kapwa.
2. Ito ay nangangahulugang pagiging karapat-dapat ng tao sa pagpapahalaga at paggalang mula sa kaniyang kapwa.
   a. Bolunterismo
   b. Dignidad
   c. Pakikilahok
   d. Pananagutan

3. Bakit mahalaga na dapat may kamalayan at pananagutan sa Pakikilahok?
   a. Upang matugunan ang pangangailangan ng lipunan.
   b. Upang magampanan ang mga gawain o isang proyekto na mayroong pagtutulungan.
   c. Upang maibahagi ang sariling kakayahan na makatutulong sa pagkamit ng kabutihang panlahat.
   d. Upang maipakita ang diwa ng pagkakaisa at pagmamahalan.
4. Ang pakikilahok ay makakamit lamang kung kinikilala ng tao ang kanyang _____.
   a. Pananagutan
   c. Dignidad

DRAFT
March 31, 2014

b. Tungkulin
d. Karapatan

5. Alin sa mga sumusunod ang hindi benepisyo ng bolunterismo?
   a. Nagkakaroon ang tao ng personal na paglago.
   b. Nagkakaroon siya na makilalang higit ang sarili.
   c. Nagkakaroon siya ng kontribusyon o bahagi sa pagpapabuti ng lipunan.
   d. Nagkakaroon siya ng pagkakataon na makabuo ng suporta at relasyon sa iba.
6. Sa Bolunterismo, kung hindi mo ito gagawin, hindi ka apektado, kundi yaong iba na hindi mo tinulungan. Ang pahayag na ito ay:
   a. Tama, sapagkat maraming tao ang nangangailangan ng iyong tulong.
   b. Mali, sapagkat ang hindimo pagtulong ay isang bagay na maaring makaapekto sa iyo.
   c. Tama, sapagkat maari kang managot sa iyong konsensiya sapagkat hindi ka tumugon sa pangangailangan ng iyong kapwa sa mga sandaling yaon.
   d. Mali, sapagkat hindi maaring pilitin ang tao sa kanyang gagawin. Ito dapat ay manggaling sa puso.
7. Alin sa mga sumusunod ang hindi halimbawa ng bolunterismo?

DRAFT

   a. Tuwing Sabado at Linggo ay tinuturan ni Karen ang mga batang hindi nakapag-aaral sa kanilang lugar upang matutong bumasa at sumulat.
   b. Si Jerick ay pumupunta sa bahay ampunan ng mga bata upang alagaan ang mga ito tuwing bakasyon.

March 31, 2014

   c. Tuwing eleksyon ay sinisigurado ni Rechelle na bumoto at piliing mabuti ang tunay na karapat-dapat na mamuno.
   d. Sumali si Darlyn sa paglilinis ng paligid sa kanilang barangay sapagkat nais niyang makiisa sa layunin nitong mapanatili ang kalinisan at kalusugan ng kaniyang mga kapit-bahay.
8. Hindi nakalahok si Rico sa Oplan Linis ng kanilang barangay sapagkat inalagaan niya ang kanyang bunsong kapatid na maysakit ngunit siya ay nagbigay ng gamit sa paglilinis tulad ng walis tingting at sako na paglalagyan ng basura. Ano kayang antas ng pakikilahok ang ipinakita ni Rico?
   a. Impormasyon
   c. Sama-samang Pagkilos
   b. Konsultasyon
   d. Pagsuporta
9. Ano-ano ang dapat Makita sa isang tao na nagsasagawa ng pakikilahok at bolunterismo?

a. Pagmamahal, Malasakit at Talento

b. Panahon, Talento at Kayamanan

c. Talento, Panahon at Pagkakaisa

d. Kayamanan, Talento at Bayanihan

10. Ano ang makakamit ng ating lipunan kung ang bawat isa ay nagsasagawa ng kanilang taos pusong pakikilahok at bolunterismo?

a. Pagkakaisa

b. Kabutihang Panlahat

c. Pag-unlad

d. Naitataguyod ang Pananagutan

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

DRAFT

Sa mga panahon na nangangailangan ng mga volunteer at makikilahok sa mga gawain o proyekto sa iyong paaralan, barangay, o lipunan, naranasan mo na bang ilaan o ibigay ang iyong sarili? Ano nga ba ang kahulugan para sa iyo ng Pakikilahok at Bolunterismo?

March 31, 2024

Gawain 1

Panuto

1. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.
2. Isulat mo sa loob ng kahon ang salita o mga salita na nagbibigay kahulugan para sa iyo sa salitang Pakikilahok.

PAKIKILAHOK



- Tungkulin na dapat isakatuparan ng lahat ng tao.
- Tungkulin na dapat isakatuparan ng lahat ng tao.
- Tungkulin na dapat isakatuparan ng lahat ng tao.
- Tungkulin na dapat isakatuparan ng lahat ng tao.

3. Matapos kang makapagbigay ng iyong sariling kahulugan sa salitang Pakikilahok, ibigay mo naman ngayon ang kahulugan ng Bolunterismo.
4. Isulat mo ito sa loob ng bilo-haba.



DRAFT

5. Mula sa iyong mga isinulat na kahulugan, nakikita mo ba ang pagkakatulad at pagkakaiba ng pakikilahok at bolunterismo?

March 31, 2014

Gawain 2

Panuto:

1. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

Pagkakatulad ng Pakikilahok at Bolunterismo	**Pagkakaiba ng Pakikilahok at Bolunterismo**

3. Matapos mong maisulat ang kahulugan ng pakikilahok at bolunterismo gayundin ang pagkakatulad at pagkakaiba nito, humanap ka ng isa o dalawa mong kamag-aral upang

ibahagi ang iyong sagot.

4. Suriin mong mabuti kung pareho ba ang inyong ibinigay na pakahulugan sa mga salitang ito.
5. Maaaring magbahagi ng sariling karanasan sa pakikilahok at bolunterismo.

Mula sa unang gawain, mayroon ka bang natuklasan tungkol sa pakikilahok at bolunterismo? Ano-ano ang malaking maitutulong sa ating lipunan sa kasalukuyan ng pakikilahok at bolunterismo? Paano mo ito maisasagawa ng bukal sa iyong kalooban na nagpapakita ng pananagutan sa iyong kapwa? Lalong lalalim ang pagkaunawa mo dito sa pagsagot mo sa mga susunod na gawain ng modyul na ito.

C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Gawain 1

A. Basahin at unawain mo ang *case study.* Pagkatapos ay sagutin mo ang mga tanong na kasunod nito. Isulat ang mga sagot sa iyong kwaderno.

DRAFT



Sagutin ang tanong:

1. Magkapareho ba ang pagtugon ng dalawang mag-aaral? Ipaliwanag.
2. Ano-ano ang pagkakaiba nila?
3. Kung ikaw ang nasa sitwasyon. Ano ang reaksyon mo at bakit?
4. Ano sa iyong palagay ang tawag dito?

B. *Panuto:*

1. Masdan mong mabuti ang mga larawan. Sagutin sa iyong kuwaderno ang mga tanong sa gawain pagkatapos nito.

Mga Tanong:

1. Ano ang napansin mo sa mga larawan.
2. Ano ang iyong naramdaman habang pinagmamasdan mo ang mga ito? Ipaliwanag.
3. Alam mo ba kung ano ang tawag sa ganitong gawain? Patunayan.
4. Sa iyong palagay bakit mahalaga ang pagsasagawa nito?

DRAFT
March 31, 2014

Matapos mong sagutan ang unang gawain sa bahaging ito, marahil ay lumilinaw na sa iyo ang tunay na kahalagahan ng pakikilahok at bolunterismo. Sa pagkakataong ito ay inaanyayahan kitang basahin ang isang tunay na kwento ng isang kabataan na sa kanyang murang edad ay nagpakita ng tunay na malasakit, pagdamay, pagtulong, at pagmamahal sa kaniyang kapwa.

Si Kevin Kaplowitz ay labinlimang taong gulang na magician sa Los Angeles. Sampung taon pa lamang siya ay nagsimula na siyang magpakita ng magic show sa mga pasyente sa ospital at nursing homes. Hindi niya makalimutan na sa unang pagpunta niya sa isang burn unit sa isang ospital doon ay nakilala niya ang isang batang babae na nakaranas ng third-degree burns. Ginawa niya ito ng isang imahe ng hayop mula sa isang lobo na kanyang hawak. Nang ibigay niya ito sa bata ay tuwang-tuwa ito at nakita niya na napawi ang sakit na kanyang nararanasan sa mga sandaling iyon. Dahil mayroon siyang taglay na talento sa pagmamagic, siya ay pumupunta sa mga kilala niyang restawran upang magsagawa nito. Labinlima hanggang dalawangpung dolyares na kinikita niya dito ay ibinibigay niya sa mga ospital at mga batang mahihirap.

Bakit kaya naging mulat si Kevin sa gawaing ito? Marahil ay nakikita niya ang kanyang ina na boluntaryong nagtuturo sa mga bata sa kanilang lugar gayundin ang kanyang nakatatandang kapatid na si Karen na sumasayaw sa ospital upang pasayahin ang mga maysakit na naroon. Ang tunay na magic sa kwentong ito ay wala sa pagsasagawa ni Kevin ng iba't ibang trick kundi sa kanyang pagiging sensitibo at mapagbigay sa pangangailagan ng kanyang kapwa. (Seeking the Holy in All Things by Melannie Svoboda, SND, pp.97-98)

Mga tanong:

1. Ano ang tawag sa ginawang pagtulong ni Kevin Kaplowitz?
2. Ano ang kanyang talentong taglay? Paano niya ito ginamit nang makabuluhan?
3. Anong karanasan ang nakaimpluwansya sa kanya na nag-udyok upang tumulong sa kapwa?

B. Panuto: Upang higit na masubok ang iyong kaalaman.

1. Gumawa ng malikhaing presentasyon gamit ang *graphic organizer* at ipakita ang pagkakatulad at pagkakaiba ng pakikilahok at bolunterismo.
2. Humanap ng isa o dalawang kamag-aral upang ipakita ang iyong ginawa.
3. Sagutin ang mga tanong at ibahagi ito sa iyong mga kasama.

DRAFT
March 31, 2014

Mga Tanong:

1. Ano ang natuklasan mo habang isinusulat mo ang pagkakatulad at pagkakaiba ng pakikilahok at bolunterismo? Ipaliwanag.
2. Mahalaga ba na ito ay maisakatuparan ng lahat ng tao? Bakit?
3. Mayroon ka bang hindi malilimutan na karanasan kung saan isinagawa mo ang pakikilahok at bolunterismo? Ibahagi.
4. Paano nakatutulong ito sa pag-unlad ng ating lipunan?

Upang higit na mapalalim ang iyong kaalaman sa kahalagahan ng pakikilahok at bolunterismo. Tara na! Iyong pagnilayan ang babasahin.

D. PAGPAPALALIM

PAKIKILAHOK AT BOLUNTERISMO TUNGO SA KABUTIHANG PANLAHAT

Naranasan mo na bang makilahok at magvolunteer? Marami na ang nagdaang kalamidad, krisis, at pagsubok na ating naranasan sa bansang ating kinabibilangan. Maaaring ang mga ito ay napapanood mo sa telebisyon, nababasa sa pahayagan o naririnig sa radyo. At sa tuwing dumarating ang ganitong mga pagsubok sa ating bansa marahil ay nasasabi mo sa iyong sarili ang mga katagang: “nakakaawa naman sila”, “papaano na kaya sila”, “sana naman ay mayroong tumulong sa kanila”. Ang mga ganitong kataga ang madalas na sambitin ng karamihang kabataang katulad mo o ang iba ay marahil wala pa ngang pakilalam ukol dito. Nakalulungkot, hindi ba? Hindi maiibsan ang kalungkutan at paghihirap ng mga taong naging biktima nito kung walang tutulong o dadamay sa kanila. May iba pa nga na nagsasabi: “Ano ang magagawa ko, malayo ako sa kanila?” o di kaya’y “ang bata ko pa, wala akong magagawa”. Ngunit huwag sanang maging ganito ang iyong kaisipan sapagkat bilang kabataan malaki ang iyong magagawa dahil ikaw ay bahagi ng lipunan.

Nang likhain ng Diyos ang tao sinabi Niya “hindi mainam na mag-isa ang tao bibigyan ko siya ng makakasama at makakatulong” (Genesis 2:18). Ito ang dahilan kung bakit ang tao ay may kapwa sapagkat hindi siya mabubuhay na mag-isa. Ang kapwa ay bahagi rin ng lipunan, kung kaya’t ang bawat tao ay may pananagutan sa kanya. Hindi makakamit ng tao ang kanyang kaganapan kung hindi siya nakikipamuhay na kasama ng iba.

DRAFT
March 31, 2014

Ang tao ay may pananagutan na magbahagi sa kanyang kapwa at sa lipunang kanyang kinabibilangan.

Ayon kay Dr. Manuel Dy Jr., mahalaga sa pagpapakatao ang pagkilala ng tao na kailangan niya ang lipunan dahil binubuo siya ng lipunan at binubuo niya ang lipunan. Sa lipunan sumasakasaysayan ang tao. Ang ibig sabihin, nagkakaroon ang buhay ng saysay sa kanyang nakaraan, kasalukuyan at hinaharap. Tunay ngang nagkakaroon ng saysay ang kanyang buhay kung ito ay ginagamit nang makabuluhan tuwing siya ay nagbabahagi ng kanyang sarili para sa kapwa, para sa lipunan sapagkat bilang tao na nilikha ng Diyos, ang tao ay may pananagutan na magbahagi sa kanyang kapwa at sa lipunang kanyang kinabibilangan.

Mula dito ay naipakikita niya ang kanyang dignidad bilang isang tao. Ano nga ba ang dignidad? Balikan natin ang iyong napag-aralan noong nasa Baitang 7 ka pa. Ang **dignidad** ay nangangahulugang pagiging karapat-dapat nang tao sa pagpapahalaga at paggalang ng kaniyang kapwa. Lahat ng tao, anoman ang kaniyang gulang, anyo, antas ng kalinangan at kakayahan ay may dignidad. Dahil sa dignidad nangingibabaw ang paggalang at pakikipagkapatiran, dahil sa mata ng Diyos, ang lahat ay pantay-pantay. Kailangang mapangangalagaan lamang ang tunay na dignidad ng tao sa pamamagitan ng pagtingin sa bawat tao na kaugnay ng Diyos. Pinararating nito na ang paggalang sa dignidad ng tao ang nagsisilbing daan upang mahalin ang kapwa tulad ng pagmamahal sa sarili.

Sa iyong pagbubukas ng puso at isip sa mga nangyayari sa iyong lipunan at sa pagpapahalaga mo sa dignidad ng iyong kapwa magkakaroon ng ganap na pagbabago…ang pagkakaroon ng isang maunlad at nagkakaisang lipunan para sa kabutihang panlahat.

Ang tao ay ipinanganak na isang panlipunang nilalang; hindi niya tunay na makakamit ang kanyang kaganapan bilang tao kung hindi siya makikipamuhay kasama ang kanyang kapwa; kailangan niyang makilahok sa lipunan. Ang lipunan ang natatanging lugar para sa mga indibidwal upang makamit ang kanilang tunguhin. Kung kaya mahalaga na makibahagi ang tao sa mga gawaing panlipunan upang makatulong ito sa pagbuo ng kanyang pagkatao.

DRAFT
March 31, 2014

Marahil ay nagtatanong ka na ngayon sa iyong sarili: Paano ko naman ito sisimulan? Ano-ano kaya ang dapat kong gawin para matugunan ko ang pangangailangan ng aking lipunan? Ano-ano ba ang dapat kong malaman?

Simulan natin sa **Pakikilahok**. Ang **Pakikilahok** ay isang tungkulin na kailangang isakatuparan ng lahat na mayroong kamalayan at pananagutan tungo sa kabutihang panlahat. Ito ay mahalaga sapagkat:

- *una*, maisasakatuparan ang isang gawain na makatutulong upang matugunan ang pangangailangan ng lipunan.
- *ikalawa*, magagampanan ang mga gawain o isang proyekto na mayroong pagtutulungan.
- *ikatlo*, maibabahagi ang sariling kakayahan na makatutulong sa pagkamit ng kabutihang panlahat.

Ang pakikilahok ay isang tungkulin na kailangan mong gawin sapagkat kung ito ay hindi mo isinagawa ay mayroong mawawala sa iyo. Ang Pakikilahok ay nagbibigay sa tao ng

Ang Pakikilahaok ay makakamit lamang kung kinikilala lamang ng tao ang kanyang pananagutan.

makabuluhang pakikitungo sa lipunan na kung saan ang bawat nakikilahok ay dapat tumupad sa kaniyang tungkulin para sa kabutihang panlahat. Ang obligasyon na ito ay likas dahil sa taglay na dignidad ng tao. Ang pakikilahok ay makakamit lamang kung kinikilala ng tao ang kanyang pananagutan. Mula dito makakamit ang Kabutihang Panlahat.

Narito ang mga Antas ng Pakikilahok na makatutulong sa pakikibahagi sa lipunan ayon kay Sherry Arnsteinis:

1. *Impormasyon.*Sa isang tao na nakikilahok mahalaga na matuto siyang magbahagi ng kanyang nalalaman o nakalap na impormasyon. Makatutulong ito upang madagdagan ang kaalaman ng iba. Halimbawa: Sa Brigada Eskwela, maari mong ipaalam sa iyong mga kamag-aral at kakilala kung kalian ito magaganap, maaring ipost mo ito sa facebook o di kaya'y itext sila gamit ang iyong cellphone upang malaman nila ito at ano ang magandang bunga nito kung sila din ay makikilahok.

2. *Konsultasyon.* Ito ay mas malalim na impormasyon. Ito ay bahagi na kung saan hindi lang ang sarili mong opinion o idea ang kailangang mangibabaw kundi kailangan pa ding makinig sa mga puna ng iba na maaring makatulong sa pagtatagumpay ng isang proyekto o gawain. Halimbawa: Sa iyong pakikilahok sa Brigada Eskwela ay naatasan kang mamuno sa iyong kapwa kamag-aral sa lugar na inyong lilinisin sa paaralan. Marahil ay marami kang ideya kung paano ito pasisimulan ngunit mas mabuti kung ikaw ay kokonsulta muna sa iyong guro o kapwa kamag-aral sa naiisip mong gawin.

3. *Sama-samang Pagpapasya*. Upang lalong maging matagumpay ang isang gawain mahalaga ang pagpapasya ng lahat. Ito ay hindi lamang dapat gawin ng isang tao kundi ng nakararami. Sa pagpapasya kinakailangang isaalang-alang ang kabutihang maidudulot nito hindi lamang sa sarili kundi sa mas nakararami.
   Halimbawa: Nabigyan na ang bawat isa ng kanyang gagawin. Mahalaga pa rin na tanungin sila kung sila ay pumapayag dito at kaya ba ang napunta sa kanilang gawain.

4. Sama-samang Pagkilos**.** Hindi magiging matagumpay ang anumang gawain kung hindi kikilos ang lahat. Tingnan mo ang walis tingting. Hindi ito makalilinis ng kalat kung isa lamang tingting ang gagamitin; ngunit kung ang bawat tingting ay pagsasamasamahin

DRAFT
March 31, 2014

mabilis itong makakalinis ng paligid. Ganyan din ang tao. Kung ang bawat isa ay kikilos ng sama-sama para makatulong sa kanyang lipunan tiyak makikita natin ang tunay na pagbabago nito. Halimbawa: Sa pagsisimula ninyong maglinis sa lugar na naatas sa inyo hindi maari na ang pinuno lamang ang palaging gagawa. Kailangan ang bawat isa ay gaganap sa tungkulin na ibinigay sa kanya upang matapos ng maayos at mabilis ang trabaho.

5. Pagsuporta (Support) Ang isang gawain kahit ito ay mahirap ay napapadalikung ang bawat isa ay nagpapakita ng pagsuporta dito. Hindi ito tumutukoy sa tulong pinansyal lamang. Ito ay maaring ipakita sa pagbibigay ng talento o kakayahan o anumang tulong basta't ito ay nanggagaling sa iyong puso. Halimbawa: Hindi mo kayang maglinis sapagkat mahina ang iyong pangangatawan. Maibibigay mo pa rin ang iyong suporta sa pamamagitan ng pagbibigay ng donasyon, paghahanda ng pagkain para sa mga naglilinis o di kaya'y pagpapalaganap ng impormasyon sa mga tao para makilahok sila.

Mula sa Pakikilahok, nahuhubog ng tao na mapukaw ang kanyang damdamin at kaisipan na siya ay kasangkot at kabahagi ng kanyang lipunan sa pagpapalaganap ng pangkalahatang kabutihan. Ito ay maipapakita sa pamamagitan ng:

a. Paggalang sa makatarungang batas
b. Pagsisikap na maging masigasig sa tungkulin tulad ng pagtataguyod ng maayos na pamilya at pagiging tapat sa gawain

DRAFT
March 31, 2014

Ang Pakikilahok ay hindi minsanan lamang. Ito dapat ay isang patuloy na proseso hangga't kaya mo at mayroon kang kayang gawin para sa ikababuti ng iyong lipunan, sapagkat mula dito nabibigyan ng saysay ang iyong pagiging TAO na nilikha ayon sa wangis ng Diyos.

Sa pamamagitan ng Pakikilahok ang tao ay nagiging mapanagutan hindi lamang sa kanyang sarili kundi sa kaniyang kapwa. Nakilala niya ang kaniyang mga kakayahan, talento at kahinaan na makatutulong upang magkaroon siya ng tiwala sa kanyang sarili. Nakikibahagi siya sa lipunan bilang isang aktibong kasapi nito at nagkakaroon ng kaganapan ang kanyang pagkatao.

Ngunit hindi kaila na mayroong mga taong nakikilahok dahil sa kanilang pansariling interes lamang o pansariling layunin. Tulad na lang halimbawa ng:

- mga tao na naglilingkod o tumutulong sapagkat mayroon silang kailangan o mayroon silang hinihintay na kapalit
- mga tao na ginagawa lamang ito bilang pampalipas ng oras

- mga tao na kung nakuha na nila ang kanilang nais o pakay ay humihinto na sa kanilang ginagawa

Sa mga ganitong gawi ng ilang tao nawawala ang tunay na diwa ng pakikilahok at napapalitan ito ng pansariling kapakinabangan lamang.

Madalas na nakararanas ang ating bansa ng mga kalamidad tulad ng Bagyong Ondoy, Pedring at Habagat at Yolanda. Sa ganitong mga sitwasyon makikita ang kabayanihan ng ilang kababayan nating Pilipino na kung saan sila ay nag-aalay ng kanilang panahon, sarili at yaman para sa iba.Nakatutuwa sapagkat sa mga ganitong pagkakataon ay makikita ang pagkilos ng mga kabataan upang tumulong sa iba. Hindi lamang iyan; nakikisangkot na rin ngayon ang mga kabataan sa mga isyung hinaharap ng ating bansa upang pakinggan ang kanilang tinig. Hinihimok ang lahat ng kabataan ngayon na makiisa at magbigay ng sarili para sa kapakanan ng iba. Maraming maaaring magawa kahit pa ito ay maliit lamang. Kung ito ay bukal sa iyong kalooban, ito ay kapuri-puri sa ating Poong Maykapal. Ang pakikiisa sa iyong barangay sa paglilinis ng paligid, ang pagtuturo ng iyong kaalaman at talento sa iba, ang pagtulong mo sa iyong mga kamag-aral sa asignaturang hindi nila maunawaan o ang pagtuturo mo sa iyong mga kapitbahay na magbasa at magsulat sapagkat hindi sila nakapag-aral at marami pang iba ay ilan lamang na maaring gawin ng isang kabataang katulad mo. Alam mo ba ang tawag sa mga ito? Ito ay ang bolunterismo.

DRAFT
March 31, 2014

Ano nga ba ang Bolunterismo? Ang **Bolunterismo** ay isang paraan ng paglilingkod at pagpapakita ng pagmamahal sa kapwa at sa lipunan. Ito ay pagbibigay ng sarili na hindi naghahangad ng anumang kapalit. Ito ay marami ding katawagan tulad ng Bayanihan, Damayan, Kawanggawa o bahaginan.

Mayroong benepisyo ang pagsasagawa ng Bolunterismo

1. Nagkakaroon ng kasiyahan ang isang tao kapag siya ay naglilingkod.
2. Nagkakaroon siya ng personal na paglago.
3. Nagkakaroon siya ng kontribusyon o bahagi sa pagpapabuti ng lipunan.
4. Nagkakaroon siya ng pagkakataon na makabuo ng suporta at relasyon sa iba.
5. Nagkakaroon siya ng panahon na higit na makilala hindi lamang ang iba kundi pati na ang kanyang sarili.

Mula sa benepisyo nito, naiaangat ang pagkatao ng tao at nagiging mapanagutan siya sa kanyang lipunan na nagiging daaan tungo sa kabutihan ng lahat.

May pagkakaiba ba ang Pakikilahok sa Bolunterismo? Sa Pakikilahok nagiging konsiderasyon ang personal na interes o tungkulin. Kailangan mong gawin dahil kung hindi, mayroong mawawala sa iyo. Halimbawa: ang paglahok sa halalan, paglahok sa pangkatang gawain na pinapagawa ng guro, o paglahok sa pulong ng mga kabataan sa barangay.

Sa Bolunterismo, kung hindi mo ito gagawin, hindi ka apektado, kundi yaong iba na hindi mo tinulungan. Kung ikaw man ay managot; ikaw ay mananagot sa iyong konsensiya sapagkat hindi ka tumugon sa pangangailangan ng iyong kapwa. Hindi lahat ng pakikilahok ay may aspekto ng bolunterismo pero lahat ng bolunterismo ay may aspekto ng pakikilahok.

Tanong: Bolunterismo ba ang ginawa ni Peachy Breteña sa ginawa niyang pagpo-post sa facebook tungkol sa protesta sa “pork barrel” noong Agosto 26, 2013? Bakit? Pangatwiranan.

DRAFT
March 31, 2014

Ang tunay na diwa ng Pakikilahok at Bolunterismo ang kailangang makita sa ating lipunan lalo na sa ngayon. At bilang kabataan ito ay maaari mong simulan. Wika nga ni Bishop Emeritus Teodoro Bacani sa isa sa kanyang panayam sa Radio Veritas para sa kabataan, na huwag lamang makuntento sa mga araw-araw na karaniwang gawain, yung hindi nababahala at pinababayaan lamang tumakbo ang mundo, bagkus kinakailangan na ang kabataan ay manggulo ibig sabihin ay magsikap na humanap ng pamamaraan at maging kasangkapan para sa ikauunlad ng buhay at lipunan. Ayon naman kay Pope Francis sa kanyang mensahe sa kabataan noong nakaraang World Youth Day sa Rio de Janerio Brazil noong June 24, 2013, “Ang kabataan ang durungawan kung saan ang hinaharap ay nagdaraan” na ibig sabihin nasa kabataan makikita ang kinabukasan. Katulad ng sinabi rin ng ating bayaning na si Dr. Jose Rizal, nasa kabataan ang pag-asa ng bayan.

Ito ay isang malaking hamon para sa iyo - ang iyong maaring magawa tungo sa pagbabago at ikauunlad ng ating lipunan.

Sa Pakikilahok at Bolunterismo dapat Makita ang 3 Ts

1. **Time (Panahon).** Ang panahon ay mahalaga sapagkat kapag ito lumipas hindi na ito maibabalik. Sabi nga sa isang awit:

   "Minsan lamang ako daraan sa daigdig na ito
   kaya ano man ang mabuting maaring gawin ko ngayon,
   O anumang kabutihan ang maari kong ipadama
   itulot ninyong magawa ko ngayon ang mga bagay na to.
   Nawa'y h'wag ko itong ipagpaliban o ipagwalang bahala
   sapagkat di na ko muling daraan sa ganitong mga landas".

   Tunay ngang mahalaga ang panahon kung kaya't hanggang maaga ay gamitin mo ito ng buong husay sa iyong pakikilahok at pagbobolunterismo para sa iyong lipunan.
2. **Talent (Talento).** Ang bawat isa ay binigyan ng Diyos ng talento at ito ay iyong magagamit upang ibahagi sa iba. Iba-iba ang talento ng bawat isa. Tinalakay ninyo ito sa inyong aralin noong ikaw ay nasa ika-pitong baitang pa lamang. Ang paggamit ng iyong talento ay makatutulong hindi lamang sa iba kundi ito ay makatutulong din sa iyo upang higit kang magkaroon ng tiwala sa iyong sarili.
3. **Treasure (Kayamanan).** Maaring ang unang sasabihin ng iba ay wala akong pera, mahirap lang kami, wala akong maitutulong, ngunit sa pagbibigay hindi tinitingnan ang laki nito sapagkat gaano man ito kaliit ang mahalaga ay kusa mong ibinigay ito ng buong puso para sa nangangailangan.

Mula sa 3T's na ito makikita natin na ang Pakikilahok at Bolunterismo ay dapat ginagawa na buong husay kasama ang puso at nang may pananagutan para makamit ang kabutihang panlahat. Mula dito nagkakaroon ang tao ng pagkakataon na ibahagi ang kanyang sarili sa kapwa at nagagampanan din niya ang habilin sa atin ng Diyos na mahalin ang kapwa tulad ng pagmamahal sa sarili. Sinabi ng Diyos na anumang bagay ang gawin mo sa pinakamaliit mong kapatid ay sa akin mo na rin ginagawa.

DRAFT
March 31, 2014

Naalala ko tuloy ang isang kwento ng aking kakilala. Labinlimang taong gulang siya noon ng maging mulat siya sa pagtulong at pagbabahagi ng kanyang sarili sa iba na hindi niya kakilala o kaanu-ano. Siya ay nagsimula sa pagiging aktibong kasapi ng kanilang Simbahan at dito niya nakita na siya ay may malaking pananagutan sa kanyang kapwa. Sa kanyang kabataan siya ay nagboboluteer sa isang orphanage upang mag-alaga ng mga batang ulila. Siya ay naatasan sa pagpapaligo, pagpapakain at pagbibihis sa mga maliliit na bata doon. Naranasan niya din ang matulog sa malamig na semento katabi ang mga bata doon, pati ang paglilinis ng sugat nila at gayundin ang paghehele sa mga sanggol na umiiyak. Hindi ito naging madali para sa kanya sapagkat hindi siya sana'y sa ganitong klaseng gawain. Ngunit ilang taon din niya itong ginawa at lubos ang kanyang kasiyahang nararamdaman sa kanyang paglilingkod sa iba.Nagbigay din siya ng oras upang magturo ng Religion sa mga mag-aaral sa public school sa kanilang lugar sa kabila ng pagiging abala niya sa kanyang trabaho at pamilya. Hindi din siya tumitigil na maglingkod bilang Tagapagpahayag ng Salita ng Diyos o Lector sa kanilang Simbahan. Isang araw nga may nagtanong sa kanya, "Hindi ka ba nagsasawang maglingkod?" Ang sagot niya: "Kulang pa nga iyang ibinibigay ko sa napakaraming pagpapala na natatanggap ko mula sa Panginoon".

DRAFT

Hindi lamang siya, sa tuwing ako ay nadaraan sa aming kalsada sa aming barangay pag araw ng Linggo ay nakapukaw sa aking paningin ang mga naglilinis dito. Minsan kong kinausap ang isa sa kanila at nalaman ko na sila pala ay samahan ng mga "solo parent" ang iba sa kanila ay namatay na ang asawa, ang iba naman ay iniwan ng asawa. Tinanong ko siya bakit ninyo ito ginagawa? Ang sagot niya ay, nais kasi naming makatulong sa barangay upang mapanatiling malinis ang paligid at maiiiwas sa sakit ang mga mamamayan lalo na ang mga bata. Ako ay natuwa sa kanyang sagot sapagkat ang mga taong ito na solo parent na bagamat nangangailangan din ng tulong ay nakapagbibigay pa din ng kusang loob para sa kapakanan ng kanilang kapwa. Sa ngayon ay mayroon na silang tatlumpung kasapi.

March 31, 2014

Sana sa pamamagitan ng babasahing ito ay maramdaman mo na ikaw ay may magagawa, ikaw ay may personal na pananagutan para sa iyong kapwa at lipunan. Kung sisimulan mo sa iyong sarili at nagawa mo ito nang buong puso, matitiyak ko sa iyo na ikaw ay magkakaroon ng kaganapan sa iyong buhay, isang buhay na ganap at kasiya-siya.

Napagnilay-nilayan mo na ba ang madalas awitin sa Simbahan o sa mga "rallies".

"Walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang,
walang sinuman ang namamatay para sa sarili lamang.
Tayong lahat ay may pananagutan sa isa't isa,
tayong lahat ay tinipon ng Diyos na kapiling Niya".

Tayahin natin ang iyong pag-unawa

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Mahalaga ba ang pakikilahok at bolunterismo ng isang kabataan?
2. Ano-ano ang maidudulot nito sa iyong kapwa? Sa pamayanan? Sa lipunan?
3. Ano ang pinagkaiba ng pakikilahok sa bolunterismo? Ipaliwanag. Magbigay ng halimbawa ng pakikilahok at halimbawa ng bolunterismo.
4. Paano mo gagamitin ang talento sa iyong pagsasagawa ng pakikilahok at bolunterismo?
5. Ano-ano ang mga antas na iyong dapat isaalang-alang sa pakikilahok?
6. Ano-ano ang mga benepisyo ng bolunterismo?

Anong konsepto ang naunawaan mo mula sa babasahin? Isulat ang sagot sa kuwaderno.

DRAFT
March 31, 2014

Paghihinuha ng Batayang Konsepto

A.

Ang_____
at _____ ng _____ sa mga gawaing _____

batay sa kanyang _____ ay makatutulong sa pagkamit ng _____

B. Punan ang nawawalang salitang upang mabuo ang Batayang Konsepto. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

Bilang obligasyong _____ sa _____ ng tao, ang _____ ay nakakamit sa _____ o _____ sa mga aspekto kung saan mayroon siyang _____ na _____.

pagbibigay personal	pagtulong	paggawalikas	pakikilahok
pananagutan	bolunterismo	kapwa	dignidad
pagmamahal	Likas		

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unalad ko Bilang Tao
1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?

2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?

E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Ngayon ay nabatid mo na ang pakikilahok lalo na ang bolunterismo ay tunay na mahalaga hindi lamang sa iyong sarili, lalo't higit sa iyong kapwa, sa lipunan/bansa. Lagi mong tatandaan na dapat mong ilakip ang iyong talento/kakayahan sa pagsasagawa ng pagtulong.

Panuto:

1. Tingnan ang kahon sa ibaba. Sa unang kolum ay isusulat mo ang iyong mga talento/kakayahan.

2. Sa ikalawang kolum ay isulat mo ang iyong mga maaring gawin o maitulong mula sa mga talento/kakayahan na iyong taglay.

DRAFT
March 31, 2014

Talento/Kakayahan	Paano ko gagamitin?
1. Pagluluto	1. Ako ang magluluto o maghahanda ng pagkain ng mga kasama kong volunteers.
2.	2.
3.	3.
4.	4.
5.	5.

Pagninilay

Ano ang iyong natuklasan tungkol sa tunay na kahulugan ng Pakikilahok at Bolunterismo? Sagutin mo ang tanong: May nabago ba sa aking pananaw at pagkaunawa ng pakikilahok at bolunterismo? Paano ko ito maisasabuhay? Kung ito naman ay naisasabuhay mo na maari mong isulat ang iyong karanasan ukol dito. Gawin ito sa iyong journal.

Ano ang nabago sa aking pananaw at pagkaunawa sa pakikilahok at bolunterismo

Paano ko maisasabuhay ang mga ito?

Pagsasabuhay

Ang tunay na diwa ng pakikilahok at bolunterismo ay hindi minsan lamang. Ito ay patuloy na proseso na dapat isagawa. Balikan natin ang iyong naging gawain sa unang modyul kung saan ikaw ay gumawa ng survey sa tatlong pangunahing problema sa iyong pamayanan at kung paano ka nakilahok. Ngayon naman ay maghahanap ka ng mga volunteers na gustong makiisa para matugunan ang problema ng pamayanan.

DRAFT
March 31, 2014

Panuto

1. Magpost sa iyong *facebook* na nangangailangan pa ng mga volunteers para makatulong sa problema ng barangay.
2. Maari din na magdikit ka ng mga poster na nag-aanyaya sa iba na magvolunteer.

Halimbawa:

Ikaw ay hinahamon ko na isagawa na ito sa lalong madaling panahon. Sapagkat kung hindi ka pa kikilos ngayon…kailan pa?

Binabati kita sa iyong pagtugon sa pangangailangan ng iyong kapwa at ng lipunan. Ipagpatuloy mo ito nang buong husay at lagi mong iisipin na ginagawa mong ito para sa Diyos.

Mga Kakailanganing Kagamitan (website, software, mga aklat, worksheet)

Mga Sanggunian:

Word and Life Publications ,Compendium of the Social Doctrine Of The Church

Cathechism of the Catholic Church

Susan J. Ellis, The Volunteer Recruitment Book, November 22, 2004

Rev. Fr. Roman E. Calleon, Naku Ha! (Mga Kuwento at Pagninilay na Pkikinabangan) Volume 1, April 28, 1997

Websites

http://tl.wikepedia.org/wiki/Bolunterismo

http://www.bygpub.com/books/tg2rw/volunteer.htm

www.partnership.org.uk/pres/fitlog/sld007.htm

https://www.google.com.ph/search?q=peachy+bretana+pork+barrel+protest&espv=210&es_sm=93&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ei=hZOBUqvsGu-SiQfCsYGwBg&ved=0CAcQ_AUoAQ&biw=1366&bih=630

http://cec.vcn.bc.ca/mpfc/key/key-pt.htm

DRAFT

March 31, 2014

Edukasyon sa Pagpapakatao

Baitang 9

Ikatlong Markahan

MODYUL 9: KATARUNGANG PANLIPUNAN

A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Ayon sa isang kasabihan, “Hindi mo alam kung ano ang nariyan hangga’t hindi ito nawawala sa ‘yo.” *(You don’t know what you have until it’s gone.)* Mula pinakamumunti at mababaw na bagay tulad ng isang kamiseta o payong hanggang sa pinakamalalim at malapit-sa-puso gaya ng kaibigan o magulang, madalas binabalewala lamang sila hanggang sa maging huli na ang lahat. Ganito rin ang katarungan. Hindi napapag-usapan, hindi nga rin siguro talaga naiintindihan, ngunit kapag binawi na, saka nagngingitngit sa galit o nagmamakaawang nagsusumamo ng “katarungan!” ang nakararanas ng kawalan nito.

DRAFT

Inaasahan sa modyul na ito na maipamamalas mo ang pag-unawa sa katarungang panlipunan. Ito nga ba ay tungkol sa batas ng pagpaparusa at paghihiganti? Ito ba ay tungkol sa transaksiyonal na ugnayan ng pamahalaan at mamamayan? Gagabayan ka ng modyul na ito upang makita mo ang hindi pagkahiwalay ng konseptong ito sa iyong pansariling buhay, nang sa gayon, maghikayat ka na itaguyod at ipaglaban ang pagpapahalagang ito.

March 31, 2014

Sa modyul na ito, sasagutin ang mahalagang tanong na: **Ano ang katarungan? Paano ito naging mahalagang sangkap ng ugnayan sa lipunan? Ano ang kinalaman ng katarungang panlipunan sa buhay ko?**

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

9.1. Nakikilala ang mga palatandaan ng katarungang panlipunan

9.2. Nakapagsusuri ng mga paglabag sa katarungang panlipunan ng mga tagapamahala at mamamayan

9.3. Napatutunayan ang Batayang Konsepto

9.4. Natutugunan ang pangangailangan ng kapwa o pamayanan sa mga angkop na pagkakataon

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput sa Kasanayang Pampagkatuto 9.4:

a. May komprehensibong plano para sa pagsasagawa ng programa
b. May tiyak na layuning kaugnay ng paksa
c. Nakagawa ng action plan
d. May mga patunay sa pagsasagawa ng mga gawain
e. Nakagawa ng komprehensibong ulat sa pagtatapos ng markahan
f. May kalakip na pagninilay

Paunang Pagtataya

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik nito sa sagutang papel.

1. Ano ang katarungan?
   a. Paggalang sa sarili.
   b. Pagsunod sa batas.
   c. Pagtrato sa tao bilang kapwa.
   d. Lahat ng nabanggit.

2. Ano ang tamang pagpapatupad sa katarungan?
   a. Ikulong ang lumabag sa batas.
   b. Patawarin ang humingi ng tawad.
   c. Tumawid sa tamang tawiran.
   d. Bigyan ng limos ang namamalimos.

3. Sino ang may tungkuling ipatupad ang batas?
   a. mamamayan
   b. pamahalaan
   c. pulis
   d. Lahat ng nabanggit.

4. Bakit kailangan ng mga batas?
   a. Upang matakot ang mga tao at magtino sila.
   b. Upang magabayan ang mga tao sa tamang pagkilos.
   c. Upang parusahan ang mga nagkakamali.
   d. Lahat ng nabanggit.

5. Alin sa mga sumusunod ang hindi makatarungan?
   a. Ang pagbibigay ng bagsak ng grado sa hindi nakakatupad sa mga kakailanganin sa klase.
   b. Ang pagpatay sa mga nahuling kargador ng droga sa Tsina
   c. Ang pagbigay ng limos sa namamalimos sa kalye
   d. Wala sa nabanggit.

DRAFT
March 31, 2014

6. Alin sa mga sumusunod ang pagpapamalas ng katarungan?
    a. Pagsumbong sa guro ng kaklaseng nangongopya.
    b. Pagpapautang ng 5-6.
    c. Pagturing sa mga *fixer* ng lisensya bilang kapwa-naghahanap-buhay.
    d. Wala sa nabanggit.

7. Ang mga sumusunod ay mga panukalang makatarungan maliban sa:
    a. “Mata sa mata, ngipin sa ngipin.”
    b. “Kunin mo lamang ang kailangan mo.”
    c. “Walang sala hanggat hindi napapatunayang nagkasala.”
    d. “Tulungan ang lahat ng nanghihingi ng tulong.”

8. Ang katarungang panlipunan ay:
    a. ideyal lamang at hindi mangyayari sa talaga.
    b. ukol sa parehong komunidad at sarili.
    c. pinatutupad ng pamahalaan.
    d. Wala sa nabanggit.

9. Nagsisimula ang katarungang panlipunan sa:
    a. sarili.
    b. pamahalaan.
    c. lipunan.
    d. Diyos.

10. Nakapaloob sa katarungang panlipunan ang mga sumusunod:
    a. batas, kapwa, sarili.
    b. Diyos, pamahalaan, komunidad.
    c. baril, kapangyarihan, rehas.
    d. batas, konsensya, parusa.

DRAFT
March 31, 2014

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

1. Punan ang tsart sa ibaba ng mga sitwasyong nagpapakita ng (a) pagiging makatarungan at (b) kawalan ng katarungan.
2. Magtala ng pinakamaraming sitwasyong kayang itala.
3. Pagkatapos, ipasa ito sa guro upang makita kung sino sa inyong klase ang may pinakamaraming tamang naitala.

MAKATARUNGAN			DI MAKATARUNGAN

C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

March 31, 2014

Gawain 1

Marahil ay narinig mo na sa iyong mga magulang o lolo at lola ang salitang martial law o batas militar. Ito ay ipinatupad sa bansa noong ika-21 ng Setyembre, 1972 ni Pangulong Ferdinand E. Marcos. Ayon sa kaniya, ipinatupad ito dahil sa layuning iligtas ang Pilipinas sa kamay ng mga kaaway nito at upang magtatag ng isang bagong lipunan na makapagdudulot ng ibayong kaunlaran, kapayapaan at seguridad sa sambayanang Pilipino. Ngunit dahil sa kapangyarihang iniatang sa mga militar, lumaganap ang karahasan at paglabag sa mga karapatang pantao.

Ang Dekada ’70 ni Lualhati Bautista ay naglarawan ng mga pangyayari sa panahong ito.

Panuto:

1. Sikaping makakuha ng sipi ng aklat na Dekada ’70. Maaaring magtanong sa mga kakilala o kaya naman ay maghanap sa silid-aklatan sa paaralan.

2. Makipag-ugnayan sa guro upang makabuo ng mga pangkat.
3. Matapos matukoy ang mga kapangkat ay pag-usapan ang paghahati ng mga gawain o tungkulin. Maaaring hatiin ang aklat sa bahagi upang mabasa at pagkatapos ay maglaan ng oras upang talakayin ito sa pangkat. Mahalagang maunawaan ng lahat ang nilalaman nito.
4. Pagkatapos ay gawin ang ulat para sa ginawang pagsusuri gamit ang gabay na nasa ibaba:
    a. Gumawa ng listahan ng mga mahahalagang pangyayari na nabasa sa aklat na tumatak sa inyong isipan.
    b. Sino-sino ang mga tauhan? Ilarawan ang bawat isa.
    c. Ano ang mga suliraning kinaharap ng bawat tauhan sa kuwento? Isa-isahin ang mga ito.
    d. Saan nangyari ang kuwento at sa anong panahon ito naganap?
    e. Mayroon bang mga pangyayari sa aklat na labis mong tinututulan? Ano-ano ang mga ito at bakit?
    f. Ano, sa iyong palagay, ang layunin ng may-akda sa kaniyang pagsulat ng aklat?
    g. May mga pangyayari bang nasa aklat na nagpapaalala ng iyong karanasan o karanasang iyong nasaksihan mula sa isang kaibigan, kakilala o kapamilya? Ilarawan.
    h. Ano ang mahahalagang aral na iyong nakuha mula sa kuwento?
    i. Kung magaganap ang kuwento sa kasalukuyan, ano kaya ang magiging pagkakaiba ng mga pangyayari sa kuwento?
    j. Kung bibigyan ka ng pagkakataong baguhin ang ilang bahagi ng kuwento, ano ang iyong papalitan at ano ang ipapalit mo rito?
5. Ipasa ang ulat kasama ang pagninilay mula sa kuwento.
6. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na tanong:
    a. Mayroon bang nabago sa iyong pananaw at paniniwala matapos mong mabasa ang kuwento?
    b. Sa iyong palagay, ano ang idudulot sa bansa kung patuloy na magaganap ang mga pangyayaring nabasa sa kuwento?
    c. Paano matitiyak na laging mananaig ang katarungan sa ating lipunan?
    d. Ano ang katarungan?
    e. Paano ito naging mahalagang sangkap ng ugnayan sa lipunan?
    f. Ano ang kinalaman ng katarungang panlipunan sa iyong buhay?

DRAFT
March 31, 2014

D. PAGPAPALALIM

KATARUNGANG PANLIPUNAN

"Katarungan para kay Ka Dencio!" ang sikat na linya sa 80s ng pelikulang Sister Stella L (1984) na pinagbidahan ni Vilma Santos. Tungkol ito sa isang madre na nakiisa sa pagpipiket ng mga manggagawa laban sa mapaniil na pamamalalakad ng pabrika.

Katarungan. Madalas mong naririnig ito sa mga rally kapag ipinaglalaban ang karapatan sa lupa o kaya sa balita tulad ng iyak ng isang inang pinagnakawan ng buhay ng anak. Katarungan ang sigaw kapag may inapi. Katarungan ang hinihingi kapag hindi patas ang turing sa tao. Kung titingnan nang maigi, ang paggamit sa salitang "katarungan" sa mga nabanggit na halimbawa ay negatibo. Sa totoo, mas angkop yatang sabihin na tungkol sa pagkawala ng katarungan o "kawalang-katarungan" ang pinag-uusapan sa itaas. May sinasabi ito sa atin: (1) ang usaping "katarungan" ay lumalabas lamang sa diskursyo kapag nawawala na ito o kapag umiiral ang inhustisya (kawalang-katarungan), at (2) sa maraming panahon na hindi nawawala ang katarungan, ang ibig sabihin nito ay umiiral ang katarungan.

DRAFT
March 31, 2014

Ano ang katarungan kung gayon? Saan mararanasan o makikita ang katarungan? Baka makatulong sa ating pagmumuni ang pagbaliktad ng mga naunang halimbawa tungkol sa kawalang-katarungan. Kung kawalang-katarungan ang pagpatay, ang buhay ay katarungan. Kung kawalang-katarungan ang pang-aagaw ng lupa, katarungan ang gumalang sa pagmamay-ari (ng lupa). Kung kawalang-katarungan ang pang-aapi, katarungan ang pagkalinga at paggalang sa dignidad ng tao. Mula sa tatlong halimbawang ito, masasabi nating ang katarungan ay umiikot sa dalawang nibel: ang nibel ng pagkilala sa tao bilang tao; at ang nibel ng pagkilala sa karapatan ng tao. Ang una ay tungkol sa taong tumatayo bilang isang indibidwal na may sariling pagka-siya at ang pangalawa naman ay tungkol sa ginagalawang ugnayan ng tao sa kapwa at lipunan.

> Kung kawalang-katarungan ang pagpatay, ang buhay ay katarungan.
>
> Kung kawalang-katarungan ang pang-aagaw ng lupa, katarungan ang gumalang sa pagmamay-ari (ng lupa).
>
> Kung kawalang-katarungan ang pang-aapi, katarungan ang pagkalinga at paggalang sa dignidad ng tao.

Tao bilang Tao

Ang tao bilang binubuo ng katawan, pagnanasa, kasaysayan, mga layunin, at pangarap ay tinatawag ng sarili na ipunin ang mga naghahatakang puwersang ito upang manatiling isa at buo. Kung magpapabaya ang tao sa kaniyang sarili – halimbawa ay hindi siya kakain nang husto at wasto – manghihina ang kaniyang katawan at hindi na niya magagawa ang mga gusto niyang gawin. Kung magpapadala lamang siya sa mga pagnanasa ng katawan--magpapakasasa sa pag-inom o uubusin ang oras sa bigay-hilig na paglalaro ng DOTA, mawawalan siya ng oras para sa iba pang importanteng bagay tulad ng paglalaba ng damit, paglalaro ng sports, pag-aaral o pamamasyal kasama ng pamilya. Kung puro prinsipyo lamang ang paninindigan ng tao, baka makalimutan niya ang iba pang mahahalagang relasyon na kaniya ring kinapapalooban. Baka dahil sa pagpipilit halimbawa ni Stephen na maabot ang pinakamataas na grado sa klase, makalimutan niya ang pagkain at/o ang pakikihalubilo sa mga kaibigan.

For the illustrator:

Larawan ng batang kumakain ng junk food at softdrinks

Larawan ng batang na harap ng computer at naglalaro

Larawan ng batang nakasubsob ang ulo sa pag-aaral.

(parang collage)

DRAFT
March 31, 2014

Ang katarungan sa sarili ay ang paglalagay sa ayos ng sarili.

Ang katarungan sa sarili ay ang paglalagay sa ayos ng sarili. Iniipon at binubuo ng tao ang iba't ibang salik at puwersang nagtutunggalian at humahatak sa kaniya na tumungo sa iba-ibang direksiyon. Nariyan ang inay na inuutusan akong maglinis ng bahay habang sinisikap kong intindihin ang takdang-aralin para bukas dahil nag-aalanganin akong bumagsak sa klase. Nariyan pa ang hatak ng mga barkada na gumimik na lang at ang sigaw naman ng loob na disiplinahin ang sarili. May tukso din na iwan na muna si inay na kanina pa nagagalit at tumakbo na lang papunta sa kasintahan na nakakaintindi sa pinagdadaanan ko.

Kung nais kong makakilos nang may direksyon sa aking buhay ay kinakailangang timbangin, ayawan, at/o panindigan ang maraming mga bagay na ihinahain sa aking harapan. Ang wastong pagpiling ito ang masasabi nating pinakapundamental na prinsipyo ng katarungan sa sarili. Ano ba ang nais kong mangyari sa aking sarili? Ano ang gagawin ko para marating ko ito? At sa likod ng mga *ano* sa aking pagiging makatarungan sa sarili ay ang tanong na *bakit*: Bakit ko ito gagawin? Ano ang aking pinahahahalagahan? Bakit ito

mahalaga? Gaano ito kahalaga?

Sa madaling salita, maliban pa sa paglalagay ko sa ayos ng aking buhay sa pamamagitan ng pagbabalanse ng mga naghahatakang pwersa, ang pagiging makatarungan sa sarili ay nakaangkla sa halaga ko bilang isang tao at sa pag-iingat ko sa halagang ito. Ang dahilan kung bakit ko kailangang ayusin ang aking sarili ay dahil mahalaga (may-halaga) ako. Ang dahilan kung bakit ko pagsisikapang gawin ang isang bagay ay dahil makapagpapayabong ito at makapagtataguyod ng aking sarili. Kaya ko iingatan ang aking sarili ay dahil hindi ko maaaring bitiwan ang halaga ko bilang isang tao. Tao ako at hinihingi ng katarungan na tratuhin ko ang sarili ko bilang tao.

Ang dahilan kung bakit ko kailangang ayusin ang aking sarili ay dahil mahalaga (may-halaga) ako.

Ang dahilan kung bakit ko pagsisikapang gawin ang isang bagay ay dahil makapagpapayabong ito at makapagtataguyod ng aking sarili.

Kaya ko iingatan ang aking sarili ay dahil hindi ko maaaring bitiwan ang halaga ko bilang isang tao.

DRAFT

Tao bilang Nasa Ugnayan

March 31, 2014

Subalit hindi lamang *sarili* ang tao. Bahagi rin ng kasarinlan ay ang pagiging nasa sa loob ako ng ugnayan. Salamat sa mga ugnayang ito dahil napupunan ng mga ugnayang kinapapalooban ng tao ang anumang pagkukulang at pangangailangan niyang hindi kayang likhain ng sarili. Pipitasin niya sa taniman ang kaniyang kakainin. Kukunin niya sa kabundukan ang kaniyang titirhan. Aanihin niya sa mga hayop ang kaniyang isusuot. Makikiugnay at makikipagtulungan ang tao sa kaniyang kapwa upang mapabilis ang paggawa. Nabubuo ang mga komunidad upang maharap nang mas maginhawa ang mga hamon ng kasalukuyan, naghahati-hati sa yaman ng bayan, at nagsasama-samang nagpapatakbo ng lipunan.

Ang katarungang panlipunan ay ang pag-iingat sa sarili ng komunidad upang makagawa, makabuo, at makalikha. Kakailanganin sa katarungang panlipunan ang mga batas upang maingatan ang mga indibidwal na karapatan ng tao, ang pamahalaan upang masiguro ang patas na pagbabahagi ng yaman ng bansa, ang pulis upang magbantay sa kalayaan ng mga tao. Ngunit, higit pa dito, ang pinakasentro ng lahat ay ang mga malalalim na ugnayan ng tao sa loob ng komunidad. Kung wala at hindi mahigpit ang mga ugnayang ito, mauunawaan ang

Ang katarungang panlipunan ay ang pag-iingat sa sarili ng komunidad upang makagawa, makabuo, at makalikha.

katarungang panlipunan bilang transaksiyon lamang ng pamahalaan at ng mga sakop nito. Mauuwi ang katarungang panlipunan sa usaping legalistiko lamang—bilang pagsunod sa batas o pagpapataw ng parusa sa mga tao. Bagaman kasali rin talaga ang mga ito sa paksa, ang katarungang panlipunan ay, una't higit, ukol sa mga tao at sa mga ugnayan nila sa isa't isa. Kaya nagsisikap magkaroon ng katarungan ay dahil sa pagnanais na mabuo ang sarili at ang komunidad.

Sa ganitong pag-unawa sa katarungang panlipunan, inaaako ng sarili ang malaking tungkulin na maging makatarungan sa sarili. Dahil kung hindi magiging maayos ang tao, ang komunidad na kaniyang gagalawan ay mawawasak din. At sa isang katwang balik-ikot ng ugnayang tao at komunidad, kung wala ring katarungan sa lipunan, pati ang tao sa loob nito ay hindi magagawang mabuo ang sarili. Mahalaga ang papel ng pamahalaan dito. Kung hindi matuwid ang pamahalaan, kung hindi ginagawa nang maayos ang kaniyang ekonomiko at pampolitikang tungkulin, mahihirapan ang mga tao na pag-ukulan pa ng panahon ang mga ugnayan sa komunidad. Kani-kaniyang pagsisikap at pagtatrabaho para sa sariling buhay ang iiral—kalat at walang direksyon—na, ayon sa nakita natin batay sa siklong-ugnayan ng tao sa kapwa at tao sa sarili, mauuwi lamang sa wala kundi pagkawasak lamang ng lahat. Kaya't alang-alang sa lipunan at alang-alang din sa sarili, utang na loob ng bawat isa na magkaroon ng katarungan sa sarili at sa komunidad dahil ang ikaaayos ng bawat isa ay nasa kamay ng bawat isa. Mabubuo lamang ng pamahalaan ang mga mabibisang prinsipyong ekonomiko at pampolitika kung ang mga namumuno sa loob niya ay makatarungan din sa kani-kanilang mga sarili. Halimbawa na ang Punong Barangay at Alkalde ay maayos na tao – hindi pinangungunahan ng kanilang sariling mga hilig at pagnanasa sa kapangyarihan lamang. Na ang mamamayan ay makatarungang tao din na hindi inaasa pa sa pamahalaan ang sarili niyang pag-aayos ng kaniyang bakuran, pamilya, at sarili. Ngunit lahat ng ito ay kailangang umpisahan ng makatarungang tao sa sarili niya.

At sa isang katwang balik-ikot ng ugnayang tao at komunidad, kung wala ring katarungan sa lipunan, pati ang tao sa loob nito ay hindi magagawang mabuo ang sarili.

Kaya't alang-alang sa lipunan at alang-alang din sa sarili, utang na loob ng bawat isa na magkaroon ng katarungan sa sarili at sa komunidad dahil ang ikaaayos ng bawat isa ay nasa kamay ng bawat isa.

DRAFT
March 31, 2014

Katarungan

Ano ang katarungan? Sa halip na pag-usapan ang katarungan kapag nawawala na ito, ang hamon ay makita ang katarungan na isang pagpapahalagang kailangang

pagsikapang panatilihin sa bawat sandali. Katarungan ang tumawid sa tamang tawiran. Katarungan ang maging malinis sa itinitindang pagkain. Katarungan ang magbayad ng buwis. Katarungan ang sumunod sa batas trapiko. Katarungan ang maging tapat sa pagsusulit. Katarungan ang sabihin sa kaibigan ang totoo. Katarungan ang aminin sa sarili ang totoo.

Ikaw, kailan ka naging makatarungan sa iyong sarili? Kailan hindi?

Ang katarungan ay hindi hinihingi o inaasahan mula sa labas. Bagaman iginagawad din ng panlabas na estruktura tulad ng pamahalaan, ang katarungan ay kailangang makita bilang isang kilos na nagmumula sa loob ng bawat isa. Hindi bilang karapatan ko lamang bilang miyembro ng lipunan kundi bilang kilos ng pagpapahalaga ng sarili dahil ako ay may halaga sa sarili at sa komunidad.

Ang katarungan, ang paghahangad at pagpapatupad nito, ay hindi hinihintay dumating sa akin. Ginagawa ito ngayon. Sabi nga ni Sister Stella L, "Kung hindi ako, sino? Kung hindi ngayon, kailan?"

Nakahanda ka na bang tumugon katulad niya? Ngayon na!

DRAFT
March 31, 2014

Tayain ang Iyong Pag-unawa

1. Ano ang katarungan mula sa punto de bista ng kawalang-katarungan? Paano makikita ang katarungan bilang positibong pagpapahalaga?
2. Ano-ano ang mga naglalabang kaisipan o alalahanin sa iyong buhay na kailangan mong timbangin? Paano mo aayusin ang mga ito? Paano mo mabibigyang katarungan ang iyong sarili? Bakit ganito ang pagpili na ginawa? Ano ang pinahahalagahan?
3. Ano ang ugnayan ng katarungan sa sarili at katarungang panlipunan?
4. Bakit kailangang pagtibayin at itaguyod ang katarungan ngayon?
5. Saan mo nakikita sa iyong paligid ang katarungan? Ano ang ginagawa mo para mapagtibay ito? Saan mo nasasaksihan ang kawalang-katarungan? Ano ang ginagawa mo para mapuksa ito?
6. Ano-ano ang ginagawa mo upang maitaguyod ang katarungan sa ating bansa?

Paghinuha ng Batayang Konsepto

1. Kumuha ng isang malinis na papel. Isulat dito ang lahat ng mga mahahalagang konsepto na iyong natutuhan mula sa mga gawain at sa babasahin.
2. Gumawa ng isang *concept web* upang mapag-ugnay-ugnay ang mga konseptong naisulat.
3. Matapos gawin ito ay subuking sumulat ng isang malaking konsepto mula sa mga maliliit na konseptong naisulat.
4. Makatutulong sa iyo ang gabay na tanong na: Ano ang katarungang panlipunan? Ano ang maitutulong nito tungo sa pagkamit ng iyong kaganapan bilang tao at sa tunay na layunin ng lipunan?
5. Maaaring gamiting gabay ang halimbawa sa ibaba:



DRAFT
March 3, 2014

Batayang Konsepto: _____
_____
_____
_____
_____

E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Gawain 1

Panuto:

1. Makipag-ugnayan sa guro para sa pagsasagawa ng isang panel discussion.
2. Layunin ng gawaing ito na makakuha ng mga mungkahi sa mga eksperto tungkol sa kung ano ang maaaring magawa ng isang kabataan para sa pagtataguyod ng katarungang panlipunan tungo sa pagkamit ng kabutihang panlahat.
3. Mag-imbita ng mga eksperto sa paksa, maaaring
   a. mga kasapi ng NGO;
   b. mga mag-aaral sa kolehiyo na kalahok sa mga organisasyong may katulad na layunin;
   c. mga opisyal ng pamahalaan, hal. baranggay;
   d. mga kasapi ng simbahan, atbp.
4. Makipag-ugnayan sa guro upang matiyak na tama ang gagawing pagpili sa taong magiging kasama sa panel. Tiyakin din na mapalalagdaan sa guro at sa punong-guro ang liham na ipadadala sa mga iimbatahang kasama sa panel.
5. Makipag-ugnayan sa mga opisyal ng paaralan upang maimbitahan ang iba pang mga mag-aaral upang maging kabahagi ng gawain.
6. Mahalagang maging malawak ang partisipasyon sa gawain, maaari ring imbitahan ang mga magulang at iba pang tao sa pamayanan.
7. Tiyaking nakaplano nang mabuti ang magiging proseso sa gagawing panel discussion. Dapat na nakahanda ito at mahalagang mabasa ito bago ang pagsisimula ng gawain. Mahalaga ito upang mabatid ng lahat ng mga kabahagi ang mga dapat at hindi dapat gawin sa proseso.
8. Idokumento ang lahat ng mga kaganapan sa kabuuan ng gawain.
9. Pagkatapos ng gawain ay maghanda ng komprehensibong ulat at pagninilay.

Gawain 2

Panuto:

1. Makipag-ugnayan sa guro para sa pagpapangkat ng klase.

DRAFT
March 31, 2014

2. Sa gawaing ito ay papangkatin ang iyong klase sa anim. Ang bawat isang pangkat ay bibigyan ng natatanging sitwasyon na gagamitin sa pagsusuri ng kaso (case study).
3. Sa pangkat, mamili ng facilitator o tagapagdaloy ng talakayan, tagatala at magiging tagapag-ulat.
4. Ang mga pangkat ay mamimili o bibigyan ng guro ng alinman sa mga sumusunod na kaso ng:
    a. isang juvenile delinquent o isang batang lumabag sa batas kung kaya napagpasyahang ilagak sa isang institusyon at nakalaya matapos ang matagal na panahon
    b. isang mag-aaral na anak ng isang bilanggo
    c. isang kabataan na may kapansanan o kaya naman ay may kondisyong special (children with special needs)
    d. isang mahirap na mag-aaral na nakakuha ng scholarship sa isang pribadong paaralan
    e. Isang kabataang biktima ng sekswal na pag-abuso
    f. Isang kabataang masugid na nangunguna para sa kampanya para sa paglaban sa paglabag sa karapatang pantao at katiwalian
5. Matapos maibigay ang paksang pag-uusapan sa pangkat ay pag-usapang mabuti sa pangkat ang mga sumusunod na tanong na kailangang masagot.
    a. Ano ang buhay na maaaring kaharapin ng taong ito batay sa iyong pagkamulat o pagkakakilala sa lipunang iyong ginagalawan?
    b. Ano ang mga posibleng paglabag sa katarungang panlipunan na maaaring kaharapin ng taong ito sa lipunan?
    c. Paano matutulungan ang taong ito upang hindi malabag ang katarungang panlipunan sa kaniyang sitwasyon?
    d. Kung ikaw ang mapupunta sa kaniyang sitwasyon, paano mo haharapin ang buhay sa lipunan upang matiyak mong magiging makabuluhan ka pa rin sa lipunan?
6. Pagtulungan sa pangkat ang pagsasagawa ng isang komprehensibong ulat tungkol sa napag-usapan.
7. Matapos masagot ang lahat ng mga tanong ay gumawa ng isang dokumentaryo ukol dito. (makatutulong ang panonood ng mga dokumentaryo sa telebisyon, halimbawa sa Channel 11). Kung hindi posible ang paggawa nito ay maaaring gumawa ng isang artikulo tungkol dito.

DRAFT
March 31, 2014

8. Kung gagawa ng isang dokumentaryo, ipakita sa guro ang output para sa panghuling pagsusuri at maaari itong i-*post* sa *social networking site* (hal. Facebook o youtube).
9. Magsagawa ng kampanya upang mapanood ng maraming kakilala ang ginawang dokumentaryo at hikayatin silang magsulat ng comment ukol dito.

Pagninilay

1. Hingin ang permiso ng guro upang makapamili ng isang bulletin board sa paaralan na maaaring gamitin sa pagpapaskil ng output para sa gawaing ito.
2. Maglista ng sampung bagay na pansariling magagawa para matiyak na palaging maitataguyod ang katarungang panlipunan.
3. Gamitin ang pagkamalikhain sa paggawa nito. Maaaring i-layout na parang isang pahina ng magasin o kaya naman ay diyaryo o scrapbook page. Mga mungkahi lamang ito, maaaring may mas malikhaing pamamaraan kang maisip.
4. Makipag-ugnayan sa guro upang mapili ang sampung pinakaangkop na gawaing naitala ng lahat ng mag-aaral.
5. Kapag napili ang sampu ay makipag-ugnayan sa diyaryo ng paaralan upang mailathala ito. Kailangan ding ilagay ito sa social networking sites at sikaping makakuha ng maraming *likes* mula sa makababasa nito.
6. Magsulat ng pagninilay pagkatapos ng kabuuan ng proseso ng gawain.
7. Pagkatapos ng proseso ay itanong ang mga sumusunod:
   a. Ano ang iyong magagawa para tiyaking patuloy na maisasagawa ang mga bagay na iyong naitala para sa pagtataguyod ng katarungang panlipunan?
   b. Ano ang mga posibleng maging balakid sa pagsasagawa ng mga ito?
   c. Ano ang iyong magagawa upang malagpasan ang mga balakid na ito?

DRAFT
March 31, 2014

Pagsasabuhay

1. Makipag-ugnayan sa guro upang magsagawa ng isang gawaing pampaaralan o pampamayanan.
2. Pag-usapan sa klase ang paglulunsad ng isang gawain para sa alinman sa mga sumusunod:
   a. Pag-iwas sa paglaganap ng bullying sa paaralan
   b. Pag-iwas sa paglaganap ng ipinagbabawal na gamot sa paaralan at pamayanan
   c. Pag-iwas sa paglahok sa fraternity o gang
   d. Pagbibigay ng tulong sa mga nangangailangang mag-aaral sa paaralan

3. Ang mga binanggit sa itaas ay mga mungkahi lamang. Mas makabubuti kung magsasagawa ng pagsusuri kung ano talaga ang mahalagang bigyan ng priyoridad sa paaralan. Sa pamamagitan nito, matitiyak na magiging makabuluhan ang programang ilulunsad.
4. Makatutulong din ang mga pagkatuto mula sa isinagawang panel discussion.
5. Mahalagang tiyaking ang gawaing ilulunsad ay tunay na tumutugon sa pangangailangan para sa katarungang panlipunan
6. Pag-usapan sa klase ang mga sumusunod:
   a. Magiging pangalan o pamagat ng gawain
   b. Mga tiyak na layunin sa paglulunsad ng gawain
   c. Mga gawaing makatutulong sa pagkamit ng mga tiyak na layunin
   d. Mga kagamitang gagamitin sa gawain
7. Matapos ang pagpaplano ay magtulong-tulong sa paggawa ng action plan na magsisilbing gabay at direksyon sa pagsasakatuparan ng plano.
8. Palagiang makipag-ugnayan sa guro bago ang pagsasagawa ng gawain.
9. Pagplanuhan din ang isasagawang paglulunsad ng gawain sa paaralan upang malaman ito ng lahat ng mag-aaral at makatulong upang mapalawak ang partisipasyon sa mga gawain.
10. Mahalagang matiyak na hindi magiging panandalian lamang ang programa.
11. Gumawa ng journal na gagamitin upang maitala ang lahat ng mga karanasan, pangyayari at realisasyon sa pagsasagawa ng proyekto. Makatutulong sa iyo ang pormat na nasa ibaba. Maaaring may naiisip kang mas malikhaing pormat, ito ay gabay lamang.
12. Pagkatapos ay gumawa ng komprehensibong ulat sa pagtatapos ng markahan.

DRAFT
March 31, 2014

Gawain	Mga karanasang kinaharap	Mga naging balakid sa pagsasagawa nito	Mga realisasyon

O, kumusta? Nagawa mo ba nang maayos ang mga gawain? Kung oo, magpunta ka na sa susunod na Modyul. Kung hindi, balikan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Hingin ang tulong o paggabay ng isang kamag-aral o guro.

Mga Kakailanganing Kagamitan (websites, software, mga aklat, worksheet)

Sipi ng tsart sa gawain sa Pagtuklas ng Dating Kaalaman

Sipi ng aklat na Dekada '70

Sipi ng mga gabay na tanong para sa book review

Malinis na papel

Pangkulay

Pangdisenyo

Mga Sanggunian

DRAFT

Dy Jr., M, B. (ed.) (1994) *"Social Justice, Virtue and Value in Contemporary Society." Contemporary Social Philosophy.* Quezon City: JMC Press, Inc.

Plato (1992). *Republic.* Translated by G. M. A. Grube. Revised by C. D. C. Reeve. Indianapolis: Hackett Publishing Company, Inc.

March 31, 2014

Scheler, M. (1973). *Formalism in Ethics and Non-Formal Ethics of Values: A New Attempt toward the Foundation of an Ethical Personalism*. Translated by Manfred S. Frings and Roger L. Funk. Evanston: Northwestern University Press

"Sister Stella L." Retrieved October 9, 2013 from http://www.manunuri.com/filmography/sister_stella_l

Edukasyon sa Pagpapakatao 9

Ikatlong Markahan

MODYUL 10: KAGALINGAN SA PAGGAWA

A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAPAMALAS MO?

Ang galing naman nila! Sana pagdating nang araw ako naman ang sisikat tulad ni Steve Jobs, Bill Gates, Bryan Mendiola, Sandy Javier at iba pang Pilipino, makilala sa buong daigdig dahil sa aking talino at galing. Marahil ang mga salitang ito ay minsan nang namutawi sa iyong bibig. May pangarap ka ring maging matagumpay tulad nila, ngunit paano kaya maisasakatuparan ang iyong pangarap at mithiin?

DRA

Ano nga ba ang taglay nilang katangi-tangi para sila ay magtagumpay at makilala? Sapat na ba ang pagiging matalino at magaling para mabilis na maabot ng tao ang kaniyang mga pangarap?

March 31, 2014

Sa Modyul 7, natutuhan mo ang tunay na kahulugan at kabuluhan ng paggawa. Naunawaan mo na ang paggawa ay daan upang makamit mo ang iyong kaganapan. Sa modyul naming ito, inaasahang maunawaan mo nang mas malalim na hindi sapat ang paggawa lamang, mahalagang tiyakin na maipakikita ang galing sa paggawa at natitiyak na hindi nayayapakan ang karapatan at kapakanan ng iyong kapwa sa iyong pag-akyat patungo sa tagumpay.

At sa huli, masasagot mo ang mahalagang tanong na: **Bakit kailangang magkaroon ng kagalingan sa paggawa at paglilingkod upang maiangat ang sarili, kapwa, mapaunlad ang ekonomiya ng bansa at mapasalamatan ang Diyos sa talentong ipinagkaloob sa atin?**

Sa modyul na ito, inaasahang malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

10.1 Natutukoy ang mga indikasyon na ang isang gawain o produkto ay mayroong kalidad o kagalingan

10.2 Nakabubuo ng mga hakbang upang ang isang gawain o produkto ay magkaroon ng kalidad o kagalingan sa paggawa

10.3 Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin

10.4 Nakapagtatapos ng isang gawain o produkto na mayroong kalidad o kagalingan na kailangan ng lipunang kinabibilangan

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput sa Kakayahang Pampagkatuto 10.4:

a. Naipaliwanag ang kahalagahan ng produkto o gawaing naisagawa
b. Natukoy ang mga kasanayang kailangan upang mabuo ang produkto at maisagawa ang gawain
c. Naitala ang mga kailangang hakbang upang maisabuhay ang kagalingan sa paggawa nang tama at napapanahon
d. May kalakip na pagninilay.

DRAFT
March 31, 2014

Paunang Pagtataya

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik nito sa iyong kuwaderno.

1. Maganda ang pagkakagawa ng mga bag na yari sa tetra pack ng juice ng pamilya nina Suzanne. Mabenta ang mga ito lalo na yung mga bag na may iba't ibang kulay at disenyo. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nagsasabuhay o nagpapakita sa kagalingan ng tao sa paggawa?
   a. Nagiging malikhain ang tao sa paggamit ng kanyang mga kakayahan
   b. Nakagagawa ng paraan ang tao upang iangat ang kanyang pamumuhay
   c. Nagkakaroon ng pagkakataon ang tao na magsama-sam sa mithiin ng lipunan
   d. Nagkakaroon ng kadahilanan ang tao upang mabuhay

2. Inilunsad ng isang kilalang kumpanya ng *softdrinks in can* ang proyektong “Ang latang naitabi mo, panibagong pamatid uhaw ang dala nito sa iyo” upang makaipon ng maraming lata na *ido-donate* sa Tahanang Walang Hagdan. Ang programang ito ay tumutugon sa mga pagpapahalagang mayroon ang pagawaan o ang kumpanya sa paglikha ng isang produktong may kalidad at nakikibahagi sa lipunan, lalo na sa mga may kapansanan. Kung ikaw ang lilikha ng produkto alin sa mga sumusunod ang dapat mong isaalang-alang?
   a. Gumawa ng produktong kikita ang tao
   b. Gumawa ng produktong makatutulong sa tao
   c. Gumawa ng produktong magpapabago sa buhay ng tao
   d. Gumawa ng produktong ayon sa kalooban ng Diyos
3. Laging pagod si Katrina sa trabaho niya bilang tagaluto at tagahugas ng plato sa pinapasukang karinderya pero hindi ito nagrereklamo at nagpapabaya sa kanyang tungkulin. Paano isinasabuhay ni Katrina ang kagalingan niya sa paggawa?
   a. Ginagawa niya nang may kahusayan ang kanyang tungkulin
   b. May pagmamahal at pagtatangi siya sa kanyang katrabaho
   c. Ang kaganapan nang kanyang pagiging mabuting manggagawa ay kaganapan ng kanyang pangarap
   d. Ang pagnanais na magkaroon ng karagdagang benepisyo sa trabahong ginagawa
4. Sa pagreretiro ni Mang Rene binigyan siya nang mga benepisyong hindi niya inaasahan ng pabrikang kanyang pinaglingkuran ng mahigit sa 40 taon, bukod dito binigyan din siya nang plake ng pagkilala bilang natatanging manggagawa ng pabrika. Ang pagtanggap ba nang benepisyo at pagkilala ni Mang Rene ay palatandaan ng kagalingan niya sa paggawa?
   a. Oo, sapat na basehan ang 40 na taon niyang paglilingkod
   b. Hindi, binibigay talaga ang parangal at benepisyo sa isang manggagawa sa oras na siya ay magretiro bilang bahagi nang kanyang karapatan bilang isang manggagawa
   c. Oo, hindi ibibigay ng isang kumpanya ang pagkilala at benepisyo sa manggagawang hindi nararapat bigyan o gawaran nito
   d. Hindi, binigay lang ang parangal upang maging masaya si Mang Rene dahil sa edad na mayroon siya
5. Hindi natapos ni Baldo ang kanyang kolehiyo dahil sa hirap ng buhay. Sa kabila nito siya ay matagumpay dahil sa negosyong kanyang itinayo at pinaunlad. Naging madali ito para sa kanya dahil ito ay ayon sa kanyang gusto at hilig. Ano ang katangian ang mayroon si Baldo?

DRAFT
March 31, 2014

a. Masipag, madiskarte at matalino

b. May pananampalataya, malikhain, may disiplina sa sarili

c. Maganda ang relasyon niya sa Diyos, may pagpapahalaga sa sarili, kapwa at bansa

d. May angking kasipagan, pagpupunyagi at tiwala sa sarili

6. Malapit na ang pasko, abala na ang mga gumagawa ng mga palamuti dekorasyong siguradong mabenta. Ano ang magandang motibasyon na dapat isaalang-alang nang gumagawa ng mga ito?

a. materyal na bagay at pagkilala ng lipunan

b. personal na kaligayan na makukuha mula dito

c. pag-unlad ng sarili, kapwa at bansa

d. kaloob at kagustuhan ng Diyos

7. Pinalitan ni Lesie ang nagretirong punong-guro ng kanilang paaralan. Marami ang nagsasabing hindi niya kayang higitan ang kabutihang nagawa at tagumpay na narating ng huli. Alin sa mga sumusunod ang dapat niyang linangin upang mapatunayan na siya ay karapat-dapat sa posisyong ibinigay sa kanya?

a. Magpakumbaba at ipagpatuloy ang mga programang nasimulan ng dating punong-guro

b. Gamitin ang ganda, angking karisma, talino at kasipagan

c. Maging masipag, masigasig at malikhain sa pagsasabuhay nang kanyang trabaho

d. Sundin ang payo at gusto ng mga matatandang guro upang maging maganda ang relasyon ng mga ito

8. Bata pa lang si Juan Daniel pinangarap na niyang maging isang guro tulad ng kanyang mga magulang. Alin sa mga sumusunod ang dapat niyang isaalang-alang upang maging madali sa kanya na upang maabot ang pangrap at sa huli'y magkaroon ng kagalingan sa paggawa?

a. Maging masipag, magpunyagi at magkaroon ng disiplina sa sarili

b. Magkaroon ng sapat na kaalaman sa paghawak ng pera at paraan ng paggastos

c. Maging matalino, marunong magdala ng damit, magaling makipag-usap

d. Magkaroon ng kakayahang kontrolin ang sarili sa lahat ng pagkakataon

9. Hindi naging madali kay G. Sandy Javier ang pagpapaunlad ng Andok's, sa kabila nito napagtagumpayan pa rin niya ito. Paano kaya tinignan ni G. Javier ang pagkabigong dinanas kaya ito nagtagumpay?

a. Itinuring niya itong hamon na kailangang malampasan

DRAFT
March 31, 2014

b. Pinag-aralan ang sitwasyon at pinag-isipan ang gagawing hakbang

c. Ang pagkabigo ay paraan ng pagsusulit sa kanya

d. Ang pagkadapa ay hindi senyales upang tuluyang malugmok

10. Maganda ang binitawang hamon ng Tagapagsalita sa mga mag-aaral na magtatapos sa taong ito bilang susi upang maiangat ang sarili, pamilya, kapwa at bansa sa kabuuan. Alin ang maaaring maging instrumento upang maisabuhay ito?

a. Gumawa ng produkto o gawaing para sa tao at sa Diyos

b. Gumawa ng produkto o gawaing na pagkakakitaan

c. Gumawa ng produkto o gawaing makatutulong sa tao at bansa

d. Gumawa ng produkto o gawaing magiging intsrumento ng kapayapaan

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

DRAFT

Panuto:

1. Makikita sa ibaba ang tseklis ng mga palatandaan upang ang isang tulad mo ay maaaring magtagumpay sa kanyang mithiin at magtagumpay sa hinaharap.
2. Suriin kung iyong tinataglay ang sumusunod na palatandaan. Sa kanan ng bawat aytem, lagyan ng tsek (✓) ang angkop na kolum. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

March 31, 2014

Mga Palatandaan	Ako ito	Hindi Ako ito
1. Ginagawa ko ang mga bagay na dapat gawin.		
2. Nagdadasal muna ako bago ko gawin ang anomang bagay.		
3. Tinatapos at pinapagbuti ang proyektong ibinigay.		
4. Laging may bagong ideya at konsepto sa isang partikular na gawain o bagay.		
5. Laging nagpapasalamat sa mga biyayang natatanggap.		
6. Ibinabalik ko sa lalagyanan ang mga kagamitang aking ginamit.		
7. Inilalaan ang araw ng Linggo bilang araw ng pagninilay at pasasalamat.		
8. Matanong ako sa mga bagay na bago sa aking paningin.		
9. Hindi ako sumusuko sa hamon ng buhay na nagpapahina ng		

aking pagkatao.		
10. Madaling umunawa ng mga panuto.		
11. Isinasaalang-alang ko ang damdamin ng iba bago magpasya.		
12. Itinuturing na ang problema ay biyaya mula sa Diyos na nagpapatibay ng aking pagkatao.		

Paraan ng Pagmamarka

Bilangin ang kabuuang marka sa bawat kolum.

Paglalarawan/ Interpretasyon

0 – 2	Hindi pa naisasabuhay ang kagustuhang maisakatuparan ang mithiin at magtagumpay sa hinaharap.
3 – 4	Nangangailangan ng paglinang sa kakayahan upang maisakatuparan ang mithiin at magtagumpay sa hinaharap.
5 – 6	May kasanayan sa pagsasabuhay ng mga kakayahan upang maisakatuparan ang mithiin at magtagumpay sa hinaharap.
7 – 8 -	Napakabuti sa pagsasabuhay ng mga kakayahan upang maisakatuparan ang mithiin at magtagumpay sa hinaharap.

DRAFT

Ang nakuha mong iskor sa gawain na ito ay hindi nararapat na bigyan ng negatibong interpretasyon. Ang layunin ng gawaing ito ay upang tulungan kang tayahin ang iyong kakayahan at maging bukas ka sa pagbabago. May magagawa ka pa upang ito ay mapaunlad. Kasabay ng unti-unting pag-unlad ng mga kakayahan.

C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Gawain 1

Panuto: Gamit ang iyong malikhaing pag-iisip, dugtungan ang mga guhit sa loob ng mga kahon upang makabuo ng isang larawan ng kahit na anong bagay. Ano kaya ang mabubuo mo? Iguhit ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

Halimbawa:	Ikaw naman…	
 Bago Pagkatapos		

DRAFT

Sagutin ang mga sumusunod na tanong sa iyong kwaderno:

1. Nahirapan ka bang dugtungan ang mga guhit at makalikha ng kakaibang larawan?
   a. Kung hindi, ipaliwanag.
   b. Kung oo, Ipaliwanag.
2. Ano-anong mga larawan ang naiguhit mo?
3. Naniniwala ka ba na ito ay bunga ng iyong pagkamalikhain? Ipaliwanang.
4. Ano ang pwedeng maging papel ng pagiging malikhain upang magawa nang maayos ang isang gawain at makalikha ng kakaibang produktong?

March 31, 2014

Gawain 2

Panuto: Suriin ang pelikulang may pamagat na “Ron Clark Story”.

Manghiram sa kilala o kaibigan ng cd o dvd ng pelikulang “Ron Clark Story” o maaari ring panoorin ito sa youtube. com sundan ang URL na http://www.youtube.com/watch?v=foRsBdbEums0 .

Sagutin ang mga sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno.

1. Sa pelikulang napanood, sino si Ron Clark? Ano ang kanyang propesyon?
2. Ano-ano ang mga pagpapahalaga ang napansin mong isinabuhay niya sa pelikula?
3. Naging madali ba sa kanya na isabuhay ang mga ito? Ipaliwanag.
4. Paano niya nalampasan ang mga ito? Ipaliwanag.
5. Nagpamalas ba siya ng kagalingan sa paggawa sa kanyang propesyon? Pangatwiranan.

D. PAGPAPALALIM

KAGALINGAN SA PAGGAWA

Wow, ang ganda naman niyan! Perfect! Magnifico! Bravo! Ang galing ng pagkakagawa! Sino ang gumawa niyan? Imported ba o gawa sa atin? Kadalasan ito ang mga salitang namumutawi sa iyong bibig kapag nakakakita ka o kaya'y nakapanood ng mga produkto o kagamitang bago na pumupukaw ng iyong atensyon. Naitanong mo na ba sa sarili mo kung kaya mo ring gawin ang ganitong produkto o kagamitan? O sumagi ba sa isip mo na "pagdating ng panahon ako naman ang gagawa niyan, magtatagumpay at makikilala"?

DRAFT
March 31, 2014

Ang paggawa ng isang gawain o produkto ay nangangailangan ng sapat na kasanayan upang ito ay maisagawa. Kailangang may angking kahusayan ang gagawa nito. Hindi sapat ang lakas ng katawan at ang layuning makagawa. May mga partikular na kakayahan at kasanayan ang kailangan sa paggawa. Ang pagkakaroon ng propesyon o kursong natapos ay isang salik na dapat-isaalang-alang, ngunit hindi lang ito ang kailangan upang makagawa ng isang produkto o gawaing mag-aangat sa iyo bilang tao.

Natatandaan mo ba kung bakit kailangang gumawa ang tao?
Masasabi ba na kapag tanyag at may prudukto o gawaing naisagawa ang isang tao, may kagalingan na siya sa paggawa?

Ayon kay Pope John Paul II sa kanyang isinulat na “Laborem Exercens” noong taong 1981, ang paggawa ay mabuti sa tao, dahil sa pamamagitan nito naisasakatuparan nito ang kanyang responsibilidad sa sarili, kapwa at sa Diyos. Ang kagustuhang maisabuhay ang layuning ito ang nagtutulak sa kanya upang magkaroon nang “Kagalingan sa Paggawa”.

Ang kagalingan sa paggawa ay naisasabuhay kung tataglayin mo ang mga sumusunod na *katangian*: (1) nagsasabuhay ng mga pagpapahalaga, (2) pagtataglay ng positibong kakayahan, at (3) nagpupuri at nagpapasalamat sa Diyos.

1. *Nagsasabuhay ng mga Pagpapahalaga.* Ang isang matagumpay na tao ay may tiyak na pagpapahalagang humuhubog sa kaniya upang harapin ang anomang pagsubok na pagdaraanan sa pagkamit ng mithiin. Ang mga pagpapahalagang ito ang nagsisilbing gabay niya upang gumawa ng kakaibang produkto o serbisyo na may kalidad. Ang produktong kanyang lilikhain ay bunga ng kasipagan, tiyaga, pagiging malikhain at pagkakaroon ng disiplina sa sarili.
   a. *Kasipagan.* Ito ay tumutukoy sa pagsisikap na gawin o tapusin ang isang gawain nang walang pagmamadali at buong pagpapaubaya. Ang produkto o gawaing likha ng isang taong masipag ay bunga ng kahusayan at buong pagmamahal na ginagawa. Dahil dito ang nagiging resulta ng kanyang pagsasagawa ng gawain ay maayos, kahanga-hanga at kapuri-puri. May kagalingan ang produkto o gawain o ang paggawa sa kabuuan kung ito ay bunga ng pagpapamahal at pagkagustong gawin ito ng buong husay.
   b. *Tiyaga.* Ito ay ang pagpapatuloy sa paggawa sa kabila ng mga hadlang sa kanyang paligid. Isinasantabi ng taong may tiyaga ang mga kaisipang makahahadlang sa paggawa ng isang produkto o gawain gaya: pagrereklamo, pagkukumpara ng gawain sa likha ng iba at pag-iisip ng mga kadahilanan upang hindi isagawa ang gawain. Ang likha ng taong may kagalingan sa paggawa ay bunga ng inspirasyon, turo at gabay na kanyang nakukukuha sa ibang tao.
   c. *Masigasig.* Ito ay ang pagkakaroon ng kasiyahan, pagkagusto at siglang nararamdaman sa paggawa ng gawain o produkto. Ang atensyon o oras niya ay nakatuon lamang sa produkto o gawaing kanyang lilikhain. Sa pamamagitan nito madali siyang nakatatapos ng produkto at gawain nang hindi nakararamdam nang anomang pagod o pagkabagot. Ang damdaming di nakararamdam ng pagod at pagkabagot sa anomang gawain ay resulta ng kagalingan sa paggawa.
   d. *Malikhain.* Ang produkto o gawaing lilikhain ay hindi bunga nang panggagaya ito ay likha ng mayamang pag-iisip. Orihihinal at bago ang produkto, bunga ito nang ideyang

DRAFT
March 31, 2014

maging iba at kakaiba, ganun din naman sa gawain kailangan hindi ito katulad ng iba o nang nakararami, maaring ipakita ang kahusayan ng isang produkto o gawain sa pamamagitan ng pagiging una. Magaling ang produkto o ang gawain kung ito ay bago sa tao. Ito ang magtatakda ng kalidad nito hindi kamukha pag ito ay ginaya kailangang hungusan o higitan ang kinopya.

e. *Disiplina sa Sarili.* Ang taong may disiplina ay nalalaman ang hangganan ng kanyang ginagawa at mayroon siyang paggalang sa ibang tao. Maari niyang ipagwalang bahala ang pansariling kaligayahan para sa kapakanan ng ibang tao. Ang kagalingan ng gawain o produkto ng taong may disiplina sa sarili ay sa ikabubuti ng lahat.

Ang mga sumusunod na bunga ng pagsasabuhay ng mga pagpapahalaga ay ilan sa mga mahahalagang basehan sa kagalingan ng paggawa ng isang produkto o gawain.

- Ang kagalingan sa paggawa ay bunga ng pagmamahal at pagkagustong gawin ito ng buong husay at pagmamahal.
- Ang likha ng taong may kagalingan sa paggawa ay bunga ng inspirasyon, turo at gabay na kanyang nakukukuha sa ibang tao.
- Ang damdaming di nakararamdam ng pagod at pagkabagot sa anomang gawain ay resulta ng kagalingan sa paggawa.
- Magaling ang produkto o ang gawain kung ito ay bago sa tao.
- Ang kagalingan ng produkto at gawain ay sa ikabubuti ng lahat

DRAFT
March 31, 2014

Ano-anong mga pagpapahalaga ang naisabuhay mo na at kailangan mo pang malinang? Ano-anong mga hakbang ang iyong gagawin upang ito ay maisakatuparan?

2. *Nagtataglay ng Kakailanganing Kakayahan.* Upang maisakatuparan ang mga mithiin sa buhay at magtagumpay sa anomang larangan, kailangang pag-aralan at linangin ang mga kakailanganing kakayahan at katangian tulad ng: kakayahang magbasa, magsulat, magkwenta, makinig at magsalita, at ang pagkakaroon ng mayamang kaisipan na gagabay sa iyo upang maging sistematiko at malinang ang tatlong yugto ng pagkatuto: pagkatuto *bago* ang paggawa, pagkatuto *habang* gumagawa, at pagkatuto *pagkatapos* gawin ang isang gawain.

a. *Pagkatuto Bago ang Paggawa.* Ang yugto ng paggawa ng iba't ibang plano na siyang magsisilbing gabay upang maging malinaw ang mga layuning isasakatuparan, paglalarawan ng mga katangian ng tunguhin (goal), pagbuo ng konsepto, pagtataya ng

mga istratehiyang gagamitin ayon konseptong binuo, pagtukoy ng mga hakbang gagawin at paghahanda ng mga kagamitang gagamitin, pagkilala sa mga tutulong sa pagsasagawa ng kilos at pagtatakda ng panahon ng pagkilos. Sa yugtong ito, matututo kang gumawa ng plano, hakbang maging handa at organisado ang gagawing gawain o proyekto.

Halimbawa:

Naatasan ang pangkat mo sa klase sa Edukasyon sa Pagpapakatao na gumawa ng proyektong tutugon sa mga pangangailangan ng mga bata na may edad na 5 hanggang 9 sa inyong barangay. Kailangang malinaw ang tunguhin (goal) at mga inaasahang kalalabasan (expected outcomes) ng proyekto. Ito ba ay upang buklurin sila sa paggawa ng mabuting gawain sa pamayanan – halimbawa, ang proper hygiene, tamang asal o Catechism? Ang mga inaasahang kalalabasan ba ay ang pagbawas ng bilang ng mga kabataang gumagala sa kalye sa gabi? Kapag malinaw na ang tunguhin at mga inaasahang kalalabasan, magsagawa ng tanung-tanong (*unobtrusive interview*) sa ilang bata tungkol sa kanilang mga pangangailangan. Ang mga sagot nila ang batayan ng paggawa ng mas organisadong talatanungan (questionnaire) bilang batayan ng gagawing proyekto na tutugon sa kanilang mga pangangailangan.

b. *Pagkatuto Habang Ginagawa.* Ito ang yugto na magtuturo ng iba't ibang istratehiyang maaaring gamitin upang mapadali ang pagsasakatuparan ng mga tunguhin sa pamamagitan ng pagtatala ng mga konkretong hakbang upang maisagawa ang proyektong napili at mga posibleng kakaharaping problema at posibleng solusyon.

Halimbawa:

Sa ginagawang proyekto sa Edukasyon sa Pagpapakatao na nailahad sa unang bilang. Pagkatapos makuha ang mga kinakailangang impormasyon magiging madali na ang pagsasagawa nang plano dahil may basehan na sa susunod na hakbang na gagawin o isasagawa. Ang mga impormasyon na nakuha ay makatutulong upang maiwasan ang anomang problema na pwedeng kaharapin at kung sakali mayroon man, madali na ang paglalapat ng solusyon sa mga ito dahil napaghandaan na. Alam na kung sinong tao o opisyal ang lalapitan para makatulong sa gagawing proyekto.

c. *Pagkatuto Pagkatapos Gawin ang Isang Gawain*. Ito ang yugto ng pagtataya kung ano ang naging resulta o kinalabasan ng gawain. Sa yugtong ito malalaman mo ang mga posibleng kilos, pagpapasya na dapat baguhin at panatilihin.

Halimbawa:

DRAFT
March 31, 2014

Sa isinagawang proyekto magkakaroon ng ebalwasyon. Ano ang mga naging resulta ng programang isinagawa, ano ang naging epekto nito sa komunidad, gaano naging kapaki-pakinabang ang gawain, ang mga tunguhin ng proyekto ay naisakatuparan ba? Ilan lamang ang mga tanong na ito na kailangang masagot. At kung sakali ang resulta nang gawain ay hindi kaaya-aya gagawing basehan ang mga ito sa pagpaplano sa susunod na gawain upang lalo pa itong mapaunlad.

Ang mga hakbang na ito ay susi sa kaganapan nang iyong tunguhing makagawa ng isang gawaing di matatawaran ang kalidad. Ang kagalingan sa paggawa ng isang gawain ay ayon sa kung paano isinagawa ng maayos ang mga hakbang na dapat gawin o isaalang-alang.

Ang mga sumusunod na kakayahan ay makatutulong din upang magkaroon ng matalinong pag-iisip na kailangan upang maisabuhay ang kagalingan sa paggawa ("How to Think like Leonardo da Vinci" ni Michael J. Gelb):

1. *Mausisa* (*Curiosita)*. Ang taong mausisa ay maraming tanong na hinahanapan niya ng kasagutan. Hindi siya kuntento sa simpleng sagot o mababaw na kahulugan na kanyang narinig o nabasa. Dahil sa kanyang masidhing pagkahilig sa pagbabasa, pag-aaral at pag-eeksperimento, nakadidiskubre siya ng bagong kaalaman o produkto na magiging isang malaking konstribusyon sa kaalaman o nakapagpapaunlad ng kalidad ng buhay.
   Halimbawa:

   Sa pamamasyal ni Johnlu Koa sa ibang bansa, napansin niya na kakaiba ang mga tinapay na ibinebenta sa restaurant na pinuntahan nila. Nagtanong-tanong si G. Koa sa kung paano ito ginagawa, ano-ano ang sangkap nito, paano ang paraan ng pagluluto nito at marami pang iba. Ang ideyang ito ang nagbigay daan sa kanya upang buoin sa isip niya na dadalhin niya ito sa bansang kanyang kinagisnan at dito na nga nagsimula ang pagkakatatag ng Frenchbaker. Taong 1989 ng unang buksan ni G. Koa ang kauna-unahang sangay ng French Baker at ito ay sa SM North Edsa na kung saan iba't ibang klase ng tinapay ang kanilang ibinebenta sa presyong kaya ng lahat. Ng sumunod na taon pinalawak niya ang French Baker bilang isang uri ng "restaurant", kasama sa mga inihahanda ang mga produkto at tinapay na sadyang si G. Koa ang gumawa, umisip ng sangkap, mga imported na kape, tsaa at iba pa. Sa kalidad at serbisyung ibinibigay ng French Baker sa

DRAFT
March 31, 2014

mga tagatangkilik nito at sa bansa nakuha nito ang Agora Award for Company of the Year na iginawad ng Philippine Marketing Association ng taong 2004 at napili bilang isa sa may natatanging produkto ng “Superbrands Philippines para sa taong 2003 hanggang 2004, Patunay ito na ang layo na nang narating French Baker na itinatag ni G. Johnlu Koa.

2. *Demonstrasyon (Dimostrazione)*. Ito ang pagkatuto sa pamamagitan ng mga di malilimutang karanasan sa buhay upang maging matagumpay at maiwasang maulit ang anomang pagkakamali. Sa karanasang ito natututo ang isang tao na tumayo at muling harapin ang hamon na gumawa muli.

   Halimbawa:

   Pinangarap ni Sandy Javier na magtayo ng tindahan ng litson ng manok. Inumpisahan niya ito sa pamamagitan ng ilang piraso ng manok na inutang niya sa kaibigan ng kanyang nanay. Sa unang subok ni Sandy iilan lamang ang nabenta sa mga manok na kanyang inihanda. Pinag-aralan niya ito nang mabuti hindi sumuko kundi nagsilbi pa itong hamon upang pag-aralan ang negosyo na kanyang inumpisahan taong 1985 ng gantimpalahan ang pagod at sakripisyo ni G. Javier nang mag-umpisang dumugin ang kanyang tindahan ng mga tao dahil sa tinda nitong litson manok at liempo. At mula noon nakilala na ito at nagsimula na ito lumaki ng lumaki at buksan ito “for franchise”. Sa kasalukuyan may mahigit sa 300 at patuloy na dumaraming sangay ito.

3. *Pandama (Sansazione).* Ito ang tamang paggamit ng mga pandama, sa pamamaraang kapaki-pakinabang sa tao. Ang kakulangan ng bahagi nang katawan ay hindi hadlang upang isakatuparan ang tunguhin.

   Halimbawa:

   Ang pagiging bulag ni Maria Gennett Roselle Rodriguez Ambubuyog ay hindi naging hadlang upang maisakatuparan niya ang kanyang pangarap sa buhay. Ang pagpapamalas niya ng kagalingan ay di matatawaran bilang patunay nang kanyang kagalingan iba’t-ibang parangal ang kanyang nakuha bukod sa lagi siyang kinukuha bilang

DRAFT
March 31, 2014

tagapagsalita sa mga iba't ibang pagtitipon. Sa kasalukuyan si Bb. Ambubuyog ay *Product & Support Manager* ng *Code Factory*, S.L. sa Barcelona, Spain, na nangungunang tagapagtustos ng *screen-reading*, magnification at *Braille access solutions* para sa mga bulag at bahagyang nakakikita gamit ang mobile devices tulad ng *cell phones at personal digital assistants (PDAs.)*

4. *Misteryo (Sfumato).* Ito ang kakayahang yakapin ang kawalang katiyakan ng isang bagay, kabaligtaran ng inaasahang pangyayari. May mga pagkakataon sa buhay nang tao na nangyayari ang hindi inasahan at ang hindi inaasahan na ito ay ang siyang magbibigay nang pagbabago sa buhay niya bilang tao.

   Halimbawa:

   Ang tagumpay na tinatamasa nang pamilya ni Ryzza Mae Dizon ay hindi kailanman nila ito inaasahan. Sumasali sya sa mga *kiddy pageant* noon pero hindi sya pinalad na manalo. Ngunit hindi naging balakid ito sa pag abot ng kanyang mga pangarap hanggang makasali siya sa Little Ms. Philippines. Di pinalad pero nabigyan ulit ng pagkakataon para sa patimpalak na ito at dito na nga nagsimula ang lahat. Sa kasalukuyan si Ryzza ay kinagigiliwan bilang host, commercial model at artista.

5. *Sining at Agham (Arte/Scienza)*. Ito ang pantay na pananaw sa pagitan ng agham, sining katuwiran at imahinasyon. Binibigyang diin nito ang kaalamang magpapatibay upang lalo pang maging malikhain ang pag-iisip.

   Halimbawa:

   Ang ginagawang pagsasaliksik ng mga kilalang indibidwal upang makalikha nang isang proyekto na makatutulong sa tao. Ginagawa nila ang pagsisiyasat bilang isang paraan ng sining upang makabuo at makagawa ng produkto o gawaing kapaki-pakinabang gaya nang gawa ni Dr. Rafael D. Guerrero na unang nagpasimula ng Vermicomposting Science and Technology sa bansa at maging sa Timog Silangang Asya. Inilahad niya ang unang pananaliksik na ginawa niya sa Charles Darwin Centenary Symposium on Earthworm Ecology sa Inglatera noong 1981, bilang isa sa 150 na mananaliksik sa buong mundo. Kilala rin siya bilang may natatanging kaalaman sa vermineal production sa buong mundo. Bukod sa mga nabanggit, marami pa siyang ginawang pananaliksik na naging daan upang maging

DRAFT
March 31, 2014

tanyag siya sa kanyang larangang pinili. Ang pinakahuli sa kanyang trabaho ay malaking tulong sa mga magsasaka upang magamit pang muli ang mga “farm wastes” na lubos na nakatutulong sa tinatawag na “curbing pollution, emission of carbon dioxide,” at iba pang “greenhouse gases” na nagpalalala sa “global warming”.

6. *Ang kalusugan ng pisikal na pangangatwan (Corporalita).* Ito ang tamang pangangalaga ng pisikal na pangangatawan ng tao upang maging malusog upang maiwasan ang pagkakaroon ng karamdaman. Kasama dito ang pag-iwas sa anomang bisyo na pwedeng makasama sa katawan.

   Halimbawa:

   Iniiwasan ni Bernard ang matataba, maalat na pagkain, magpuyat, uminom ng alak at iba pang bisyo sa kagustuhang maging malusog at hindi magkasakit. Marami pang pangarap ang gusto niyang isakatuparan para sa kanyang pamilya kaya pinapanatili niyang malusog ang kanyang pangangatawan.

7. *Ang pagkakaugnay-ugnay ng lahat ng bagay (Connessione).* Ito ang pagkilala at pagbibigay pagpapahalaga na ang lahat ng bagay at mga pangyayari ay may kaugnayan sa isa’t-isa. Ayon sa Law of Ecology: “Everything is connected to everything else.” Ang mga halaman ang nagbibigay ng Oxygen sa lahat ng uri ng mga hayop, ang mga hayop naman ay naglalabas ng carbon dioxide na gagamitin ulit ng mga halaman sa paggawa ng pagkain.

   Halimbawa:

   Kailangan nang tao ang makakain, ang pagkain niya ay nagmumula sa hayop, puno at mga halaman. Ang halaman, puno at hayop ay bahagi ng kapaligiran, ito ang pangunahing dahilan kung bakit iniingatan nang tao ang kanyang kapaligiran kasama na ang pag-aalaga sa mga hayop, puno at halaman na nakapaligid dito.

DRAFT
March 31, 2014

Sa pamamagitan ng mga kaalamang ito masasabi na ang isang paggawa ay may kagalingan kung naisa-sa-alang-alang at nasasagot ang mga tanong na: ito ba ay pinag-isipan, nasunod ba ang mga hakabang na dapat gawin upang ito ay isakatuparan, ito ba ay bunga nang maurirat na kaisipan, nagagamit ba ang kakayahang ipinagkaloob ng Diyos, naging masining ba ang pagkakagawa ng produkto o gawain, nagamit ba ang karanasang natutunan mula sa aral nang buhay? Ang mga katanungan ito ay kraytiryang maituturing upang masabi na ang paggawa ay may kagalingan o kalidad.

Handa ka na bang linangin at isabuhay ang mga positibong katangian at kakayahang ito? Sa papaanong paraan mo ito sisimulan? Anong produkto o gawain ang iyong lilikhain? Ano-anong mga pamamaraan ang iyong gagawin upang magkaroon ng kalidad at kagalingan ang iyong gagawing produkto o ibibigay na serbisyo?

3. *Nagpupuri at Nagpapasalamat sa Diyos*. Ang pinakamahalaga sa lahat upang masabi na ang paggawa ay kakaiba, may kalidad at kagalingan kung ito ay ayon sa kalooban ng Diyos. Kung ang paggawa o produkto ay ginawa bilang paraan ng pagpuri at pasasalamat sa Kanya. Kapag ganito ang natatak sa iyong isipan, pagbubutihan at paghuhusayan mo ang lahat ng iyong gawain at ang balik nito ay pagpapala mula sa Diyos. Ganito ang nangyari sa buhay nina Vic at Avelyn Garcia. Ayon sa kanila, wala nang hihigit pa sa kaligayang mararamdaman kapag ang iyong gawain ay isinabuhay bilang paraan ng pagpuri at pagbibigay pasasalamat sa Diyos. Hindi mo kailanman mararamdaman ang pagod at unti-unting masusumpungan mo ang damdaming para kang nasa langit, lalo na kung bahagi ng iyong kinikita ay ibinabahagi mo sa mga nangangailangan. Ang susi sa tagumpay ng mag-asawa bilang matagumpay na "*Career Coach* at *Motivational Speaker*" na kanilang minsan nang naibahagi sa *700 Club*.

DRAFT
March 21, 2014

Itinuturing mo bang paraan ng pasasalamat at pagpuri sa Diyos ang iyong gawain? Sa papaanong paraan mo ito isinasabuhay? Ano ang nararamdaman mo kapag naisasabuhay mo ang kaisipang ito?

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan, sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Anu-anong mga kaalaman ang nahinuha mo sa sanaysay na binasa? Isa-isahin at ipaliwanag ang mga ito.
2. Bakit mahalaga na isaalang-alang mga mga katangian at kakayahang ito? Ipaliwanag.
3. May kakayahan ka bang isabuhay ang mga katangian at kakayahang ito?
   a. Kung oo, ipaliwanag.
   b. Kung oo, Ipaliwanag.

4. Makatutulong ba ang kaalamang iyong binasa sa pagkakamit ng kabutihang panlahat? Ipaliwanag.

Paghihinuha ng Batayang Konsepto Pls adjust text & clip-art

Panuto: Anong mahalagang konsepto ang nahinuha mo mula sa nagdaang gawain at babasahin na binasa.



Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?

2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?

E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

March 31, 2014

Pagganap

Panuto: Magsagawa ng isang pakikipanayam sa isang indibidwal o pangkat sa inyong komunidad na naging matagumpay ang pamumuhay dahil sa kakaibang paglilingkod, produkto o gawaing isinasagawa niyo. Gumawa ng isang artikulo na naglalahad ng kinalabasan ng iyong pakikipanayam.

Pagninilay

Gawain 1

Panuto: Pagnilayan ang mga sumusunod at isulat sa inyong journal ang naging reyalisasyon o pag-unawa: Pls let them surface their learnings, don't pinpoint to them.

1. Saan nakasalalay ang kagalingan ng paggawa?
2. Sino ang pangunahing susi sa pagbabago sa mundo ng paggawa?

3. Sino-sino ang kabahagi upang makamit ang inaasam na tagumpay ng bansa sa mundo ng paggawa?

Gawain 2

Panuto: Gumawa ng isang liham ng pasasalamat sa Diyos sa mga kakayahan at biyayang ipinagkaloob Niya na makatutulong upang magtagumpay sa buhay para sa sarili, pamilya at sa bansa. Isulat ito sa iyong journal.

Pagsasabuhay

Umisip ng kakaibang proyekto na orihinal na maaari mong ibenta o pagkakitaan. Ang proyekto ay kailangang di magastos, kung maaari ang gamit ay mula sa mga gamit na itatapon na o pwedeng i-*recycle*. O maaaring kakaibang gawain o serbisyo na tutugon sa pangangailangan ng iyong komunidad. Ipaliwanag sa klase ang awtput ng gawain.

DRAFT

O, kumusta? Nagawa mo ba nang maayos ang mga gawain? Kung oo, magpunta ka na sa susunod na Modyul. Kung hindi, balikan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Hingin ang tulong o paggabay ng isang kamag-aral o guro.

Mga Kakailanganing Kagamitan (website, software, mga aklat, worksheet)

March 31, 2014

Mga Sanggunian:

Punsalan, T. G. et. Al. (2007). *Kaganapan sa Paggawa*. Maynila: Rex Book Store

Gelb, M. J.. (1998). *How to think like Leonardo da Vinci*. New York: Dell Publishing

Morato, E. Jr. (2007) *Self Mastery*. Quezon City: Rex Printing company, Inc.

http://www.catholic-pages.com/documents/laborem_exercens-summary.asp

http://theandoks.jimdo.com/history/

http://www.tofil.ph/awardee_profile.php?id=96

http://www.filentrep.com/success-stories/johnlu-koa-french-bakers-success-story.htm

Mga larawan

http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKiZePKGhS9V0AeSO1Rwx.?p=excellence%20in%20work&fr=yfp-t-711&ei=utf-8&n=30&x=wrt&fr2=sg-gac&sado=1

http://ph.images.search.yahoo.com/search/images?p=andoks&n=30&ei=utf-8&y=Search&tab=organic&ri=193
http://researchforstudents.com/2011/04/filipino-scientist-pictures/rafael-d-guerrero-iii/
http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKiHPSPIRSJx8A0am1Rwx.?p=vic+and+avelynn+garcia+of+unleash+international&fr=yfp-t-711-s&ei=utf-8&n=30&x=wrt&y=Search
http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKiaAkxYxSOXAAV9G0Rwx.?fr2=sg-gac-sy&p=ryzza%20mae%20dizon&ei=utf-8&iscqry=&fr=sfp

DRAFT
March 31, 2014

Edukasyon sa Pagpapakatao

Baitang 9

Ikatlong Markahan

Modyul 11: KASIPAGAN, PAGPUPUNYAGI, PAGTITIPID AT WASTONG PAMAMAHALA SA NAIMPOK

A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAPAMALAS MO?

Masipag ka ba? Naitanong mo na ba ito sa iyong sarili? Paano kung ang isang tao ay hindi magtataglay ng ganitong katangian, ano kaya ang mangyayari sa kanyang buhay?

Sa Modyul 10, natuklasan mo ang kahalagahan sa kagalingan sa paggawa. Ito ay nagsisilbing instrumento upang ang sarili ay maiangat at mapaunlad ang ekonomiya ng isang bansa. Ang isang tao na nagpapakita ng kagalingan sa paggawa ay nakapagtatapos ng isang produkto o gawain na mayroong kalidad.

DRAFT
March 31, 2014

Layunin naman ng modyul na ito na mas lalo kang bigyan ng sapat na pagkaunawa sa mga katangian na dapat taglayin ng isang manggagawa. Sa pamamagitan nito, matutulungan ka hindi lamang upang mapaunlad ang iyong sarili kundi upang mapaunlad ang bansa na iyong kinabibilangan at mula dito ay masasagot mo ang mahalagang tanong na: **Bakit mahalaga ang Kasipagan, Pagpupunyagi, Pagtitipid at Wastong Pamamahala sa Naipok?**

Handa ka na ba? Simulan mo nang tuklasin ang susi ng iyong pag-unlad.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

11.1 Natutukoy ang mga indikasyon ng taong masipag at mayroong pagpupunyagi sa paggawa at nagsasagawa ng pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok

11.2 Nakapagsusuri ng mga sitwasyon na nagpapakita ng kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok

11.3 Napatutunayan na:

a. Ang kasipagan na nakatuon sa disiplinado at produktibong gawain na naaayon sa itinakdang mithiin ay kailangan upang umunlad ang sariling pagkatao, kapwa, lipunan at bansa.

b. Ang mga hirap, pagod at pagdurusa ay nadadaig ng pagpupunyagi tungo sa pagtupad ng itinakdang mithiin.

11.4 Nakagagawa ng Chart ng pagsunod sa hakbang upang matupad ang itinakdang gawain nang may kasipagan at pagpupunyagi.

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awput sa Kakayahang Pampagkatuto 11.4:

- Mayroong nabuong hakbang upang matupad ang itinakdang gawain.
- Mayroong kalakip na patunay na naisagawa ang itinakdang gawain.
- Mayroong nagawang *daily log* sa pagsasagawa ng itinakdang gawain.

DRAFT
March 31, 2014

Paunang Pagtataya

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakatamang sagot. Isulat ito sa iyong kwaderno.

1. Mula sa saknong ng isang tula “Marami ang nagtuturing mahirap daw itong buhay, Araw-arwa ay paggawang tila din walang humpay; Datapuwat isang pantas ang nagbadya at nagsaysay; Tagumpay ay nakakamit kapag tao ay masikhay”.

a. Mahirap ang buhay kaya’t ang tao ay kinakailangan na magtiis.
b. Kahit mahirap ang buhay ang tao ay dapat na maging marangal.
c. Sa kabila ng kahirapan, ang tao ay kinakailangan na maging masipag.
d. Mahirap man ang buahay ang tao ay hindi dapat mawalan ng pag-asa.

2. Ang mga sumusunod ay kahulugan ng kasipagan *maliban* sa:

a. Ito ay pagsisikap na gawin o tapusin ang isang gawain na mayroong kalidad.
b. Ito ay pagtingin ng kasiyahan at positibo sa isang gawain
c. Nakatutulong ito sa tao sa kaniyang pakikipagrelasyon sa kaniyang gawain, kapwa at lipunan.
d. Tumutulong ito sa tao na malinang ang mabubuting katangian tulad ng tiwala sa sarili, mahabang pasensya, katapatan at disiplina.

3. Si Rony ay sadyang masipag, hindi siya nagmamadali sa kaniyang mga gawain at sinisiguro niya na magiging maayos ang kalalabasan nito. Ano kayang palatandaan sa kasipagan ang taglay ni Rony?

a. Hindi umiiwas sa anumang gawain
b. Ginagawa ang gawain ng may pagmamahal
c. Nagbibigay ng buong kakayahan sa paggawa
d. Hindi nagrereklamo sa ginagawa

DRAFT

4. Ang isa sa palatandaan ng taong nagtataglay ng kasipagan ay hindi umiiwas sa anumang gawain. Alin sa mga halimbawa ang nagpapakita nito?

March 31, 2014

a. Si Marife ay hindi na kailangan pang utusan ng kaniyang ina sa gawaing bahay. Siya ay gumagawa ng mayroong pagkukusa.
b. Si Jazmine ay palaging nagbibigay ng kaniyang malasakit sa anumang gawain na ipinapagawa sa kaniya ng kaniyang ina.
c. Masipag na mag-aaral si Hans, sa tuwing siya ay nag-aaral ay ibinibigay niya ang kaniyang panahon at oras dito ng buong husay.
d. Sa tuwing gumagawa ng proyekto sa paaralan si Marianne ay hindi niya ginagawa ito basta lamang matapos, kundi naghahanap siya ng perpeksyon dito.

5. Ito ay pagtitiyaga na maaabot o makukuha ang mithiin o layunin sa buhay na may kalakip na pagtitiyaga, pagtitiis, at determinasyon.

a. Kasipagan b. Katatagan c. Pagsisikap d. Pagpupunyagi

6. Ito ay kakambal ng pagbibigay na nagtuturo sa tao na gamitin ito upang higit na makapagbigay sa iba.

a. Pag-iimpok c. Pagtulong
b. Pagtitipid d. Pagkakawanggawa

7. Ano ang naglalarawan sa pinakmahalagang paraan ng pagtitipid?

a. maging mapagkumbaba at matutong makuntento
b. maging mapagbigay at matutong tumulong
c. maging maingat sa paggastos at matutong maging simple
d. maging masipag at matutong maging matiyaga

DRAFT

8. Ano ang sinasabi ng Teorya ni Maslow, The Heirarchy of Needs tungkol sa pera?

March 31, 2014

a. Ang pera ay nagsisilbing pantulong sa araw-araw na kailangan.
b. Ang pera ay dapat nating ingatan at huwag sayangin.
c. Ang pera ay tumutulong sa tao na maramdaman ang kaniyang seguridad sa buhay lalo na sa hinaharap.
d. Ang pera ay nagbibigay sa tao ng kasiguraduhan upang ang kaniyang buhay ay maging maayos sa hinaharap.

9. Ang mga sumusunod ay dahilan kung bakit kailangan na mag-impok ang tao ayon kay, Francisco Colayco *maliban* sa:

a. Para sa pagreretiro
b. Para sa mga hangarin sa buhay
c. Para maging inspirasyon sa buhay
c. Para sa proteksyon sa buhay

10. Hindi dapat taglayin ng tao ang katamaran. Ang mga sumusunod na pangungusap ay nagbibigay ng kahulugan nito *maliban* sa:

a. Ito ang pumapatay sa isang gawain, hanapbuhay o trabaho.
b. Ito ang pumipigil sa tao upang siya ay magtagumpay.
c. ito ay maaaring sumira sa ating kinabukasan.
d. Ito ay magdadala ng panganib sa buhay.

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

Panuto: Tingnan mabuti ang mga larawan. Ilagay ang titik sa loob ng kahon upang mabuo mga salita. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

DRAFT
M 31 4

1.

K				P				N

2.

P				U				Y			I

3. Larawan ng tao na bumibili sa tindahan at pinili niya ang mas murang sabon kaysa mamahalin na pareho naman ang kalidad.

P			T						D

Mga Tanong:

1. Ano-ano ang mga nabuo mong salita mula sa larawan? Pamilyar ka ba sa mga iyan?

2. Sa iyong palagay tinataglay mo ba ang mga iyan? Pangatwiranan.

3. Ano ang kaugnayan ng mga ito sa paggawa?

Gawain 2

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod. Tingnan ang kahon sa ibaba. Lagyan ng tsek (√) ang kolum kung ito ay iyong naipamalas at ekis (X) kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

Sitwasyon	Naipamalas	Hindi Naipamalas
1. Tinitiyak na magiging maayos ang kalalabasan ng gawain.		
2. Ibinibigay ang buong kakayahan, lakas at panahon sa gawain ng buong husay.		
3. Hindi sumusuko hanggat hindi natatapos ang gawain.		
4. Naglalakad imbis na sumakay kung malapit ang pupuntahan.		
5. Hindi na kailangan na utusan pagdating sa gawain sapagkat mayroong pagkukusa.		
6. Patuloy na sinusubukan na gawin ang gawain kahit na maraming beses na nagkakamali.		
7. Nagbabaon na lamang ng pagkain kaysa bumili ng mamahaling pagkain sa kantina o sa labas ng paaralan.		
8. May oras lamang sa paggamit ng tv, computer, electric fan at iba pa.		
9. Pinipilit na tapusin ang gawain kahit na nahihirapan.		
10. Nagbibigay ng malasakit sa gawain.		
11. Tinitiis ang pagod matapos lamang ang gawain.		
12. Hindi umiiwas sa gawain lalo na kung nakaatas ito sa kanya.		
13. Pagbili sa palengke kaysa mga *malls.*		
14. Kahit maraming pinagdaraanang pagdurusa ay hindi tumitigil sa ginagawa.		
15. Ginagamit lamang ang cellpone sa importanteng text at tawag.		

DRAFT
March 31, 2014

Matapos mong sagutan ay tingnan mo ang ibig sabihin ng iyong sagot.

Nagpapakita ng Kasipagan	Nagpapakita ng Pagpupunyagi	Nagpapakita ng Pagtitipid
• Kung ikaw ay naglagay ng tsek sa bilang 1,2,5,10 at 12 ikaw ay nagpapakita ng kasipagan. • Kung ang ikaw ay nakakuha ng 4-5 na tsek, ibig sabihin ay indikasyon ito na nagtataglay ka ng kasipagan. • Kung ikaw ay nakakuha ng 3 na tsek, ibig sabihin ay nasasaiyo na ang katangian ng pagiging masipag ngunit kailangan mo pa itong linangin. • Kung ikaw ay nakakuha ng 1-2 sa mga bilang na nabanggit, ibig sabihin ay ibayong pagsisikap pa ang dapat mong gawin upang taglayin mo ang katangiang ito.	• Kung ikaw ay naglagay ng tsek sa bilang 3,6,9,11 at 14 ikaw ay nagpapakita ng Pagpupunyagi. • Kung ikaw ay nakakuha ng 4-5 na tsek, ibig sabihin ay indikasyon ito ng Pagpupunyagi. • Kung ikaw ay nakakuha ng 3 na tsek, ibig sabihin ay nasasaiyo na ang katangian ng pagpupunyagi ngunit kailangan mo pa itong linangin. • Kung ikaw ay nakakuha ng 1-2 sa mga bilang na nabanggit, ibig sabihin ay ibayong pagsisikap pa ang dapat mong gawin upang taglayin mo ang katangiang ito.	• Kung ikaw ay naglagay ng tsek sa bilang 4,7,8,13 at 15 ikaw ay nagpapakita ng pagiging matipid. • Kung ikaw ay nakakuha ng 4-5 na tsek, ibig sabihin ay indikasyon ito ng pagiging matipid. • Kung ikaw ay nakakuha ng 3 na tsek, ibig sabihin ay nasasaiyo na ang katangian ng pagiging matipid ngunit kailangan mo pa itong linangin. • Kung ikaw ay nakakuha ng 1-2 sa mga bilang na nabanggit, ibig sabihin ay ibayong pagsisikap pa ang dapat mong gawin upang taglayin mo ang katangiang ito.

DRAFT
March 31, 2014

Sagutin ang mga sumusunod:

1. Ano ang masasabi mo sa iyong gawain? Naging masaya ka ba sa kinalabasan ng iyong sagot? Bakit?
2. Ano ang iyong natuklasan sa iyong sarili? Alin sa mga katangian ang iyong tinataglay?
3. Ano-ano ang indikasyon ng taong masipag, mayroong pagpupunyagi at marunong magtipid? Ipaliwanag.
4. Paano makatutulong ang mga pagpapahalagang ito sa tao sa kanyang paggawa? Ipaliwanag.
5. Ibahagi ang iyong sagot sa iyong katabi at pagkatapos ay sa buong klase.

C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Gawain 1

Panuto: Pag-aralan ang mga *comic strips* sa ibaba. Isulat ang iyong mga posibleng sagot sa *speech balloon.* Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.



DRAFT
March 31 2014

Hindi mo matapos-tapos ang iyong proyekto sa TLE. Ilang beses kanang gumagawa ngunit palagi kang nagkakamali. Naiinis ka na sapagkat nahihirapan ka na sa ginagawa mo. Nakita mo ang iyong mga pinasan sa labas na nagkakasiyahan. Tinawag ka nila at pilit na pinapapunta upang sumali sa kanila. Ano ang iyong gagawin.



DRAFT

Mga Tanong:

1. Naging mahirap ba para sa iyo ang pagsagot sa mga sitwasyon? Pangatwiranan.
2. Bakit mahalaga ang kasipagan, pagpupunyagi at pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok sa buhay ng tao? Ipaliwanag.
3. Paano ito makakatulong sa tao at sa lipunan na kaniyang kinabibilangan? Ipaliwanag.
4. Humanap ng kapareha at ibahagi ang iyong naging sagot.

March 31, 2014

Upang higit na mapalalim ang iyong kaalaman sa kahalagahan ng kasipagan, Pagpupunyagi, Pagtitipid at Wastong Pamamahala sa Naimpok, Tara na! Sasamahan kita upang maunawaan ang babasahin.

D. Pagpapalalim

Naniniwala ka ba na mahirap ang buhay? Marahil ay madalas mong marinig ito sa mga taong nakapaligid sa iyo hindi ba? Ngunit ikaw ano ang pananaw mo ukol dito? Sa pagpapatuloy ay nais kong ipabasa sa iyo ang isang tula upang mas lalo mong mapagnilayan ang babasahin.

Marami ang nagtuturing mahirap daw itong buhay,
Araw-araw ay paggawang tila din walang humpay;
Datapuwat isang pantas ang nagbadya at nagsaysay;
“Tagumpay ay nakakamit kapag tao ay masikhay.”

Ang sandali’y mahalaga hindi dapat na sayangin,
Kasipagay isagawa at itanim sa damdamin;
Kapag ito’y inugali walang liwag na kakamtin
Ang ginhawang inaasam at bungkos na pangarapin.

Hindi dapat na mahiya itong palad ay kumapal
Kung gawain ay mabuti at hangarin ay marangal;
Pagsisikap na may tiyaga, kasipagan ang kakambal
Ay sandatang pananggalang…pamuksa sa kahirapan.

Paalala’t pagunita sa diwa mo, kabataan…
Sa tuwina’y isaisip, sana’y laging tandaan:
“Kasipaga’y ugaliin at gawin mong pamantayan
Upang kamtin ang masaya at magandang kapalaran.”
www.pinoyedition.com/mga-tula/kasipagan-/

DRAFT

Napakaganda ng tula hindi ba? Ano ang iyong nagging kaisipan matapos mong mabasa ang tula? Nakita mo ba ang kabutihang dulot nito sa iyo, sa iyong kapwa at sa lipunan? Ito ay nagpapakita na ang kasipagan ay dapat isaisip, isapuso at isagawa ng bawat isang nilikha. Kahit anong bagay at anomang larangan ang ating gagawin kailangan natin ang kasipagan. Kung walang sipag ang isang tao, wala siyang matatapos na gawain. Kung kaya’t kaakibat ng sipag ay tiyaga na kung wala ang mga ito, mahihirapan ang tao na makaahon sa buhay na ito.

March 31, 2014

Ano nga ba ang kahulugan ng kasipagan? Ang ***kasipagan*** ay tumutukoy sa pagsisikap na gawin o tapusin ang isang gawain na mayroong kalidad. Ito ay tumutulong sa tao na malinang ang iba pang mabubuting katangian tulad ng tiwala sa sarili, mahabang pasensya, katapatan, integridad, disiplina at kahusayan na kung saan malaki ang maitutulong nito sa tao sa kaniyang relasyon sa kaniyang gawain, sa kaniyang kapwa at sa kaniyang lipunan.

Ang kasipagan ay tumutulong sa tao upang mapaunlad niya ang kaniyang pagkatao.

Ang kasipagan ang tumutulong sa isang tao upang mapaunlad niya ang kanyang pagkatao. Nagagamit niya ito sa mabuting pakikipagrelasyon niya sa kaniyang kapwa at mula sa kasipagan na taglay niya ay makatutulong siya na mapaunlad ang bansa at lipunan na kaniyang kinabibilangan.

Narito ang ilang palatandaan ng taong nagtataglay ng kasipagan.

1. *Nagbibigay ng buong kakayahan sa paggawa.* Ang taong masipag ay hindi nagmamadali sa kaniyang ginagawa. Sinisiguro niya na magiging maayos ang kalalabasan ng kaniyang gawain.

Hindi siya nagpapabaya, ibinibigay niya ang kaniyang buong kakayahan, lakas at panahon upang matapos niya ito ng buong husay.

2. *Ginagawa ang gawain ng may pagmamahal.* Ang isang taong nagtataglay ng kasipagan ay nagpapakita ng pagmamahal sa kaniyang trabaho. Ibinibigay niya ang kaniyang puso sa kaniyang ginagawa ibig sabihin naroroon ang kaniyang malasakit. Hindi lamang niya ito ginagawa upang basta matapos na lamang kundi naghahanap siya ng perpeksyon dito.

3. *Hindi umiiwas sa anumang gawain.* Ang taong masipag ay hindi umiiwas sa anumang gawain lalo na kung ito ay nakaatang sa kanya. Ito ay ginagawa niya ng maayos at kung minsan ay higit pa na maging ang gawain ng iba ay kaniyang ginagawa. Hindi na niya kailangan pang utusan o sabihan bagkus siya ay mayroong pagkukusa na gawin ang gawain na hindi naghihintay ng anomang kapalit.

Tunay nga na mahalaga na taglayin ng isang tao ang kasipagan sapagkat isa itong susi sa magandang kinabukasan. Ang pagiging masipag ay magbubunga ng mas maraming biyaya sa mga taong nagtataglay ng ganitong katangian.

Lahat ng tao ay naghahangad ng magandang buhay. Ito ay hindi lamang para sa ating mga sarili, kundi pati na rin sa ating mga minamahal sa buhay. Kung mas maganda o magiging sagana ang ating buhay mas magkakaroon pa tayo ng higit na pagkakataon na makapagbigay o tumulong sa ating kapwa. Mahalaga sa tao ang maging masipag upang siya ay mayroong maabot o marating na magandang bukas. Kung ikaw ay masipag sa iyong pag-aaral ay makapagtatapos ka. Kung ang isang empleyado ay masipag siya ay kikita at aasenso. At kung ang isang nilikha ng Diyos ay masipag na gumawa ng kabutihan makakamit niya ang buhay na walang hanggan. Lagi nating tandaan na ang kasipagan sa paggawa ng may kabutihan ang magpapaunlad sa ating bayan.

DRAFT
March 31, 2014

Ang kabaliktaran ng kasipagan ay *katamaran.* Ito ay hindi natin dapat taglayin sapagkat ito ang pumapatay sa isang gawain, hanapbuhay o trabaho. Ang katamaran ang pumipigil o humahadlang sa tao upang siya ay magtagumpay. Ang isang taong tamad ay ayaw tumanggap ng gawain. Hindi pa niya ito nasisimulan ay umaayaw na siya. Palagi niyang nararamdaman ang kapaguran kahit kaunti pa lamang ang kaniyang nagagawa. At kadalasan ay hindi niya natatapos ng maayos ang isang gawain. Kung kaya't dapat na puksain natin ang katamaran at huwag itong bigyan ng puwang sa ating kalooban sapagkat wala itong maidudulot na maganda sa ating kinabukasan.

> Ang katamaran ang pumapatay sa isang gawain, hanapbuhay o trabaho. Ito ang pumipigil sa tao upang siya ay magtagumpay.

Bilang kabataan ay dapat lagi mong ipakita sa lahat ng oras at pagkakataon ang iyong kasipagan sa iyong gawain.

Ngunit lagi mo ring tatandaan na sa isang gawain ay tiyak na makararamdam ka ng hirap, pagod ng katawan at isipan, mga pagsubok at mabibigat na problema ngunit sa mga ganitong pagkakataon ay hindi dapat sumuko sapagkat ang pagsuko ay kaduwagan.

Pagnilayan natin ang isang awit ng Orient Pearl na may pinamagatang “Pagsubok”.

Isip mo'y litong lito
Sa mga panahong nais mong maaliw
Bakit ba bumabalakid
Ay ang iyong mundong ginagalawan
Ang buhay ay sadyang ganyan
Sulirani'y di mapigilan
Itanim mo lang sa 'yong pusong
Kaya mo yan....
[Chorus:]
Pagkabigo't alinlangang
Gumugulo sa isipan
Mga pagsubok lamang 'yan
Huwag mong itigil ang laban
Huwag mong isuko....at 'yong labanan

Huwag mong isiping ikaw lamang
Ang may madilim na kapalaran
Ika'y hindi tatalikuran
Ng ating Ama na Siyang lumikha
Hindi lang ikaw ang nagdurusa
At hindi lang ikaw ang lumuluha
Pasakit mo'y may katapusan
Kaya mo 'yan....

DRAFT
March 31, 2014

[Chorus]
[Instrumental]
Hindi lang ikaw ang nagdurusa
At hindi lang ikaw ang lumuluha
Pasakit mo'y may katapusan
Kaya mo 'yan....
Pagkabigo't alinlangang
Gumugulo sa isipan
Mga pagsubok lamang 'yan
Huwag mong itigil ang laban
Huwag mong isuko....at 'yong labanan
Huwag mong isuko....at 'yong labanan
Pagkabigo't alinlangang
Gumugulo sa isipan
Mga pagsubok lamang 'yan
Huwag mong isuko ang laban
http://www.metrolyrics.com/pagsubok-lyrics-orient-pearl.html

Ano ang masasabi mo sa awitin? Kung hihimayhimayin mo ang bawat linya nito ano ang kahulugan nito para sa iyo. Tuna’y ngang bahagi ng buhay ng tao ang mga pagsubok at

problema ngunit ang mahalaga ay huwag sumuko bagkus kailangan na magpatuloy. Ang pagpapatuloy sa gawain kahit na ikaw ay nahihirapan, ang pagpatuloy kahit minsan ikaw ay nasasaktan o nagdurusa, ang pagpapatuloy kahit maraming natatanggap na mga puna mula sa iba, at ang pagpapatuloy sa kabila ng matinding pagod at hirap makamit mo lamang ang iyong minimithi sa buhay ay palatandaan lamang ng pagpupunyagi.

Ang *pagpupunyagi* ay pagtitiyaga na maaabot o makukuha ang iyong layunin o mithiin sa buhay. Ito ay may kalakip na pagtitiyaga, pagtitiis, kasipagan at determinasyon. Ito ay pagtanggap sa mga hamon o pagsubok ng may kahinahunan at hindi nagrereklamo. Ito ay patuloy na pagsubok ng mga gawain hanggat hindi nakakamit ang mithiin.

Ang Pagpupunyagi ay mahalagang katangian na makatutulong upang magtagumpay ang isang tao. Sa kabila ng mga balakid at mga problema na kanyang susuungin ay hindi siya dapat panghinaan ng loob bagkus kinakailangan na magpatuloy at maging matatag.

Pag-isipan mo ito: Pagkatapos ng ulan ay sisikat ang araw, pagkatapos ng gabi ay darating ang umaga, at pagkatapos ng hirap ay darating ang ginhawa. Ibig sabihin lamang nito ay gaano man ang iyong pagdaraan na hirap sa iyong gawain ay pagsumikapan mo itong mabuti sapagkat darating ang araw na malalasap mo ang kaligayahan at tagumpay na dulot nito.

DRAFT

Tingnan na lamang natin si Thomas Edison, isang Amerikanong imbentor. Siya ang nakaimbento ng electric light bulb. Bago niya natapos ito ay dumaan siya sa maraming pagsubok. Maraming beses siyang nagkamali ngunit hindi siya tumigil bagkus nagpatuloy pa siya ng husto hanggang sa nakuha niya ng tama ang kanyang imbensyon. Mula dito ay nakilala siya hindi lamang sa bansang Amerika kundi sa buong panig ng daigdig. Ngunit, paano kaya kung siya ay sumuko sa bawat pagkakamali niya sa kaniyang imbensyon? Paano kung itinigil na niya ito at hindi na nagpatuloy? Ano kaya ang mangyayari? Ikaw, katulad ka din ba ni Thomas Edison? Hindi ka rin ba sumusuko hanggat hindi mo natatapos ng buong husay ang iyong gawain? Kung ikaw ay may ganitong katangian ay ipagpatuloy mo lamang sapagkat ito ay magbubunga ng tagumpay. Isang tagumpay na maaring makapagbigay sa iyo ng masagana at magandang buhay.

March 31, 2014

Ngunit ang tanong, Bakit maraming mga tao na matapos kumita at magkaroon ng maraming pera dahil sa kanilang kasipagan at pagpupunyagi ay nabalewala lamang pagdating ng panahon? Tulad na lamang ng ilang mga naging sikat na personalidad sa industriya na matapos kumita ng malaking pera ay bumalik ang kanilang buhay sa paghihikahos o paghihirap. Ano kaya ang masasabi mo ukol dito? Paano kaya nila ginamit ang pera na ipinagkatiwala ng Diyos sa kanila?

Naging matipid kaya sila o naging maaksaya sa kanilang kinita? Naging simple kaya sila sa kanilang pamumuhay o naging praktikal kaya sila? Walang kinalaman ang liit o laki ng kinikita ng isang tao; ang mahalaga ay kung paano niya ito pinamamahalaan ng tama at wasto.

Mayroong isang ina na sa tuwing papaubos na ang kanilang toothpaste ay pinipiga pa niya ito ng husto, kumukuha pa siya ng gunting upang hatiin ang tube ng toothpaste at simutin na maigi ang laman nito. Para sa kanya kahit kaunti lamang ang makuha niya dito ay magagamit pa niya ito sa kaniyang pagsisipilyo. Para sa kanya, hindi kailangan na punuin ng maraming toothpaste ang haba ng sipilyo, para lamang makapagsipilyo. Sa tuwing siya ay pupunta sa palengke ay sinisiguro niya na umaalis siya ng maaga at siya ay naglalakad lamang imbis na sumakay ng tricycle mula sa kanilang bahay. Ayon sa kanya makatutulong ang paglalakad sa kanyang kalusugan at ang pera na dapat sana'y gagamitin niya bilang pamasahe sa tricycle ay kaniyang itinatabi sa kaniyang lalagyan upang pagdating ng pangangailangan ay makakatulong din ang kaunti niyang naitabi.

Sa tingin mo, ano kaya ang ipinapahiwatig nito sa iyo? Sa punto na ito, ipinapakita ng isang ina ang kanyang pagiging matipid kahit sa pinakamaliit na bagay lamang. Ano nga ba ang ibig sabihin ng Pagtitipid?

Ang Pagtitipid ay ay kakambal ng pagbibigay. Ito ay isang birtud na nagtuturo sa tao na hindi lamang mamuhay ng masagana, kundi gamitin ang pagtitipid upang higit na makapagbigay sa iba. Ang pagtitipid ay hindi ubos-ubos sa pera o bagay na walang saysay. Sapagkat dapat mong mahalin ang bunga ng iyong ginawang pagsisikap at pagtitiyaga.

DRAFT

Upang lubos mong maunawaan ay narito ang ilang paraan na nagpapakita ng pagtitipid.

1. Magbaon ng pagkain sa opisina o eskwela. Mas makakatipid kung magbabaon na lamang ng pagkain kaysa bibili pa sa kantina o kakain sa labas.
2. Matutong maglakad lalo na kung malapit lang ang paroroonan. Maganda itong ehersisyo at natitipid mo pa ang pamasahe na gagamitin mo.
3. Mas matipid na bumili sa palengke kaysa mga *malls*. Maaring hindi gaanong konbinyente sapagkat mainit at maputik ngunit mas malaki naman ang iyong matitipid.
4. Gamitin ang load ng cellphone sa mga importanteng bagay lamang. Hindi mo ba naiisip na sa bawat text mo na hindi naman mahalaga ay nag-aaksaya ka ng pera? Ang pera na ipinapaload mo ay maari mong ipunin pandagdag sa iba pang mga gastusin.
5. Orasan ang paggamit ng TV, computer, electric fan at iba pa. Kung hindi naman ito ginagamit ay patayin mo ang mga ito.
6. Sa pagsisipilyo ay gumamit ng baso. Huwag hayaang tumapon ang tubig mula sa gripo.
7. Huwag ng bumili ng imported. Marami na tayong produkto ng ating bansa na pareho lamang ang kalidad tulad ng mga imported. Kung sa tingin mo ay

March 31, 2014

mapapamahal ka pa ay mas tangkilikin mo na ang produkto natin.

Iyan ay ilan lamang sa mga paraan ng pagtitipid. Dapat mong maunawaan na kailangan na maging mapagkumbaba at matutong makuntento sa kung ano ang meron ka. Ito ang pinakamahalagang paraan ng pagtitipid. Laging isaisip na hindi makukuha ng kaligayahan sa mga materyal na bagay lamang. Ito ay hindi mahahanap sa labas ng ating sarili sapagkat matatagpuan ito sa ating kalooban.

Dapat maunawaan na kailangan na maging mapagkumbaba at matutong makuntento sa kung ano ang meron ka. Ito ang pinakamahalagang paraan ng pagtitipid.

Bakit mo kailangan na bumili ng mamahaling relo kung nais mo lang naman malaman ang oras? Bakit mo kailangan na bumili ng mamahaling cellphone kung ang pangunahing gamit lamang nito ay maka text o makatawag? Bakit mo kailangang bumili ng mamahaling damit na may pangalan kumpara sa mura na babagay din naman sa iyong katawan? Iyan ay ilan lamang katanungan sapagkat marami sa mga tao ngayon ang hindi nagpapahalaga sa kanilang pinaghirapan o pinagpaguran na nagiging dahilan ng kahirapan ng buhay.

Nasasayang ang kasipagan at pagpupunyagi ng isang tao kung hindi niya napapamahalaan ng wasto ang kaniyang mga pinaghirapan. Kaya nga, kung ang isang tao ay magtitipid ay mapamamahalaan niya ng tama ang kaniyang mga naimpok. Ang *Pag-iimpok* ay paraan upang makapag "save" o makapag ipon ng salapi, na siyang magagamit sa ating pangangailangan sa takdang panahon.

DRAFT
May 31, 2014

Ang pera ay pinagpapaguran upang kitain ito. Kaya kailangan na gastusin ito sa tama upang huwag itong mawala.

Bakit kailangan na mag-impok ng pera? Ayon sa Teorya ni Maslow, The Hierarchy of Needs, Ang pera ay mahalaga na makatutulong sa tao na maramdaman ang kanyang seguridad sa buhay lalo na sa hinaharap. Kung kaya't dapat natin na pahalagahan ang ating mga naipon. Sapagkat hindi napupulot ang pera, hindi ito mapipitas sa mga puno, o di kaya hindi ito nalalaglag mula sa langit. Ang pera ay pinagpapaguran upang kitain ito. Kaya kinakailangan lamang na gastusin sa tama upang huwag itong mawala. Ayon sa isang financial expert na si Francisco Colayco, mayroong tatlong dahilan kung bakit kailangan na mag-impok ang tao.

1. *Para sa proteksyon sa buhay.* Maraming mga hindi inaasahan na maaaring mangyari sa buhay ng tao tulad na lamang ng pagkakasakit, kalamidad, pagkawala ng trabaho o pagkabaldado. Kung sa hindi inaasahang pagkakataon ay mangyari ito, kailangan na ang tao ay nakahanda at mayroong magagamit na *emergency fund* sapagkat kung wala ay mahihirapan siyang makabangon mula dito.

2. *Para sa mga hangarin sa buhay.* Ito ang nagiging motibasyon ng iba. Ang mag-impok para sa hangarin sa buhay na mabigyan ng magandang edukasyon ang mga anak, ang magkaroon ng

sariling bahay at magkaroon ng maayos na pamumuhay. Mahalaga na matamo ang mga ito bilang bahagi ng ating *kaganapan* sa buhay.

3. *Para sa pagreretiro.* Hindi lamang kailangan na mag-impok para sa proteksyon sa buhay at sa mga hangarin sa buhay, mahalagang nag-iipon din para sa pagtanda sapagkat hindi sa lahat ng oras ay kakayanin pa ang magtrabaho. Darating din sa kasukdulan ang buhay ng tao na siya ay magiging matanda at mahina at hindi kakayanin pa na magbanat ng buto.

Ayon pa rin kay Francisco Colayco, kinakailangan na tratuhin ang pag-iimpok na isang *obligasyon* at *Hindi Optional*. Gaano man kalaki o kaliit ang kinikita ay obligasyon natin sa ating sarili ang pag-iimpok. Kaya, simulan mo na hanggat maaga. Sapagkat ito ang makapagbibigay ng masaganang bukas. Tingnan natin ang isang langgam, sa tag-araw ay buong sipag silang nag-iipon ng pagkain kung kaya't sa pagdating ng tag-ulan ay kampante na sila na hindi magugutom dahil matagal na nila itong pinaghandaan. Tayo rin bilang tao ay dapat mag-ipon habang tayo ay malakas upang makamtan natin ang magandang bukas.

Mangyayari lamang ito kung ang kasipagan at pagpupunyagi ay paiiralin at ang pagtitipid ay pananatiliin. Kaya simulan mo na. Now na!

DRAFT

Tayahin Natin Ang Iyong Pag-unawa

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

March 31, 2014

1. Ano ang kahulugan ng kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok?
2. Bakit mahalaga na ito ay taglayin ng lahat ng tao? Ipaliwanag.
3. Ano-ano ang mga indikasyon ng taong nagtataglay ng kasipagan, pagpupunyagi, pagiging matipid at wastong pinamamahalaan ang naimpok?
4. Paano makatutulong sa tao ang mga katangian na ito lalo na pagdating sa trabaho?
5. Ano sa palagay mo ang mangyayari sa tao paghindi niya pinagsikapan na linangin ito sa kaniyang sarili? Bakit? Ipaliwanag.

Paghinuha sa Batayang Konsepto

Matapos mong basahin at pagnilayan ang babasahin at gawin ang mga natapos na gawain sa modyul na ito ay inaanyayahan kita na bumuo ng *graphic organizer* mula sa iyong nahinuha sa konsepto. Maging malikhain sa paggawa at isulat ito sa iyong kuwaderno.

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao
1.. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang Tao?
2. Ano-ano ang maari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?

E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

DRAFT

Ngayon ay nabatid mo ang kahalagahan ng ng kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok. Ito ay makatutulong sa iyo upang mapaunlad mo ang iyong sarili at ang iyong lipunan.

March 31, 2014

Pagganap

Ang kasipagan at pagpupunyagi ay mababalewala kung ito ay hindi lalakipan ng pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok.

Panuto:

1. Maghanap ng isang manggagawa na nagpapakita ng kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok. Kapanayamin sila at ipakuwento ang kanilang mga naging karanasan sa kanilang trabaho at paano sila naging matagumpay.
2. Maaaring sila ay iyong kapitbahay, magulang, guro at iba pa.

Pagninilay

Ano ang iyong natuklasan tungkol sa kahalagahan ng kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok. Sumulat ng pagninilay sa iyong journal ukol dito. Gawing gabay ang mga tanong sa ibaba.



Pagsasabuhay

Panuto:

DRAFT

1. Gumawa ng chart at isulat ang mga itinakdang gawain sa araw-araw at kung ito ay natutupad ng may kasipagan at pagpupunyagi. Isulat ang mga hakbang kung paano mo ito isasagawa.
2. Gumawa ng *daily log* na nagpapakita ng iyong gawain.

March 31, 2014

Binabati kita sa iyong paggawa ng Chart na may pagsunod sa hakbang upang matupad ang itinakdang gawain ng may kasipagan at pagpupunyagi. Nawa ay makatulong ito sa iyo sa pang-araw-araw na gawain.

Mga Sanggunian:

Haring, Bernard (1997). The Virtues of An Authentic Life. Liguori Publications

Hinckley, Gordon B. (2000). Standing for Something: 10 Neglected Virtues that will Heal our Hearts and Souls. New York: Times Book

Isaacs, David. (2001). Character Building: A Guide for Parents and Teachers. Dublin Four Courts Press

Websites:

www.jamesnara.com/2011/03/5-rules-to-help-you-manage-your-money-savings/

http://www.intothyword.com/

http://en.wikipedia.org/wiki/Diligence

http://science.blurtit.com/101071/how-important-is-perseverance-in-life

http://moneyning.com/frugality/the-importance-of-getting-thrifty/

DRAFT

March 31, 2014

Edukasyon sa Pagpapakatao

Baitang 9

Ikatlong Markahan

MODYUL 12: PAMAMAHALA SA PAGGAMIT NG ORAS

A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Krring, krring, krring.

Tik tak tik tak.

Hoy gising!

Hindi ba't nakakapukaw ng atensiyon ang bawat tunog ng orasan? Nakakagulat. Nakakagulantang kung ikaw ay himbing na himbing sa pagtulog o hindi kaya ikaw ay nasa malalim na pagmumuni-muni. Ang maaaring kasunod na kilos ay pagmamadali o pagkataranta kung paano hahabulin ang oras ng pagpasok sa paaralan o sa trabaho dahil mahuhuli na sa takdang oras.

Hoy, gising! Ikaw na kabataan, madalas ka bang mahuli sa klase, sa pagpapasa ng mga proyekto at sa usapan ninyo ng iyong mga kaibigan? Gumising ka! Tingnan mo ang sarili kung paano mo ginagamit ang oras.

Sa Modyul 11 ay lumawak ang iyong pag-unawa tungkol sa kasipagan at pagpupunyagi. Kaugnay pa nito ay minulat sa isip mo at hinamon ka na maging matipid at mapagpamahala sa iyong pera nang sa gayon ay makapag-impok.

Inaasahang gagamitin mo ang lahat ng mga pag-unawang ito upang maipamalas mo ang mga layuning pampagkatuto na inaasahan sa modyul na ito.

Sa huli'y inaasahang masasagot mo ang mahahalagang tanong na: **Bakit mahalaga ang pamamahala ng paggamit ng oras? Ano ang kinakailangan mong pamamahala ng paggamit ng oras? At hanggang saan ang kakayahan mo na pamahalaan ang oras?**

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

12.1 Naipapaliwanag ang kahalagahan ng pamamahala ng paggamit ng oras

12.2 Nakapagtatala sa journal ng mga pagkakataong napamahalaan ang oras

12.3 Nahihinuha ang Batayang Konsepto ng modyul

12.4 Natataya ang sariling kakayahan sa pamamahala sa oras batay sa pagsasagawa ng mga gawain na nasa kaniyang iskedyul ng mga gawain

DRAFT
March 31, 2014

Narito ang mga batayan ng pagtataya ng awtput sa Kasanayang Pampagkatuto 12.4:

a. Makagawa ng iskedyul ng mga gawain.
b. Maisagawa ang indibidwal na gawain na magpapakita ng kakayahan sa pamamahala sa oras.
c. Makapagnilay sa kahalagahan ng pamamahala sa paggamit ng oras.

Paunang Pagtataya

"Checklist" sa Pamamahala sa Paggamit ng Oras

Panuto: Basahin ang bawat bilang. Lagyan ng X ang kaukulang kahon ng sagot mo.

	Oo	Hindi	
1.			Gumagawa ka ba ng sarili mong kalendaryo ng mga gawain?
2.			May sinusunod ka bang lingguhang iskedyul?
3.			May pagkakataon mahirap para sa iyo ang magsimulang mag-aral?
4.			Nahuhuli ka ba sa pagpasok sa paaralan?
5.			Mahirap ba sa iyo ang makagawa kaagad ng takdang-aralin?
6.			Madali ka bang mawala sa konsentrasyon kapag ikaw ay nag-aaral?
7.			Madali ka bang mabagot sa pag-aaral?
8.			Mayroon ka bang partikular na lugar kung saan ka nag-aaral ng leksiyon?
9.			Kasama ba sa iskedyul mo ang paglilibang at pagpapahinga?
10.			Binibigyan mo ba ng gantimpala ang sarili mo sa tuwing matatapos ang isang gawain?
11.			Mahirap ba para sa iyo ang makagawa ng proyekto?
12.			Madali ka bang mabahala kapag may pagsusulit?
13.			Mas inuuna mo ba ang mga payak na gawain bago ang mas mahirap?
14.			Naglalaan ka ba ng oras ng pahinga kapag ikaw ay nag-aaral?
15.			Mahalaga ba sa iyo ang paggamit ng oras?

DRAFT
March 31, 2014

Bilangin kung ilang Oo at Hindi ang sagot mo.

May napagtanto ka ba sa mga naging sagot mo? Ibahagi sa iyong ka-dyad. (Ang dyad ay pakikipag-usap o pagbabahagi ng ideya o saloobin. Ang ka-dyad ay kung kanino mo ibabahagi ang ideya o saloobin.)

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1: Si Haria

Panuto:

1. Basahin ang maikling kwento na nasa kahon.

Minsan, may isang hari at isang tamad na lalaki na nagngangalang Haria. Mabuti silang magkaibigan. Isang umaga, tinanong ng hari ang kanyang kaibigan, "bakit hindi ka humanap ng trabaho upang ikaw ay kumita ng pera?"

Sumagot si Haria, "Wala kasing nagbibigay ng trabaho sa akin. Pinagsabi ng mga kaaway kong hindi daw ako marunong gumawa sa takdang oras."

Ang mabuting hari ay tumugon, "Maaari kang pumunta sa imbakan nang aking mga yaman at doon mamulot ka ng kayamanan hanggang sa paglubog ng araw."

Nagmadaling umuwi si Haria upang ibalita sa kanyang asawa ang utos ng hari. Inutusan siya ng asawa: "Sige pumunta ka na ngayon at kunin mo ang mga ginto at mga mamahaling bato".

Tumugon si Haria. "Huwag muna, pakainin mo muna ako ng tanghalian."

Matapos ang pananghalian ay nagpahinga pa ng isang oras si Haria. Sa bandang hapon na niya kinuha ang kanyang kagamitan at nagtungo sa palasyo.

Sa kanyang panlalakad, nakaramdam siya ng matinding init at nagpasyang maupo sa ilalim ng puno upang magpahinga. Makalipas ang dalawang oras, bumalikwas siya para ipagpatuloy ang paglalakbay ngunit nakakita siya ng isang lalaki na nagtatanghal ng mahika. Huminto siya upang manood. Nakaisang oras siya sa panonood.

Nang siya ay makarating sa palasyo ang araw ay palubog. Ang mga pintuan ng palasyo ay sarado na.

(hango sa http://www.english-for-students.com/Value-of-Time.html#chitika_close_button)

March 31, 2014

2. Sagutan ang mga tanong sa inyong kuwaderno.
   a. Ilarawan ang dalawang pangunahing tauhan sa maikling kuwento.
   b. Sa paanong paraan ginamit ng dalawa ang oras? Pinahalagahan ba nila ang takdang oras? Ipaliwanag ang sagot.
   c. Anong aral ang maibabahagi mula sa maikling kuwento?

Gawain 2: Kaban ng Yaman

Gaano kahalaga sa iyo ang oras?

Panuto: Isulat sa bawat ginto ang kahalagahan ng oras para sa iyo.

For the illustrator:

Treasure chest/ baul na naka-bukas

For the illustrator:

12 Gold bars in a row

Ibahagi ang iyong sagot sa iyong dalawang kamag-aral. Ipaliwanag na mabuti kung bakit mahalaga para sa iyo ang oras.

Ang taong may pagpapahalaga sa oras ay may pagpapahalaga sa kaayusan.

DRAFT
March 31, 2014

C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

"Time is gold." Maaari mong bigyan ng patotoo ang kasabihan na ito sa pamamagitan ng pagtatala kung paano mo ginamit ang oras . Tingnan natin kung talagang pinapahalagahan mo ang oras.

Gawain 1: 24 oras

Panuto:

1. Gumawa ng isang *pie graph* na magtatala kung paano mo ginagamit ang 24 oras.
2. Gamitin ang sumusunod na kategorya.
   a. Trabahong-bahay
   b. Pagkain
   c. Pahinga/ Pagtulog
   d. Pageehersisyo
   e. Pansariling gawain (paliligo, pagbibihis, atbp.)
   f. Klase sa paaralan
   g. Pag-aaral
   h. Paglilibang/Pamamasyal
   i. Pagsimba/Pagsamba

j. Oras pampamilya

k. Iba pang gawain

3. Ipakita kung ilang porsiyento ang sinasakop ng bawat gawain.



March 01, 2014

Sagutan sa iyong journal.

1. Anong kategorya sa mga gawain ang may malaking bahagi? Bakit?
2. Napamahalaan mo ba nang wasto ang iyong oras? Kung oo, ano ang iyong isinaalang-alang para mapamahalaan mo ang iyong oras? Magbigay ng tunay na karanasan.
3. Kung hindi ang sagot, ano ang naging balakid sa iyo para hindi mapamahalaan ang 24 oras? Magbigay ng makatwiran at matapat na paliwanag.

Gawain 2: Dyad

Panuto: Ibahagi ang naging sagot mo sa isang kamag-aral.

> Ang oras kapag ito ay lumipas ay hindi na maaaring ibalik. Minsan lamang daraan ang pagkakataong bigay sa iyo, kaya naman ituring mong isang yaman ang bawat sandali.

D. PAGPAPALALIM

Pamamahala sa Paggamit ng Oras

Tik tak tik tak. Anong oras na?

"*Time is gold"* sabi nila.

Ano ang oras para sa iyo? Ano ang pananaw mo sa paggamit ng oras? Bakit kaya nasabi ng karamihan na *time is gold?*

Bilang isang mag-aaral, ang pagpasok mo sa iyong klase, paggawa ng takdang-aralin at pagsali sa mga iba't ibang gawain sa loob ng paaralan ay nangangailangan ng mas maraming oras mo. Ang pangangailangang pampaaralan ay kadalasang nakasasagabal sa paglilibang at iba pang panlipunang gawain. Ang katotohanang nabanggit ay nagpapatunay lamang sa gaano kahalaga ang magplano at unahin ang mahahalagang gawain.

Pananaw sa Paggamit ng Oras

Tik tak tik tak. Nagkakasya ba ang oras mo?

Kung ikaw ay nakararamdam na kulang ang panahon o oras sa lahat ng mga gawain o bagay-bagay, tanungin mo ang sarili, "ginagamit ko ba nang wasto ang oras ko?"

DRAFT
March 31, 2014

Bilang isang mag-aaral na nasa ika-siyam na baitang, napakaraming gawaing nakapataw sa iyo, sa iyong tahanan at paaralan. Marahil minsan ay gusto mo nang sumuko o di kaya iyong hinayaan na lang na walang magawa o gawin. Suriin mo ang sarili kung anong bagay ang nakapipigil sa iyo para gamitin nang tama ang oras.

May nakakapag-aksaya sa oras natin. Isa na rito ay ang pagpapaliban ng gawain. Inaantala mo ang paggawa sa mga bagay na puwede mo naming gawin agad-agad. Matagal nang ginagamit ng mga tao ang "agad-agad." Agad-agad, ibig sabihan, magmadali, dalian ang paggawa. Ngunit ano ang kadalasang tugon ng tao sa gawain? "Mamaya na lang!"

Sa kultura nating Pilipino may tinatawag na *mañana habit*. Ito ay ang pagpapabukas ng gawain. Bakit nga ba may ilan na ipinagpapaliban ang paggawa? Maaaring sila ay tinatamad, ayaw gumawa, o hindi nila alam kung paano isagawa ang isang gawain.

Ikalawang nakapag-aksaya ng oras ay ang paggamit nito nang walang katuturan ng dahil sa mga "distraction". Isang halimbawa ay ang paggamit ng mga social networking site. May takdang aralin ka. Habang ikaw ay gumagawa, sa halip na unahin mong matapos iyon,

nakikipag-chat ka o panay ang tingin mo sa ibang bagay tulad ng “Facebook.” Nawawala ang iyong tuon sa mismong trabaho.

Ang ikatlo ay ang hindi maayos na paggawa ng iskedyul. Likas sa atin ang palakaibigan. May pagkakataong tanggap na lang tayo ng tanggap sa mga imbitasyon. Hindi na rin minsan natitingnan kung ano ang pinakamahalaga at dapat unahin. Sa paggawa ng wastong iskedyul, maaaring iwaksi na ang gawain na hindi masyadong mahalaga. Isang halimbawa: Ang iyong guro sa Araling Panlipunan ay nagbigay ng proyekto sa simula pa lamang ng ikatlong markahan. Naitakda na kung kailan ito ipapasa. Ngunit isang araw bago ang nakatakdang araw ay nagkaroon ka nang imbitasyon para sa birthday party ng isang malapit na kaibigan.

Ano ang uunahin mo? Ang tapusin ang proyekto o ang dumalo sa kasiyahan?

At ang huli na maaaring makasayang ng ating oras o panahon ay ang sobrang pag-aalala. May taong pinapangunahan ng takot at sobrang pag-iisip kaya may nasasayang na sandali. Sa halip na mag-alala ng labis marapat na gumawa kaagad.

DRAFT

Ang Oras o Panahon

Ang oras ay tumutukoy sa panahon, pagkakataon, saglit, araw, at sa gaano katagal ang iginugol sa isang paggawa. Ito ay isang mahalaga at kakarampot na yaman. Kaya naman ang oras o panahon ay itinuturing na mainam na pambalanse sa lahat ng bagay. Tayo ay pinagkalooban ng 24 oras bawat araw anuman, ang ating estado o katayuan sa buhay. Ngunit sa kabila ng kahalagahan nito, hindi binibigyan ang oras ng kaukulang pansin. Marami pa rin ang hindi nakauunawa sa kahalagahan nito. Mayroon nga tayong tinatawag na *Filipino time* sa ating kultura. Kapag ang magkakaibigan ay may usapan na magkikita at dumating ang isa sa lagpas sa itinakdang oras, ayan ang tinawag sa *Filipino time*. Ibig sabihin, hindi siya marunong tumupad sa pinagkasunduang oras.

March 31, 2

Ang taong marunong magpahalaga sa oras ay siyang may mahusay na nagagawa.

Ang taong marunong magpahalaga sa oras ay siyang may mahusay na nagagawa. Hindi siya naaantala o nahuhuli. Nakatatapos siya ng gawain sa takdang oras. Ang pagiging maagap ng tao ay nagpapahiwatig na may pagpapahalaga siya sa oras ng ibang tao. Hindi niya nanaisin na masayang ang sariling oras pati na rin ang oras ng kanyang kapuwa. Ang ganitong uri ng tao ay itinuturing ang panahon o oras bilang isang kayamanan.

Ang pagpa-*prioritize* at pagpaplano ng gawain sa takdang panahon ay makatutulong upang ikaw ay maging mapanagutan, kapaki-pakinabang at matagumpay na mag-aaral, gayon na rin bilang kasapi sa isang pamilya, lipunan at bansa.

Ang bawat tao ay nakaasa sa panahon. Ang iyong mga gawain ay apektado ng kung anong oras mayroon ka. Kung titingnan natin, ang lahat ng narito sa mundo ay dikta ng oras. May nakatakda kung kailan at kung anong oras dapat matapos ang gawain. Tulad ng isang manggawa na kontraktuwal. Hindi niya makakamit ang kanyang gana o suweldo sa katapusan ng buwan kung hindi niya matatapos ang gawaing iniaatas sa kanya. Kaya para sa isang manggagawa, pagsisikapan niyang gamitin ang oras na mayroon siya sa maghapon at sa loob ng isang buwan para matapos ang gawain.

Ito ay nagpapatunay na napakahalaga at hindi kailanman mabibili ang oras at panahon. Ipinahihiwatig din na ang pagpa-*prioritize* at pagpaplano ng gawain sa takdang panahon ay makatutulong upang ikaw ay maging mapanagutan, kapaki-pakinabang at matagumpay na mag-aaral, gayon na rin bilang kasapi sa isang pamilya, lipunan at bansa.

Ang oras o panahon ay nararapat lamang na ginagamit nang husto at wasto ayon sa pangangailangan ng gawain. Ito ay dapat matalinong inilalaan sa makabuluhang gawain. Kapag ito ay nagamit nang maayos, ang bawat araw ay magiging ganap at may bunga. Kahit ang pinakamasipag na tao ay hindi kayang gawin ang lahat ng gawain kaya naman kailangan na nakaplano ang pagsasagawa ng bawat isa batay sa halaga ng mga ito.

DRAFT
March 31, 2014

Pangangasiwa o Pamamahala ng Oras

Isa sa nabanggit na dahilan kung bakit mayroong nasasayang na oras ay sanhi ng *mañana habit* sa mga Filipino. Narito ang ilang mungkahi upang maiwaksi ang pagpapaliban sa paggawa:

1. Pagtukoy sa iyong layunin na magbibigay ng direksiyon sa nais mong matupad. Magplano para sa iyong buhay.

Ang pagpaplano ay hindi kung kailan ka nasa sitwasyon o nasa pangkasalukuyang panahon. Ito ay nararapat gawin bago dumating ang panahon. Tulad ni Jovit Baldovino, ang kauna-unahang *Pilipinas Got Talent winner* sa taong 2010. Nagmula sa isang mahirap na pamilya at para lang may pantawid sa pang-araw-araw na pangangailangan nagawa niyang magtinda ng siomai sa palengke pagkatapos ng klase. Nilayon niyang makaahon sa hirap kaya ginamit niya ang kanyang talento sa pag-awit. At wala siyang sinayang na oras sa tuwing malalaman niya may mga patimpalak sa mga kalapit nilang baryo ay sumasali siya. Sa pamamagitan ng kaniyang pagsali sa mga

patimpalak ay nabuo ang kanyang pangarap na maging isang mang-aawit. Hindi na siya nagdalawang isip na mag-*audition* para sa *Pilipinas Got Talent* ng magkaroon ng pagkakataon.

2. Pagtukoy sa kung ano ang iyong pangangailangan sa kinahaharap na gawain.

Sina Jan Nicole Malig at Frances Valeri Uy ay ilan lamang sa mga mag-aral sa isang Buddhist-Chinese school. Sa tuwing may proyektong gagawin sa paaralan, silang dalawa ay katangi-tangi. Palagi silang may kompletong kagamitan para sa gawain. Kung ang ibang kamag-aral ay naghahanap pa ng kagamitan, silang dalawa ay masigasig ng gumagawa na. Sa paghahanda ng mga kinakailangan ay paggamit na ng tamang oras.

3. Pagtasa sa mga gawain. Kung ito ay malawak, simulan sa pinakamaliit na gawain hanggang sa mabuo at matapos ang gawain. Ang pagsisimula sa pinakapayak at madaling gawain ay makapagdudulot ng kasiyahan o *sense of achievement*.

Saan ba nagsisimula ang mga malalaking bagay? Hindi ba sa maliit? Ganoon din sa mga gawain. Hindi magkakaroon ng malaki at magandang resulta ang isang proyekto kung hindi sisimulan sa simpleng pagpaplano. Tulad na lamang ni Tony Tan Caktiong na nagmamay-ari ng Jollibee Food Corporation. Paano ba nagsimula ang Jollibee? Nagsimula ito sa isang *ice cream parlor*. Matapos makabisita si Tony at mga kaibigan sa planta ng *Magnolia ice cream* ay nagtayo siya ng negosyo. Ngunit nakita niya hindi lang sorbetes ang gustong kainin ng mga tao. Naisipan niya, sa tulong na rin ng mga kakilala na magdagdag ng *spaghetti at hamburger* sa kanilang kainan. At sa isang payak na simula, nagkaroon na siya nang *sense of achievement* nang ipinanganak at makilala si Jollibee.

DRAFT
March 31, 2014

4. Pag-aayos ng mga kongkretong hakbang o plano ng pagkilos upang matapos nang maayos. Magtakda ng araw kung kailan tatapusin ang gawain. Iwasang malihis sa ibang gawain. Mag-*focus*.

Matapos kang magkaroon ng tiyak na layunin sa kung anong direksyon ang tatahakin mo o kung ano ang iyong gagawin, mabuting magkaroon ka ng dyornal. Dito sa kuwadernong nasabi ay isulat kung ano-ano ang kongkretong hakbang na gagawin at magtakda ng araw kung kailan dapat matapos ang gawain. Ituon ang pansin sa mga bagay-bagay na nakapaloob sa plano ng pagkilos.

5. Gumawa. Itakda ang oras. Gantimpalaan ang sarili sa tuwing may natatapos na gawain.

Kadalasan ang mga guro ay subsob sa gawaing pampaaralan, pambahay at pansarili. Ngunit sa kabila nito ay may isang guro sa elementarya mula sa isang pribadong paaralan na nagngangalang Teacher Dang ang malimit gantimpalaan ang sarili sa pamamagitan ng paglalakbay sa tuwing matatapos ang isang semestre. Sa loob ng ilang buwang nakatuon ang isip at puso niya sa pagtuturo sa mga *nursery at kinder pupils* ay talaga naman nakakapagod. Kaya naman sinisiguro niyang makabiyahe siya o hindi kaya umuwi sa kanilang probinsiya sa Batangas para lang makapagpahinga at makasagap ng sariwang hangin. Pakiramdam ni Teacher Dang na nagagantimpalaan niya ang sarili sa tuwing matatapos ang isang taong pagtuturo sa paaralan.

6. Tasahin kung nagawa ang nararapat gawin. Maging matiyaga at kapaki-pakinabang. Huwag susuko.

DRAFT

Si Juno Sauler, coach ng La Salle Green Archers ay isa sa naging instrumento upang manalo ang koponan sa ika-76 na taon ng University Athlethic Association of the Philippines. Mariin niyang ibinahagi sa manlalaro ng nasabing koponan ang kahalagahan ng disiplina sa pang-araw-araw na pag-eensayo sa basketball. Bahagi nito ay ang paggamit ng oras. Sa bawat pagtatapos ng laro or laban, mabuting balikan ng tanaw kung nagawa ba ang nararapat para sa nasabing laro. At kung matatandaan sa larong nasabi, hindi sumuko ang bawat manlalaro kahit ang kalaban nila ang nakakalamang sa puntos. Sa huli, sila ang nakakuha ng titulo bilang kampeon sa ika-76 Season ng UAAP.

March 31, 2014

Pagpaplano ng Oras

Upang magabayan ka sa pagpaplano ng oras, narito ang ilang maaari mong gawin:

a. Timbangin ang iyong oras para sa pag-aaral, trabahong bahay, pagtulog, pagtulong at pananalangin.

b. Planuhin ang kinakaharap na “grading period”.

c. Gumawa ng layunin sa bawat asignatura.

d. Alamin kung gaano kahaba ang kinakailangang gugulin para sa pag-aaral sa mga asignatura.

e. Mag-aral sa tamang lugar. Humanap ng isang lugar sa loob ng tahanan kung saan maaaring mag-aral.

f. Planuhin kung paano kinakailangang humingi ng tulong sa mga guro at kamag-aral sa mga araling hindi naunawaan nang lubos.

g. I-*prioritize* ang mga asignaturang pag-aaralan.

h. Alamin ang mga epektibong paraan ng pagbabalik-aral at pagsusuri sa mga babasahin.

i. Alamin ang sining sa pagtatanong. Maraming matututuhan kung nagtatanong.

j. Gamitin nang kapaki-pakinabang ang oras.

Sa Tamang Oras: Landas sa Pag-unlad

Marami nang naimungkahi tungkol sa paggamit ng oras ngunit hindi pa sapat iyon. Narito ang paunang mga linya sa awiting pinamagatang *Kanlungan* na isinulat at inawit ni Noel Cabangon:

DRAFT

"Pana-panahon ang pagkakataon, maibabalik ba ang kahapon?"

March 31, 2014

May oras o panahon ang lahat ng bagay dito sa mundo ayon sa awit ngunit ang tanong ng kompositor ay kung maibabalik pa ang nakalipas na panahon. Ano sa iyong opinyon ang tanong ng kompositor?

Isang magandang halimbawa ang "The Time Keeper," isang kuwento ng batikang manunulat na si Mitch Albom. Ibinahagi ng magaling na manunulat ang kahalagahan ng oras sa katauhan ni Dor. Ang pangunahing tauhan ay labis na nagumon sa maraming gawain na hindi niya namalayang marami na siyang mahahalagang sandaling nasayang. Isa na rito ay ang malamang nalalapit na sa kamatayan ang kanyang kabiyak. Doon ay minarapat ni Dor na tumawag sa Diyos upang hilingin pang bigyan siya ng mas mahabang oras. Sa halip, binigyan siya ng makabuluhang gawain. Inatasan si Dor na harapin ang dalawang nilalang upang mapahalagahan ang oras na kaloob sa kanila. Ipinaabot ng nobelang sa mga mambabasa na bigyang-halaga ang bawat sandali sa araw-araw. Ito ay ang pagkakaroon ng kamalayan sa oras (*time-consciousness).*



Maging ang oras o panahon ay nakaraan na, pangkasalukuyan at panghinaharap, may hamon dala ito na gamitin nang wasto at pahalagahan.

Ang pagpapahalaga sa oras ay makataong tawag para sa isang malayang pagdedesisyon at kaayusan sa kilos. Balik tanawin ang kuwento sa paglikha ng Banal na Ispiritu. Ginamit niya ang bawat sandali sa makatuturang gawain. Ngunit bago niya ito isinakatuparan, nagkaroon siya na malalim na pag-iisip, sinundan ng malayang pagpapasya na gusto niyang magkaroon ng buhay sa kanyang likha. Hindi nagtapos sa ganon lamang. Sa halip, nilapatan niya ng kaayusan. Inisa-isa niya ang paglikha sa bawat araw.

Ang tao ay marapat na maging tulad ng Banal na Ispiritu sa pananaw ng pamamahala sa paggamit ng oras. Sa tamang pamamahala ng oras, ang tao ay inaasahang maging mapanagutan at kapaki-pakinabang sa mga gawain niya sa lipunan niyang kinagagalawan.

Tayain ang Iyong Pag-unawa

DRAFT

Sa katatapos na paglalahad tungkol sa oras, naunawaan mo ba ang iyong binasa? Makakatulong ang mga sumusunod na katanungan upang masukat mo ang iyong pang-unawa sa natapos mong babasahin. Kunin ang kuwaderno at duon isulat ang mga kasagutan.

March 31, 2014

1. Ano ang oras para sa iyo? Magbigay ng ilang kahalagahan at ipaliwanag.
2. Alin sa mga nabanggit na dahilanan ang nakakapag-aksaya ng oras o panahon mo? Ibigay ang iyong paliwanag.
3. Paano mapapangasiwaan ng isang tao ang kanyang oras?
4. Saan patungo ang tamang pamamahala ng paggamit ng oras? Maging makatwiran sa pagpapaliwanag.

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Sa loob ng bilang na 24, isulat mo ang naunawaan mo tungkol sa pamamahala sa paggamit ng oras. At sa huli ay tukuyin at isulat mo sa loob ng kahon kung ano ang maaari mong malinang sa tamang paggamit ng oras. Ito ay nagsisimula sa letrang K.

24 ORAS
DRAFT
K
March 31, 2014

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?

E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Ang anomang araling natutuhan mo ay kinakailangang may kaganapan upang lalo mong malinang ang iyong pagkatao.

Pagganap

Gawain: Pagsubaybay sa IYONG ORAS

Gumawa ng talaarawang sumasaklaw sa isang linggo kung saan makikita kung paano mo ginugol ang oras at lakas mo. Sundin ang panuto.

Panuto:

1. Itala ang lahat ng iyong gawain.
2. Isaalang-alang ang oras na gugulin mo sa paaralan para sa pag-aaral mo.
3. Siguraduhing nagamit mo ang 24 oras sa iyong talaarawan.
4. Gamitin itong halimbawa bilang talaarawan mo.

Time	Mon	Tues	Wed	Thur	Fri	Sat	Sun
5:30AM							
6:00							
6:30							
7:00							
7:30							
8:30							
9:00							
9:30							
10:00							
10:30							
11:00							
11:30							
12:00nn							
12:30PM							
1:00							
1:30							
2:00							
2:30							
3:00							
3:30							
4:00							
4:30							
5:00							
5:30							
6:00							
6:30							
7:00							

DRAFT
March 31, 2014

7:30							
8:00							
8:30							
9:00							
9:30							
10:00							
10:30							
11:00							
11:30							
12:00mn							
12:30AM							
1:00							
1:30							
2:00							
2:30							
3:00							
3:30							
4:00							
4:30							
5:00							

DRAFT
March 31, 2014

Pagninilay

Balikan ang naitala mo sa iyong isang linggong talaarawan. Sagutan ang mga sumusunod na katanungan sa iyong dyornal.

1. Anong gawain o aktibidad mo ang kumakain ng pinakamaraming oras? Ipaliwanag kung bakit.
2. May pag-aaksaya ka ba ng oras ayon sa ginawa mong talaarawan?
3. Anong mga gawain ang puwede mong palitan ng kapaki-pakinabang para sa mas makabuluhang gawain?
4. Ano ang naramdaman mo sa bahaging ito ng gawain matapos mong masagutan ang bilang 1-3?
5. Sa paanong paraan mo mas lalong mapamamahalaan ang oras mo? Sa palagay mo, magiging kapaki-pakinabang ka kung ikaw ay matutotong gumamit ng oras? Maging makatwiran sa pagpapaliwanag.

Pagsasabuhay

Nakita at napagtanto mo na kung paano mo ginugol ang oras/ panahon mo sa loob ng isang araw at isang linggo. Marahil may kailangan ka pang ayusin sa pamamahala sa paggamit ng oras mo. Kaya heto muli ang gawain para maisabuhay mo ang napag-aralan mo sa modyul na ito.

Gawain 1: Magplano Agad-agad

Panuto:

1. Magbuo ng plano na magbibigay sa iyo ng pagkakataon na magawa mo ang nararapat na gawain para ikaw ay mas maging kapakipakinabang.
2. Isulat ang layunin mo para sa susunod na isang linggo, sa kung ano ang ninanais mong makamit.
3. Maaari mong gamitin ang mga gawain o kategorya sa gawain sa Pagganap.
4. Ang pormat na ginamit sa pagganap ang siya mo uling gamitin.

DRAFT

PANGALAN _____ TAKDANG PANAHON _____

Mga Layunin ko:

_____

_____

_____

_____

March 31, 2014

Time	Mon	Tues	Wed	Thur	Fri	Sat	Sun
5:30AM							
6:00							
6:30							
7:00							
7:30							
8:30							
9:00							
9:30							
10:00							
10:30							
11:00							

11:30							
12:00nn							
12:30PM							
1:00							
1:30							
2:00							
2:30							
3:00							
3:30							
4:00							
4:30							
5:00							
5:30							
6:00							
6:30							
7:00							
7:30							
8:00							
8:30							
9:00							
9:30							
10:00							
10:30							
11:00							
11:30							
12:00mn							
12:30AM							
1:00							
1:30							
2:00							
2:30							
3:00							

DRAFT
March 31, 2014

3:30							
4:00							
4:30							
5:00							

Ang talaarawan na ginawa mo ay ipinapayong gawin linggo-linggo upang magkaroon ka ng kaayusan at prayoritasyon sa mga gawain. May kaukulang pagtataya ang nararapat mong gawin para malaman kung nagaganap ang mga layunin mo.

Gawain 2: "Checklist" sa Pamamahala ng Paggamit ng Oras

Sagutan muli ang checklist na sumusunod.

	Oo	Hindi	
1.			Gumagawa ka ba ng sarili mong kalendaryo ng mga gawain?
2.			May sinusunod ka bang lingguhang iskedyul?
3.			May pagkakataon bang mahirap para sa iyo ang magsimulang mag-aral?
4.			Nahuhuli ka ba sa iyong pagpasok sa paaralan?
5.			Mahirap ba ang makagawa kaagad ng takdang-aralin?
6.			Madali ka bang mawala sa konsentrasyon kapag ikaw ay nag-aaral?
7.			Madali ka bang mabagot sa pag-aaral?
8.			Mayroon ka bang partikular na lugar kung saan ka nag-aaral ng leksiyon?
9.			Kasama ba sa iskedyul mo ang paglilibang at pagpapahinga?
10.			Binibigyan mo ba ng gantimpala ang sarili mo sa tuwing matatapos ang isang gawain?
11.			Mahirap ba para sa iyo ang makagawa ng proyekto?
12.			Madali ka bang mabahala kapag may pagsusulit?
13.			Mas inuuna mo ba ang mga payak na gawain bago ang mas mahirap?
14.			Naglalaan ka ba ng oras ng pahinga pag ikaw ay nag-aaral?
15.			Mahalaga ba sa iyo ang paggamit ng oras?

DRAFT
March 31, 2014

Ikumpara mo ang iyong sagot dito sa gawaing ito sa naunang mga kasagutan mo sa PAUNANG PAGTATAYA. May pagkakaiba ba?

O, kumusta? Nagawa mo ba nang maayos ang mga gawain? Kung oo, magpunta ka na sa susunod na Modyul. Kung hindi, balikan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Hingin ang tulong o paggabay ng isang kamag-aral o guro.

Binabati kita! Nakatapos ka na uli ng isang aralin. Nawa ay magamit mo ang iyong natutunan upang ikaw ay maging isang kapakipakinabang at mapanagutang kabataan.

Mga Kakailanganing Kagamitan (websites, software, worksheet)

- Panulat at kuwaderno
- Kopya ng Talaarawan
- Journal

Mga Sanggunian:

Mga Aklat:

- Estanislao, Jesus P. Towards a National Culture of Excellence Book II. Southeast Asian Science Foundation. 1995
- McBride, Dr. Josephine S. Achieving Your Dream for College Success. Project Dream, Mandaluyong City. 2010
- Punsalan, Twila G. Goodness in Service. Salesiana Books by Don Bosco Press. 2008
- Robbins, Stephen and Judge, Timothy A. An Introduction to Organizational Behavior. Pearson Apprentice Hall. 2007

DRAFT
March 31, 2014

Website:

http://www.millionaireacts.com/735/tony-tan-caktiong-and-jollibee-success-story.html (retrieved on October 14, 2013)

http://en.wikipedia.org/wiki/Jovit_baldivino (retrieved on October 15, 2013)

http://www.mightyracing .com

http://www.nationalturk.com

http://www.ateneoaluminiassociation.com

http://lifewith3.com

http://www.iep.utm.edu/phe-time retrieved on November 16, 2013

http://www.youtube.com/watch?v=6Rf8Rp81HMA

http://www.goodreads.com

http://ph.images.search.yahoo.com/images/view;_

DRAFT
March 31, 2014

Edukasyon sa Pagpapakatao

Baitang 9

Ikaapat na Markahan

MODYUL 13: Mga Pansariling Salik sa Pagpili ng Tamang Kursong Akademiko o Teknikal-Bokasyonal, Sining at Isports, Negosyo o Hanapbuhay

A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAPAMALAS MO?

"Handa ka na ba?" ang malimit na tanong ng taong hinihintay ang iyong paghahanda sa isang gawain. Madalas ito rin ang linya ng iyong guro bago ang pagsusulit o di kaya naman, ito ay nasasambit ng isang *Game Master* sa kanyang *contest* bago magsimula ang kompetisyon o laro. Kawili-wiling tanong ngunit nakakagulat kung paano ito sasagutin nang mabilisan. Ikaw, handa ka na rin bang pumili ng nais mong kurso sa pagtuntong mo sa *Senior High School* (Baitang 11 at 12)? Ito na ang huling markahan bago magtapos ang iyong taon sa Baitang 9, ngunit bago ito mangyari, kailangan mo munang magpasya at pumili para sa iyong sarili kung ano ang nais mong kuning kurso. Nais mo bang masagot ang mga tanong na iyan nang sigurado ka at nang walang alinlangan? May mga dapat bang pagbatayan sa mga pagpili mong ito, o sapat na bang makinig na lamang at umasa sa mga taong nakapaligid sa iyo? Ang mga tanong iyan ay malinaw na sasagutin at ipaliliwanag sa iyo ng modyul na ito kasama na ang susunod na tatlo pang bahagi ng markahang ito. Ang mga kaalaman na makukuha mo rito ang magsisilbing unang hakbang patungo sa direksyong minimithi mo at ang pangarap ng mga taong sa iyo ay nagtitiwala.

DRAFT
March 31, 2014

Inaasahang masasagot mo ang mga mahahalagang tanong pagkatapos ng modyul na ito: **Bakit mahalagang tugma ang mga pansariing salik sa mga pangangailangan *(requirements)* sa napiling kursong Akademiko, Teknikal-Bokasyonal, Sining at Isports, Negosyo o Hanapbuhay daan upang magkaroon ng makabuluhang hanapbuhay o negosyo at matiyak ang pagiging produktibo at pakikibahagi sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa?**

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

13.1 Nakikilala ang mga pagbabago sa kanyang talento, kasanayan, hilig, pagpapahalaga, katayuang pinansiyal at mithiin (mula Baitang 7) at naiuugnay ang mga ito sa pipiliing kursong akademiko, teknikal-bokasyonal, sining at isports, negosyo o hanapbuhay.

13.2 Napagninilayan ang mga mahahalagang hakbang na ginawa upang mapaunlad ang talento at kakayahan ayon sa kanyang hilig at mithiin

13.3 Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin.

13.4 Natutukoy ang mga paghahandang gagawin upang makamit ang piniling kursong akademiko, teknikal-bokasyonal, sining at palakasan o negosyo o hanapbuhay.

Narito ang mga batayan ng pagtataya ng awtput sa Kakayahang Pampagkatuto 13.4:

a. Makagawa ng heksagon ng mga hilig bilang gabay sa pag-uugnay ng mga interes na makatutulong sa pagbabago ng isip tungo sa paghahandang gagawin sa napiling kursong akademiko, teknikal-bokasyonal, sining at isports, negosyo o hanapbuhay
b. Makapagbigay ng mga tiyak na hakbangin na siyang mag-uugnay sa mga pansariling salik sa pagsasagawa ng mga piniling pasya mula sa talento, kasanayan, hilig, pagpapahalaga, katayuang pinansiyal at mithiin (mula Baitang 7)
c. Makabuo ng sariling *career goal* sa pamamagitan ng paggawa ng Force Field Analysis para sa pagtatakda ng mga napiling kurso mula sa mga pansariling salik
d. Makapagtakda ng paraan sa pag-iibayo ng mga napiling pasya para sa kursong kukunin gayundin ang mga hadlang sa pagharap dito.

DRAFT

Bago magsimula ang pagtalakay sa mga paksang susunod, mabuting sagutan ang mga maikling pagtataya bilang sukatan ng iyong mga kaalaman at maging puhunan mo sa mga susunod pang talakayan. Handa ka na ba!

March 31, 2014

Paunang Pagtataya

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Isulat ang mga sagot sa iyong kuwaderno.

1.) Ano ang dalawang kakayahang taglay ng bawat tao na magagamit niya sa pagpapasya at malayang pagsasakilos ng kanyang pinili at ginusto nang may pananagutan dito?

a. Kagalingan mangatwiran at matalas na kaisipan
b. Kahusayan sa pagsusuri at matalinong pag-iisip
c. Kalinawan ng isip at masayang kalooban
d. Kakayahang mag-isip at malayang kilos-loob

2.) Ano ang inaasahan sa atin bilang tao sa lipunan na nilikha upang makipagkapwa at makibahagi sa buhay-sa-mundo *(lifeworld)* na ang layunin ay makipag-ugnayan sa isa't isa at makipagtulungan?

a. makiangkop
b. makialam
c. makipagkasundo
d. makisimpatya

3.) Alin sa mga pansariling salik na dapat pagbatayan sa pagpili ng kurso na may kinalaman sa iyong kahusayan o galing sa isang bagay o tiyak na abilidad na maaari mong matuklasan mula sa pakikiharap sa mga taong nakakasalamuha, paglutas ng mga mahihirap na bagay, pagbubuo at masistemang paraan sa pagkuha ng datos at iba pa?
a. Hilig
b. Kasanayan *(skills)*
c. Pagpapahalaga
d. Talento

4.) Sa teoryang *Multiple Intelligences* ni Dr. Howard Gardner (1983), ang lahat ng tao ay may angking likas na kakayahan, iba't iba ang talino o talento. Bilang nasa Baitang 9, ano ang mahalagang gampanin na dapat mong gawin sa mga talino o talentong ipinagkaloob sa iyo na may kaugnayan sa pagpili mo ng nais na kurso sa pagtuntong mo sa Senior High School?
a. Pahalagahan at paunlarin
b. Pagtuunan ng pansin at palaguin
c. Paunlarin para sa sarili at ibahagi para sa kabutihang panlahat
d. Tuklasin at gamitin sa pagpapayaman mula sa tinapos na kurso

DRAFT

5.) Ano ang dapat na maging aksyon mo sa panahong ikaw ay naguguluhan pa sa mga pagpipiliang kurso para sa nalalapit na Senior High School?
a. Makinig sa mga gusto ng kaibigan
b. Huminto muna at sa susunod na taon na lamang mag-aral
c. Magbasa at maglaan ng panahon na makapag-isip at magplano
d. Humingi ng tulong sa malapit sa iyo at umasa sa kanilang desisyon

March 31, 2014

6.) Alam ni Cita na hindi niya kakayanin ang kursong Medisina gayundin ang kakayahan ng kaniyang magulang na suportahan siya. Kaya ang kanyang ginawa ay naghanap siya ng mga scholarship sa kanilang munisipyo at iba pang institusyon at unti-unti ay nagsulat siya ng mga tiyak niyang plano at mga paalaala daan upang maging gabay niya. Anong pansariling salik ang isinagawa ni Cita?
a. katayuang pinansyal
b. hilig
c. mithiin
d. pagpapahalaga

7.) Hindi lingid sa kaalaman ni Alfred ang mga naging puhunan ng kaniyang mga magulang sa negosyong ipinundar simula noong bata pa siya hanggang sa kasalukuyan kung kaya sila ngayon ay maginhawa at nakapagtapos lahat ng pag-aaral sa kolehiyo. Siya ang saksi sa kasipagan at pagiging bukas-palad ng kaniyang mga magulang. Sa kaniyang propesyon ngayon dala niya ito lalo na kapag may mga mahihirap siyang pasyente sa

probinsya kapag nagdaraos sila ng *medical mission.* Anong pansariling salik ang naging gabay ni Alfred sa pagpili ng kurso?

a. hilig
b. pagpapahalaga
c. katayuang pinansyal
d. kasanayan

8.) Bata pa lamang si Cecil ay may interes na sa pagbabasa ng mga *Educational book*, kasabay din nito pagguhit at minsang pagsusulat. Lalo niya itong napaunlad nang siya ay sumasali sa mga paligsahan sa paaralan at nananalo. Kaya sa pagdating ng pagpili ng kurso ay hindi siya nahirapan dahil alam na niya ang magiging linya ng kaniyang propesyon, ang maging *Journalist.* Alin sa mga sumusunod na pansariling salik ang naging daan upang makamit ni Cecil ang tagumpay ng kaniyang piniling hanapbuhay?

a. kasanayan
b. hilig
c. mithiin
d. pagpapahalaga

9.) Malungkot si Melchor dahil hindi niya mapilit ang kaniyang mga magulang sa gusto niyang kursong *Engineering* at mag-aral sa isa sa mga unibersidad sa Maynila. Gayunpaman, ang kanilang lokal na pamahalaan ay nanghihikayat ng mga potensyal na mag-aaral na magtatapos sa kanilang *batch* na pakuhanin ng mga kursong Tech-Voc. Sila ay sasailalim sa *6-month training*, at pagkatapos ay may naghihintay na trabaho sa Middle East. Sa kaniyang pagsasarili, naisip niyang ito ang magiging daan tungo sa kaniyang magandang pangarap para sa kaniyang sarili at pamilya. Pumayag siya at naging desidido sa kaniyang desisyon na piliin ito. Anong pansariling salik ang isinaalang-alang ni Melchor sa kaniyang naging desisyon na maghanap ng alternatibo bilang tugon sa lumalaking *demand* sa lipunan?

a. katayuang pinansyal
b. mithiin
c. pagpapahalaga
d. kasanayan

10.) Alam ni Diane ang kaniyang galing at husay pagdating sa Matematika. Ang kahusayan niya sa pagkalkula ay namana niya sa kaniyang ama. At ang kaniyang determinasyon at pagtitiyaga ay nakuha sa kaniyang ina. Apat na buwan bago ang kanilang pagtatapos sa Junior High (Baitang 10) ay mayroon na siyang ideya kung ano ang kaniyang pipiliing kurso. Suportado din siya ng kaniyang mga magulang lalo pa siya naman ay bukas pagdating sa komunikasyon sa mga nais niyang kuning propesyon. Kahanga-hanga si Diane dahil siya ay may matatag na loob na magpasya para sa kaniyang sarili. Anong pansariling salik ang naging tuntungan niya sa pagpili ng kurso?

a. mithiin
b. kasanayan
c. pagpapahalaga
d. hilig

DRAFT
March 31, 2014

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

GAWAIN 1

Naalala mo pa ba ang mga natukoy mong kursong akademiko, teknikal-bokasyonal noong ikaw ay nasa Baitang 7 pa lamang? Ano-ano ang mga ito?

Mula sa pagbabalik-tanaw mo, dalawang taon mula ngayon, may pagbabago kaya sa iyong talento, kasanayan (skills), hilig, pagpapahalaga, katayuang pinansyal at mithiin? Gayundin sa nais kong kuning kurso sa pagtuntong ko sa *Senior High Schoo?* Itala ang mga ito at isulat sa iyong kuwaderno.

Mga Tanong:

1. Ano-anong pagbabago sa talento, kasanayan *(skills)*, hilig, pagpapahalaga, katayuang pinansyal at mithiin noong ako ay nasa Baitang 7?
2. Nagbago ba o hindi ang kursong kukunin ko noong nasa Baitang 7 ako? Ipaliwanag.
3. Sa pagbabago ng mga ito, ano ang kursong plano kong kunin sa *Senior High School*?

March 31, 2014

Tunay na hindi ganoon kadali ang pumili at tumukoy ng mga pagbabagong naranasan noong ikaw ay nasa Baitang 7 na may kaugnayan sa talento, kasanayan *(skills)*, hilig, pagpapahalaga, katayuang pinansyal at mithiin ngunit dahil sa angking kalayaan sa pagpapasya ay magagawa mo ng walang alinlangan ang mahalagang bagay na ito sa buhay mo.

Sa pagtuntong mo sa susunod na gawain, maging malaya sa pagpapahayag ng iyong saloobin at pananaw kaugnay ng iyong malayang pag-iisip at kilos-loob.

GAWAIN 2

Ngayon naman, isa-isahin natin ang mga gawain o kasalukuyang sitwasyon mo sa buhay na kung saan ay nagamit mo iyong KAKAYAHANG MAG-ISIP *(Intellect)* at MALAYANG KILOS-LOOB *(Freewill).* Pagtuunan natin ng pansin ang mga naiisip mong mga bagay na may kaugnayan sa pipiliin o kukunin mong kurso. Tingnan ang pormat sa ibaba at subuking magnilay dito. Ilagay ang mga lista sa iyong kuwaderno.

Kakayahang Mag-isip *(Intellect)*	Malayang Kilos-Loob *(Freewill)*
Hal. 1. Magdesisyon para sa aking nais na kurso - Accountancy	Hal. 1. Maghanap ng mga unibersidad na may mababang tuition fee ngunit de-kalidad ang edukasyon
2. Maunawaan na hindi lamang mataas na suweldo ang batayan ng kukuning kurso kundi kung ano ang gusto at interes ko	2. Makipag-usap sa magulang at iparating sa kanila ang iyong mga plano para sa kukuning kurso

Ikaw naman.

Kakayahang Mag-isip *(Intellect)*	Malayang Kilos-Loob *(Freewill)*
1.	1.
2.	2.
3.	3

DRAFT
March 31, 2014

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang iyong naramdaman mula sa mga nabanggit mong pahayag sa itaas?
2. Paano dapat pahalagahan ng isang mag-aaral na katulad mo ang paggamit ng kakayahang mag-isip at malayang kilos-loob?
3. Anong paghahanda ang iyong mga ginagawa sa pagtupad o pagkamit mo ng mga mithiin sa buhay sa pamamagitan ng pagpili ng angkop at tamang kursong nais mong kunin?

C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Nasa unang hakbang ka ngayon ng pagpaplano n iyong kukuning kurso, ang PAGSUSURING PANSARILI (self-assessment). Binubuo ito ng pagtingin at pag-unawa sa iyong sarili. Maaari mong gamiting batayan upang malaman kung ikaw ay nasa tama o angkop na trabaho o kurso, o kung nasa ibang direksyon o linya ng trabaho ang nararapat sa iyo.

Natukoy mo na ba ang iyong mga interes o hilig? Kilala mo na rin ba ang mga uri ng kurso o trabaho na kaugnay ng mga bagay na kinawiwilihan o kinagigiliwan mong gawin?

Kung magagawa mong matukoy ang iyong mga interes, magiging basehan rin ito ng iyong mga kasanayan *(skills)*, kakayahan *(abilities)*, kagalingan *(competencies)* at kahusayan *(proficiencies).*

GAWAIN 1

Mapa ng mga Makukuhanan ng Trabaho: Ang Salu-salo (The Party)

Ipagpalagay nating ikaw ay nasa isang party o salu-salo. At ito ay dinaluhan ng iba't ibang pangkat o grupo ng mga taong may kani-kaniyang interes. Sa iyong pagpasok, alin sa mga grupong ito ang nais mong samahan?

Illustrations:

Isang estudyante na nakapuwesto sa gitna at napaliligiran ng iba't ibang propesyon o grupo ng mga taong may iba't ibang hilig/interes. Siya ay naeenganyong pumunta sa bawat grupo na may kapareho niyang interes kaugnay ng hinahangad niyang hanapbuhay sa hinaharap.

Masaya ang kanyang mukha at tila nais niyang makipagkaibigan o makisalamuha sa mga ito.

March 31, 2014

Tingnan mula sa malayo ang mga posisyon ng mga grupong iyong makakasalamuha.

KABUUAN NG KUWARTO AT MGA GRUPO



Hango mula sa The Quick Job-Hunting Map: The Party ni Richard N. Bolles

Pagkatapos makapili, basahin at sagutin ang tatlong katanungan, lagyan ang mga kahon ng angkop na letra sa sinamahan mong grupo (**R.I.A.S.E.C.**). Isulat ang iyong mga sagot sa kahon sa gawing kanan. Mula Gawain 1, subukang sagutin ang mga tanong. Ilagay ito sa iyong kuwaderno.

1. Alin sa anim na grupo ang nais mong puntahan at makasama nang mahabang oras? *(Paalala muna sa iyo: Isantabi muna ang pagiging mahiyain at maging palakuwento o magiliw sa kanila)*
2. Pagkatapos ng 15 minuto, bibigyan ang bawat isa ng pagkakataong pumunta sa ibang grupo. Nang ikaw na ang papipiliin, aling grupo ang pupuntahan mo?
3. Pagkatapos ng 15 minuto, muli ay papipiliin ang bawat isa ng mga nais nilang grupo maliban sa iyo. Sino sa kanila ang pipiliin mo at nais mong makagrupo?

Pagmamarka at Kahulugan nito

DRAFT

Ang mga taong bumubuo sa bawat grupo ng Salu-salo (The Party) ay kumakatawan sa anim na Katangian/Interes/Hilig. Upang mabigyang kahulugan ang iyong mga pinili, kailangan suriin ang mga katangian ng mga ito. Maaari itong gawin sa pamamagitan ng pagbibigay ng antas sa bawat pinili. Kung aling grupo ang pinakauna mong pinuntahan, iyon ang pinakagusto mong samahang grupo.

March 31, 2014

GAWAIN 2

1. Sa mga linya sa ibaba, isulat ang tatlong nangingibabaw mong mga INTERES/HILIG ayon sa iyong mga pinili sa Gawain 1. Sundan ang pormat. Ilagay ang sagot sa iyong kuwaderno.

Una - _____ _____%

Ikalawa - _____ _____%

Ikatlo - _____ _____%

2. Ibahagi ang kabuuang 100 bahagdan (%) bilang puntos sa tatlong piniling mga interes o hilig ayon sa tindi o halaga nito sa iyong pagkatao. Halimbawa, kung nakikita mo na ikaw ay nasa *Realistic,* may bahaging pagka- *Investigative, at Conventional,* maaari kang maglagay ng 60 puntos sa *Realistic*, 30 puntos sa *Investigative* at 10 puntos sa

Conventional. Ngayon, subukan mo namang maglagay ng bahagdan/puntos sa mga linya para sa iyong kasagutan. Ilagay ito sa iyong kuwaderno.

Tanong para sa iyo:

1. Mayroon bang lumitaw na siyang itinuring mong pinakamataas sa bahagdan/puntos sa iyong mga interes? Ano-ano ang mga ito?

2. Naging madali ba para sa iyo ang pagpili sa mga magiging trabaho o kailangan pang mamili sa tatlo mong inihanay? Kung oo, bakit? Kung hindi, bakit naman hindi?

GAWAIN 3

1. Balikan muli ang iyong kasalukuyang ninanais na trabaho. Ilista sa ibaba ng kolum A ang mga pangunahing gawaing kinagigiliwan mong gawin. Sa kolum B naman, isulat ang mga trabaho/*occupational environment* hal., *Realistic*, *Artistic* at iba pa. (Tingnan ang bahagi ng Pagpapalalim, pahina 18 bilang gabay sa pagsagot dito.).

DRAFT
March 31, 2014

A. **B.**

_____ _____

_____ _____

_____ _____

_____ _____

_____ _____

2. Ilista sa kolum A ang mga pangunahing gawain na ginagampanan mo (mga gawaing-bahay o sa paaralan man) ngunit hindi mo gusto at ayaw mong gawin. Sa kolum B ay ihanay naman ang mga trabaho/*occupational environment* na kaugnay nito. Tingnan ang halimbawa sa ibaba. Ilagay ang iyong sagot sa kuwaderno.

A. Mga pang-araw-araw na gawain ko na ayaw gawin	B. Mga trabaho/occupational environment na kaugnay nito
Hal. 1. Magkompyut at mag-solve ng mga *math problem.*	Conventional – *Clerical administrative, accountant, bookkeeping, personnel clerk, cashier, secretary*

Ikaw naman.

A. Mga pang-araw-araw na gawain ko na ayaw gawin	B. Mga trabaho/occupational environment na kaugnay nito
1.	
2.	
3.	

Mga Tanong:

1. Ano ang naramdaman mo matapos mong malapat ang iyong mga sagot sa bawat kolum?

2. Ano-ano ang mga naging realisasyon mo matapos mong magawa ang Gawain 3? Naging sigurado ka ba sa iyong mga naisagot sa itaas?

3. Magmungkahi ng mga paraan upang mapalago o mabalanse mo ang pagtupad sa mga gawaing ayaw mong gawin. Magbigay ng tatlo.

DRAFT
March 31, 2014

Gawain 4

Pag-usapan natin kung ano ang mga di-mabuting bunga at posibleng alternatibo kung ang *job responsibilities/activities* ay hindi magtutugma sa iyong interes at hilig. Ilagay ang mga magiging posibilidad sa kabilang kolum nito.

Mga Sitwasyon	Di-Mabuting Bunga	Alternatibo (Posibleng Solusyon)
Hal. Pagpilit sa sarili na magustuhan ang isang trabaho dahil sa laki ng suweldo	Pagsakripisyo ng sariling interes at hilig kapalit ng malaking kita	Pagiging malikhain (creative) at pagbabagong-bihis (re-design) sa pagtatrabaho upang mas maging interesado sa araw-araw na paggawa

Ikaw naman.

Mga Sitwasyon	Di-Mabuting Bunga	Alternatibo (Posibleng Solusyon)
Pagpilit sa sarili na magustuhan ang isang trabaho dahil sa laki ng sweldo		

Mga Tanong:

1. Natukoy mo na ba ang iyong mga interes at hilig gayundin ang iyong mga kakayahan, talino at talento mula sa mga nagawa mong pagsasanay sa gawain 1-4?

2. May pagbabago bang nangyari sa iyong mga interes at hilig mula noong nasa Baitang 7 at ngayong nasa Baitang 9 ka na? Ano-ano ang mga ito? Isa-isahin.

3. Mula sa mga kasagutan sa nagdaang gawain, maiging tingnan kung ang mga kasalukuyang gawain sa bahay at paaralan gayundin sa mga bagay na kinagigiliwan ay nasa linya ng iyong hilig at interes. Sumulat at bumuo ng isang maikling kongklusyon mula sa mga ito.

D. Pagpapalalim

Mga Pansariling Salik sa Pagpili ng Kurso Daan sa
Maayos at Maunlad na Hinaharap

DRAFT

"Anak, mag-aral kang mabuti para sa iyong kinabukasan at para sa ating pamilya." Narinig mo na ba ito sa iyong nanay o tatay, maging sa iyong lolo o lola? May ideya ka ba kung bakit nila ito sinabi sa iyo? Bunga ng kanilang mga karanasan at karanasan ng iba nilang kakilala, ibinahagi sa iyo ang ganitong payo. Matapos mong tuparin ang kanilang payo, may mga paghahanda ka bang ginawa para sa papasukin mong mundo pagkatapos ng pag-aaral – ang mundo ng paggawa?

Illustration:

Isang magulang na nagbibigay payo sa kaniyang anak na nasa Baitang 9. Nagbibigay siya ng inspirasyon sa anak na mag-aral mabuti at magkaroon ng matatag ng hanapbuhay.

March 31, 2

Matapos mong magpamalas ng kasipagan sa pag-aaral, paghahasa ng iyong isipan sa mga pagsusulit at pagbubuo ng mga konsepto mula sa lahat ng iyong mga natutuhan, ano naman kaya ang paghahandang iyong ginawa upang makapili ng angkop o tamang kurso tungo sa hanapbuhay o trabahong iyong papasukin? Pareho rin kaya ang mga ito noong ikaw ay nasa Baitang 7? Nagbago na ba ito dahil sa maraming mga bagay na dapat mo munang isipin bago ka magpasya? Nais mo bang malaman ang mga pangunahing salik sa pagpili ng tamang kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay, ngunit nauunahan ka ng agam-agam o pagkalito dahil sa dami ng nanghihikayat sa iyo o dahil sa impluwensiya ng kapaligiran at sa lumalaking "demand" ng lipunan?

Ang nakalulungkot dito ay hindi mo man lang masabi o maipahayag ang iyong tunay na pasya o nais na kuning kurso dahil may gusto ang iyong mga magulang para sa iyo.

Maaaring hindi pa matatag ang iyong loob na ito ay sabihin at ipaliwanag. Hindi pa huli para sa iyo na magpasya para sa sarili at maging maligaya sa pinili mo.

Ngayong nasa Baitang 9 ka na, may kakayahan ka ng mag-isip at may malayang kilos-loob na gabay mo sa paggawa ng mabuti. Ang iyong isip ay may kakayahang alamin at tuklasin ang anomang bagay na naisin. Dahil dito, sa pagkakataon na ikaw ay magpapasya at may panahong nalilito sa pagpili ng anomang bagay o solusyon, nararapat na iwasan ang mabilisan at di pinag-isipang kilos.

Mahalagang maglaan ng oras sa pag-iisip bago mamili, dahil ito ang tutulong sa iyong na makita ang kabuuan at ang iba't ibang anggulo ng sitwasyon. Mas maraming kaalaman sa mga bagay at sitwasyon, mas malinaw itong makikita. Mas malaki ang panahon at oras sa pag-iisip ng solusyon, mas malaki rin ang pagkakataon na maging tugma at angkop ito sa mga bagay na pinili o ninais. Malaya kang lumapit sa mga taong pinagkakatiwalaan at makapagbibigay sa iyo ng mabuting payo. Hindi ito maiaalis sa iyo dahil sila ang mga taong matatakbuhan natin sa oras na kailangan natin ng tulong. Sila ang may malaking impluwensiya sa ating pagkatao. Bagaman ikaw ay may malayang isip at kilos loob, hindi pa rin ito sa lahat ng oras ay maaaring pagbatayan. Kailangan natin ang mga taong nakapaligid sa atin upang matulungan tayong magtimbang, magsuri ng mga bagay-bagay at maggabay tungo sa tamang pagpapasya.

DRAFT

Kaugnay nito, mula sa pananaw ng isang Alemang pilosoper na si Jürgen Habermas tungkol sa pagiging indibidwal ng tao na tayo ay nilikha upang makipagkapwa at makibahagi sa buhay-sa-mundo *(lifeworld),* at itong buhay-na-mundo ay nabubuo naman sa pagkomunikasyon ng kanyang mga kasapi. Dagdag pa niya, nahuhubog lamang ng tao ang kanyang pagkakakilanlan sa pakikibahagi sa kanyang pakikipag-ugnayan sa kapwa. Ito ay pananaw na etikal sapagkat may kinalaman ito sa magandang buhay para sa akin, para sa atin at sa ating lipunan *(Good life for me for us in community)* at moral dahil ibinibigay nito kung ano ang mabuti para sa lahat *(what is just for all).* Nakita mo na, napakahalaga ng iyong bahagi sa iyong sarili, kapwa at sa lipunan. Ikaw ang bumubuo sa pangkalahatan.

March 31, 2014

Gamit ang kilos-loob, nakapipili tayo sa mga pagpipilian – mabuti man ito o masama. Kaya nga, ang kalayaan ay hindi lamang para gawin ang *sariling gusto* dahil nagiging daan ito upang ikaw ay magkamali sa pasya o pagpili. Maipapayo na suriing mabuti ang mga plano sa buhay upang maging batayan sa maayos na tatahaking karera. Ang isang kabataan na nais ng kalayaan at nais na maging malaya ay kailangan na maikintal sa isip ang kaniyang kapangyarihan na gamitin sa tama at mabuti ang kaniyang pagpili.

Ang isang kabataan na nais ng kalayaan ay kailangan na maikintal sa isip ang kaniyang kapangyarihan na gamitin sa tama at mabuti ang kaniyang pagpili.

Sa yugtong kinalalagyan mo ngayon, mainam na matutuhan mo na ang buhay ay binubuo ng maraming pagpipilian. Lahat ng bagay sa mundo ay dapat na pag-isipang mabuti. Kahit ang taong ayaw pumili o magpasya o makialam sa isang bagay o sitwasyon ay pumipili pa rin sa isang aksyon o kilos: ang *hindi* pagpili o hindi pakikialam. Dahil ang tao ay malaya at may kakayahang pumili, siya ay inaasahang maging mapanagutan sa piniling pasya at maging masaya para dito.

Repleksiyon para sa iyo!

1. Kung babalikan mo ang Baitang 7, pareho pa rin kaya ang kursong pinili mo noon sa ngayon? Kung iyon pa rin, ano ang naging batayan mo sa pagpili?
2. Kung nagbago naman, ano ang mga dahilan ng pagbabago ng iyong isip?

Manahimik sumandali at maglaan ng panahon sa pagsagot dito.

DRAFT

Sa bahaging ito ng modyul, pagtuunan mo naman nang malaking pansin ang mga pansariling salik sa pagpili ng tamang kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay ayon sa iyong:

1. Talento
2. Kasanayan *(skills)*
3. Hilig
4. Pagpapahalaga
5. Katayuang pinansiyal
6. Mithiin

March 31, 2014

Basahin at unawain ang mga ito sa tulong at gabay ng iyong guro sa EsP Baitang 9.

1. *Talento.* Paglipas ng dalawang taon, pagkatapos mong masuri at malaman ang mga resulta na lumabas sa iyong *Multiple Intelligences Survey Form* noong ikaw pa ay nasa Baitang 7, lumabas ba at napalago mo ba ito nang buong husay o mas lalo itong nadagdagan dahil naging malaya ka sa pagpapahayag ng iyong sarili sa kursong nais mong kunin? Naibahagi mo rin ba ito sa iba tulad ng iyong mga kamag-aral, kaibigan at kapatid? Tandaan mo na ang mga talento ay isang pambihirang biyaya at likas na kakayahang kailangang tuklasin dahil ito ang magsisilbi mong batayan sa pagpili ng tamang kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay sa iyong pagtatapos ng *Junior High School* (Baitang 10). Sa iyong pagsusuri mula sa mga talentong napaunlad mo na, alin pa sa mga ito ang natuklasan mo at ngayon ay napagtutuunan mo

Illustrations:

Isang batang naging masaya sa kanyang mga pinagkakaabalahang interes mula sa kanyang mga natuklasang taelnto.. hal., pagguhit, pagsulat, pagsayaw at pakikisalamuha sa iba.

ng pansin at pagpapahalaga? Maaari bang isa-isahin mo ito upang maging konsiderasyon mo sa pag-iisip ng angkop na kurso para sa iyo?

Balikan natin ang mga Talino o Talentong ito mula sa teorya na binuo ni Dr. Howard Gardner (1983):

1. Visual Spatial
2. Verbal/ Linguistic
3. Mathematical/ Logical
4. Bodily/ Kinesthetic
5. Musical/ Rhythmic
6. Intrapersonal
7. Interpersonal
8. Existential

Nakapag-imbentaryo ka na ba ng mga napalago mong talento mula sa itaas? Alin sa kanila ang tunay na makatutulong sa iyo sa pagpili mo ng tamang kurso? Gamitin ang iyong kalayaang mag-isip at ang iyong malayang kalooban sa pagkakataong ito.

Kung matagumpay mong maitutugma ang iyong talento sa trabaho/ hanapbuhay ay makakamit mo ang kagalingan at produktibong paggawa.

2. *Kasanayan (Skills).* Ang mga kasanayan o *skills* ay isa ring maituturing na mahalagang salik sa paghahanda sa iyong pipiliing kurso. Ang mga kasanayang ating tinutukoy ay ang mga bagay kung saan tayo mahusay o magaling. Ito ay madalas na iniuugnay sa salitang abilidad, kakayahan *(competency)* o kahusayan *(proficiency).* Upang makilala at matukoy mo ang iyong mga kasanayan sa isang bagay, kailangang ikaw ay may hilig o interes, mga tiyak na potensiyal at malawak na kaalaman. Sa iyong pagsusuring pansarili, may mga tiyak ka bang kasanayan o *skills* na siyang magagamit mo sa pagtukoy ng iyong pipiliing kurso? Kung hindi mo pa tukoy ang mga ito, makabubuting tingnan at bigyan ng oras ang mga kategorya na nakalista sa ibaba (Career Panning Workbook, 2006):

Illustration

Isang larawan ng batang nasa baitang 9 na nakikita ang kanyang hinaharap na siya ay magiging matagumpay na Social worker na naglilingkod mula sa kanyang piniling kurso. At nagpapakita ng mga paglalarawan sa kategorya ng people skills

DRAFT
MAY 31, 2014

1. Kasanayan sa Pakikiharap sa mga Tao *(People Skills)* – nakikipagtulungan at nakikisama sa iba, magiliw, naglilingkod at nanghihikayat sa iba na kumilos, mag-isip para sa iba.
2. Kasanayan sa mga Datos *(Data Skills)* – humahawak ng mga dokumento, datos, bilang, naglilista o nag-aayos ng mga *files* at ino-organisa ito, lumilikha ng mga sistemang nauukol sa mga trabahong inatang sa kanya
3. Kasanayan sa mga Bagay-bagay *(Things Skills)* – nagpapaandar, nagpapanatili o nagbubuo ng mga makina, inaayos ang mga kagamitan; nakauunawa at umaayos sa mga pisikal, kemikal at biyolohikong mga *functions.*

4. Kasanayan sa mga Ideya at Solusyon *(Idea Skills)* – lumulutas ng mga mahihirap at teknikal na bagay at nagpapahayag ng mga saloobin at damdamin sa malikhaing paraan.

Mainam na ngayon pa lamang ay matiyak mo nang maaga ang iyong mga kasanayan o *skills,* nang sa gayon ay makatulong ito nang malaki sa iyong pagpili ng kurso nais kuhain.

3. *Hilig.* Nasasalamin ito sa mga paboritong gawain na nagpapasaya sa iyo dahil gusto mo at buo ang iyong puso na ibigay ang lahat ng makakaya nang hindi nakakaramdam ng pagod o pagkabagot. Salungat dito ang mga gawain o bagay na ayaw mong gawin. Nakararamdam ka ng kawalan ng sigla at mabagal na pagkilos kung kaya maikling oras lamang ang iyong ginugugol sa mga ito. Kumpara sa mga bagay na kinahihiligan mong gawin, hindi mo pansin ang humahabang oras sa pagsasagawa ng mga ito dahil nasisiyahan kang gawin kahit ito ay mahirap sa paningin ng iba. Kung magagawa sa ngayon ang ituon ang pansin sa mga tiyak mong mga hilig, umasa kang mas magiging madali ang pagpili ng iyong nais na kuning kurso sa iyong nalalapit na *Senior High.* Hamon ito na dapat mong paghandaan upang maging makabuluhan ang iyong pipiliing hanapbuhay o negosyo at matiyak ang pagiging produktibo at pakikibahagi sa pagpapaunlad ng ating ekonomiya.

Illustration

Larawan ng isang batang na Baitang 9 na nagpapakita ng kanyang kasiyahan habang ginagampanan ang tungkulin sa tahanan (hal., paglilinis ng bentilador at pag-a-assemble dito pagkatapos linisin) / tungkulin sa paaralan (hal., masayang paggawa ng proyekto at takdang aralin

DRAFT
March 31, 2014

Hinati ng Sikolohistang si John Holland sa anim ang mga *Jobs/ Careers/ Work environments*, ito ay ang mga sumusunod: *Realistic*, *Investigative*, *Artistic*, *Social*, *Enterprising* at *Conventional.* Hindi lamang nasa iisang kategorya ang hilig o interes ng isang tao, maaari siyang magtaglay ng tatlong kombinasyon. Halimbawa, maaring tatlo ang kombinasyon ng kanyang trabaho gaya ng ESA (Enterprising, Social at Artistic) o di kaya naman ISC (Investigative, Social at Conventional) o anumang dalawa o tatlo sa iba't ibang kombinasyon.

Kung ang linya ng ating interes ay ESA (Enterprising, social at Artistic), ikaw ay malalagay sa linya na ang mga trabaho ay may kaugnayan din sa ESA.

Tingnan muli ang mga letra na nakalista sa itaas na may anim na grupo at ang mga paglalarawan nito sa ibaba. Isipin mo kung paano mo magugustuhan o hindi ang mga gawain/trabaho sa bawat sitwasyong tinalakay at paano ang mga ito ay nagkaroon ng kaugnayan sa iyong personalidad, katangian at interes.

Sa mas malawak na pagtingin, ang mga kategoryang ito ay maaaring makabuo ng mas marami pang mga *job personalities,* ang ilan sa mga ito ay maaaring maging taliwas sa katangian ng isang tao at ang kanyang piniling trabaho. Halimbawa, ang isang tao ay nasa kategoryang “realistic” (R) ngunit maari rin maging “artistic” (A) at ang “enterprising” (E) ay makakita ng trabahong ang gawain ay masiglang naglilingkod sa publiko sa ilalim ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Kayamanan o DENR. Gamitin mo ang mga ideyang ito patungo sa magandang hakbangin sa mas malawak mo pang pag-unawa sa iyong sarili.

Mga Interes	Deskripsyon	Halimbawa ng mga Trabaho
Realistic	-ang taong nasa ganitong interes ay mas nasisiyahan sa pagbuo ng mga bagay gamit ang kanilang malikhaing kamay o gamit ang mga kasangkapan kaysa makihalubilo sa mga tao at makipagpalitan ng opinyon. Ang mga taong *realistic* ay matapang at praktikal, at mahilig sa mga gawaing *outdoor.*	forester, industrial arts teacher, radio operator, auto engineer, mechanical engineer, mining engineer, vocational agriculture teacher, civil engineer, industrial engineering technician, aircraft mechanic, mechanical engineer technician, fish and game warden, surveyor, dental technician, architectural draftsman, electrician, jeweler, powerhouse repairman, tool and die maker, machinist, mechanic, stone cutter, locksmith, nuclear reactor technician, tree surgeon, piano tuner, typesetter, air conditioning engineer, ship pilot, instrument mechanic, motion picture projectionist, carpenter, tailor, machine repairer.
Investigative	- ang mga trabahong may mataas na impluwensiya dito ay nakatuon sa mga gawaing pang-agham.Ang mga taong nasa ganitong interes ay mas gustong magtrabaho nang mag-isa kaysa gumawa kasama ang iba. Sila ay mayaman sa ideya at malikhain sa mga kakayahang pang-agham, isa na rito ang mga pananaliksik. Mapanuri, malalim, matatalino at *task-oriented* ang mga katangian nila.	Economist, internist, physician, anthropologist, astronomer, pathologist, physicist, chemist, production planner, medical lab assistant, tv repairer, biologist, osteopath, chiropractor, math teacher, natural science teacher, optometrist, psychiatrist, psychologist, medical technologist, bacteriologist, physiologist, research analyst, computer analyst, programmer, pharmacist, actuary, quality control technician, computer operator, geologist, mathematician/statistician, surgeon, meteorologist, agronomist, animal scientist, botanist, zoologist, horticulturist, natural scientist, oceanographer, biochemist, veterinarian, geographer, x-ray technician, administrator, dentist, tool designer, chemical lab technician, engineers such as aircraft, chemical, electrical, metallurgical, radio/tv technician, engineering aide, weather observer.

DRAFT
March 31, 2014

Artistic	- ang mga taong may mataas na interes dito ay mailalarawan bilang malaya at malikhain, mataas ang imahinasyon at may malawak na isipan. Nasisiyahan ang mga nasa ganitong interes sa mga sitwasyon kung saan nakararamdam sila ng kalayaan na maging totoo, nang walang anumang estrukturang sinusunod at hindi basta napipilit na sumunod sa maraming mga panuntunan. Nais nila ang mga gawaing may kaugnayan sa wika, sining, musika, pag-arte, pagsulat at iba pa.	Drama coach, language teacher, journalist-reporter, drama-teacher, dancing –teacher, foreign language interpreter, philosopher, art teacher, literature teacher, music teacher, musician, orchestra conductor, advertising manager, entertainer, public relations person, fashion model, writer, editor, radio program writer, dramatist, actor/actress, designer, interior decorator, critic, fashion illustrator, furniture designer, jewelry designer, furrier, garment designer, decorator, architect, artist, photographer , photograph retoucher, photolithographer (printer), music arranger, composer.
Social	- ang mga nasa ganitong grupo ay kakikitaan ng pagiging palakaibigan, popular at responsable. Gusto nila ang interaksyon at pinaliligiran ng mga tao. Madalas na mas interesado sila sa mga talakayan ng mga problema o sitwasyon ng iba at mga katulad na gawain, kung saan mabibigyan sila ng pagkakataong magturo, magsalita, manggamot, tumulong at mag-asikaso	- education, teaching, social welfare, human development, counseling, health professions (medicine, nursing, etc.), social service, compensation advising etc., dorm director, interviewer, employment representative, funeral director, chamber of commerce executive, employee benefits approver, food service manager,claim adjuster, production expediter, health and welfare coordinator, educational administrator, training director, historian, environmental health engineer, home service rep., community recreation administrator, business agent, extension agent, physical education teacher, building superintendent, therapist, political scientist, sociologist, social and group worker, personnel director, food and drug inspector, teacher, minister, librarian, foreign service officer, history teacher
Enterprising	- likas sa mga taong nasa ganitong grupo ang pagiging mapanghikayat, mahusay mangumbinsi ng iba para sa pagkamit ng inaasahan o *target goals.* Ang mga taong may mataas na interes dito ay madalas na masigla, nangunguna at may pagkusa at kung minsan ay madaling mawalan ng pagtitimpi at pasensya	- sales and marketing field, banker, insurance underwriter, real state appraiser, florist, industrial engineer, contractor, warehouse manager, salesperson-technical products, lawyer, judge, attorney, tv/radio announcer, branch manager, director industrial relations, government official, insurance manager, managers such as restaurant/office/ traffic/human resource/production, etc., salary and wage administrator, labor arbitrator, systems analyst, director of compensation and benefits, securities salesperson, human

DRAFT
March 31, 2014

		resource recruiter.
Conventional	- ang mga grupo o pangkat ng mga taong may mataas na interes dito ay naghahanap ng mga panuntunan at direksyon; kumikilos sila nang ayon sa tiyak na inaasahan sa kanila. Sila ay maaaring mailarawan bilang matiyaga, mapanagutan at mahinahon. Masaya sila sa mga gawaing tiyak, may sistemang sinusunod, maayos ang mga datos at organisado ang *record.*	- clerical,administrative, time study analyst, business (commercial) teacher, finance expert, accountant, credit manager, timekeeper, auto writing machine operator, bookkeeping machine operator, estimator, foreign trade clerk, office worker, payroll clerk, accounting machine operator, personnel clerk, sales correspondent, reservations agent, bookkeeper, cashier, secretary, medical secretary, library assistant, data processing worker, mail clerk, personnel secretary, proofreader at iba pa.

Illustration

Tatlong larawan ng mga taong nagpamalas ng pagsisikap at pagmamahal sa kanilang trabaho at nagtagumpay dito. Kung hindi dahil sa ipinamalas na pagpupunyagi ay hindi makakamit ang tunay na kaganapan.

4. *Pagpapahalaga.* May kilala ka bang taong nakamit ang kaniyang pangarap sa buhay nang dahil sa kaniyang mga natatanging pagpapahalaga? Sa iyong palagay, ano kaya ang nagpaunlad sa mga taong ito? Ang kanilang mga ipinamalas na pagsisikap na abutin ang mga ninanais sa buhay at makapaglingkod nang may pagmamahal sa bayan bilang pakikibahagi sa pag-unlad ng ating ekonomiya.

AFT March 31, 2014

Sa isang gurong nagbibigay ng mga aralin, takda at grado, at humihikayat sa kaniyang mga mag-aaral na matuto at magsikap sa pag-aaral, ang mga pagpapahalaga ay may kalakip na kaalaman at pagsasanay. Personal na alam ng guro ang halaga at bunga ng kaalaman mula sa pormal na pag-aaral tungo sa magandang hinaharap ng kaniyang mga mag-aaral. At siya, sa kaniyang sinumpaang tungkulin ay determinado na ganapin ito nang buong tapang para sa kapakanan at kabutihan ng kaniyang mga mahal na mag-aaral. Gayunpaman, sa tindi at bigat ng kanilang responsibilidad, gusto niya ang kaniyang ginagawa at masaya siya dahil dito niya nakikita ang kaganapan ng kaniyang mga pinili at pinahalagahang katangian.

5. *Katayuang Pinansiyal*. Mahalagang isaalang-alang mo ang kasalukuyang kalagayan o ang kakayahang pinansyal ng iyong mga magulang. Gayundin, ang mga taong nagbibigay ng suportang pinansyal sa iyong pag-aaral hanggang sa Baitang 10 patungo sa paghahanda mo nang angkop at tamang kurso. Makatutulong ang pansariling salik na

ito upang ikaw ay magpasya nang malaya at kumilos ayon sa ikabubuti ng iyong sarili at pagiging produktibong bahagi ng lakas-paggawa. Sa ganoong paraan, makaaambag ka sa patuloy na pag-unlad ng ekonomiya ng bansa.

Sa pagkakataong ito, subukan mong sukatin ang iyong sarili pagdating sa kasalukuyang katayuang pinansyal na kakayahan ng iyong magulang na pagpapaaral sa iyo.

Illustration:

Larawan ng batang nasa Baitang 9 na nagsusulat ng mga plano ng kanyang kursong kukunin batay sa kanyang katayuang pinansyal.

1. Angkop ba ang kursong kukunin ko sa estado o kakayahang pinansyal ng mga magulang ko?
2. Kakayanin ko ba ang *demand* sa akin kung kukuha ako ng kursong akademiko?
3. Kung kursong teknikal-bokasyonal naman ang aking magiging priyoridad sa pagtuntong ko ng Baitang 11, anong mga benepisyo ang aking makukuha mula dito na pumapabor at sumasagot sa aking sitwasyon sa buhay pagdating sa katayuang pinansyal ng aking mga magulang?
4. Sa kursong sining-isports, alin sa mga talento, hilig at interes ko ang maaari kong maituring na gabay sa pagpili ko ng kurso sa Baitang 11?
5. Tiyak na ba ako sa aking pasya tungkol sa kursong aking kukunin? Ano-ano pa ang aking mga alalahanin na may kaugnayan sa katayuang pinansyal ng aming pamilya?
6. *Mithiin*. Kalakip ng pagkamit ng mithiin sa buhay ay ang pagkakaroon ng matibay na personal na pahayag ng misyon sa buhay. Hindi lamang dapat umiral sa iyo ang hangaring magkaroon ng mga materyal na bagay at kaginhawaan sa buhay, kailangan ay isipin rin ang pakikibahagi para sa kabutihang panlahat. Kung ngayon pa lamang sa mura mong edad ay matutuhan mong bumuo ng iyong personal na misyon sa buhay, hindi malabong makamit mo ang iyong mithiin sa buhay at sa iyong hinaharap.

Illustration:



Larawan ng isang batang nangangarap ng mga salitang nasa itaas na minimithi niya pagdating ng panahon…ang pagkamit ng hinahangad sa buhay

Sa huling pansariling salik na ito sa pagpili ng tamang kursong kukunin ay masasabing may malaking bahagi sa pagtamo ng iyong mga naisin sa buhay. Dito na hinahamon ang iyong kakayahan upang isakatuparan o gawing ganap ang iyong mithiin

DRAFT
March 31, 2014

sa buhay. Sigurado akong may ginamit kang pamantayan sa pagtakda at pagkamit ng iyong mga itinakdang mithiin.

Subukan mong sagutin at pagnilayan ang mga inihandang katanungan para sa iyo.

1. Mula sa mga natalakay na naunang mga salik na pinagbatayan mo sa pagpili, anong kurso (akademiko o teknikal-bokasyonal, sining at isports) ang nasa isip mo ngayon?
2. Angkop ba ito sa iyong kakayahan sa pag-abot ng mga mithiin ayon sa itinakda mong panahon?
3. Alin sa mga itinakda mong mithiin ang pangmadalian *(short-term)* at pangmatagalan *(long-term)*?
4. Positibo ka bang ito ay matutupad ayon sa itinakda mong panahon na mangyari ito? Kung hindi, anong alternatibo o iba pang paraan ang naiisip mo?
5. Sino-sino ang mga posibleng tao na maaari mong malapitan na higit na makatutulong sa pag-abot mo ng iyong mithiin?

Ngayong nasagot mo na ang mga katanungang ito, malaki ang posibilidad na maisaayos pa ng mabuti ang mga itinakda mong mithiin bilang pansariling salik sa pagpili ng tamang kursong akademiko o teknikal-bokasyonal. Binabati na kita!

DRAFT

Ang anim na pansariling salik sa pagpili ng kursong akademiko o teknikal-bokasyonal ay ilan lamang na gabay tungo sa iyong maayos na pagpili patungo sa maunlad na hanapbuhay na nag-aantay sa iyo sa pagtatapos mo sa Senior High. Kaya, ngayon pa lamang mula sa iyong kakayahang mag-isip (intellect) at kalayaan ng kilos-loob (freewill) ay gamitin ito tungo sa tama at wastong pagpili o pagpapasya.

March 31, 2014

Kung magagawa mo ngayon na pumili ng tamang kurso para sa Baitang 11, makakamit mo ang tunay na layunin nito:

Una, ang pagkakaroon ng makabuluhang hanapbuhay. Dito, hindi lamang makatutulong na maiangat ang antas ng iyong buhay dahil sa magandang kita/sweldong kalakip nito kundi ang halaga ng pagkamit ng iyong kaganapan mula sa kasiyahang nakukuha at pagpapahalaga sa iyong paggawa. Mas lalo mong naibibigay ang iyong kahusayan dahil ang talento, kasanayan at interes ang iyong puhunan.

Pangalawa, tataglayin mo ang katangian ng isang produktibong manggagawa. Ang produktibong manggagawa ay masasabing isang *"asset"* ng kanyang kompanya o institusyong na kinabibilangan. Katulong siya sa pagpapaunlad ng mga programa at adhikain ng kaniyang pinagtatrabahuhan tungo sa sama-samang paggawa.

Pangatlo, kung masisiguro ang pagiging produktibo sa iyong mga gawain, ikaw rin ay nakikibahagi sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa. Naipamamalas ito sa pamamagitan ng tamang pamamahala ng oras sa pagtapos ng gawain, pagpapasa ng mga proyekto sa

takdang-araw, paggamit ng teknolohiya para sa mabilis na produksiyon at maayos na pakikitungo sa iba at naaabot mo ang iyong itinakdang layunin. Kung ang isang mag-aaral na katulad mo ay may paghahanda sa hinaharap, hindi malayo na taglayin mo ang mga kahanga-hangang gawi na ito at maging bahagi ka ng lumalaking bilang ng mga magagaling na manggagawa ng ating bansa.

Tayain natin ang iyong pag-unawa

Mula sa iyong nabasa, subukan natin ang iyong pagkaunawa sa pamamagitan ng pagsagot sa mga ibaba at isulat ito sa iyong dyornal o kuwaderno.

1. Ano-ano ang mga pansariling salik sa pagpili ng tamang kursong Akademiko o Teknikal-Bokasyonal, Sining at Isports, Negosyo o Hanapbuhay sa pagtuntong mo ng Senior High (Baitang 11-12)?
2. Bakit mahalaga ang mga pansariling salik na ito sa pagpili mo ng iyong kurso at hanapbuhay?
3. Alin sa mga pansariling salik sa pagpili ng kurso ang iyong higit na isinaalang-alang? Alin ang hindi? Ipaliwanag.
4. Bilang kabataan, anong mga hamon ang iyong hinaharap sa kasalukuyan (Baitang 10) na may kaugnayan sa iyong pagsasaalang-alang sa pipiliing kurso o hanapbuhay (akademiko o teknikal-bokasyonal)?

DRAFT
March 31, 2014

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Anong konsepto ang naunawaan mo sa tinalakay tungkol sa mga pansariling salik sa pagpili ng kurso? Sundan ang *isang flow chart.*



DRAFT

E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Panuto: Pag-aralan natin ito. Ang heksagon na nakalarawan sa ibaba ay nagpapakita ng anim na pangunahing interes. Ang anim na interes na ito ay magkakaugnay batay sa kanilang pagkakasunod-sunod at sa mga katapat nito ay ang mga magkakasalungat na katangian ng bawat interes. Kulayan ang mga bahagi ng heksagon ayon sa tindi ng iyong interes, pumili lamang ng tatlo.

Paggawa ng Aking Heksagon ng mga Hilig

M 14

Tanong:

1. Ano ang kinalabasan ng iyong pagsusuri sa heksagon?

2. May pagkakasundo ba ang bawat isa o magkakasalungat ang isa't-isa? Anu-ano ito? Alin ang mga magkasalungat?

3. Kung magkasalungat, ano ang implikasyon nito sa iyong pagpili ng kurso?

4. Paano mo ito babalansehin upang makapili ka ng angkop na kurso para sa iyo? Ilahad ang iyong mga hakbangin dito.

Pagninilay

Panuto: Pagnilayan ang mga sumusunod. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

1. Bakit mahalagang matukoy ang mga iyong mga interes/hilig, kasanayan *(skills)*, talento, mga pagpapahalaga at mithiin sa buhay sa pagpili mo ng iyong kukuning kurso?
2. Paano mo iuugnay ang mga pansariling salik sa pagpili ng kurso, akademiko o teknikal-bokasyonal, sining at isports sa iyong paghahanda para sa paghahanapbuhay?

Pagsasabuhay

Force Field Analysis

Panuto: Tingnan at Pag-aralan ang halimbawa sa ibaba. Subukang bumuo ng isang *Force Field Analysis.* Ito ay isang *tool* sa paglutas ng isang suliranin ng pagsasakatuparan ng iyong mga plano. Kasama dito ang pagsuri sa mga puwersa *(forces)* na nakakaapekto sa iyong mga gawain na maaaring nakatutulong o nakasasagabal patungo sa pagkamit ng iyong *Career Goal* o mithiin sa buhay.

DRAFT
March 31, 2014



DRAFT

Ikaw naman.

Ma 4



Mga Kakailanganing Kagamitan: (websites, software, mga aklat, worksheet)

Mga Sanggunian:

Covey, Sean. *The 7 Habits of Highly Effective Teens.* NY.Fireside. (1998)

Dy, Manuel B., *Contemporary Social Philosophy*, Makati City: Katha Publishing Co., Inc., 2013

Dy, Manuel B., Mga Babasahin sa Pilosopiyang Moral.

Santamaria, Josefina (2006), *Career Planning Workbook* (4th ed.), Makati City: Career Systems, Inc.

Career: A Dream, A Mission, A Vocation

Website:

Retrieval date: November 12, 2013

http://www.labanmovie.com/thefilm2.html

http://www.labanmovie.com/bios1.html

http://objectivistanswers.com/questions/3950/what-is-productive-work

http://en.wikipedia.org/wiki/Productivity

http://siteresources.worldbank.org/INTDEBTDEPT/Resources/468980-1316457581843/IGC2011_Ronnas.pdf

http://www.fundingcentral.org.uk/Page.aspx?SP=6296

http://en.wikipedia.org/wiki/Collaborative_working_environment

http://en.wikipedia.org/wiki/Force-field_analysis

https://www.google.com.ph/search?q=force+field+analysis&rlz=1C1CHJX_enPH419PH419&es_sm=93&tbm=isch&tbo=u&source=univ&sa=X&ei=6RWEUsHsI6WXiAfS6YGoBA&ved=0CD0QsAQ&biw=1365&bih=665#facrc=_&imgdii=_&imgrc=rdWfRs77EgXvbM%3A%3BN2hsll4suapteM%3Bhttp%253A%252F%252F

www.mindtools.com%252Fmedia%252FDiagrams%252FForce-Field-Analysis-ExampleLARGE1.jpg%3Bhttp%253A%252F%252Fjobspapa.com%252Fkurt-lewin-force-field-analysis-book-kootation.html%3B1208%3B889

DRAFT
March 31, 2014

Edukasyon sa Pagpapakatao 9

Ikaapat na Markahan

MODYUL 14 PERSONAL NA PAHAYAG NG MISYON SA BUHAY

A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAPAMALAS MO?

Naranasan mo na bang pumunta sa isang lugar na hindi mo alam ang tamang daan ng iyong pupuntahan? Paano kaya kung ikaw ay magkamali? Paano kung ikaw ay maligaw? Ano kaya ang maaaring mangyari sa yo?

Sa modyul 13, natuklasan mo ang kahalagahan ng pagiging tugma ng iyong mga personal na salik sa mga pangangailangan ng pipiliin mong kurso. Ang pagtutugmang ito ay isang tulong sa pagkakaroon mo ng makabuluhang trabaho at negosyo na makatutulong sa pagiging produktibo mo at pakikibahagi sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng ating bansa.

Layunin naman ng modyul na ito na magabayan ka upang magkaroon ng tamang direksiyon sa kurso o karera na iyong pipiliin. Sa pamamagitan nito, makikita mo ang kahalagahan nito sa iyong buhay at mula dito ay masasagot mo ang mahalagang tanong na: **Bakit mahalagang makabuo ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay?**

Handa ka na ba? Simulan mo na ang iyong paglalakbay patungo sa pagbuo ng Personal na Misyon ng Iyong Buhay.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

14.1 Nakapagpapaliwanag ng kahalagahan ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay

14.2 Natutukoy ang mga hakbang sa pagbuo ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay

14.3 Napatutunayan na sa pamamagitan ng pagbuo ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay, nagkakaroon ng malinaw na direksiyon ang kurso o karera

14.4 Nakapagbubuo ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay

Narito ang mga batayan ng pagtataya ng awput sa Kakayahang Pampagkatuto 14.4:

- Nagtataglay ng S.M.A.R.T. ang nabuong Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay
- Nakagawa ng talahanayan o matrix upang maging tiyak ang bawat elemento nito

DRAFT
March 31, 2014

- Naging malikhain sa paggawa nito gamit ang iba't-ibang resources

Paunang Pagtataya

Panuto: *Panato:* Basahin at unawaing mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakatamang sagot. Isulat ito sa iyong kwaderno.

1. Alin sa mga sumusunod ang *hindi* kahulugan ng Personal na Misyon sa Buhay?

   a. Ito ang batayan ng tao sa kaniyang pagpapasya.
   b. Ito ay katulad ng isang personal na Kredo o motto na nagsasalaysay ng nais mong mangyari sa iyong buhay.
   c. Isang magandang paraan ito upang higit na makilala ang sarili.
   d. Ito ay gawain tungo sa paglilingkod sa kapuwa.

2. Ang Personal na Misyon sa Buhay ay maaaring mabago o palitan.

   a. Tama, sapagkat araw-araw ay mayroong nababago sa tao.
   b. Mali, sapagkat mawawala ang tuon ng pahayag kung ito ay babaguhin o papalitan.
   c. Tama, sapagkat patuloy na nagbabago ang tao sa konteksto ng mga sitwasyon sa buhay.
   d. Mali, sapagkat ito na ang iyong saligan sa buhay. Maaring magkaroon ng problema kung ito ay babaguhin pa.

3. Ayon kay Stephen Covey, nagkakaroon lamang ang misyon natin sa buhay ng kapangyarihan kung:

   a. nagagamit sa araw-araw ng mayroong pagpapahalaga.
   b. nakikilala ng tao ang kaniyang kakayahan at katangian.
   c. nagagampanan nang balanse ang tungkulin sa pamilya, trabaho at komunidad.
   d. kinikilala niya ang kaniyang tungkulin sa kaniyang kapuwa.

4. Ito ay ang hangarin ng isang tao sa buhay na magdadala sa kaniya tungo sa kaganapan.

   a. Misyon
   b. Bokasyon
   c. Propesyon
   d. Tamang Direksiyon

5. Ang ibig sabihin nito ay calling o tawag.

   a. Bokasyon
   b. Misyon
   c. Tamang Direksiyon
   d. Propesyon

DRAFT
March 31, 2014

6. Saan dapat makababuti ang isasagawang pagpapasya?

a. Sarili, simbahan at lipunan
b. Kapuwa, lipunan, at paaralan
c. Paaralan, kapuwa at lipunan
d. Sarili, kapuwa at lipunan

7. Ang mga sumusunod ay pansariling pagtataya sa paglikha ng Personal na Misyon sa Buhay *maliban* sa:

a. Suriin ang iyong ugali at katangian
b. Sukatin ang mga kakayahan
c. Tukuyin ang mga pinahahalagahan
d. Tipunin ang mga impormasyon

8. Sa paggawa ng Personal na Misyon sa buhay kinakailangan na ito gamitan mo ng SMART. Ano ang kahulugan nito?

a. Specific, Measurable, Artistic, Relevance, Time Bound
b. Specific, Measurable, Attainable, Relevance, Time Bound
c. Specific, Manageable, Attainable, Relevance, Time Bound
d. Specific, Manageable, Artistic, Relevance, Time Bound

DRAFT

9. Bakit mahalaga na magkaroon ng tamang direksiyon ang isang tao.

a. Upang siya ay hindi maligaw
b. Upang matanaw niya ang hinaharap
c. Upang mayroon siyang gabay
d. Upang magkaroon siya ng kasiyahan

March 31, 2014

10. Ayon kay Rev. Fr. Jerry Orbos, ang tunay na misyon ay ang paglilingkod sa Diyos at kapuwa.

Ano ang maibibigay nito sa tao sa oras na isinagawa niya ito?

a. Kapayapaan
b. Kaligtasan
c. Kaligayahan
d. Kabutihan

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

Sa bawat araw ay nagpapasya ang tao hindi ba. Ikaw, paano ka nagpapasya? Sa iyong palagay nakatuon ba ang iyong pasya sa tamang direksiyong na iyong pupuntahan? Mayroon ka bang saligang ginagamit upang maging maayos at tama ang iyong gagawin?

Panuto:

1. Punan ang kolum sa ibaba.

2. Magbigay ng limang sitwasyon sa iyong buhay na kung saan nagsagawa ka ng pagpapasya.

3. Isulat sa mga sumusunod na kolum kung paano mo ito isinagawa, ano mabuting naidulot nito at hindi mabuting naidulot nito sa iyo?

4. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

Sitwasyon sa Aking Buhay	Paano isinagawa ang pagpapasya?	Mabuting Naidulot	Hindi Mabuting Naidulot
1.			
2.			
3.			
4.			
5.			

DRAFT
March 31, 2014

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang natuklasan mo sa iyong sarili mula sa gawain?

2. Bakit mahalaga na magpasya nang tama? Ipaliwanag.

3. Mayroon ba itong magiging epekto sa iyong buhay sa hinaharap? Pangatwiranan.

Gawain 2

Panuto:

1. Mula sa naunang gawain ay gumawa ng Linya ng Buhay o Life Line.

2. Isulat ang mga ginawang pagpapasya sa mga sitwasyon na naranasan mo sa iyong buhay.

3. Ikaw ay gagawa ng Line Graph. Tingnan ang halimbawa at isulat ito sa iyong kuwaderno.



March 31, 2014

Ikaw naman…..

Ang Linya ng aking Buhay

Mga Tanong:

1. Ano ang napansin mo sa Linya ng Iyong Buhay?

2. Mula sa iyong ginawa, nakikita mo bang tinatahak mo ang tamang direksiyon na iyong nais na mangyari sa iyong buhay? Bakit? Ipaliwanag.

3. Paano makatutulong sa isang tao ang pagkakaroon niya ng gabay o pattern sa kaniyang buhay? Ipaliwanag.

5. Mahalaga ba sa isang taong magkaroon siya ng kaniyang magiging gabay sa kaniyang ginagawang pagkilos at pagpapasya? Ipaliwanag.

6. Ano kaya ang tawag sa saligang ito?

7. Matapos mong sagutan ang Gawain 1 at 2 ay ibahagi ang iyong sagot sa isang kamag-aral.

DRAFT

C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

March 31, 2014

Gawain 1

Panuto:

1. Isulat sa loob ng puso ang iyong mga positibong taglay na katangian.

2. Matapos mong maisulat ay pumili ka ng isang katangian mo na gustong-gusto mo. Ilagay ito sa loob ng pentagon.

3. Ipaliwanag mo kung bakit mo ito nagustuhan. Ano ang naitulong nito sa iyo?



4. Isulat mo naman ngayon sa loob ng kahon ang mga tagumpay na iyong narasanan noong mga nakaraang taon. Maaaring ang mga ito ay tagumpay mo sa paaralan, pamilya, pamayanan, simbahan, atbp.

Ang Aking mga Tagumpay

DRAFT

Mga Tanong:

1. Ano ang napansin mo sa iyong sarili matapos mong gawin ang gawain?
2. Mayroon bang kinalaman ang iyong katangian sa iyong mga naging tagumpay? Ipaliwanag.
3. Paano mo mapananatili ang mabubuting katangian na ito?

March 31, 2014

Gawain 2

A. Panuto:

1. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.
2. Isipin mo kung ano-ano ang iyong mga pagpapahalaga mo sa buhay.
2. Isulat ito sa loob ng ulap.
3. Matapos mong maisulat lahat ay piliin mo ang isang pinakamahalaga sa iyo at isulat ito sa patlang.
4. Ilagay ito sa iyong kuwaderno.



B. Panuto:

1. Isulat sa loob ng kolum ang iyong naging kontribusyon na kung saan ipinakita mo ang iyong kahusayan.

2. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

Pagpapakita ng kahusayan sa:	Naging Kontribusyon
1. Pamilya	
2. Paaralan	
3. Pamayanan	
4.Simbahan	

DRAFT
March 31, 2014

C. Panuto:

3. Ngayon naman ay isulat mo ang iyong mithiin sa buhay sa loob ng biloghaba.

4. Ilagay mo kung ito ba ay pangmadalian o pangmatagalan.

5. Matapos mong isulat ito, iguhit mo naman sa loob ng screen ng telebisyon ang nakikita

mo sa iyong sarili matapos mong maitakda ang iyong mga mithiin. Kung ikaw ang manonood ano ang gusto mong makita sa iyong sarili.

6. Sagutan ito sa iyong kuwaderno.



Ngayon ay ikaw naman…



DRAFT

Matapos mong maisulat ang iyong mga mithiin ay iguhit mo sa telebisyon set ang nais mong makita sa iyong sarili kung ikaw ang manonood.

March 31, 2014

Note: larawan ng isang telebisyon at isang tao na nanonood sa harap nito. Walang palabas na makikita sapagkat sila ang guguhit sa loob nito

Mga Tanong:

1. Mula sa gawain, ano ang masasabi mo sa iyong sarili?

2. Bakit mahalaga na suriin ang mga sumusunod:

   a. Mga pagpapahalaga mo sa buhay

   b. Mga naging kontribusyon mo sa iyong pamilya, paaralan, pamayanan at simbahan

   c. Mga mithiin sa buhay? Ipaliwanag bawat isa.

3. Sa iyong palagay, paano ito makatutulong sa iyong pagpapasya? Ipaliwanag.

4. Ano ang iyong iginuhit sa TV screen? Nasiyahan ka ba sa iyong napanood? Bakit? Ipaliwanag.

5. Ibahagi ang iyong sagot sa iyong katabi at pagkatapos ay sa buong pangkat.

Upang higit na mapalalim ang iyong kaalaman sa kahalagahan ng pagbuo ng Personal na Misyon sa Buhay, Tara na! Sasamahan kita upang maunawaan ang babasahin.

D. Pagpapalalim

Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay

Alam mo ba ang direksiyon na tinatahak mo sa buhay? Naitanong mo na ba sa iyong sarili kung saan ka patungo? Tingnan mo ang larawan sa itaas. Sa iyong palagay, alam ba ng taong iyan ang tamang direksiyon na kaniyang tatahakin? Paano kaya kung siya ay magkamali at maligaw sa ninanais niyang puntahan? Ano kaya ang maaaring mangyari sa kaniya? Ano kaya ang maaari niyang hantungan?

DRAFT
March 31, 2014

Mahalagang sigurado ang tao sa landas na kaniyang tinatahak. Ito ang susi na makatutulong sa kaniyang na makamit ang kaniyang layunin sa buhay. Balikan natin ang iyong napag-aralan noong ikaw ay nasa Baitang 7 pa lamang, tinalakay ninyo ang tungkol sa tamang pagpapasya. Ito ay mahalaga sa pagkakaroon ng makabuluhang buhay at ganap na pagkatao. Kaya sa tuwing nagpapasya, kinakailangang pag-isipan ito nang makailang ulit upang maging sigurado at hindi maligaw. Ito ay dapat na makabubuti sa sarili, sa kapuwa at sa lipunan.

Sa pagpapasya, kailangan mo ng gabay. Tulad ng isang bulag, lubos siyang mahihirapan sa paglalakad kung walang tungkod na gagabay sa kaniya. Ito ang nagsisilbing kasangkapan niya upang marating niya ang kaniyang nais puntahan. Gayundin ang tao, kailangan niya ng gabay sa pagpapasya upang hindi siya magkamali; nang sa gayon, magkaroon ng tamang direksiyon sa pagkamit ng mga layunin. Bakit nga ba mahalaga na magkaroon ng direksiyon ang buhay ng tao? *Una,* sa iyong paglalakbay sa buhay mo ngayon, ikaw ay nasa *kritikal* na yugto ng buhay. Anuman ang piliin mong tahakin ay makaaapekto sa iyong buhay sa hinaharap. Kung kaya't mahalagang maging mapanuri at sigurado sa iyong

gagawin na mga pagpapasya. *Ikalawa,* kung hindi ka magpapasya ngayon para sa iyong kinabukasan, gagawin ito ng iba para sa iyo halimbawa ng iyong magulang, kaibigan, o ng media. Kung kaya't dapat na maging malinaw sa iyo ang iyong *TUNGUHIN* sapagkat kung hindi, magiging mabilis para sa iyo na basta na lamang sumunod sa idinidikta ng iba sa mga bagay na iyong gagawin.

Tunay na mahalaga ang pagkakaroon ng malinaw na tunguhin sa buhay. Marahil tinatanong mo ang iyong sarili sa ngayon kung paano mo ito gagawin o sisimulan. Alam ko na pamilyar ka na dito sapagkat natalakay na ito ng iyong guro sa ikaapat na bahagi ng iyong modyul noong nasa Baitang 7 ka pa lamang. Naalala mo pa ba ng tawag dito? Ito ay ang Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay (Personal Mission Statement).

Ano nga ba ang kahulugan ng **Personal na Misyon sa Buhay?** Ito ay katulad ng isang personal na Kredo o isang *motto* na nagsasalaysay kung paano mo ninanais na dumaloy ang iyong buhay. Ito ay magiging batayan mo sa iyong gagawin na mga pagpapasya sa araw-araw. Isang magandang paraan ito upang higit mong makilala ang

DRAFT

iyong sarili at kung saan ka patutungo. Nagsisilbi itong simula ng matatag na pundasyon sa pagkakaroon mo ng sariling kamalayan at mataas na pagpapahalaga sa iyong mga layunin sa buhay. Hindi madali ang paglikha nito, dahil nangangailangan ito ng panahon, inspirasyon at pagbabalik-tanaw.

March 31, 2014

Ayon kay Stephen Covey sa kaniyang aklat na *Seven Habits of Highly Effective People* "Begin with the end in mind". Nararapat na ngayon pa lamang ay malinaw na sa iyong isip ang isang malaking larawan kung ano ang nais mong mangyari sa iyong buhay. Mahalagang kilalanin mong mabuti ang iyong sarili at suriin ang iyong katangian, pagpapahalaga at layunin. Mag-isip ng nais mong mangyari sa hinaharap at magpasya sa direksiyon na iyong tatahakin sa iyong buhay upang matiyak na ang bawat hakbang ay patungo sa mabuti at tamang direksiyon. Ayon din kay Covey, ang paggawa ng personal na misyon ay nararapat na iugnay sa pag-uugali at paniniwala sa buhay.

Sa paglikha ng Personal na Misyon sa Buhay, makatutulong na magkaroon ka ng pansariling pagtataya o personal assesment sa iyong kasalukuyang buhay. Ang resulta nito ay magiging kapaki-pakinabang sa iyong mapanagutang pasya at kilos. Narito ang mga dapat mong isaalang-alang sa pansariling pagtataya.

1. *Suriin ang iyong ugali at katangian.* Simulan mo ang paggawa ng iyong personal na misyon sa pamamagitan ng pagtatala ng iyong mga ugali at mga katangian. Ang pangunahin mong katangian ang magpapakilala sa iyo kung sino ka, paano ka naapektuhan ng mundo na iyong ginagalawan, ano ang mahalaga sa iyo at paano ka kumikilos para sa iyong gagawin na pagpapasya.

Gawaing Top of the Mind
Anong limang katangian ang maglalarawan sa iyo? Ano ang gusto mong sabihin ng ibang tao sa iyo?

2. *Tukuyin ang iyong mga pinahahalagahan.* Kailangang maging maliwanag sa iyo kung saan nakabatay ang iyong mga pagpapahalaga. Kung saan nakatuon ang iyong lakas, oras at panahon. Ang iyong mga pinahahalagahan ang magiging pundasyon mo sa pagbuo ng personal na misyon sa buhay.

Ikaw, natukoy mo na ba ang iyong mga pinahahalagahan sa iyong buhay? Ano-ano ang mga ito?

DRAFT
March 31, 2014

3. *Tipunin ang mga impormasyon.* Sa iyong mga impormasyon na naitala, laging isaisip na ang layunin ng paggawa ng personal na misyon sa buhay ay mayroong malaking magagawa sa kabuuan ng iyong pagkatao. Ito ang magbibigay sa iyo ng tamang direksiyon sa landas na iyong tatahakin.

Ang pagsulat ng personal na misyon sa buhay ay hindi madalian o nabubuo lamang sa ilang oras. Ito ay kailangan mong pagnilayan, paglaanan ng sapat na oras/panahon at bigyan mo ng buong sarili sa iyong ginagawa. Sa oras na ito ay mabuo mo, ito ang magiging saligan ng iyong buhay. Magkakaroon ka ng pagbabago sapagkat ang lahat ng iyong gagawin o iisipin ay nakabatay na dito.

Sa pagbuo ng personal na misyon sa buhay, ito dapat ay nakatuon sa kung ano ang nais mo na mangyari sa mga taglay mong katangian at kung paano makakamit ang tagumpay gamit ito. Ayon kay Stephen Covey, upang makabuo ng mabuting personal na misyon sa buhay, mabuti na ito ay magsimula na alamin ng tao ang sentro ng kaniyang buhay.

Halimbawa: Diyos, pamilya, kaibigan, komunidad, atpb. Ito ay dahil ang sentro ng buhay mo ang magbibigay sa iyo ng seguridad, paggabay, karunungan at kapangyarihan.

Ang personal na misyon sa buhay ng tao ay maaaring mabago o mapalitan sapagkat patuloy na nagbabago ang tao sa konteksto ng mga sitwasyon na nangyayari sa kaniyang buhay. Ngunit magkagayon man, ito pa rin ang magsisilbing saligan sa pagtahak niya sa tamang landas ng kaniyang buhay. Sabi nga sa isang kataga, "All of us are creators of our own destiny". Ibig sabihin, tayo ang lilikha ng ating patutunguhan. Napakaganda hindi ba? Kaya pag-isipan mong mabuti, sapagkat anuman ang iyong hahantungan, iyan ay bunga ng iyong mga naging pagpapasya sa iyong buhay.

"All of us are creators of our own destiny"

Sa pagbuo mo ng personal na misyon sa buhay dapat na masasagot nito ang mga katanungang:

1. Ano ang layunin ko sa buhay?
2. Ano-ano ang aking mga pagpapahalaga?
3. Ano ang mga nais kong marating?
4. Sino ang mga tao na maaari kong makasama at maging kaagapay sa aking buhay?

DRAFT
March 31, 2014

Ayon kay Stephen Covey, nagkakaroon ng kapangyarihan ang misyon natin sa buhay kung ito ay:

1. Mayroong koneksyon sa kaloob-looban ng sarili upang mailabas ang kahulugan niya bilang isang tao
2. Nagagamit at naibabahagi nang tama at mabuti at may kahusayan ang sarili bilang natatanging nilikha
3. Nagagampanan nang may balanse ang tungkulin sa pamilya, trabaho, komunidad at sa iba pang dapat gampanan
4. Isinulat upang magsilbing inspirasyon, hindi upang ipagyabang sa iba

Kung ang isang tao ay mayroong personal na misyon sa buhay, mas malaki ang posibilidad na magiging mapanagutan siya upang makapagbahagi sa pagkamit ng kabutihang

panlahat. Makatutulong ito upang makita mo ang halaga ng iyong pag-iral sa mundo na ikaw bilang tao ay mayroong misyon na dapat gampanan sa iyong buhay. Anuman ito ay dapat mong pagnilayan at ihanda ang iyong sarili kung paano mo ito sisimulan at gagawin. Mula dito, kailangang maging malinaw sa iyo ang iyong pag-iral: ikaw ay mayroong misyon na dapat gampanan.

Ano nga ba ang misyon? Ang misyon ay ang hangarin ng isang tao sa buhay na magdadala sa kaniya tungo sa kaganapan. Para sa iba ito ay pagtupad sa isang trabaho o tungkulin nang buong husay, na may kasamang kasipagan at pagpupunyagi.

Lahat ng tao ay may nakatakdang misyon sa buhay. At dahil iba-iba ang tao, iba-iba rin ang kanilang misyon. Maaaring isagawa ang misyong ito sa pamilya, kapuwa, paaralan, simbahan, lipunan o sa trabaho o gawain na iyong ginagawa. Kung kaya't mahalaga na ngayon pa lamang ay makabuo ka ng iyong personal na misyon sa buhay upang mula dito ay makita mo o masalamin kung saan ka patungo.

DRAFT

Mula sa misyon, ay mabubuo ang tinatawag na bokasyon. Ang bokasyon ay galing sa salitang *Latin* na "vocatio", ibig sabihin ay "calling" o tawag. Ito ay malinaw na ang bawat tao ay tinawag ng Diyos na gampanan ang misyon na ipinagkaloob Niya sa atin. Ito ay mahalaga sa pagpili mo ng propesyong akademiko, teknikal-bokasyonal, isports at sining pagkatapos mo ng Senior High School.

March 31, 2014

May pagkakaiba ba ang propesyon sa misyon? Mahalaga na ito ay iyong mabatid sapagkat sa anumang propesyon na iyong tatahakin, kailangan na makita mo ang kaibahan nito at kung paano mo ito iuugnay sa iyong buhay.

Ang propesyon ay trabaho na ginagawa ng tao upang siya ay mabuhay. Ito ang resulta ng kaniyang pinag-aralan o matagal ng ginagawa at naging eksperto na siya dito. Ito ay maaaring gusto niya o hindi ngunit *kailangan* niyang gawin sapagkat ito ang pinagkukunan niya ng kaniyang ikabubuhay. At dahil sa ikabubuhay lamang nakatuon ng kaniyang paggawa hindi siya nagkakaroon ng ganap na kasiyahan.

Ang bokasyon naman ay katulad din ng propesyon subalit nagiging mas kawili-wili ang paggawa para sa tao. Mas lalo siyang nasisiyahan sapagkat nagagamit niya ang kaniyang mga

talento at hilig sa kaniyang ginagawa. Hindi niya nararamdaman ang pagkabagot. Hindi nagiging kumpleto ang araw sa kaniya kung hindi ito magagawa sapagkat ito ang nakapagdudulot ng kasiyahan sa kaniyang buhay. Mula dito ay hindi na lamang simpleng trabaho ang kaniyang ginagawa kundi isang *misyon* na nagiging isang bokasyon. Dito tunay na nagkakaroon ang tao ng tunay na pananagutan sapagkat naibabahagi niya ang kaniyang sarili at kumikilos siya para sa kabutihang panlahat.

May pagkakatulad ba ang Propesyon at Bokasyon?
Ano-ano ang pagkakaiba ng mga ito?

Kaya napakahalaga para sa isang tao lalo na sa iyo bilang kabataan na bumuo ng personal na pahayag ng misyon sa buhay. Nakikita mo na ba ang kahalagahang ito para sa iyo? Ito ang makapagbibigay ng direksiyon sa iyong buhay upang sa pagtahak mo ng iyong misyon patungo sa iyong bokasyon ay maging malinaw na nakapagbibigay ito sa iyo ng kaganapan bilang isang tao.

DRAFT

Mula dito ay madarama mo ang tunay na kaligayahan. Wika nga ni Fr. Jerry Orbos: ang pangunahing sangkap para sa tunay na kaligayahan ng tao ay magkaroon ng misyon. Aniya, ang misyon ay hindi lamang para kumita ng pera, maging mayaman o maging kilala o tanyag. Ang tunay na misyon ay ang MAGLINGKOD. Ang paglilingkod sa Diyos at sa kapuwa ang magbibigay sa tao ng tunay na kaligayahan.

March 31, 2014

Upang ikaw ay lubos na magabayan sa pagbuo ng iyong Personal na Pahayag ng Misyon sa buhay narito ang halimbawang ginawa ng isang guro.

Bilang isang mapagmahal at matiyagang guro na patuloy na naglalakbay sa buhay, ang bawat araw ay nagsisilbing hamon na tunay. Kung kaya't ang layunin ay kailangan na makamit at sa puso ay laging masambit. (1) pananalig sa Diyos ay dapat ipakita upang laging gabayan sa tuwina ,(2) patuloy na pag-aaral ay kailangan upang higit na maging kapakipakinabang, (3) pagtulong sa mag-aaral sa problemang kanilang pinagdaraanan ay magiging susi upang sila ay mapangiti (4) pagiging tapat sa tungkulin ang hain na sa bawat araw ay dapat gagawin.

Misyon sa Buhay ng Isang Guro

Mula sa personal na pahayag ng misyon sa buhay ng isang guro ay narito ang mga hakbang upang lalong mapatatag ang mga elemento. Mahalaga na ikaw ay gumawa ng matrix o talahanayan sapagkat makatutulong ito nang malaki upang lalong maging tiyak ang mga isusulat sa pahayag.

Elemento	Hakbang na Gagawin	Takdang Oras/Panahon
Pananalig sa Diyos	Regular na pagdarasal • Pagsisimba • Pagbabasa ng Bibliya • Pagdarasal bago magsimula ang klase sa bawat pangkat	• Pagkagising sa umaga, bago at pagkatapos kumain at bago matulog • Tuwing araw ng Linggo • 25 minuto bago matulog • Araw-araw mula Lunes-Biyernes
Patuloy na pag-aaral	• Pagkuha ng Masteral Units • Pagbabasa ng mga angkop na babasahin na may kinalaman • Paggamit ng bagong kaalaman na makatutulong sa ikagaganda ng aralin sa araw-araw.	• Tuwing Sabado at mga araw ng bakasyon • 1 oras araw-araw • 1 beses sa isang Linggo
Pagtulong sa mag-aaral sa problemang kanilang pinagdaraaanan	• Pagbibigay ng payo o counseling • Pagdalaw sa kanilang tahanan • Pakikipag-ugnayan sa magulang	• Tuwing araw ng Biyernes • Minsan sa loob ng isang buwan • Bigayan ng card
Pagiging tapat sa tungkulin	• Pagpasok at pag-uwi ng tama sa oras • Pagsusumite ng mga hinihingi na dapat ipasa sa paaralan • Pagtuturo ng maayos dahil ito ang aking misyon	• Araw-araw • Araw-araw • Araw-araw

DRAFT
March 21, 2014

Narito naman ang halimbawa ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay ng isang mag-aaral.

Balang araw ay nais kong maging isang inhinyero at instrument sa pagpapahayag ng pagmamahal ng Diyos at pagpapalaganap ng Kaniyang mga salita at karunungan sa lahat, lalo na sa mga kabataan, maliliit na bata at mga tinedyer sa pamamagitan ng pag-aaral ng mabuti, pagsasaliksik at pag-alaala sa walang hanggang pagmamahal ng Diyos sa lahat ng aking ginagawa.

Elemento	Hakbang sa Gagawin	Takdang Oras/Panahon
Pag-aaral ng mabuti	• Pagbabalik-aral sa mga nagdaang aralin • Pag-aaral ng mga asignatura	• 2 hours a day
Pagsasagawa ng Pananaliksik	• Pananaliksik sa mga problema na kinakaharap ng lipunan • Pananaliksik tungkol sa mga bagay na makapupukaw ng atensyon sa mga kabataan, maliliit na bata at mga tinedyer	• Isang beses isang Linggo • Isang beses isang Linggo
Pag-alaala sa Diyos	• Panalangin • Pagdalo sa Banal na Misa • Pagsali sa mga gawain sa simbahan at organisasyon	• Araw-araw • Tuwing Linggo • Sabado at Linggo

DRAFT
March 31, 2014

Sa paggawa nito isaalang-alang ang kraytiryang SMART, ibig sabihin, Specific, Measurable, Attainable, Relevant, Time Bound. Ito ay mahalaga upang maging kongkreto sa iyo ang iyong tatahakin sa iyong buhay.

Tiyak *(***S**pecific). Kailangan ang lahat ng isusulat mo dito ay ispisipiko . Kung kaya't mahalaga na ikaw ay magnilay upang makita mo ang nais mong tahakin. Hindi makatutulong sa iyo kung pabago-bago ka ng iyong nais. Kailangan mong siguraduhin ang iyong gagawin.

Nasusukat (**M**easurable). Nasusukat mo ba ang iyong kakayahan? Kailangan na ang isusulat mo sa iyong personal na pahayag ng misyon ay *kaya* mong gawin at isakatuparan. Dapat mo rin na pagnilayang mabuti kung ito ba ay tumutugma sa iyong mga kakayanan bilang isang tao sapagkat kung hindi ay hindi mo rin ito mabibigyan ng katuparan.

Naaabot (**A**ttainable). Kailangan na itanong mo sa iyong sarili na ang personal na pahayag ng misyon ko ba sa buhay ay makatotohanan? Ito ba ay kaya kong abutin o kaya ko ba itong gawin? Ito ba ay mapanghamon?

Angkop (**R**elevant). Ito ba ay angkop para makatugon sa pangangailangan ng iyong kapuwa? Isa ito sa kinakailangan mong tingnan at suriin. Dito ay kailangan na ituon mo ang iyong isip na ang buhay ay kailangan na ibahagi sa iba.

Nasusukat ng Panahon (**T**ime Bound). Kailangan na magbigay ka ng takdang panahon o oras kung kalian mo maisasakatuparan ang iyong isinulat. Ito ang magsasabi kung ang personal na pahayag ng misyon sa buhay ay iyong nagawa o hindi. Kailangan rin na itakda ito kung pangmatagalan o pangmadalian lamang upang maging gabay mo ito sa iyong mga pagpaplano at pagpapasiyang gagawin.

DRAFT
March 31, 2014

Tayin Natin Ang Iyong Pag-unawa

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

a. Ano ang kahulugan ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay? Ipaliwanag.
b. Ano-anong pansariling pagtataya ang dapat mong isaalang-alang sa paggawa mo ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay. Ipaliwanag ang bawat isa.
c. Bakit kailangang alamin ng isang tao kung sino ang pinakasentro ng kaniyang buhay bago siya gumawa ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay?

d. Bakit mahalagang magkaroon ng direksiyon ang buhay ng tao? Ipaliwanag.
e. Mayroon bang pagkakaiba ang misyon sa propesyon? Patunayan.
f. Sa iyong palagay makakatulong ba ang pagbuo mo ng Personal na Misyon sa Buhay upang maging malinaw sa iyo ang karera o kurso na iyong pipiliin? Paano? Ipaliwanag.

Paghinuha sa Batayang Konsepto

Matapos mong basahin at pagnilayan ang babasahin at gawin ang mga natapos na gawain sa modyul na ito ay hinahamon kitang gumawa ng malikhaing presentasyon gamit ang *graphic organizer* sa iyong nahinuha mula dito. Kailangang masagot ang mahalagang tanong na: Bakit mahalaga ang pagbuo ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay? Ilagay ito sa iyong kuwaderno at ibahagi ito sa klase.

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad ko Bilang Tao
1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?

March 31, 2014

E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Ngayon ay nabatid mo na ang pagbuo ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay ay mahalaga. Ito ang iyong magiging saligan sa iyong buhay. Kung kaya sa bahaging ito ng aralin, inaasahan na matutulungan ka upang makabuo ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay.

Pagganap

Isipin mo na ikaw ay magdiriwang ng iyong ika – 50 na kaarawan. Marami kang inimbitahan na bisita. Sa bahagi ng programa ay nasorpresa ka sapagkat ang mga kakilala, kapamilya at kaibigan mo na naroon ay magbibigay pala sa iyo ng isang parangal o tribute. Isa-isa silang magsasalita tungkol sa iyo.

- Ano kaya ang maaalala nila na ginawa mo?

- Ano kaya ang sasabihin nila tungkol sa iyo?
- Ano-ano kayang mga katangian ang maalala nila sa iyo?

Panuto: Punan ang kolum sa iba-iba. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Mga Magsasalita	Ano ang gusto mong sabihin nila sa iyo?
1. Pamilya	
2. Kaibigan	
3. Dating Kamag-aral	
4. Kapit-bahay	
5. Dating Kasama sa trabaho	

Pagninilay

Pakinggan ang awit ni Leah Salongga na may pamagat na *The Journey*. Maaari mo din itong awitin.

DRAFT

Half the world is sleeping,
half the world's awake
half can hear their hearts beat
half just hear them break

I am but a traveler, in most every way
Ask me what you want...to know

Refrain.

What a journey it has been
And the end is not in sight
But the stars are out tonight
and they're bound to guide my way

When they're shining on my life
I can see a better day
I won't let the darkness in,
what a journey it has been.

I have been to sorrow
I have been to bliss
Where I'll be tomorrow,
I can only guess

Through the darkest desert
Through the deepest snow,
Forward always forward, I go..

Refrain…

When they're shining on my life
I can see a better day
I won't let the darkness in,
what a journey it has been...

Forward, always forward...
Onward, always up...
Catching every drop of hope
In my empty cup

Refain..

When they're shining on my life
I can see a better day
I won't let the darkness in,
what a journey it has been...

What a journey it has been...

- Ano ang mensahe ng awit na ito sa iyo?
- Ano ang iyong naramdaman habang pinapakinggan mo ang awitin?

Ngayon naman ay inaanyayahan kita na sumulat ng pagninilay tungkol sa natuklasan mo sa aralin. Sagutin ang mga tanong na:

1. Bakit kailangan ko na bumuo ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay?

2. Ano ang kahalagahan nito sa aking buhay? Isulat mo ito sa iyong Journal.

Pagsasabuhay

Panuto:

1. Bumuo ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay.

2. Ito ay dapat nagtataglay ng S.M.A.R.T.

3. Gumawa ng talahanayan o matrix upang maging tiyak ang bawat element nito.

4. Maging malikhain sa pagbuo nito.

DRAFT

Binabati kita sa iyong pagbuo ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay. Nawa'y magsilbi ito sa iyo na isang inspirasyon sa pagtahak mo sa tamang landas ng iyong buhay upang ikaw ay hindi maligaw at magkamali.

Mga Kakailanganing Kagamitan (website, software, mga aklat, worksheet)

Mga Sanggunian:

Rick Warren, The Purpose of Driven Life

Carol Adrienne, The Purpose of Your Experiential Guide

Stephen Covey, Seven Habits of Highly Effective People

Edukasyon sa Pagpapakatao Grade 7 Learner's Material

Project EASE Edukasyon sa Pagpapahalaga / Module 10: Ang Misyon ko sa Buhay

Websites:

http://www.e-turo.org/?q=node/1129

http://www.wikihow.com/Write-a-Personal-Mission-Statement

https://www.stephencovey.com/mission-statements.php

www.wikihow.com/write-aPersonalMissionsatatement

www./evoleague.com/articles/career-advice/personal-mission-statement-three-easy-steps-defining-creating

DRAFT
March 31, 2014

Edukasyon sa Pagpapakatao 9

Ikaapat na Markahan

MODYUL 15: LOKAL AT GLOBAL NA DEMAND

A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Sa dalawang nakaraang modyul, napag-aralan mo na ang mga salik upang magtagumpay sa mundo ng paggawa. Marahil malinaw na sa isip mo ang propesyon o negosyo na gusto mong tahakin na makatutulong sa pagkamit ng iyong pangarap; para sarili, sa pamilya at lipunang kinabibilangan.

Ang mga kaalaman na natutuhan at iyong magagamit sa katuparan ng iyong mga pangarap ay lalo pang mapagyayaman sa modyul na ito.

DRAFT

At sa huli, masasagot mo ang mahalagang tanong na: **Bakit kailangang magkaroon ng sapat na impormasyon sa mga trabahong kailangan sa Filipinas at sa ibang bansa na may kaugnayan sa kursong akademiko, teknikal bokasyonal, sining at palakasan at negosyo o paghahanapbuhay?**

March 31, 2014

Sa modyul na ito, inaasahang malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

15.1 Natutukoy ang mga trabahong may mataas na lokal at global na demand

15.2 Nakikilala ang mga mapamimiliang kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, sining at palakasan, negosyo o hanapbuhay na angkop sa sariling talento, kakayahan at hilig

15.3 Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin

15.4 Nakabubuo ng profile ng mga trabahong mataas ang lokal at global na demand na angkop sa taglay na mga talento at kakayahan, pagpapahalaga at tunguhin

Narito ang mga batayan ng pagtataya ng awtput sa Kakayahang Pampagkatuto15.4:

- Ang mga napiling hanapbuhay o negosyo ay ayon sa taglay na talento, kakayahan, pagpapahalaga at mithiin;
- Natutukoy ang mga kasanayang kailangan ayon sa kursong dapat piliin na tugma sa trabahong mataas ang lokal at global na demand;
- Naitatala ang mga kailangang hakbang upang ito ay maisabuhay nang tama at napapanahon;
- Nakikilala ang mga tungkulin bilang kabahagi ng lipunan sa inaasam nitong pag-unlad.

Paunang Pagtataya

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik nito sa iyong kuwaderno.

DRAFT
March 31, 2014

1. Alin sa mga sumusunod na suliranin ang dapat bigyan pansin ng pamahalaan na maaaring maging susi sa pag-unlad ng ekonomiya nito?
   a. Ang patuloy na pagdami ng Pilipinong walang trabahong mapapasukan
   b. Ang dumaraming bilang ng manggagawang Pilipinong inaabuso sa ibang bansa
   c. Ang kawalan ng sapat na impormasyon sa mga trabahong lokal o maging sa ibang bansa na angkop sa hilig, talento at kakayahan na ayon sa kursong natapos
   d. Ang mga batas na hindi naipapatupad upang makalikom ng buwis sa kita ng mga manggagawa
2. Ang mga sumusunod ay mga bagay na dapat isaalang-alang upang maging matagumpay ang isang tao bilang kabahagi sa mundo ng paggawa *maliban* sa:
   a. Ang kanyang hilig, talento at kakayahan
   b. Ang benepisyong makukuha para sa sarili, pamilya at lipunan
   c. Ang kursong kukunin na ayon sa kasanayan mayroon siya
   d. Ayon sa demand na kailangan sa paggawa

3. Isinasabuhay ng pamahalaan ang kanyang tungkulin sa kanyang mamamayan sa pamamagitan ng _____.
    a. paglikha ng maraming trabaho para sa kanyang mamamayan
    b. paglulunsad ng mga programang pampagkatuto na magagamit ng kanyang mamamayan sa paggawa at mithiin ng lipunan ang kabutihang panlahat
    c. pagbibigay ng sapat na impormasyon sa mga batas na nilikha para pangalagaan ang kanyang karapatan
    d. pagsasaayos sa sistema ng pamamahala upang mawakasan ang kurapsyon at maling pagsasabuhay ng tungkulin
4. Kung isasabuhay mo ang iyong mga pangarap, alin sa mga sumusunod ang maaaring makatulong sa iyo?
    a. Pagsasabuhay ng mga kaalamang ibinahagi ng magulang, guro, at kaibigan
    b. Mga kasanayang ayon sa lipunang kinabibilangan
    c. Mga karanasang pampagkatuto na gagamitin sa pagtatayo ng negosyo
    d. Pagpili ng kurso ayon sa talento, hilig, at kakayahan
5. Ang pagpili ng kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, sining at palakasan, negosyo o hanapbuhay na angkop sa sariling talento, kakayahan at hilig ay makatutulong sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa. Ang pangungusap ay:
    a. Tama, ang maling pagpili ng kurso na ayon sa iyong sariling talento, kakayahan at hilig ay nangangahulugang karagdagang problema sa isyu ng job mismatch
    b. Mali, ang pag-unlad ng bansa ay responsibilidad ng pamahalaan at hindi ng kanyang mamamayan
    c. Tama, ang pagpili ng tamang kurso ayon sariling talento, kakayahan at hilig ay hakbang sa minimithing trabaho at buhay sa hinaharap para sa sarili, pamilya, kapwa at bansa
    d. Mali, ang pag-unlad ng bansa ay nakasalalay sa mga batas na gagawin at ipatutupad nang mga naihalal na ng taong bayan

DRAFT
March 31, 2014

Panuto: Gamit ang kahon sa ibaba: Tukuyin kung alin ang angkop na track o strand para sa kursong kukunin ayon sa talento, kakayahan at hilig para magtagumpay sa iyong mithiin. Isulat ang sagot sa k uwaderno.

BAM	**HESS**	**CHED**	**TECH-VOC**	**TESDA**	**STEM**

6. Si Ponchit ay anak ni Mama Chit na nakilala sa sa ipinagmamalaking Chitcharon ng kanilang probinsya. Ang ideyang ito ay mula mismo kay Ponchit sa kanyang ideyang ipagsama ang chicharon at chichirya.
7. Nagtatrabaho bilang kahera at stockman si Benedick sa negosyo ng kanyang tiyuhing si Ka Estong. Ang kaalaman mayroon siya ay namana niya sa kanyang Lola Paz na may angking galing at talino sa negosyo.
8. Madalas mapagalitan si Jerome sa kanyang tatay dahil sa pag-butingting ng mga samu't-saring gamit sa kanilang bahay. Ang hilig na ito ni Jerome ay hindi nawala hanggang sa siya'y magbinata.
9. Ang gusto ng tatay ni Jennifer para sa kanya ay maging isang abogado at sikat na mamahayag, si Jennifer ay mahiyain, ang hilig niya ay gumuhit at mgpinta na taliwas sa mga kakakayahan na dapat mayroon ang isang abogado at mamamahayag.
10. Bata pa lang si Dyosa ay hilig na niya gumupit at ilang gawain na may kaugnayan sa pagpapaganda. Pangarap niyang magtayo ng isang Beauty Parlor.

DRAFT
March 31, 2014

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

Tara Maglaro Tayo!

Panuto: Marahil pamilyar ka sa larong may pamagat na "4 Pics 1 Word". May mga inihandang larawan at mga titik na iyong pag-aaralan at huhulaan pagkatapos.

Handa ka na ba? Pagkatapos mong mahulaan ang mga larawan sagutin ang mga tanong na nasa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

3. I F C O E F O K R W

_ _ _ _ _ _ _ _ _ _

4. A P N G N G A I B N I G A N S B A

_ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _

1. M P O T G A R S M E C E U

_ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _

2. A Y A W B I H A G N A G

_ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _

Ma 014

Sagutin ang mga sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Naging mahirap ba para sa iyo na hulaan ang bawat larawan? Ipaliwanag
2. Magkakaaugnay ba ang bawat larawan na iyong nahulaan?
   a. Kung hindi, ipaliwanag.
   b. Kung oo, ano ang kaugnayan ng mga ito sa isa't isa? Ipaliwanag.
3. Nakikita mo ba ang iyong sarili sa mga larawang nahulaan? Sa papaanong paraan?
4. Sa iyong palagay, may kaugnayan ba ang mga ito sa uri ng trabaho na gusto mong pasukin? Ipaliwanag.

Gawain 2

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na kaisipan ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

a. Sa mga kaalamang ito natuto akong makisalamuha at makipagkapua
b. Kasama na dito ang pagpili ng maaaring kuning larangan o karera
c. Ako ay natatanging nilikha na pinagkalooban ng buhay
d. Mula dito unti-unting lumalabas ang aking hilig, talento at kakayahan
e. Na aking magagamit sa pagsasabuhay ng aking mga mithiin sa buhay
f. Bahagi ng aking buhay bilang isang tao ang aking pamilya
g. Para sa aking sarili, pamilya, kapwa at lipunang kinabibilangan
h. Sila ang nagturo ng mga pangunahing kaalaman na kailangan ko sa buhay

DRAFT

C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

March 31, 2014

Gawain 1

Halika at Maglakbay Tayo!

Panuto: Pumikit saandali habang nagbabalik-yanaw at isipin ang mga gawain sa tahanan, paaralan, at lipunan. Gagabayan ka ng iyong guro sa mga tanong na iyong sasagutin sa iyong isip:

1. Anong mga karaniwang gawain ang gusto mong ginagawa?
2. Ang mga gawain bang ito ay nagdudulot ng kasiyahan sa iyo? Bakit
3. May kaugnayan ba ang mga gawaing ito sa iyong hilig, talento at kakayahan? Ipaliwanag.
4. Tugma ba ang mga gawaing ito sa iyong mithiin sa buhay? Pangatwiranan
5. Anong kurso ang sa palagay mo ang puwede mong kunin na may kaugnayan sa trabaho o gawain na lagi mong ginagawa?

6. Sa anong larangan ba ito puwedeeng ihanay, akademiko, sining, palakasan teknikal-bokasyonal?
7. Ano-ano kayang mga trabaho ang kakailanganin ng lipunan lima o sampung taon mula ngayon? Ipaliwanag.

Gawain 2

Panuto:

A. Batay sa ginawang pagbabalik-tanaw, punan ang hinihingi ng sumusunod na talahanayan. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Karaniwang gawain o trabaho	Nagdudulot ba ito ng kasiyahan sa iyo?		May kaugnayan ba ito sa iyong hilig, talent, at kakayahan?		Tugma ba ito sa iyong mithiin sa buhay?		Kursong Gustong Kunin ayon sa iyong Hilig, Talento at Kakayahan	Sa anong larangan ba ito puwedeng ihanay?			Naaayon ba sa Pangangailangan ng Lipunan sa kasalukuyan?	
	Oo	Hindi	Oo	Hindi	Oo	Hindi		Akademiko	Sining at Palakasan	Teknikal-Bokasyonal	Oo	Hindi
Hal.: Inaayos ang mga sirang gamit sa bahay.	✔		✔		✔		Basic Carpentry			✔	✔	

DRAFT
March 31, 2014

B. Ibahagi ang natapos na gawain sa iyong kamag-aral o sa buong klase. Itala sa kuwaderno ang magiging karanasan sa ginawang pagbabahagi.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno.

1. Ano-anong mga gawain ang naitala?
2. Sa mga gawaing naitala alin ang mas marami:
   a. Ang mga nagdudulot ng kasiyahan o hindi? Bakit kaya? Ipaliwanag.
   b. Ang mga naayon sa hilig, talento at kakayahan? Bakit kaya? Ipaliwanag.
3. Sa aling larangan ang mas marami, ang sa akademiko, sining, palakasan o teknikal-bokasyonal? Bakit kaya? Ipaliwanag.
4. Ano-ano ang masasabi mo sa naging resulta ng iyong gawain? Ipaliwanag

D. PAGPAPALALIM

DRAFT

LOKAL AT GLOBAL NA DEMAND

"Ako animation artist!" "Ako magtatayo ng restaurant!" "Magaling yata akong magluto!" "Ako graphic artist!" "Ako mekaniko!" Tapos magtatayo ako ng sarili kong talyer." "Hilig ko talaga ang mga bagay na napapatungkol sa sasakyan." Marahil ay pamilyar ka sa mga katagang nabanggit dahil minsan mo na itong nabasa o narinig. Kung ikaw ang tatanungin, ano nga ba ang gusto mong kursong kunin pagkatapos ng iyong pag-aaral: engineer, doktor, IT technician o iba pa?

March 31, 2014

Sabi nga nila, ang isang musmos ay maraming pangarap at ang mga pangarap na ito ay maaaring hindi permanente. Maaaring magbago ang iyong pangarap o gustong maging sa hinaharap sa pagkakataong makakita ka ng mga bagay na pumupukaw ng iyong interes. Halimbawa, kung noong nasa Baitang 4 ka pa ay gusto mong maging engineer dahil ganoon ang propesyon ng tatay mo, maaaring magbago ito sa pagiging guidance counselor kapag nasa Baitang 10 ka na, kung makita mo ang positibong epekto ng inyong Guidance Counselor sa iyong pag-aaral.

May larawan ang iyong mga pangarap na nakaguhit sa iyong isip: ang maging isang responsableng miyembro ng pamilya, maging kapaki-pakinabang na

mamamayan at magkaroon ng isang maayos na trabaho at pamilya.. Upang matupad ang mga ito, kailangang kang maging aktibo sa mundo ng paggawa.

Sa kasalukuyan, malaki pa rin ang problema sa kakulangan ng trabaho sa bansa, at lalo pa itong nadaragdagan dahil sa kawalan ng impormasyon tungkol sa mga trabahong “in demand” sa Filipinas at sa ibang bansa. Kasama din sa suliraning ito ang maraming bilang ng mga mag-aaral na nakatapos na di sapat ang kaalaman sa mga trabahong maaaring pasukan; idagdag pa ang mga pagpapahalagang hindi naisasabuhay na may kaugnayan sa paggawa.

Ilang taon na lang at ang isang tulad mo ay kabahagi na sa mundo ng paggawa. Sa susunod na taon Grade 10. Mabilis ang takbo ng panahon. Pagkatapos nito nasa Senior High School ka na. Bago pa dumating ang pagkakataong iyan dapat alam mo na kung anong “track” ang pipiliin mo na may kaugnayan sa mga kursong gusto mo. Mahalaga rin na malaman mo ang mga “in demand” na trabaho sa Filipinas at sa ibang bansa na puwede mong maging basehan sa pagpili ng kurso at magkaroon kaagad ng trabaho pagkatapos ng iyong pag-aaral.

DRAFT
March 31, 2014

Ang mga sumusunod na uri ng trabaho ang “in demand” sa bansa at sa buong mundo, ayon sa Department of Labor and Employment at sa mga search engine:

Key Employment Generators	Mga Kaugnay na Trabaho
I. Hotel and Restaurant	a. Front Office Agent/Attendant b. Baker c. Food Server and Handler d. Food and Beverage e. Service Attendant f. Waiter g. Bartender h. Room Attendant i. Other Housekeeping Services j. Reservations Officer and other Frontline Occupation

	k. Tour Guides l. Commissary Cook m. Pastry Cook n. Hot-Kitchen Cook o. Pantry Worker/ Cold-Kitchen
Key Employment Generators	**Key Employment Generators**
II. Cyberservices	a. Accountant (Back Office Processing) b. HR Outsourcing Specialist (Back Office Processing) c. Call Center Agent d. Medical Transcription Editor e. Medical Transcription f. Software Development g. Computer Programmers h. Developer (Software, Web) i. IT/Information Technology (MIS Developer, Platform Engineer) j. Specialist (Learning Solution, System and Technical Support) k. Animation Artist l. Clean-Up Artist m. In-between Artist/In-betweener n. Clean-Up Art Checker o. In-between Checker p. Animation Checker q. Web Designer r. Multimedia Artist s. Library builder t. Layout artist u. 2D digital animator
III. Banking ang Finace	a. Operations Manager b. Teller/Accounting Clerks c. Bookkeepers d. Auditor e. Cashier f. Credit Card Analyst g. Finance Analyst/Specialist h. Accountant (Account Officer, Analyst) i. Risk Management Officer/Manager
IV. Overseas Employment	a. Domestic Helpers and Related Workers b. Production and Related Workers c. Nurses (anesthetic, critical care/ICU, pediatric, scrub, and cardiac)

DRAFT
March 31, 2014

	d. CaregiversPlumbers, Pipe-fitters, and Related Workers e. Cooks and Related Workers f. Wiremen, Electrical, and Related g. Workers
Key Employment Generators	**Key Employment Generators**
V. Agribusiness	a. Animal Husbandry b. Agricultural Economist c. Aqua-culturist d. Coconut Farmer e. Entomologist (Plant) f. Farmer (Fruit, Vegetable and Root Crops) g. Fisherman h. Horticulturist i. Plant Mechanic j. Rice Thresher Operator-Mechanic k. Veterinarian l. Pathologist m. Food Processor/Food Technician n. Fishery Technologist
VI. Health Wellness and Medical Tourism	a. Nurse b. Herbologist c. Optician d. Optometrist e. Doctor f. Physical Therapist g. Pharmacist h. Medical Technologist i. Laboratory Technician j. Physician/Surgeon k. Spa/Massage Therapist l. Masseur
VII. Manufacturing	a. Electrical Technicians b. Finance and Accounting Managers c. Food Technologist d. Machine Operators

	e. Sewers f. Chemist g. Electrical Engineer h. Industrial Engineer i. IT Specialist j. Machinist k. Mechanical Engineers l. Mechanical Technicians m. Chemical Engineer

Key Employment Generators	Key Employment Generators
VIII. Ownership Dwellings, Real/Retirement Estate	a. Building Manager b. Construction Manager c. Construction Worker d. Foreman e. Mason f. Welder g. Real Estate Agents/Brokers h. Marketer i. Civil Engineer j. Mechanical Engineer k. Surveyor l. Architect
IX. Construction	a. Fabricator b. Pipe Fitter c. Welder d. Civil Engineer e. Electrical Engineer f. Design and Structural Engineer g. Planning and Contract Engineer
X. Mining	a. Mining Engineer b. Geodetic Engineer

	c. Metallurgical Engineer d. Mining & Metallurgical Technician e. Welders, Flame-Cutters, and Related Workers f. Laborers, General Workers, and Related Workers g. Char workers, Cleaners, and Related Workers
XI. Transport and Logistics	a. Checker b. Maintenance Mechanics c. Stewardess d. Gantry Operator e. Ground Engineer f. Heavy Equipment Operator g. Long Haul Driver h. Pilot i. Transport and Logistics j. Machinery Operator k. Aircraft Mechanic and other related skills

Key Employment Generators	Key Employment Generators
XII. Wholesale and Retail	a. Cashier b. Merchandiser o c. Buyer d. Salesman or Saleslady e. Promodizer
EMERGING INDUSTRIES **I. Diversified/Strategic Farming and Fishing**	a. Fisherman b. Aqua-culturist c. Horticulturist d. Farmer (root crops, fruit & vegetable: upland and lowland)
II. Creative Industries	a. Broadcast Engineer

	b. Video Editor c. Video Graphic Artist (Animators) d. Visual Artist Designer e. 3D modelers f. 3D Artist g. 3D Animators d. Flash Animators
III. Power and Utilit	a. Electrical Control Operator b. Equipment Operator c. Electrical Technician d. Mechanical Technician
IV. Renewable Energy	a. Checker b. Loader lectrical Engineer Mechanical Engineer Quality Control Engineer

Pamilyar ka ba sa mga Key Employment Generators na ito? Aling trabaho ang sa tingin mo ay tugma sa iyong hilig, talento, o kakayahan? Sa anong Key Employment Generators ito kabilang? Tugma ba ang kursong nagugustuhan mong kunin?

DRAFT
March 31, 2014

Ang "demand" sa trabahong lokal o pandaigdigan sa kasalukuyan ay hindi problema. Ang lumilitaw na malaking suliranin ay ang kakulangan ng mga kwalipikadong aplikante na pupuno sa mga posisyon na kailangan. Ang mga trabahong ito ay hindi lamang nakatuon sa mga kursong pang-akademiko kundi pati na rin sa teknikal-bokasyonal, maging sa larangan ng sining, palakasan at negosyo,

Sa pinaunlad na Kurikulum ng Batayang Edukasyon ng K to 12, may pitong disiplina; Languages, Literature, Communication, Mathematics, Philosophy, Natural Sciences, at Social Sciences na may tatlong track: ito ay ang Akademiko, Sining at Palakasan at ang Teknikal-Bokasyonal. Nahahati ang kursong akademiko sa tatlong strand: ang STEM (Science, Technology, Engineering,Mathematics), BAM (Business, Accountancy, Management), at HESS (Humanities, Education, Social Sciences). Ang pagpili ng track at strand ay magsisilbing hakbang upang makapili ng kurso na may kaugnayan sa iyong hilig, talento o kakayahan. Tunghayan ang

talahanayan sa ibaba para sa mga kurso na maaaring piliin ayon sa track o strand na angkop sa iyo:

Track and Strand Academic	Mga Kaugnay na Kurso
STEM	
Science **T**echnology **E**ngineering **M**ath	Pharmacy, Radiology Technology, Medical Technology, Atmospheric Science and Environmental Science, Pathology, Agricultural Science and Fishery, Animal Science Information Technology and Computer Studies, Multi-Media, Animation, Programming, Computer Science and Information System Management Mechanical, Electronics, Communication, Metallurgical, Computer, Biomedical, Chemical, Geodetic, Electrical, Meteorological, Mining and Geological Engineering BS Mathematics, Physics at Statistics
HESS	
Humanities **E**ducation **S**ocial **S**ciences	Philosophy, Literature, Liberal and Fine Arts Education major in Math, Science, Physics, Chemistry, Reading, English, Educational Media/Technology and Special Education (SPED), Music, Physical Education and Health Communication, Psychology, Social Work, Criminology, Sociology, Antropology, Political Science, and Law
BAM	
Business **A**ccountancy	Business Management, Banking and Financial Services, Business Information Technology Bookkeeping and Accounting Technology

DRAFT
March 31, 2014

Management	Management Sciences, Advertising and Public Relations, Hotel Restaurant Management

Track/Strand	Mga Kaugnay na Kurso
TECH-VOC	Auto Gas Mechanic, Auto Diesel Mechanic**,** Auto Electrical Mechanic**,** Basic Baking**,** Basic Computer, Basic Cosmetology, Basic Drafting, Basic Dressmaking**,** Basic Electronics**,** Basic Tailoring**,** High Speed Sewing, Building Wiring Installation**,** Computer Repair**,** Domestic Ref and Aircon Repair**,** Food Processing**,** International Cuisine**,** Shielded Metal Arc Welding (SMAW), Practical Nursing, Housekeeping, Care Giving, Basic Carpentry.

DRAFT

Inayos ang mga ito upang pagkatapos ng labingdalawang taon na pag-aaral, ang isang mag-aaral ay inaasahang may sapat na kaalaman sa larangan ng ICT (Information, Media at Communication Technology), mayaman sa makabagong ideya (Learning and Innovation Skills) na puwedeeng magamit sa pagsisimula ng negosyo o hanapbuhay, may epektibong paraan ng pakikipagkomunikasyon (Effective Communication Skills), at kasanayan sa pagsasabuhay ng karera (Life and Career Skills).

March 31, 2014

Maging ang mga mag-aaral na may husay sa pagguhit, pagpinta at pagdedekorasyon ay kailangan din. Dahil sa tumataas na bilang ng mga taong nangangailangan ng ehersisyo, maraming mga “fitness instructor” ang kailangan sa Filipinas at sa ibang bansa. Ang interes at pagkakaroon ng kaalaman sa larangan ng sining at palakasan o isport ay isang malaking oportunidad. Patunay dito ang bilang ng dami ng mga Pilipinong nangingibang-bansa bilang mang-aawit, mananayaw, tagapagsanay sa iba’t ibang uri ng laro, manununlat ng mga peryodikong pang palakasan at iba pa. Ang pagkabihasa ng mga manggagawang nabanggit ayon sa kanilang larangan ay tinitingnan din ng pamahalaan ng ibang bansa, dahilan upang tumira sila at ang kanilang pamilya sa Filipinas, halimbawa sa United Kingdom, Canada at iba pang bansa sa Asya.

Ang hangarin ng iba na gamitin ang hilig sa pagnenegosyo ay di nawawala. Maraming Pilipino ang nagtagumpay gamit ang kanilang talento sa pamamalakad ng negosyo: si Pacita “Chit” Juan ng Figaro Coffee Shop, ang may-ari ng Julies Bakeshop na si Julia Gandionco, si Fe Esperanza Rodriguez at ang kanyang kapatid ng Burger Machine, at marami pang iba. Nagsimula ang negosyo nila sa maliit, unti-unti, itong lumaki hanggang sa di nila namamalayan na isa na sila sa mga kinikilalang indibidwal sa larangan ng pagnenegosyo sa kasalukuyan.

Makatutulong ang mga kaalamang ito upang makabuo ka ng plano tungkol sa kursong nasa iyong isip. Unti-unting nagkakaroon na ng linaw ang mga mithiin na dapat isabuhay upang maging matagumpay sa anumang larangang gustong tahakin.

Ano-anong kurso ang may kaugnayan sa sa iyong hilig, talento, o kakayahan? Sa anong track o strand ito kabilang?

DRAFT

Ang kaalamang mayroon ang isang indibidwal sa mga bagay na dapat niyang gawin ay hindi napagtatagumpayan kung ito ay ginagawa nang walang kabuluhan. Ayon sa encyclical “Laborem Exercens” ni Pope John Paul II, sa pamamagitan ng paggawa ipinapakita ng tao ang kanyang dignidad at sa pamamagitan nito nagkakaroon siya ng malaking kontribusyon sa ibang tao at sa lipunan tungo sa kabutihang panlahat.

March 31, 2014

Wala nang hihigit pa sa uri ng trabaho na puwedeeng pasukin o makuha ng isang tao kung ito ay tumutugon sa pangangailangan ng industriya. Mahalaga rin na ito ay naaayon sa moral na batayan ng paggawa at sa iyong hilig, talento at kakayahan.

Ang mga kursong nabanggit ay tumutugon sa programa ng pamahalaan, maging ito ay akademiko, teknikal-bokasyonal, sa larangan ng sining, palakasan at paghahanap-buhay.

Handa ka na bang isabuhay ang iyong pagkatuto sa pagiging produktibong kabahagi at tungo sa kaunlaran ng bansa?

Paghihinuha ng Batayang Konsepto

Anong konsepto ang naunawaan mo mula sa babasahin? Makatutulong ang mga larawan na nasa ibaba upang mahinuha ang salitang ilalagay sa mga puwang upang mabuo ang mahalagang konsepto mula sa aralin. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

March 31, 2014

Ang pagkakaroon ng sapat na _____ sa mga trabaho sa _____ at sa _____ ay makatutulong upang _____ at mapaghandaan ang kursong _____, _____, _____, _____, _____ o _____ na maaaring maging _____ ng _____, tagumpay at pag-unlad ng ekonomiya ng bansa.

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?

E. PAGSA

SABUHAY NG MGA PAGKATUTO

PAGGANAP

Panuto: Batay sa Track o Strand ng pinaunlad na Kurikulum ng Batayang Edukasyon ng K to 12 bumuo ng talaan ng kurso na ayon sa iyong hilig, talento at kakayahan at sa mga trabahong maaaring pasukin na "in demand" sa Filipinas at sa ibang bansa ayon DOLE o maaaring bisitahin ang website na ito http://www.jobopenings.ph/article_item367/DOLE_Lists_Most_In_Demand_Jobs_in_the Philippines.html

Halimbawa:

DRAFT
March 31, 2014

Track o Strand	Hilig, kakayahan at talento	Kurso	Trabaho maaring pasukin
Academic Technology (STEM)	Mahilig sa mga bagay na napapatungkol sa paggawa ng program sa Computer	Information and Technology	Programmer o IT Expert
Sining at Palakasan	Pagguhit at Pagpinta	Fine Arts	Artist
Teknikal-Bokasyonal	Mahilig sa pagkalikot ng mga bagay na may kaugnayan sa makina ng sasakyan.	Auto Gas Mechanic o Auto Diesel Mechanic	Mekaniko
Pagnenegosyo	Mahilig magluto	Food Processing	Chef o Cook Magtayo ng sariling karinderya

Ikaw naman:

Track o Strand	Hilig, kakayahan at talento	Kurso	Trabaho maaring pasukin

A. PAGNINILAY

DRAFT

Panuto: Pagnilayan ang sumusunod at isulat sa inyong journal ang naging reyalisasyon o pag-unawa:

Ang pagpili ng tamang kursong akademiko, sining, palakasan, teknikal-bokasyonal at maging pagnenegosyo o hanapbuhay ng isang tulad mo ay susi sa inaasam na tagumpay at pag-unlad ng ekonomiya ng bansa.

March 31, 2014

B. PAGSASABUHAY

Panuto: Bumuo ng profile ng mga trabahong mataas ang lokal at global na demand na angkop sa taglay mong talento, kakayahan, pagpapahalaga at tunguhin. Gawing gabay ang nasa ibaba.



Ipasa sa guro ang iyong kwaderno sa pagtatapos ng araling ito. Binabati kita! Handa ka na sa pagpili ng kurso na ayon sa iyong hilig, talento at kakayahan.

Sanggunian:

Punsalan, T.G.et. Al (2007). *Kaganapan sa Paggawa*. Maynila: Rex Book Store International labor Organization. (2007). *Guiding youth careers: A handbook for those who help young job seekers*.London: Author

Mga websites:

http://www.vatican.va/holy_father/john_paul_ii/encyclicals/documents/hf_jp-ii_enc_14091981_laborem-exercens_en.html
http://www.catholic-pages.com/documents/laborem_exercens-summary.asp
httpwww.np.edu.sghomecoursesDocumentsBA.pdf
http://www.mukamo.com/ched-in-demand-courses-jobs-philippines/
http://www.rd.com/advice/work-career/25-jobs-in-demand-right-now/
http://www.jobopenings.ph/article_item367/DOLE_Lists_Most_In_Demand_Jobs_in_the_Philippines.html
http://www.jobopenings.ph/article_item491/DOLE__Top_10_Hottest_Jobs_in_Metro_Manila.html_
http://www.marikenya.com/2011/05/free-technical-vocational-courses-still-open-for-enrollment/
http://www.bubblews.com/news/145272-top-10-most-in-demand-jobs-in-the-philippines
http://www.phil-job.net/?action=top50&mode=vacancy
http://www.sooperarticles.com/careers-articles/career-management-articles/demand-careers-job-opportunities-around-world-973896.html
http://www.articlesbase.com/internet-marketing-articles/in-demand-jobs-in-the-philippines-3077581.html
http://www.articlesbase.com/internet-marketing-articles/in-demand-jobs-in-the-philippines-3077581.html
http://www.ble.dole.gov.ph/pjf/List.pdf
http://www.gov.ph/k-12/#top
http://www.k12stem.in/
http://theoccupiedtimes.org/?p=11498
http://www.studymode.com/essays/Burger-Machine-620804.html

DRAFT
March 31, 2014

Mga larawan:

http://ph.images.search.yahoo.com/search/images?p=map+of+the+philippines&fr=yfp-t-711-s&fr2=piv-web&tab=organic&ri=155
http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKiaBJmlNSZS8AFeq1Rwx.?p=tools&fr=yfp-t-711-s&ei=utf-8&n=30&x=wrt&tab=organic&y=Search
http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKiHFWmlNSo20Alai1Rwx.?p=academics&fr=yfp-t-711-s&ei=utf-8&n=30&x=wrt&tab=organic&y=Search
http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKiHGKmlNSMFoAyUK1Rwx.?p=information&fr=yfp-t-711-s&ei=utf-8&n=30&x=wrt&tab=organic&y=Search
http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKiHFWmlNSo20Alai1Rwx.?p=arts+and+sports&fr=yfp-t-711-s&ei=utf-8&n=30&x=wrt&tab=organic&y=Search
http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKiatjm1NSJAUAUuW1Rwx.?p=business&fr=yfp-t-711-s&ei=utf-8&n=30&x=wrt&tab=organic&y=Search
http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKiHIYnFNSnAwATgO1Rwx.?p=common+good&fr=yfp-t-711-s&ei=utf-8&n=30&x=wrt&tab=organic&y=Search
http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=ApfHoyi.QhQc0KYyPeLdHtUu4405;_ylc=X1MDOTY1NjAwMDQ2BF9yAzIEZnIDeWZwLXQtNzExBG5fZ3BzAzEwBG9ya

WdpbgNwaC55YWhvby5jb20EcXVlcnkDd29yawRzYW8DMQ--?p=work&toggle=1&cop=mss&ei=UTF-8&fr=yfp-t-711
http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKiZfD30xSeyUA4Ce1Rwx.?p=computer+games&fr=yfp-t-711&ei=utf-8&n=30&x=wrt&y=Search
http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKiaGRwFRS_AwAnJC1Rwx.?p=procedures&fr=&ei=utf-8&n=30&x=wrt&y=Search
http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKiHE_vlRSvxoABp21Rwx.?p=courses&fr=&ei=utf-8&n=30&x=wrt&y=Search
http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKiHPHvFRSezkAInG.Rwx.?p=dreams&fr=&ei=utf-8&n=30&x=wrt
http://ph.images.search.yahoo.com/search/images?p=values&n=30&ei=utf-8&y=Search&fr=yfp-t-711&tab=organic&ri=44
http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKiaFkuVRSmEEAbzO1Rwx.?p=talents+and+abilities&fr=yfp-t-711&ei=utf-8&n=30&x=wrt&y=Search
http://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKiaFeuVRSskMALk21Rwx.?p=in+demand+job&fr=yfp-t-711&ei=utf-8&n=30&x=wrt&y=Search

DRAFT
March 31, 2014

Edukasyon sa Pagpapakatao 9

Ikaapat na Markahan

MODYUL 16: PAGHAHANDA SA MINIMITHING URI NG PAMUMUHAY

ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Isang taon na lang *senior high school* ka na. Nalalapit ka na naman sa isang *crossroad*. May mahalagang pagpapasya ka na namang gagawin – ang pagpili ng angkop na *track o stream* sa *senior high school*. Higit na madali dahil nakapagtakda ka na ng iyong mithiiin at mayroon ka nang mga hakbang bilang paghahanda sa minimithing uri ng pamumuhay.

DRAFT

Sa Modyul 13 ay binalikan at sinuri mo ang iyong mithiin kaugnay ng kursong kukunin sa kolehiyo o negosyo na nais itayo balang araw. Nalaman mong maaaring magbago ang kursong akademiko o teknikal-bokasyonal o negosyo na iyong minimithi kasabay ng paglago ng iyong mga pansariling salik at ng pagkakaroon ng mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga Key Employment Generators. Ngunit mahalaga ring matibay ang iyong prinsipyo at paninindigan tungkol sa uri ng pamumuhay na ninanais mo sa hinaharap. Dahil dito, muli mong pinagnilayan ang iyong Pahayag ng Personal na Misyon sa Modyul 14. Binigyan ka ng mga napapanahong impormasyong kailangan mo kaugnay ng napiling kursong akademiko o teknikal-bokasyonal o negosyo at ang mga *tracks* at *stream* sa *senior high school* sa Modyul 15.

March 31, 2014

Sa modyul na ito ay inaasahang gagamitin mo ang lahat ng mga pag-unawang ito upang maipamalas mo ang mga layuning pampagkatuto na inaasahan sa modyul na ito.

Sa huli, inaasahang masasagot mo ang mahalagang tanong: Bakit mahalaga ang tamang pagpili ng *track* at *stream* sa *senior high school* sa paghahanda para sa minimithing uri ng pamumuhay sa lipunan?

Sa modyul na ito, inaasahang malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

16.1 Naipaliliwanag ang mga konsepto ng mabuting pagpapasya, *career exploration,* mga pagbabago sa mundo ng paggawa at *career path*

16.2 Nasusuri ang pagkakatugma ng pamimiliang *track* at *streams* sa *senior high school* sa kanyang mga pansariling salik, sa ninanais na negosyo o hanapbuhay, at sa inaasahang *local* at *global demand* sa hinaharap.

16.3 Napangangatwiranan ang Batayang Konsepto

16.4 Nakapipili ng *track at stream* na kukunin sa *senior high school*, kursong akademiko o teknikal bokasyonal at mga posisyon, trabaho at pagsasanay na maaring daanan upang makarating sa minimithing uri ng pamumuhay

Narito ang mga batayan ng pagtataya ng awtput mo sa titik d:

- Pagtukoy ng mga kailangan upang makamit ang mithiin (hal. kasanayan, kakayahan, talento, halaga, at hilig)
- Pagtukoy sa mga kasanayan, kakayahan, talento, pagpapahalaga, at hilig na kailangan sa napiling trabaho o negosyo
- Pagtatala ng mga maaring mga posisyon o pagsasanay na makatutulong upang matamo ang minimithing uri ng pamumuhay

DRAFT
March 31, 2014

PAUNANG PAGTATAYA

Paunang Pagtataya

A. *Panuto:* Isaayos ang mga sumusunod na hakbang sa pagpaplano ng karera o uri ng buhay na minimithi. Lagyan ng bilang ang patlang kung saan ang 1 – ang unang hakbang na dapat isagawa at 5 – naman ang huli.

____ Magsiyasat tungkol sa mga kursong akademiko, teknikal-bokasyunal, o negosyo na naayon sa iyong natuklasan tungkol sa iyong pansariling salik sa pagpili ng kurso o negosyo. Magtala ng isa o limang maaring pamilian

____ Kilalanin ang mga pansariling salik sa pagpili ng kurso o negosyo.

____Pumili ng kursong sa iyong palagay ay pinakamabuti para sa iyo

____Tignan ang ginawang talaan ng mga pamimiliang kurso o negosyo at magkalap ng mga napapanahon at angkop na impormasyon tungkol sa mga napiling kurso o negosyo

____ Magtakda ng mga mithiin – *short-term at long-term goal*

B.

C. Panuto: Tukuyin kung ang organisasyong inilalarawan sa bawat anekdota ay isang "flat" o "tall" organization". Iguhit ang (━) sa patlang kung ito ay "flat organization" at (┃) kung ito ay "tall organization". Gamiting batayan o reference ang sumusunod na larawan:



_____1. Ang Microsoft Corporation ay itinatag ni Bill Gates noong 1975. Isang halimbawa ng bagong estruktura ng organisasyon ang Microsoft. Binibigyang halaga dito ang pagiging produktibo ng mga manggagawang may natatanging kasanayan sa teknolohiya. Hindi mahalaga dito ang posisyon o rango. Ang mga manggagawa ay tinitingnan bilang mas mahalaga kaysa sa mga tagapangasiwa at mga tagapamanihala sa organisasyon.

DRAFT
March 31, 2014

_____2. Ang kumpanyang Starbucks ay kabilang sa top 100 industries sa daigdig. Isa sa sekreto sa kanilang tagumpay ang kanilang pagbibigay ng higit na mataas na pasahod para sa kanilang mga manggagawa. Binibigyan din sila ng pagkakataong magmay-ari ng *shares o stocks.* Tila kasosyo kung ituring ang mga manggagawa dito.

_____3. Ang Kagawaran ng Edukasyon ay isang uri ng organisasyon kung saan dahil sa napakalaking bilang ng mga kasapi dito ay nangangailangan ng higit na maraming namamahala at tagapangasiwa sa iba't ibang Rehiyon at Siyudad.

_____4. Ang Trumphet Manufacturing Firm ay isang pagawaan ng mga instrumento para sa mga banda. Ang kumpanya ay may iba't ibang sangay at units. Bawat isa ay may division heads at unit heads. Ang unit heads ay under sa mga division heads. Bawat division at unit ay may kanya-kanyang gawain at tungkullin. Pinangangasiwaan naman ng isang supervisor ang bawat grupo ng division sa ilalim ng isang area.

a. Ang *steady state* – ito ay ang *career path* na nangangailangan ng panghabangbuhay na pananatili sa isang trabaho lamang at patuloy na paglago ng kaalaman at kasanayan sa karerang ito. Ang larangan ng medisina, dental, pag-iinhinyero, at pag-aabogado ay madalas na matukoy bilang mga "*steady state*" na *career path.*
b. Ang *linear* – ito ay nangangahulugan ng patuloy na pag-angat o pagtaas, kung saan mayroon ding patuloy na pagtaas ng posisyon, kapangyarihan, responsibilidad sa gawain ng ibang manggagawa sa kumpanya at kinikita. Ang mga *managers* at mga politiko ay karaniwang tumatahak sa *linear* na *career path*.
c. Ang *transitory* – ito ay nagpapakita ng madalas na pagbabago. Ang mga sumusunod sa *transitory career path* ay karaniwang naghahanap ng sari-saring karanasan at hindi nagpapatali sa isang pinapasukan lamang. Hindi rin sila naghahangad ng pag-angat sa posisyon o ng higit na malaking kikitain.
d. Ang *spiral* – ito ay nangangahulugan ng regular na pagbabago, kadalasan ay sa loob ng lima o pitong taon. Ang direksyon nito ay madalas nagsisimula nang pahalang o *lateral o* pababa. Ang isang *business executive* na nagpasyang magturo, ang abogadong naging duktor ng medisina, o ang isang dentista na muling nag-aral para maging nurse ay masasabing tumatahak sa *spiral career path*.

DRAFT

D. Panuto: Basahin ang paglalarawan sa iba't ibang uri ng career path sa kahon sa itaas. Punan ang mga patlang ng titik ng angkop na uri ng *career path* na isinalarawan o iginuhit sa bawat bilang.

March 31, 2014

1. _____
2.  _____
3. _____
4. _____

PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1: Panuto: Balikan ang mga nagdaang taon – Ano-ano ang mga hakbang na ginawa mo kaugnay ng pagpili ng kurso o negosyo? Itala ang mga ito ayon sa panahon – umpisahan sa una mong ginawa hanggang sa pinakahuli.

Halimbawa:

1. Pagkilala sa mga pansariling salik sa pagpili ng kursong akademiko, teknikal-bokasyonal o negosyo.
2. Pagtatakda ng Mithiin
3. Paggawa ng Action Planning at Goal Setting Chart
4. Pagbuo ng Personal na Misyon sa Buhay
5. Pagkuha ng NCAE
6. Pagsusuri ng Key Employment Generators (KEGs) at in-demand na trabaho

Ikaw naman:

1. _____
2. _____
3. _____

Iba pa: (Isulat ang iba pang mga hakbang na ginawa mo kaugnay ng pagpili ng kurso o negosyo balang- araw):
_____

Sagutin sa iyong kuwaderno:

1. Nakatulong ba ang mga hakbang na ito sa iyong pagpapasya kaugnay ng pagpili sa kursong pag-aaralan o negosyong itatatag? Sa paanong paraan?
2. Sa iyong palagay sapat na ba ang iyong mga naging paghahanda upang makagawa ng mabuting pasya? Patunayan.
3. May mga gawain bang isinasagawa ang pamunuan ng paaralan upang tulungan ka sa iyong pagpapasya?

DRAFT
March 31, 2014

Mahalaga sa pamunuan ng paaralan ang angkop na pagpili ng mga mag-aaral ng kurso o negosyo balang araw. Isa sa mga inaasahang kalalabasan ng K to 12 to 12 ang maipamalas ng mga kabataang nagtapos sa Grade 10 ang matalino, mapanuri, at malikhaing pag-iisip sa pagharap sa mga sitwasyon sa buhay; at pagpapasya nang naaayon sa mga hakbang sa paggawa ng moral na pasya.

Gawain 2: Ang Kahulugan ng Tagumpay

Panuto: Tapusin ang mga sinimulang pangungusap:

Ipinapalagay ko na ako ay magtatagumpay…

_____
_____
_____
_____
_____

Ang aking pinapangarap na trabaho ay...

_____
_____
_____
_____
_____

Sapagkat…

_____
_____
_____
_____
_____

DRAFT
March 31, 2014

Sagutin:

1. Sa dalawang naunang di tapos na mga pangungusap, alin ang mas mabilis mong nasagutan? Bakit?
2. Sa iyong palagay, may sapat ka na bang kaalaman upang matukoy kung ikaw ay magtatagumpay sa kurso o negosyong pipiliin mo balang araw?

Matapos ang mga gawain sa mga naunang modyul, may sapat ka nang kaalaman tungkol sa iyong mga kasanayan, kakayahan, hilig o interes; alam mo na rin kung tugma ang mga pansariling salik na ito sa iyong minimithing kurso o negosyo balang araw; nakasulat ka na rin ng iyong pahayag ng personal na misyon sa buhay. Alam mo na kung ano ang mga bagay na nakatutulong upang maging produktibo at mahusay ang iyong mga gawain.

PAGLINANG NG KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

A. *Career Exploration*

Sa mga naunang modyul ay ginawa mo ang unang mga hakbang kaugnay ng paghahanda sa kurso, trabaho o negosyo na minimithi mo sa buhay. Ang mga hakbang na ito ay kaugnay ng higit na **pagkilala sa sarili**.

Ang susunod na mga hakbang sa paghahanda ay kaugnay naman ng **pagsisiyasat sa mundo ng paggawa**. Pangunahin dito ang tinatawag na *Job Analysis*. Ang *job analysis* ay ang pagsusuri kung ang mga propesyon, trabahong teknikal – bokasyonal o negosyo na kasama sa tinatawag na *key employment generators* o KEG ay tugma sa iyong minimithi at sa mga personal o mga pansariling salik tulad ng mga hilig o interes, kakayahan, pagpapahalaga at kasanayan.

DRAFT
March 31, 2014

Gawain 3: *Job Analysis*

Panuto: Punan ang sumusunod na tsart. May dalawang paraan upang magsaliksik at mapunan ang tsart na ito. Ang una ay sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa internet. Pangunahin ang sumusunod na website:

http://online.onetcenter.org/gen%5Fcrosswalk%5Fpage

1. Pumunta sa website ng *onetcenter.org.*
2. Piiin ang *Crosswalk page.*

3. Piliin ang DOT o *Dictionary of Occupational Titles.*

4. I *key-in* ang nais na trabaho.

5. Piliin ang tamang *occupational title* sa listahan.

Ang ikalawang paraan ay sa pamamagitan ng *classified ads* ng mga pahayagan, sa pagkikipagpanayam sa mga taong may ganitong hanapbuhay o negosyo at sa pakikipagpanayam sa tagapayo o guidance counselor ng paaralan.

Pagsusuri ng Napiling Trabaho	
Job Title:	
Mga Gawain (Tasks)	
Paglalarawan ng mga gawain (*work activities)* at mga responsabilidad *(tasks)* kaugnay ng trabaho	
Paglalarawan ng kalagayan at konteksto ng trabaho (Hal. panahon ng pagbibiyahe, kinakailangan ba ng computer, telepono at iba pang gamit, humaharap sa kliyente, at iba pa.)	
Mga Kailangan upang maging matagumpay sa trabaho: a. Edukasyon at Pagsasanay b. Kaugnay na Karanasan sa Trabaho c. Mga Kakailanganing Pagpapahalaga Kaugnay ng Trabaho d. Mga Kakailanganing Kasanayan e. Mga Kaugnay na Hilig o Interes f. Kaugnay na Pananaw sa Pagtatrabaho o Work Attitude	

DRAFT
March 31, 2014

Sagutin:

1. Tugma ba ang iyong mga interes o hilig, pagpapahalaga at pananaw sa paggawa sa mga kinakailangan sa trabahong napili mo? Patunayan.
2. Ano-anong kasanayan at kakayahan ang kailangan mong taglayin para maging matagumpay sa trabahong ito?
3. Ano-anong mga pag-aaral at pagsasanay ang kailangan para sa trabahong ito?

Gawain 2: Ang *21st Century Skills* at ang mga *Key Employment Generators* ng *21st Century*

Panuto: Magtala ng limang pampropesyonal at limang pang-*skilled worker* na trabahong *in-demand* sa sumusunod na tsart. Maaaring konsultahin ang talaan sa Modyul 15. Maaari ring magtungo sa http://www.dole.gov.ph . Piliin sa ilalim ng "*Projects*" ang *Employment Guide for Students and Job Seekers"*. Mababasa dito ang talaan ng mga *local in-demand jobs* sa ilalim ng "*Labor Market Information*".

DRAFT

Isulat ang mga hinihinging mga kasanayan para sa mga trabahong ito. May dalawang paraan upang magsaliksik at mapunan ang tsart na ito. Una ay sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa internet. Pangunahin ang mga sumusunod na website:

March 31, 2014

http://online.onetcenter.org/gen%5Fcrosswalk%5Fpage

1. Pumunta sa website ng *onetcenter.org*.
2. Piliin ang *Crosswalk page.*
3. Piliin ang DOT o *Dictionary of Occupational Titles.*
4. I *key-in* ang nais na trabaho.
5. Piliin ang tamang *occupational title* sa listahan.

Ikalawa ay sa pamamagitan ng *classified ads* ng mga pahayagan, sa pagkikipagpanayam sa mga taong may ganitong hanapbuhay o negosyo at sa pakikipagpanayam sa tagapayo o guidance counselor ng paaralan.

Gawin ito sa iyong kwaderno.

Mga Trabahong *In-Demand*	Kinakailangang Kasanayan/Kakayahan
Propesyonal (Mga trabahong	

nangangailangan ng lisensiya, pagtatapos sa 4 – 6 taong kursong akademiko) 1. Halimbawa: Registered Nurse	*Active Listening*. Giving full attention to what other people are saying, taking time to understand the points being made, asking questions as appropriate, and not interrupting at inappropriate times. *Social Perceptiveness*. Being aware of others' reactions and understanding why they react as they do. Service Orientation — Actively looking for ways to help people. Speaking — Talking to others to convey information effectively. Coordination — Adjusting actions in relation to others' actions. Critical Thinking — Using logic and reasoning to identify the strengths and weaknesses of alternative solutions, conclusions or approaches to problems. Reading Comprehension — Understanding written sentences and paragraphs in work related documents. Judgment and Decision Making — Considering the relative costs and benefits of potential actions to choose the most appropriate one. Monitoring — Monitoring/Assessing performance of yourself, other individuals, or organizations to make improvements or take corrective action. Writing — Communicating effectively in writing as appropriate for the needs of the audience. Hango sa *O*NET Online*
Skilled Worker (Mga trabahong	

DRAFT
March 31, 2014

nangangailangan ng *specialized skill* na hindi nangangailangan ng mataas na akademikong pag-aaral, maaaring nangangailangan ng teknikal-bokasyonal na pagsasanay) 1. <u>Halimbawa: Cashier</u>	Active Listening — Giving full attention to what other people are saying, taking time to understand the points being made, asking questions as appropriate, and not interrupting at inappropriate times. Service Orientation — Actively looking for ways to help people. Speaking — Talking to others to convey information effectively. Mathematics — Using mathematics to solve problems. Social Perceptiveness — Being aware of others' reactions and understanding why they react as they do.

DRAFT

Ikaw naman:

Mga Trabahong *In-Demand*	Kinakailangang Kasanayan/Kakayahan
Propesyonal (Mga trabahong nangangailangan ng lisensya, pagtatapos sa 4 – 6 taong kursong akademiko) 1._____ 2._____ 3._____ 4._____ 5._____	
Skilled Worker (Mga trabahong nangangailangan ng *specialized skill* na hindi nangangailangan ng mataas na akademikong pag-aaral, maaring nangangailangan ng teknikal-bokasyonal na pagsasanay) 1._____	

March 31, 2014

2._____ 3._____ 4._____ 5._____	

1. Ihanay ang mga hininging kasanayan ayon sa talaan ng *21st century skills*.

Halimbawa:

21st Century Skills	Mga Kinakailangang Kasanayan
1. Kasanayan sa pagkatuto at paggawa ng inobasyon (*Learning and Innovative Skills*)	
• Mapanuring pag-iisip (*critical thinking*)	Mathematics Critical Thinking
• Pakikipagtalastasan (*communication*)	Speaking Judgment and Decision Making
• Kolaborasyon (*collaboration*)	Coordination
• Pagkamalikhain (*creativity*)	
2. Kasanayan sa pagkalap at pagproseso ng impormasyon (*information literacy)*, *media literacy* at *ICT literacy*	Active Listening Reading Comprehension Writing
3. *Life and career skills*	
• Pagiging bukas (*flexibility)* at kakayahang makatugon sa mga pagbabago *(adaptability)*	
• Pagkukusa at disiplina sa sarili (*initiative and self-direction)*	**Monitoring**
• Kasanayan sa pakikipagkapwa at pakikibagay sa mga taong mula sa iba't ibang kultura (*social & cross-cultural skills)*	**Service Orientation** **Social Perceptiveness**
• Pagiging produktibo at mapanagutan (*productivity and accountability)*	
• Kakayahang mamuno at humawak ng responsibilidad *(leadership and responsibility)*	

DRAFT
March 31, 2014

Ikaw naman:

21st Century Skills	Mga Kinakailangang Kasanayan
1. kasanayan sa pagkatuto at paggawa ng inobasyon (*Learning and Innovative Skills*)	
• mapanuring pag-iisip (*critical thinking*)	
• pakikipagtalastasan (*communication*)	
• pakikibahagi (*collaboration*)	
• pagkamalikhain (*creativity*)	
2. kasanayan sa pagkalap at pagproseso ng impormasyon (*information literacy)*, *media literacy* at *ICT literacy*	
3. life and career skills	
• pagiging bukas (*flexibility)* at kakayahang makatugon sa mga pagbabago *(adaptability)*	
• pagkukusa at disiplina sa sarili (*initiative and self-direction)*	
• kasanayan sa pakikipagkapwa at pakikibagay sa mga taong mula sa iba't ibang kultura (*social & cross-cultural skills)*	
• pagiging produktibo at mapanagutan (*productivity and accountability)*	
• kakayahang mamuno at humawak ng responsibilidad *(leadership and*	

DRAFT
March 31, 2014

responsibility)	

Sagutin:

1. May mga kasanayan bang kapuwa kailangan para sa mga trabahong pampropesyonal at mga trabahong pang-*skilled workers?* Ano-ano ang mga ito?
2. Sa iyong palagay, bakit kailangan ang mga kasanayang ito sa mga trabahong *in-demand* ngayon?
3. Kailangan sa mga *in-demand* na trabaho sa hinaharap ang mga 21st century skills. Ano ang implikasyon nito sa iyong mga ginagawang paghahanda para sa iyong napiling kursong kukunin o negosyong itatag balang araw? Ipaliwanag.

Basahin:



DRAFT
M 31, 2014

Isa sa mahalagang pagbabago sa mundo ng paggawa ay ang pagkakaroon ng tinatawag na "*lean and mean*" o "*flat*" na istruktura ng organisasyon. Sa ganitong istruktura ng organisasyon, nababawasan ang bilang ng mga namamahala at nadaragdagan naman ang bilang ng mga manggagawa. Isa sa mahalagang implikasyon nito ang pagkakaroon ng mas mataas na pangangailangan sa mga manggagawang may mataas na kasanayan. Ang kinakailangang *skilled workers* o manggagawa sa ngayon ay hinahanapan ng mga sumusunod na kasanayahan: pangunahin o batayang kasanayan (*Basic Skills*), kasanayan sa teknolohiya, *Organizational Skills,* at mga tinatawag na *Company Specific Skills*.

Basic Skills: Kabilang dito ang mga pangunahing akademikong kasanayan tulad ng pagbasa, pagsulat at pagtutuos. Mahalaga ang kasanayan sa pagbasa dahil sa ang mga manggagawa sa ngayon ay kinakailangang gumamit ng impormasyon sa *computer terminals, forms, charts, instructions, manuals* at iba

pang impormasyong nakalathala o naka-*display*. Mahalaga ang kasanayan sa pagtutuos o *computational skills* sa pagsasaayos at paghahanda ng mga datos para sa pagsusuri at paglutas ng mga suliranin. Ang pagsulat ay mahalagang bahagi ng pakikipagtalastasan o komunikasyon sa loob at labas ng organisasyon. Higit sa lahat mahalaga ang kasanayang ito sa pagbubuo ng isang maaasahan at permanenteng *data base*.

Technical Skills: Ang computer skills ay maaring maging isang pangunahing kailangan o *baseline requirements* sa maraming trabaho sa hinaharap. Ang mga manggagawa sa ngayon ay gumagamit ng patuloy na nagbabagong teknolohiya sa pakikipagtalastasan, pagkuha at paggamit ng impormasyon at sa industriya o produksiyon. Bunga ito ng pagpili ng industriya na gamitin ang makabagong teknolohiya upang pataasin ang kahusayan at pabilisin ang produksiyon at pagandahin ang kalidad ng produkto. Hangad din ng maraming industriya sa ngayon na makaangat sa mga karibal na industriya sa pamamagitan ng kakaiba at mas makabagong paraan ng pagbibigay ng serbisyo. Dahil nga tumataas ang kasanayang kailangan habang patuloy na nagbabago at nagiging mas mataas ang teknolohiya, kailangan din ang patuloy na pagsasanay ng mga manggagawa. Kaya nga sa bawat *upgrade* ng mga teknolohiya kailangan din ang *upgrade* sa kasanayan ng mga manggagawa. Karaniwang tinutustusan ang mga pagsasanay na ito ng mga industriya, ngunit ang bagong pananaw sa paggawa ay nagdidikta na tungkulin ng bawat mangagawa ang patuloy na paglago ng kanyang kasanayan.

DRAFT
March 31, 2014

Organizational Skills: Ang mga pagbabago sa estruktura at pamamahala ng mga organisasyon gayon din ang mga pagbabago sa ugnayan sa pagitan ng manggagawa at mga tagatangkilik o *customer,* ay nangangailangan din ng mga karagdagang kasanayan sa mga manggagawa. Kabilang na dito ang kasanayan sa pakikipagtalastasan, pagsusuri at pagsisiyasat, paglutas ng mga suliranin at pagkamalikhain. Kailangan din ang kakayahan sa pakikipagkasundo at panghihikayat at pamamahala ng sarili. Sa nagbabagong estruktura ng organisasyon ang mga manggagawa o mga empleyado na wala sa posisyong namamahala o nangangasiwa ay nakikibahagi sa mga pagpupulong upang pag-usapan ang mga

suliranin kaugnay ng gawain kung kaya't mahalaga ang mga kasanayan at kakayahang nabanggit.

Company Specific Skills: Dahil sa patuloy na tumataas at nagbabagong teknolohiya, nagbabagong merkado at dumaraming katunggali, ang mga kumpanya o industriya ay napipilitang gumawa ng sariling mga inobasyon, pagbutihin at gawing napapanahon ang mga produkto at serbisyo, at magbigay ng tuon sa patuloy na pagpapaunlad ng proseso ng paggawa. Bunga nito ay patuloy din ang pagsasanay ng mga empleyado at manggawa upang matugunan ang mga hinihinging kasanayan na angkop at partikular lamang sa mga inobasyon na ginagawa ng kompanya o industriya.

Sagutin:

1. Paano mo maihahambing ang mga 21st century skills sa mga kasanayang kinakailangang taglayin ng isang *skilled worker* sa ngayon ayon sa binasang maikling sanaysay? May pagkakapareho ba ang mga ito? Ipaliwanag.
2. Ano ang implikasyon nito sa paghahandang kailangan mong gawin para sa mundo ng paggawa bilang isang propesyonal, *skilled worker* o negosyante? Ipaliwanag.

DRAFT
March 31, 2014

Maaring mas nais mo na mamasukan bilang propesyonal o manggagawang may kasanayang teknikal-bokasyonal o kaya nama'y magnegosyo. Ano pa man ang tinitingnan mong pagkukunan ng ikabubuhay upang matamasa ang uri ng pamumuhay na pangarap mo, magsisimula ka pa rin sa pag-aaral at pagsasanay. Higit na mahalaga sa ngayon ang pag-aaral at pagsasanay dahil sa patuloy na pagbabago sa teknolohiya lalo na sa larangan ng *information technology* at *produksyon.*

Sa yugtong ito ay mahalagang pumili ka na ng *track at stream* na kukunin mo sa *senior high school*.

Gawain 3: *Senior High School*

Panuto: Basahin ang pag-uusap ng magkakaibigan na nasa ika-siyam na baitang at sagutin ang sumusunod na tanong.

Sa pamamagitan ng *senior high* school ang Kagawaran ng Edukasyon ay naglalayong ihanda ang mga mag-aaral upang makapagpatuloy ng pag-aaral ng kursong akademiko sa kolehiyo, teknikal-bokasyonal o sa larangan ng sining at palakasan. Layunin din nito na mabigyan ng mga napapanahon at *globally competitive* na kasanayan ang mga mag-aaral upang tiyakin ang kanilang pagpasok sa mundo ng paggawa o pagnenegosyo pagkatapos ang *senior high school*.

Ang kurikulum para sa senior high school ay nakaayon sa *21st Century Core Skills* at sa *College Readiness Standards*; ang mga pamantayan sa pagkatuto para sa mga *specialization* o *focus areas* ay nakaangkla sa *TESDA Training Regulations (TR)* ng Pangasiwaan sa Edukasyong Teknikal at Pagpapaunlad ng Kasanayan (TESDA)*, National Qualifications Framework/ Industry Standards* at talaan ng mga kinakailangang kasanayan sa pagtratrabaho ayon sa *Department of Labor and Employment (DOLE).* Magkakaroon din ng asignatura para sa mga kasanayan sa pagnenegosyo o *entrepreneurial skills* sa ika-labing – isa at ika-labindalawang baitang.

Kung ang napili mong track ay teknikal-bokasyonal o palakasan at sining, maaari kang mabigyan ng tinatawag na *National Certification (NC)*. Ito ang katibayan na tinataglay mo ang mga kinakailangang kasanayan ayon sa hinihinging pamantayan sa kahusayan ng *Philippine TVET Qualification and Certification System (PTQCS)* ng TESDA. Pasaporte mo iyan upang makapagtrabaho pagkatapos ng *senior high school*. Ang galing ‘di ba?

Sagutin:

1. Paano nakatutulong ang pagkakaroon ng *senior high school* sa paghahanda ng mga mag-aaral sa mundo ng paggawa? Ipalliwanag.
2. Bakit sinabing pasaporte mo para makapagtrabaho ang pagkakaroon ng *National Certification o NC*?
3. Naghahanda ka na ba para sa *senior high school*? Ano-anong paghahanda na ang iyong nagawa o ginagawa?

B. *Career Path*

Makabubuting ngayon pa lang ay tinitingnan mo na ang *career path* na maaari mong tahakin upang matamo mo ang hinahangad na uri ng pamumuhay. Ang *senior high school* ang maaaring unang hakbang mo sa pagtahak sa *career path* na ito.



Ang *career path* ay tumutukoy sa mga pagsasanay, pag-aaral, posisyon o iba't ibang trabaho, at mga paghahanda na ating pinagdaraanan upang matamo ang ating nais na uri ng pamumuhay o *career goal*.

March 31, 2014

Gawain 4

Panuto: Basahin at suriin ang mga sumusunod na anekdota.

1. Si Lorna ay dating isang *licensed vocational nurse* (o *practical nurse*) sa Amerika. Matapos ang dalawang taon sa trabahong ito ay muli siyang bumalik ng Pilipinas at nag-aral upang maging isang *registered nurse*. Nagtrabaho siya sa Pilipinas ng mahigit tatlong taon bilang isang *Operating Room Nurse* bago muling nagbalik sa Amerika. Doon nag-aral siya ng *M.S. Nursing* sa loob ng dalawang taon habang nagtratrabaho sa isang ospital doon. Sa ngayon si Lorna ay isang *Nursing Instructor* sa Anderson University. Binabalak niyang kumuha naman ng *Masters*

Degree sa Business dahil balak nitong magtayo ng isang *nursing home* matapos mag retiro sa pagtuturo sa edad na 50 taon.

2. Nag-aral si Fidel ng *Business and Finance* sa isang kilalang paaralan sa Maynila. Nagtapos siya nang may pinakamataas na karangalan sa kanilang klase. Madali rin siyang nakakuha ng isang *scholarship* sa isang sikat na unibersidad sa Inglatera. Matapos ang dalawang taon ng pag-aaral ay umuwi ng bansa si Fidel. Bagama't walang karanasan sa trabaho, agad siyang natanggap bilang isang *executive assistant* sa isang malaking *insurance company*. Matapos nito ay nagtungo siyang muli sa Europa at doon nagtrabaho sa isang *investment bank* na pag-aari ng Pilipinas. Naging mabilis ang pag-angat sa puwesto ni Fidel bunga na rin ng kanyang kahusayan, pagtitiyaga at pagsisikap na matutuhan ang lahat ng bagay tungkol sa pagbabangko, pamumuhunan at pagnenegosyo. Sa ngayon siya na ang nagpapatakbo o CEO ng isa sa pinakamalaking kompanya sa Asya.

DRAFT

Sagutin sa iyong kuwaderno:

1. Ano ang pagkakaiba ng tinahak na *career path* nina Lorna at Fidel? Ipaliwanag.
2. Sa iyong palagay, sino sa kanilang dalawa ang naging higit na matagumpay? Bakit?
3. Para sa iyo, ano ba ang sukatan ng pagtatagumpay? Ipaliwanag.
4. Paano nakatutulong ang pag-aaral at pagsasanay upang matamo natin ang uri ng buhay na pinapangarap?
5. Kung iguguhit mo ang *career path* nina Lorna at Fidel ano ang magiging anyo nito? Iguhit ang paglalarawan nito.

March 31, 2014

Basahin:

Pinag-aralan ni Professor Michael Driver ng Graduate School for Business ng University of Southern California ang *career development* ng mga mamamayan doon. Sa kanyang naging pag-aaral natukoy niya at nailawaran ang iba't ibang uri ng *career paths.* Nagkakaiba-iba ang mga *career paths* na ito ayon sa mga sumusunod na kraytirya: bilang ng naging trabaho, posisyon o pagbabago sa buhay; direksyon

na tinatahak ng karera; at ang pagitan ng panahon ng mga pagpapalit o pagbabago sa karera. Ang mga *career paths* na natukoy ay ang *steady state*, *linear*, *transitory*, at *spiral*.

Ang *steady state* – ito ay ang *career path* na nangangailangan ng panghabambuhay na pananatili sa isang trabaho lamang at patuloy na paglago ng kaalaman at kasanayan sa karerang ito. Ang larangan ng medisina, pagdedentista, pag-iinhinyero, at pag-aabogado ay madalas na matukoy bilang mga "*steady state*" na *career path.*

Ang *linear* – ito ay nangangahulugan ng patuloy na pag-angat o pagtaas, kung saan mayroon ding patuloy na pagtaas ng posisyon, kapangyarihan, responsibilidad sa gawain ng ibang manggagawa sa kumpanya at kinikita. Ang mga *managers* at mga politiko ay karaniwang tumatahak sa *linear* na *career path*.

Ang *transitory* – ito ay nagpapakita ng madalas na pagbabago. Ang mga sumusunod sa *transitory career path* ay karaniwang naghahanap ng sari-saring karanasan at hindi nagpapatali sa isang pinapasukan lamang. Hindi rin sila naghahangad ng pag-angat sa posisyon o ng higit na malaking kikitain.

Ang *spiral* – ito ay nangangahulugan ng regular na pagbabago, kadalasan ay sa loob ng lima o pitong taon. Ang direksyon nito ay madalas nagsisimula nang pahalang o *lateral o* pababa. Ang isang *business executive* na nagpasyang magturo, ang abogadong naging doktor ng medisina, o ang isang dentista na muling nag-aral para maging nurse ay masasabing tumatahak sa *spiral career path*.

DRAFT
March 31, 2014

Ang sumusunod na paglalarawan ay mas epektibong nagpapakita ng pagkakaiba-iba ng mga *career path* na ito.



(*Sinipi sa Career Planning Workbook)*

Ayon sa pagsasaliksik ng US Department of Labor, kayong mga kabataan na kasalukuyang nasa paaralan ay magpapalipat-lipat sa 10 hanggang 14 na trabaho bago dumating ang edad na 38 taon. Isa sa apat na empleyado ang mamamasukan sa isang employer sa loob ng isang taon; samantalang isa sa dalawa naman ang mananatili ng hindi hihigit sa limang taon. (Fisch, 2010) Samakatwid, *spiral* at transitory ang hinuhulaang magiging karaniwang *career path* ng mga kabataan sa 21st Century.

Sa iyong palagay anong *career path* ang higit na makatutulong sa pagkakamit ng iyong minimithing karera o uri ng pamumuhay?

DRAFT

PAGPAPALALIM

Basahin ang sumusunod na sanaysay.

March 31, 2014

Pagpili ng Kurso o Trabaho

Nakatutuwa, nakalulula, at nakamamangha ang mga pagbabagong nagaganap sa mundo natin ngayon. Ang *video presentation* na “Did You Know” na sinaliksik ni Karl Fisch tungkol sa hinaharap ay naglalaman ng ilan sa mga pagbabagong tunay na nakaiintriga. Halimbawa, sa India, 25 porsiyento ng mga taong may pinakamataas na I.Q ay mas marami pa kaysa sa populasyon ng buong Amerika. Ibig sabihin ba nito ay mas maraming matatalinong tao sa India kaysa sa Amerika? Alam mo rin ba na ang sampung pinakakailangang trabaho sa taong 2010 ay hindi pa nalilikha noong 2004? Ayon pa kay Fisch, sa ngayon, sinisikap ng mundo na ihanda ang mga kabataan para sa mga trabahong hindi pa nalilikha at mga teknolohiyang hindi pa naiimbento upang solusyonan ang mga problemang ni wala pa sa hinagap natin.

Ayon sa pagsasaliksik ng US Department of Labor, kayong mga kabataan na kasalukuyang nasa paaralan ay magpapalipat-lipat sa 10 hanggang 14 na trabaho bago dumating ang edad na 38 taon. Isa sa apat na empleyado ang mamamasukan sa isang employer sa loob ng isang taon; samantalang isa sa dalawa naman ang mananatili ng hindi hihigit sa limang taon.

Sa larangan naman ng komunikasyon; alam mo ba na umaabot sa 845 milyong tao ang gumagamit ng Facebook o FB kada buwan. Ang FB ay nagagamit na ngayon sa 70 wika. Kung bansa ang FB, ito ang ikatlo sa pinakamalaking populasyon sa buong mundo. Ayon pa kay Fisch, tayo raw ay nabubuhay sa ngayon sa tinatawag niyang *exponential times*. Halimbawa, ang Google ay tumatanggap ng 31 bilyong "searches" kada buwan; noong 2004 2.8 bilyon lamang ito. Maaaring itanong mo, saan kaya naghahanap ng impormasyon ang mga mag-aaral bago nagkaroon ng Google? Ang unang commercial text message ay ipinadala noong Disyembre, 1992. Sa ngayon, ang bilang ng mga text messages na tinatanggap at ipinadadala araw-araw ay mahigit pa sa populasyon ng ating planeta.

DRAFT

Ang wikang Ingles pa rin ang pinakamahalagang wika sa larangan ng komersiyo. Sa ngayon, ang wikang ito ay may 540, 000 na salita, makalimang ulit ang dami kaysa sa panahon nina Jose Rizal. Ang mga impormasyong teknikal o *technical information* ay nagiging doble bawat dalawang taon. Ang implikasyon nito? Kung kukuha ng apat na taong kursong teknikal ang isang kabataang tulad mo, ang mga pinag-aralan mo sa unang *semester* ay lipas na o *obsolete* pagdating ng ikatlong taon mo pa lang. Hinuhulaang sa taong 2049 ang isang computer na nagkakahalaga ng 1, 000 U.S. *dollars* ay mahihigitan na ang *computational capabilities* ng lahat ng tao sa mundo. Naku bata, paano mo ihahanda ang sarili mo sa mga pagbabagong ito?

March 31, 2014

Ayon sa Kagawaran ng Edukasyon, ang mga kinakailangan mo raw na kasanayan para sa ika – 21 siglo ay ang mga sumusunod: kasanayan sa pagkatuto at paggawa ng inobasyon (*Learning and Innovative Skills*), nabibilang dito ang mapanuring pag-iisip (*critical thinking*), pakikipagtalastasan (*communication*), pakikibahagi (*collaboration*), at pagkamalikhain (*creativity*); kasanayan sa pagkalap at pagproseso ng impormasyon (*information literacy)*, *media literacy* at *ICT literacy*;

at *life and career skills,* kabilang dito ang pagiging bukas (*flexibility)* at kakayahang makatugon sa mga pagbabago *(adaptability),* pagkukusa at disiplina sa sarili (*initiative and self-direction),* kasanayan sa pakikipagkapwa at pakikibagay sa mga taong mula sa iba't ibang kultura (*social & cross-cultural skills),* pagiging produktibo at mapanagutan (*productivity and accountability),* kakayahang mamuno at humawak ng responsabilidad *(leadership and responsibility).* Kung pagbabatayan mo ang mga inaasahang mga pagbabago sa malapit na hinaharap, ang pagtataglay ng mga kasanayang ito ang magbibigay sa kabataang tulad mo ng pagkakataong maging matagumpay sa buhay balang araw.

Sinisikap ngayon ng Kagawaran ng Edukasyon na simulan ang pagsasanay mo sa 21st century skills sa pamamagitan ng K to 12 Curriculum. Sa katunayan ngayon pa lang ay masusubok na ang kasanayan mo sa, kakayahang magkalap at magproseso ng impormasyon, pagiging mapanuri at pagiging mapanagutan. Sa ika-siyam na baitang o Grade 9, pa lang ay dapat na pinag-iisipan mo na ang *track* at *stream* na iyong kukunin sa *senior high school*.

DRAFT

Paano ka pipili? Nagsisimula ang lahat sa pangarap. Ano ba ang pinapangarap mong buhay sa hinaharap? Sabi nga ang lahat ng tagumpay ay nagsisimula sa pangarap. Sa iba ang tagumpay ay maaaring ang pagkakaroon ng magandang trabaho o negosyo balang araw. Para naman sa iba, ang magkaroon ng masayang pamilya. Ang karamihan sa atin ay nangangarap ng maginhawang buhay. Siyempre ang gusto nating lahat ay masayang buhay ngayon at sa hinaharap. Nakalulungkot na ang iba ay nakukutento na sa pangangarap lang at hindi na umahon sa kinasadlakang kahirapan. Ang iba naman ay naghahangad ng ginhawa ngunit ayaw namang gumawa para makamit ito. Nais nila ay "*short cuts*". Ayaw nila ng tuwid na daan. Kaya nga karaniwan silang naliligaw ng landas. Gaano man katayog ang marating nila hindi pa rin sila tunay na magiging masaya. Hindi ka tunay na magiging maligaya gaano ka man kayaman o katanyag pagdating ng panahon kung hindi mo isinaalang-alang ang plano ng Diyos para sa iyo. Bilang tao ang katuparan ng ating pangarap ay nakatali sa ating pinipiling bokasyon. Nakasalalay dito ang pagtatamo ng tunay na kaligayahan. Ang bokasyon ay higit sa trabaho o propesyon o negosyo. Ang bokasyon ay kalagayan o gawain na naayon sa plano ng Diyos sa atin. Sabi nga ng iba, ito ang iyong "*calling*" sa buhay.

March 31, 2014

Bilang tao ang katuparan ng ating pangarap ay nakatali sa ating pinipiling bokasyon. Nakasalalay dito ang pagtatamo ng tunay na kaligayahan. Ang bokasyon ay higit sa trabaho o propesyon o negosyo. Ang bokasyon ay kalagayan o gawain na naayon sa plano ng Diyos sa atin. Sabi nga ng iba, ito ang iyong "calling" sa buhay.

Kung malinaw na sa iyo ang pinapangarap mong buhay, mainam na mayroon kang personal na pahayag ng misyon sa buhay. Isang mabuting giya o gabay sa ating mga pagpapasya ang pagkakaroon ng pahayag ng personal na layunin sa buhay o *personal mission statement.* Ayon nga kay Sean Covey sa kanyang aklat na *The Seven Habits of Highly Effective Teens, "Begin with the end in mind*." Kung sa simula pa lang ay alam na natin ang gusto nating mangyari sa ating buhay, hindi na magiging mahirap para sa atin ang mga mahahalagang pagpapasya na gagawin sa hinaharap. Ito ang kredo o paninindigan nating mga prinsipyo kapag tayo ay dumaraan sa mga pagsubok sa buhay. Ayon pa kay Covey (1998) ang pahayag ng personal na layunin sa buhay ay maihahalintulad sa isang punong may malalim na ugat. Ito ay matatag at hindi mawawala, ngunit ito ay buhay at patuloy na lumalago. Kailangan natin ang matibay na makakapitan upang malampasan ang ano mang unos na dumarating sa ating buhay. Walang permanenteng bagay sa mundo. Lahat ay nagbabago. Ang pahayag ng personal na misyon sa ating buhay ang titiyak na hindi tayo bibitaw sa ating mga pangarap anong hirap man ang danasin upang makamit ito. Maaaring sa pagtupad ng ating misyon ay marami tayong kailangang baguhin sa ating sarili, ngunit hindi dapat magbago ang ating adhikain at prinsipyo sa buhay.

DRAFT
March 31, 2014

May pahayag ka na ng personal na layunin sa buhay kaya't madali ka nang makapagtatakda ng mga mithiin. Ano nga ba ang mithiin o *goal* at bakit ito mahalaga? May dalawang uri ng mithiin, ang *enabling* o *short term goal* at ang *long term goal.* Ang mithiin ay maihahalintulad sa isang balangkas na susundan upang mabuo ang pinapangarap na buhay. Maaari rin itong ihalintulad sa mga baitang ng hagdan na aakyatin upang marating ang rurok ng tagumpay. Ang tuktok nito o huling baitang ang *long term goal* at ang bawat baitang naman ang *short term goal*. Ang

pangarap natin sa buhay ang lugar na nais nating puntahan at doon mamalagi. Ang mithiin ay maariing *pit stop* lang sa karera ng buhay. Ang personal na misyon sa buhay naman ang nagsisilbing GPS o *global positioning system* upang huwag maligaw ng landas. Maraming *pit stop* sa karera ng buhay. Maraming hagdan na kailangang akyatin bago makarating sa *top floor*. Walang *elevator* dito. Ang bawat *pit stop* ay pinaghahandaan o kalkulado (*well calculated*) - pinaplano at pinagtratrabahuhan. Para ding *rock-climbing* ang pagtatakda ng mithiin sa buhay, pinag-aaralan ang mga batong maaaring kapitan at tapakan. Hindi maaaring tuloy-tuloy ang pag-akyat, humihinto ka, nagpapahinga at muling pinag-aaralan ang mga susunod na hakbang. Kaunting mali lang ay maaaring ikahulog mo sa ibaba. Kaya nga mayroong *safety line* – ang *personal mission statement* mo. Sa pamamagitan nito mahulog ka man hindi ka tuluyang bubulusok sa pinakaibaba at higit sa lahat matutunton mo kung saan muli magsisimula.

Sa puntong ito, bilang mag-aaral maaaring ang *long term goal* mo ay makatapos ng pag-aaral at makapagtrabaho o magkaroon ng negosyo. Nasa ika-siyam na baitang ka at dapat nang pumili ng *track* at *stream* sa *senior high school*. Maaari mong ituring na *enabling o short-term goal* ang makatapos ng junior high school at isa pang *short term goal* ang makatapos naman ng *senior high school*. Mahalagang ngayon pa lang ay mapagpasyahan mo na ang *track* at *stream* sa *senior high school*, habang may panahon ka pa upang mapagnilayan ang ginawang pasya. Sa ganitong paraan, may isang taon ka pa para paghandaan ang mga pagsasanay na gagawin sa *track* at *stream* na ito.

DRAFT
March 31, 2014

Sa pagpapasya, nararapat na gamitin mo ang iyong natutuhan tungkol sa paggawa ng mabuting pasya. Balikan natin ang mga hakbang sa paggawa nito.

1. Magkalap ng kaalaman. Ang pagiging tama o mali ng isang pagpapasiya ay nakasalalay sa mga katotohanan. Ano nga ba ang mga impormasyong kailangan mong makalap kaugnay ng pagpili ng *track* at *stream* sa *senior high school*? Una dapat na lubos mo nang nauunawan ang mga pansariling salik kaugnay ng pagtatrabaho o negosyo; ikalawa ang mga in-demand jobs pito hanggang sampung taon mula ngayon; ang pangarap o nais ng iyong mga magulang para sa iyo; ang pinansyal na kakayahan ng iyong magulang; at ang mga paaralan, *trade center* o

unibersidad na maaaring pasukan. Sa puntong ito, mahalaga rin na ikaw ay sumangguni at humingi ng opinyon sa mga taong nakaaalam at mayroong sapat na karanasan sa mga impormasyong kailangan. Sa pagsusuri ng mga impormasyong ito magkakaroon ka na ng sapat na kaalaman at pag-unawa na pagbabatayan sa pagpili ng angkop na *track* o *stream* na siya mong magiging tuntungan patungo sa minimithing trabaho o negosyo. Ngunit ang pag-unawa ay simula pa lamang.

2. *Magnilay sa mismong aksiyon*. Sa anumang pagpapasiya ng tao, mahalaga ang pagninilay sa mismong aksiyon. Maaari mong gamitin ang mga sumusunod na gabay:

a. Kailangan mong suriin ang uri ng aksiyon. Tanungin mo ang iyong sarili, Ano ba ang aking binabalak na gawin? Ito ba ay naaayon sa pamantayan ng Likas na Batas Moral? Ito ba ay mabuti? Ito ba ay naaayon sa plano ng Diyos sa akin? Ano ba ang plano ng Diyos para sa atin? Yaong makapagpapabuti at makapagpapaunlad sa pagkatao at uri ng iyong pamumuhay.

b. Mahalagang tanungin mo rin ang iyong sarili kung ano ba talaga ang iyong personal na hangarin sa iyong isasagawang aksiyon. Pagnilayan mong mabuti ang iyong isasagawang kilos dahil tiyak na makaaapekto ang iyong mga hangarin sa pagiging moral ng iyong kilos. Hindi maaaring ang mithiin natin sa buhay ay para lamang sa ating sariling pag-unlad. Nabubuhay tayo sa isang lipunan. May tungkulin din tayo sa ating kapwa. Katunayan ang paggawa, bilang namamasukan man o negosyante, ay dapat na nakatuon sa paglilingkod sa kapwa. Sinabi nga ni Fr. Daniel Mc Lellan, OFM, “Dahil ito ay grasya, ang paggawa ay hindi kailanman nakatuon sa gawain kundi sa kapwa. Ang doktor ay hindi nagbibigay-lunas sa karamdaman kundi gumagamot ng may sakit; ang propesor ay hindi nagtuturo ng teknolohiya, nagtuturo siya sa mga mag-aaral; ang kusinero ay hindi naghahanda ng pagkain, siya’y nagpapakain ng tao.”

c. Mahalagang tingnan din ang mga pangyayaring may kaugnayan sa aksiyon. Dahil nga ang tao ay nabubuhay sa mundo na kasama ang kaniyang kapuwa, may epekto sa iyong kapwa ang iyong mga pagkilos. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga na suriin muna kung ano ang magiging kahihinatnan ng iyong kilos bago ito isagawa. Halimbawa, pangarap mong makapagtrabaho sa ibang bansa at doon manirahan

DRAFT
March 31, 2014

balang araw. Dapat na isaalang-alang mo rin ang magiging epekto nito sa iyong bayan. Paano kung lahat na lamang ng kabataang tulad mo ay ito ang minimithi? Dapat din isaalang-alang mo ang magiging damdamin ng iyong mga magulang at pamilya. Hindi kaya magdamdam at malungkot sila kung lalayo ka?

3. Pagkatapos makakalap ng kaalaman at mapagnilayan ang isasagawang pagpili ay mayroon ka ng kahandaan upang piliin ang sa iyong palagay ay tama at nararapat.

4. Hingin ang gabay ng Diyos sa isasagawang pagpapasiya. Ang panalangin ang pinakamabisang paraan na maaaring gawin upang ganap na maging malinaw kung ano talaga ang plano ng Diyos para sa atin. Dahil sa panalangin, mabibigyang ng linaw sa iyo kung ano talaga ang gusto ng Diyos na iyong gawin. Mahalagang gawin ito upang magkaroon ng lakas na maisakatuparan ang anomang dapat gawin ayon sa paghuhusga ng sariling konsensya.

DRAFT

Ngunit paano kung matapos ang pagkalap ng mga kaalaman, pagninilay at pagdarasal ay nananatili pa rin ang iyong pag-aalinlangan sa iyong pagpili? Ano na ang iyong dapat na gawin? Makatutulong sa iyo ang susunod na hakbang.

March 31, 2014

5. Tayain ang damdamin sa napiling isasagawang pasya. Mahalaga ring isaalang-alang ang ating damdamin o kalooban sa ating gagawing pagpili. Hindi lahat ng lohikal o makatwirang pamimilian ay makabubuti sa atin. Mahalaga ring isaalang-alang ang ating magiging kasiyahan bunga ng ating ginawang pagpili.

6. Pag-aralang muli ang pasiya. Kung nananatili sa iyo ang agam-agam dahil mayroon ka ring pakiramdam na maaari kang magsisi sa iyong pasiya, kailangan mong pag-aralan muli ang iyong pasiya na may kalakip na panalangin at mas ibayong pagsusuri. Maging bukas sa posibilidad na magbago ang pasya pagkatapos ng prosesong pinagdaanan mo.

Sa huli'y dapat na maalala natin na mula't sapul pa, tayo ay may kalayaan at walang mapanagutang pagpapasya ang nagaganap nang walang kalayaan. Kaya nga, anoman ang kahinatnan ng iyong kinabukasan, tandaang nakarating ka diyan

bunga na rin ng iyong naging mga pagpapasya. Sana nga lang piliin mo ang daang matuwid at anoman ang mapiling kurso o trabaho o negosyo balang araw, sana isinaalang-alang mo ang kabutihan ng lahat.

Tayain ang Iyong Pag-unawa

1. Ano-ano ang mga inaasahang pagbabago sa hinaharap sa teknolohiya, lalo na sa larangan ng paghahatid ng impormasyon?
2. Ano ang iyong damdamin tungkol sa mga pagbabagong ito? Ipaliwanag
3. Paano makaapekto ang mga pagbabagong ito sa inyong paghahanda at pag-aaral para sa minimithing uri ng pamumuhay?
4. Nagagawa mo ba ang mga imunangkahing paraan ng mabuting pagpapasya? Patunayan.
5. Ano-anong mga konsepto ang natutuhan sa binasa? Ipaliwanag ang bawat isa.
6. Bakit mahalaga ang pagpili ng tamang *track* at *stream* sa *senior high school*? Ipaliwanag.

Paghihinuha ng Batayang Konsepto

M...21 2014

Matapos ang iyong naging mga pag-aaral, subukan mo muling sagutin ang Mahalagang Tanong:

Bakit mahalaga ang tamang pagpili ng *track* at *stream* sa *senior high school* sa paghahanda para sa minimithing uri ng pamumuhay sa lipunan?

_____
_____
_____

PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Tsart ng Pagpili ng track o stream na pag-aaralan sa senior high school

Panuto: Punan ang sumusunod na tsart. Gamiting gabay ang sumusunod na halimbawa.

Minimithing Uri ng Pamumuhay Balang Araw: Nagmamay-ari ng isang restaurant na nagsisilbi ng mura at mataas na kalidad na pagkain; Nakapagkakawanggawa gamit ang 10% ng kinita sa negosyo .

Napiling Kurso sa Akademiko: *Hotel and Restaurant Management*

Mga Kaugnay na Kurso Teknikal-Bokasyunal*:*

Cullinary Arts

Bar Tending

Baking

Talaan ng mga Unibersidad o Paaralan na Maaring Pasukan*:*

(Mga Paaralan, Kolehiyo o Unibersidad na May Programa o Kursong Ninanais)

Mga Pamantayan sa Pagpili: Distansiya sa tirahan, Reputasyon ng Institusyon, Tuition Fee, Scholarship Programs (Iba pa, tulad ng mga *extra curricular* programs na kaugnay ng iba pang mga interes tulad ng paglilibang)

*1.*_____

*2.*_____

*3.*_____

*4.*_____

5. _____

Mga Intitusyon/ Programang Maaring Tumustos sa Pag-aaral:

1. *CHED Scholarships tulad ng…*

2. *University Scholarships tulad ng …*

DRAFT
March 31, 2014

Mga Kasanayan (Skills) na Kinakailangan	Mga Kakayahan na Kinakailangan	Tugma/ Angkop na *Track*	Tugma/ Angkop na *Stream*
Paglilingkod sa mga Tagatangkilik (*Customer*) – May puso sa paglilingkod; Humahanap ng paraan upang makatulong sa kapwa C*oordination* – Marunong maglapat ng aksyon o tumugon ayon sa pangangailangan ng kapwa Mapanuring Pag-iisip – Gumagamit ng tamang pangangatwiran upang mataya ang mga kalakasan at kahinaan ng mga pamimiliiang solusyon o pagdulog sa isang suliranin Pagsasalita – May kakayahang ipahayag ng malinaw ang gustong sabihin Pamamahala ng mga tauhan – may kakayahang tulungan at udyukan ang mga tauhan na paunlarin ang kakayahan at kasanayan at pag-ibayuhin ang pagtratrabaho *Monitoring* – Pagtataya ng sariling mga kahusayan at mga kahinaan sa gawain, gayun din ng mga tauhan at kasamahan; upang mapalakas ang mga kahinaan at mapag-ibayo pa ang husay sa gawain *Social Perceptiveness* – Natutukoy at nauunawaan ang dahilan ng mga pagtugon at dadamdamin ng kapwa sa	*Oral Comprehension* – May kakayahang makinig at umunawa ng impormasyong pasalita *Oral Expression* – May kakayahang magpahayag at magpaliwanag ng mga impormasyon at ideya upang maunawaan ng iba *Problem Sensitivity*- May kakayahang matukoy kung mayroong mali sa sariling gawain o gawain ng iba; kung may nag-aambang suliranin o mga sitwasyon na maaring potensyal na proglema sa hinaharap. Hindi ito nangangahulugan ng kakayahan o kahusayan sa paglutas ng problemang natukoy. *Written Comprehension* – May kakayahang magbasa at umunawa ng mga nasusulat na impormasyon at ideya *Deductive Reasoning* – May kakayahanng maglapat ng mga pangkalahatang pamantayan sa mga tiyak o natukoy na suliranin upang masolusyunan ito. *Speech Clarity* – May kakayahang magsalita at nakapagpapaliwanag ng malinaw upang	*BAM* – *Business Accountancy Management*	*HRM* – *Hotel and Restaurant Management*

DRAFT
March 31, 2014

mga sitwasyon Pamamahala ng Oras – May kakayahang isaayos ang sariling mga gawain at gawain ng iba upang matapos ang mga ito sa itinakdang panahon Pakikinig – Nakapagbibigay ng atensyon sa sinasabi ng kapwa, sinisikap maunawaan ang kanyan mensahe, nagtatanong kung may mga puntong hindi nauunawaan sa tamang pagkakataon at hindi pinuputol ang pagsasalita ng kausap. Patuloy na Pag-aaral – Nuunawaan ang mga implikasyon ng paglabas ng mga bagong impormasyon sa paggawa ng mga pagpapasya at pagtugon sa mga sulliranin	maunawaan ng iba *Inductive Reasoning* – May kakayahang makabuo ng isang paglalahat mula sa mga nakalap na impormasyon o konsepto; gayun din ang matukoy ang kaugnayan ng mga konseptong sa unang pagwawari ay walang kaugnayan. *Information Ordering* – May kakayahanng isaayos o mapagsunod-sunod ang mga bagay o kilos ayon sa pamantayan *Written Expression* – May kakayahang maipahayag ang mga impormasyon at ideya sa panulat upang maunawan ng babasa *Category Flexibility*- May kakayahang maglapat ng iba't ibang pamantayan upang magsaayos ng mga bagay sa paraang hinihingi ng pagkakataon		

DRAFT
March 31, 2014

Ikaw naman:

Minimithing Uri ng Pamumuhay Balang Araw:

_____

_____

_

Napiling Kurso sa Akademiko: _____

Mga Kaugnay na Kurso Teknikal-Bokasyunal*:*

_____

_____

Talaan ng mga Unibersidad o Paaralan na Maaring Pasukan*:*

(Mga Paaralan, Kolehiyo o Unibersidad na May Programa o Kursong Ninanais)

Mga Pamantayan sa Pagpili: Distansiya sa tirahan, Reputasyon ng Institusyon, Tuition Fee, Scholarship Programs (Iba pa, tulad ng mga *extra curricular* programs na kaugnay ng iba pang mga interes tulad ng paglilibang)

*1.*_____

*2.*_____

*3.*_____

*4.*_____

5. _____

Mga Intitusyon/ Programang Maaring Tumustos sa Pag-aaral:

1. *CHED Scholarships tulad ng…*

DRAFT

2. *University Scholarships tulad ng …*

March 31, 2014

Mga Kasanayan (Skills) na Kinakailangan	Mga Kakayahan na Kinakailangan	Tugma/ Angkop na *Track*	Tugma/ Angkop na *Stream*

Pagninilay

Ano ang implikasyon ng sumusunod na pahayag? Isulat sa iyong *reflection journal* ang iyong sagot.

> *"A journey of a thousand miles begin with a single step."*

Pagsasabuhay

Pagpaplano ng *career path* na tatahakin

Panuto: Inaasahang marami kang nalaman tungkol sa napili mong kurso sa pamamagitan *career exploration* na iyong ginawa; kasama na dito ang *job analysis* at ang pagsusuri ng mga kinakailanang kasanayan sa paggawa para 21st century. Gamit ang mga kaalamang ito, inaasahang makagagawa ka ng isang pagbabalangkas ng iyong *career path* patungo sa minimithing uri ng buhay sa hinaharap.

Halimbawa:

DRAFT

Balangkas ng "Career Path" Tungo sa Minimithing Uri ng Pamumuhay

March 31, 2014



DRAFT

Ikaw naman:

March 31, 2014

Balangkas ng "Career Path" Tungo sa Minimithing Uri ng Pamumuhay



DRAFT
March 31, 2014

Ipasa sa guro ang iyong kwaderno sa pagtatapos ng araling ito. Binabati kita!

Mga Sanggunian :

1. Santamaria, Josefina (2006), *Career Planning Workbook* (4th ed.), Makati City: Career Systems, Inc.
2. Abiva, Thelma (1993), *Learning Resource for Career Development*, Q.C.: Abiva Human Development Services

3. Covey, Covey, Sean; “Habit 2: Begin With the End in Mind”; The 7 Habits of Highly Effective Teens; (1998): 105-130

4. Wolff, Pierre; “Chapter 1:Everybody Has What Is Necessary for Choosing”; Discernment The Art of Choosing Well; (1993): 3-11

5. Hango sa http://inpathways.net/21stjobs.pdf

6. Hango sa http://www.tradingeconomics.com/philippines/unemployment-with-primary-education-percent-of-total-unemployment-wb-data.html

Mga Larawan, hinango sa:

http://images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A0SO8zQk1X9SgGAAZdRXNyoA?p=flat+and+tall+organization&fr=yfp-t-900&fr2=piv-web

DRAFT

March 31, 2014